



# **BAUTISMO SA NAGLALAGABLAB NA APOY**

**UNANG AKLAT**

**Banal na paghahayag ng Langit at Impyerno**

[www.DivineRevelations.info/TAGALOG](http://www.DivineRevelations.info/TAGALOG)

Ni Rev. Yong Doo Kim

**Natatala sa aklat na ito ang makatotohanang karanasang pang-  
espirituwal ng mga kasapi sa Simbahan ng Panginoon (Lord's  
Church) sa Incheon, Korea na naganap sa loob ng tatlumpong  
gabi na pagdarasal noong Enero, taong 2005.**

## PAUNANG SALITA

**3 “Gayon din naman, hindi tayo makaiwas sa parusa kapag hindi natin pinahalagahan ang kaligtasang ito na napaka-dakila. Ang Panginoon ang unang nagpahayag ng kaligtasang ito, at ang mga nakarinig sa Kanya ang nagpatunay sa atin na ito’y totoo. 4 Pinatunayan din ito ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda at ibat-ibang himala, at sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu Santo na ipinamahagi Niya ayon sa Kanyang kalooban.” Hebreo 2:3-4**

Sino mang Kristiyanong ministro ay nangangarap na magkaroon ng malaking espirituwal na pagbangon na kapansin-pansin. Maging ako man ay may maigting na paghahangad na magkamit ng pangkalahang pagbangon o *rebaybal* ng hindi man lang isinalang-alang ang kasalukuyang sitwasyon ng aking sariling kongregasyon. Mayabang kong hinarap ang isang pagtitipong *rebaybal*.

Ngunit ng sinimulan kong itakda ang araw ng serbisyo, narinig ko ang salita ng Panginoon, **“Pastor Kim na Aking tagapag-lingkod, ang iyong talento ay hindi para manguna sa mga rebaybal kundi sa pagsusulat ng aklat. Mula ngayon, ano mang karanasan ang makikita mo at ng mga myembro ng iyong kongregasyon, ano man ang inyong makita o marinig ay dapat mong itala ng tumpak. Sa pamamagitan nito ay hinahangad Ko na magising ang lahat ng simbahan sa Korea at sa buong mundo. Ito ang dahilan kung bakit nabuhay ka sa mundong ito.”** Naisip kong wala itong diwa, kaya ako’y sumalungat at ikinatwiran ang aking kalagayan. **“Panginoon, hindi ako magaling sa pagsusulat ng aklat . At wala akong kumpyansa sa kapos kong pag-aaral at kaalaman”.** Ngunit inulit muli ng Panginoon, **“Hindi. Ito ang dahilan kung bakit ka nabuhay sa mundong ito”.**

Sumagot ako sa Panginoon, **“Bakit Panginoon? Maraming tao bukod sa akin ang may kakayahan at gumagawa na niyan, bakit ako pa? Sino ako para gawin ang malaking tungkuling ito? Hindi ako malinaw magpaliwanag. At isa pa, hindi mo po ba alam na ako ang tipo ng tao na hindi kayang umupo ng matagal upang magsulat?”** Sinubukan kong mag-matigas subalit sinabi ng Panginoon, **“Hindi. Kaya mo iyan. Bibigyan kita ng abilidad. Bibigyan kita ng lakas. Huwag kang matakot. Kasama mo Ako.”** Sa bandang huli ay sumuko ako.

Iniutos sa akin ng Panginoon na ipaalam ang layunin ng pagsusulat ng aklat. **“Sa panahong ito, ang mga simbahan sa Korea at ang panlabas at panloob na pamumuhay ng kongregasyon ay taliwas sa nais Ko para sa kanila.”** Sinabi Niya. **“Ang mga lider na Pastor at ang mga myembro ng simbahan ay sumasamba sa akin ng pormal at kilala lang nila Ako sa kung ano ang nasusulat.”**

**“Ano ang gagawin ko?”** ang aking sagot.

***“Nais Ko na magkaroon ka ng nag-aalab na puso at katagpuin Ako.”*** Ito ang sinabi ng Panginoon at ito ay nasusulat sa Pahayag 3:15

***“Nalalaman ko ang mga ginawa mo. Alam kong hindi ka malamig ni mainit. Maano sanang malamig ka o mainit.”***

Ikalawa, ay nagbigay ng komento ang Panginoon sa totoong karakter at taktika ng dyablo. Sinabi Niya na maraming aklat ang nagbibigay ng teyorya kung sino at ano ang pwersa ng kasamaan. Nais ni Hesus na ibunyag at itala ang katotohanan tungkol sa pagbubukas ng espirituwal na paningin, gayon din ang pag-dodokumento ng lahat ng mga personal na karanasan ng mga mananampalataya na nakaranas ng totoong pakiki-pagsagupa sa mga masasamang pwersa.

Ang umuunlad na espirituwal na karanasan ng mga myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) sa pagbubukas ng espirituwal na paningin at pakikibaka sa espirituwal na laban ay isang bihirang pangyayari. Bagama’t maliit at bago pa lang ang aming simbahan, pinili kami ng Diyos dahil nais Niyang ipanumbalik ang pananampalatayang di natitinag ng mga nakakilala sa lahat ng dako.

Ikatlo, sa pamamagitan lang ng salita ng Panginoong Hesus tayo makakaranas ng pagkapanalo sa mga taktika ng dyablo at makikita natin ang tunay uri ng ating pananampalataya.

***“ 1 “Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Sardis: “Ito ang sinasabi ng nagtataglay ng pitong espiritu ng Diyos at ng pitong bituin. Nalalaman ko ang ginagawa mo; ipinapalagay kang buhay, ngunit ang totoo, ikaw ay patay. 2 Kaya’t gumising ka! Pag-alabin mo ang mga katangiang nalalabi pa sa iyong buhay upang hindi ito tuluyang mamatay. Nakikita kong hindi pa ganap ang mga nagawa mo sa paningin ng aking Diyos. 3 Kaya nga, alalahanin mo ang mga bagay na iyong tinanggap at narinig. Isagawa mo ang mga iyon; pagsisihan mo’t talikuran ang iyong kasamaan. Kung hindi ka gigising, pupunta ako diyan na gaya ng isang magnanakaw, at hindi mo malalaman ang oras ng aking pagdating.” Pahayag 3:1-3***

Sa aking hinuha ay maraming mambabasa ang magkakaroon ng mga tanong at para mabigyan ng linaw ay isinulat ko sa ibaba ang ilang mga bagay.

## **ANG PROSESO NG PAGBUBUKAS NG ESPIRITUWAL NA PANINGIN**

### **I. Pagdarasal sa ibat-ibang wika**

Ang aming kongregasyon ay naniniwala sa kapangyarihan ng pagsasalita sa ibat-ibang wika, kaya naman nagagawa naming magdasal ng mas matagal, mas taimtim, at mas malalim. Ang pagdarasal sa ibat-ibang wika ay nakakatulong din sa amin upang magkaroon ng konsentrasyon, at sa pamamagitan nito ay nabibiyayaan kami ng abilidad na nakapag-bubukas ng aming espirituwal na paningin. Ang pag-sasalita sa

ibat-ibang wika ay hindi para sa pakikipag-usap sa mga tao, kundi iyon ay pakikipag-usap ng aming kaluluwa na sumasambit ng mga lihim ng aming puso patungo sa Diyos. (1 Corinto 14:2)

## **II. DADALAWIN KA NG MASASAMANG ESPIRITO**

Ang proseso ng pagbubukas ng espirituwal na paningin ng isang tao ay hindi lang napakahirap, kundi kailangan ding malampasan ang mga balakid. Isa sa napakaraming balakid, at ang pinaka-malaking problema ay si Satanas, na ang gawain ay pigilan at hadlangan ang proseso. Ang dyablong ito ay hindi naaawa sa mga bata o sa mga may sakit. Kundi, patuloy niya tayong kakalmutin at papabagsakin hanggang sa mapagod tayo at mamuhi.

Kaya, kapag lumilipad ang iyong isip at kulang ang iyong paghahanda ay magbabayad ka ng malaki. Maraming beses na sinimulan namin ang aming panalangin ng walang tiyak na plano ng panlaban sa pag-atake at nang dumating na ang mapanirang pag-atake ay nagdusa kami at natalo. Ngayon ay nakahanda na kami sa pag-lusob sa pamamagitan ng paghahanda ng aming mga sarili sa pagpupuri, pagpuno ng mga Salita ni Hesus sa aming mga puso, at marubdob na paglapit ng may pag-iyak sa Panginoon. Mahalagang manalo sa pakikipaglaban sa espirituwal na pwersa ng kadiliman dahil kailangan iyon upang mabuksan ang espirituwal na paningin. (Mga Taga-Efeso 6:12)

Maraming mga kongregasyon at pastor ang nakapagsasalita ng gayun-gayon lamang tungkol sa halaga ng pagbubukas ng espirituwal na paningin. Kaya naman ay tinanong ko si Hesus tungkol sa mga nagpapahayag na bukas ang kanilang espirituwal na paningin. Ipinaliwanag ng Panginoon na iyon ay espirituwal na inspirasyon na nararanasan ng maraming tao. Iyon ay malakas na emosyon na hatid ng Espirito Santo. Ngunit hindi iyon kaparehas ng taong may biyaya ng espirituwal na paningin na pisikal na nakakakita ang kanilang mga mata.

## **III. ANG MASASAMANG ESPIRITO AT ANG KANILANG PLANO**

Kumpara sa mabangis at mga labanan sa lupa, ang espirituwal na laban sa masasamang pwersa ay lagpas pa sa ating imahinasyon. Dumadating ng isa-isa ang mga alagad ni Satanas. Kapag nabigo ang isa, ay may dadating na dalawa, pagkatapos ay lulusob sila sa pangkat na sampo, tatlumpu, limampu, isang daan at mas marami pa. Naghihiwa-hiwalay ang kanilang pangkat at pagkatapos ay nagsasama-sama upang lumusob ng ayon sa sitwasyon. At kapag napalayas ang isa sa pamamagitan ng panalangin ay lumalapit ang masamang espirito sa kanyang susunod na target upang manukso, mang-udyok, mambuyo o mag-bulong ng matatamis na salita. Sa huli, kapag nabunyang na ang kanilang totoong anyo, ay kaagad silang tumatakas.

## **IV. ANG PABAGO-BAGONG ANYO NG MGA MASASAMANG ESPIRITO**

Nagpakita sa amin sa ibat-ibang anyo ang mga alagad ni Satanas. Minsan ay sinusubukan nilang akitin kami sa pamamagitan ng pagpanggap bilang sikat na taga-

paglibang, bilang inosenteng bata, bilang si Hesus, o bilang napaka-gandang anghel ng liwanag. (2 Corinto 11:14) Ang mas lalong malala, ay nang mag-panggap si Satanas bilang Amang nasa langit na nakaupo sa kanyang trono na muntik ng magpa-linlang sa amin. Nagpapakita rin sila bilang ahas, ulo ng dragon, paniki, ulo ng kabayo, *dice*, mga bungo, kalansay at d na mabilang pang mga imahe. Nataranta pa kami nang may nag-panggap bilang aking anak na babae.

## V. ANG PAMAMARAAN NG PAGHARAP NG PANGINOON

Nakipaglaban kami at nanalo, ngunit natatalo rin kami sa aming pakikipaglaban sa masasamang espiritu. Sakit sa katawan ang aming iniinda sa tuwing kami ay natatalo. Napakatindi ng sakit kaya naman ay madalas na natutumba at gumugulong kami sa sahi. Pakiramdam namin ay nasa punto na kami ng kamatayan. Sa simula ay ipinagtatangol kami ng Panginoon sa lahat ng pag-atake; kaya naman nakakapagdasal kami ng maayos at walang sagabal. Habang lumalago ang aming pananampalataya ay hinahayaan kami ni Hesus na makipaglaban ng mag-isa at Siya ay nagiging tahimik na Taga-panood. Sa kabila ng nakadaluhong na panganib, ay kaagad kaming humihingi sa Kanya ng tulong. Si Hesus ay tahimik lang na nanonood habang kami ay nabubuwal. Ang dahilan ng Kanyang pananahimik ay upang sanayin kami na maging mapagsarili sa halip na maging mahina at walang magawang mga bata. Nang maunawaan namin ang dahilan ng Panginoon, ay nakipaglaban kami ng walang humpay sa masasamang espiritu. Kapag may nakakaharap kami na mga nakakatakot na demonyo ay tinatawag ng Panginoon si Arkanghel Michael at ang mga anghel upang tulungan kami. Sa pamamagitan nito, ay tinuturuan kami ng Panginoon at tinutulungan Niya kaming maunawaan ang paraan ng tamang pakikipaglaban. Sa wakas, ay isa-isa naming natamo ang tagumpay. Nais ni Hesus na malaman at matutunan namin na ang aming natural na disposisyon na sinamahan ng pananalig sa Kanya ang makatatalo sa nakakatakot naming kaaway.

## MATAPOS MABUKSAN ANG ESPIRITUWAL NA PANINGIN

Ang pisikal na labanan sa pagitan namin at ng mga demonyo ay nagresulta ng mga pinsala sa aming katawan. Kahit naranasan namin ang langit at impyerno, ay lumulusob pa rin ang pwersa ng dyablo sa bawat pagkakataong nakikita nila. Kaya naman, ang bawat araw ay nakakanerbiyos at isang seryosong laban. Iniisip ko kung bakit patuloy na lumulusob ang dyablo at ang kanyang pwersa sa kabila ng proteksyon sa amin ng Panginoon. Ngayon ay masasabi ko na iyon ay naka-depende na sa bawat mananampalataya kung magpapasailalim sila sa kasalanan o kay Hesus.

***“16 Hindi ba ninyo alam na kapag nagpasakop kayo sa sinumang inyong sinusunod, kayo’y nagiging alipin nito, maging ito’y kasalanang hahantong sa kamatayan, o ang pagsunod sa Diyos na hahantong sa katuwiran?” Mga Taga-Roma 6:16***

## **SUMALAKAY ANG ESPIRITUWAL NA PWERSA NG KASAMAAN**

Palaging naghahanap ng pagkakataon na lumusob ang espirituwal na pwersa ng kasamaan ngunit palagi kaming pinaalalahanan ni Hesus na ihanda ang aming mga sarili sa pamamagitan ng araw-araw na panalangin. (Marcos 9:29) Kailangan ng regular na panalangin. Inilarawan ni Hesus ang kahalagahan ng panalangin na napagkasunduan ng dalawa o marami pang saksi. (Mateo 18:19) Sa sandaling nakatanggap kami ng espesyal na pangako o kasagutan, ay lumulusob ang masamang pwersa sa amin, at nasusundan iyon ng malaking paghihirap. Ang sakit at pagdurusa ay tumatagal ng matagal na panahon. Hindi kaagad umaalis ang masamang pwersa ng dahan-dahan. Sa halip, ay nag-iiwan sila ng peklat at nagpapatuloy ang aming pagdurusa.

## **ANG ISYU SA PAGPANGALAN SA MASASAMANG PWERSA NI SATANAS**

Si Satanang at ang kanyang mga masunuring alagad ay may mga pangalan na nabanggit sa Bibliya. Si Satanang ay kinikilala bilang “Beelzebul, ang prinsipe ng mga demonyo.” (Mateo 12:24); “Lusiper, ang tala sa umaga” (Isaias 14:12); “Satanang” (Zacarias 3:1; Pahayag 12:9); “Dyablo” (Lucas 4:2, 13); “matandang ahas” (Pahayag 12:9); “dambuhalang dragon” (Pahayag 12:3, 7-9); “demonyo” (Mateo 7:22; 9:34); “espirituwal na pwersa ng kadiliman” (Mga Taga-Efeso 6:12) at “masamang espiritu” (Lucas 7:21; 8:2). Nasasaad sa mga patotoo na nakatala sa aklat na ito, na humarap kami sa walang humpay na labanan at inilarawan namin ang espirituwal na pwersa ng kadiliman bilang dyablo, Satanang, demonyo, o pinuno ng demonyo. Nais namin na isaisip ng mga mambabasa na ang aming lakas at enerhiya ay nakapokus sa pakikipaglaban, kaya naman, ang mga pangalan ng bawat masamang espiritu na aming nakasalamuha ay hindi akmang naihayag.

## **MGA ISYU TUNGKOL SA MGA PANINIRANG PURI HABANG NAKIKIPAGLABAN SA MGA TAGPAGLINGKOD NG DYABLO**

***“Suriin ninyo ang lahat ng bagay at pulutin ang mabuti. Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan.” 1 Tesalonica 5:21-22***

Habang isinusulat ang aklat na ito, ay nahirapan kami sa pag-sipi ng masasamang salita na nasabi sa madugong pakikipaglaban sa masasamang espiritu. Sa espirituwal na paglalakbay ng aking anak kasama ang iba pang myembro, ang pakikipaglaban ay minsang nangyayari sa pintuan sa impyerno. Maraming paninirang puri ang lumabas sa aming mga bibig habang nakikipaglaban ngunit inutusan ako ng Panginoon na itala ang bawat detalye, kabilang na ang mga masasamang salitang nabanggit. Nag-alala ako at tinanong ko Siya, “Panginoon, banal po Kayo, ngunit inutusan Mo ako na ilakip ang mga masasamang salita sa aklat. Paano ako, na may akda, pati na rin ang mga

magbabasa, huhusga sa karakter ng aklat na ito?” Sumagot si Hesus, “Nangyayari ito sa gitna ng laban, kaya huwag kang mag-alala.” Sa huli ay sinunod ko ang turo ng Panginoon.

Taos puso akong nagpapasalamat sa mga tauhan sa limbagan ng Yae-Chan-Sa, pati na rin kay Lee, Whan-Oh para sa kanilang pagtulong.

Nais ko ring pasalamatang ang aking asawa, dahil sa kabila ng ating kahikahusan sa buhay at mahihirap na pinagdaanan ay pinapalakas mo pa rin ako ng iyong mga ngiti at pang-unawa. Hindi kita lubusang mapapasalamatang. Hinihiling ko na basahin ng mga mambabasa ang aklat na ito ng may kaisipang mapagpahintulot at malawak na pang-unawa.



# ANG MANGKUKULAM NA NANIWALA KAY HESUS

Ang patotoo ni Sister Baek, Bong-Nyo

May pula at puting watawat na naka-wagayway sa pintuan. Kapag may nakita kang ganoong bandila sa iyong mga kapitbahay ay malalaman mo kung saan iyon kumakatawan at kung anong nangyayari sa loob ng mga bahay na iyon. Iyon ang aking ginagawa, dalawang buwan bago ko makilala si Pastor Kim. Panggagaway at pangkukulam ang aking hanapbuhay na araw-araw kong ginagawa. Hindi ako minahal noong kailangan ko ng pagmamahal, at ang aking hindi pangkaraniwang pamilya ang nagpapabigat sa akin. Sinasabi ko sa iba ang kanilang kapalaran, ngunit humaharap ako sa hindi malirip na kinabukasan sa pagkalat ng sakit na kanser sa aking katawan.

Ako ay may isang anak na lalaki, dalawang anak na babae, at isang apo. Ang aking anak na lalaki na si Haak-sung (dalawampung-pitong taong gulang) ay may kakulangan sa pag-iisip sa ikatlong lebel. Ang aking panganay na anak na babae na si Yoo-me (dalawampungput-anim na taong gulang), at ang bunsong si Yoo-kyung ay may karamdaman sa pangkaisipan sa ikalawang lebel. Kasal ako at may mga anak ngunit palagi akong umaalis ng bahay dahil sa impluwensya ng mga demonyo. Umalis ang aking asawa, at ang buhay ng aking mga anak ay natulad sa akin. Nang umalis ako sa bahay, ay walang ibang magbabantay sa mga bata, kaya naman ang aking ina ang nagpalaki sa kanila. Nang mamatay ang aking ina, ay lumaki ang mga bata ng mag-isa, at nagkaroon sila ng masasamang gawi at masamang ugali. Nanigarilyo ang aking mga anak na babae at naging lasenggo ang aking anak na lalaki.

Dumami ang mga suliranin at ang bigat ng aking mga kasalanan ang nagpahirap sa amin araw-araw. Sa edad na labing-anim ay sinamantala ni Yoo-me ang aking pagkawala at siya ay nakipisan sa kapitbahay naming 48 anyos na lalaki at nagka-anak sila. Nang makipag-hiwalay siya sa kanya ay may nakilala siyang 30 anyos na lalaki. Tumira siya kasama ng lalaking iyon at nagkaroon sila ng anak. Si Meena, na ngayon ay limang taong gulang, ay ang aking apo. Ilang taon ang nakalipas, at natapos ang kanilang relasyon at si Yoo-me ay nakatagpo na naman ng ibang lalaki, na ngayon ay 49 anyos naman. Dahil sa aking mga desisyon ay napabaya ko ang aking mga anak. Ang aking ina ang umaruga at nagpalaki sa kanila.

Wala akong ideya na nakakasuklam at nakakatakot ang mga kasalanang ginagawa ko noon sa harap ng Diyos dahil sa aking panghuhula. Bago ko nakilala ang Panginoon, ay naghahanap ako sa bawat bundok at templo sa Korea ng pinakamakapangyarihang demonyo upang masaniban. Umakyat ako sa marilag na bundok ng Hanla.

Ang isang mangkukulam o manghuhula ay karaniwang gumagamit ng instrumento katulad ng pamutol ng dayami, upang manghula o magpaalis ng masamang espirito sa

pamamagitan ng panalangin at pag-aalay. Ang kapalit na kabayaran ay salapi. Ngunit nagnais pa ako ng mas marami, kaya inakyat ko ang matatarik na bundok, nagtayo ako doon ng tolda, at ninais na masaniban ng demonyong kingpin. Nagdasal ako sa demonyo mula gabi hanggang sumunod na umaga. Humanga ang demonyong kingpin sa aking dedikasyon at inalalayan niya ang aking mga kamay buong gabi. Hindi ako natulog at nagawa kong itaas ang aking mga kamay hanggang sumunod na umaga.

Naghanap ako ng mga bundok. Naghanap ako. Kahit may pamilya akong kailangang alagaan, hindi na sila mahalaga sa akin. Sinunod ko ang aking mga nais. Sinundan ko ang dyablo ng walang pag-aalinlangan. Nasira ang aking pamilya. Naglayas ang mga bata sa bahay at nagdusa sa pag-iisip. Iniwan ako ng aking asawa. Ang buhay ko ay parang impyerno.

Nang ako ay nasuri na mayroong kanser sa matres at naospital dahil sa mga sugat na natamo ko sa aksidente sa sasakyan, ay binisita ng Diyos ang makasalanang katulad ko at ibinigay Niya ang Kanyang walang hanggang biyaya. Maraming mga pastor ang lumapit sa akin upang mag-ebanghelyo. Ngunit pinaalis ko sila at pinagsabihan ng mga nakaka-insultong salita: **“Kung mapapatunayan mo sa akin na ang Diyos na iyong pinaglilingkuran ay mas makapangyarihan kaysa sa aking diyos, ay saka lang ako maniniwala sa Diyos mo.”** Kinutya ko ang bawat tao na lumapit sa akin upang magbahagi ng Salita. Dahil alam ng Diyos na mapagmataas ako at matigas ang aking ulo ay nagpadala Siya ng espesyal na pastor sa akin.

Noong Oktobre 5, 2004, habang ako ay ginagamot sa aking mga sugat na mula sa aksidente ay pumasok sina Pastor Kim, Yong-doo at kanyang asawa sa aking silid sa Rm.708 sa Sung-Min Ospital. Hindi tulad ng ibang pastor, sina Pastor Kim at kanyang asawa ay tumayo lang sa tabi ng aking kama at ngumiti. Sa una ay hindi ko alam na isa siyang pastor.

Mukha siyang mabait at maawain. Naisip ko, **“Bakit sila nakangiti?”** Maganda rin ang unang tingin ko sa asawa ng pastor. Tinanong niya ako, **“Nasasaktan ka ba? Bakas sa iyo na mabigat ang iyong pinagdadaan. Saan ang masakit sa iyo?”** Inabot niya ang kanyang kamay sa akin. Ipinaliwanag ko na sumasakit ang aking likod. Naikwento niya na sumasakit rin ang kanyang likod at hinimok niya ako na magpagaling. Sigurado akong babanggitin niya na maniwala ako kay Hesus ngunit hindi Niya binanggit kahit isang beses.

Muli akong binisita ni Pastor Kim at kanyang asawa kinagabihan. Sa pagkakataong ito, ay nagsalita na siya ng kakaiba. **“Mahal ka ng Diyos. Si Hesus ay anak ng Diyos. Kung maniniwala tayo kay Hesus ay gagabayan Niya tayo patungong langit. Nais ni Hesus na makatagpo tayo. Binibigyan Niya tayo ng pag-asa, pinagagaling ang ating mga karamdaman at inaaliw tayo. Ang mga may sakit ay mas makatatanggap ng pagmamahal ni Hesus.”** Sinabi niya iyon at inanyayahan niya ako na tanggapin si Hesus.

***“Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa Kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos.” Juan 1:12***

Sinabi niya na makakapunta kami sa langit kapag namatay ngunit maaari rin namin maranasan ang langit ngayon kung magiging masunurin kami. Nagulat ako sa aking narinig. **“Paano mo mararanasan ang langit habang buhay ka pa?”** Punong-puno ako ng pag-aalinlangan. Nanginig ako at kumabog ang aking puso.

Nagpatuloy si Pastor Kim. Ibinahagi niya na noon ay sumamba rin siya sa dios-diosan. Ngunit ng makilala niya si Hesus ay nagbago siya at nagpasya na maging isang pastor. Kakaiba man, ngunit naniwala ako sa kanyang patotoo. **“Anong nangyayari sa akin?”** Dati ay magagalitin ako, mapagmataas at puno ng kayabangan. Iniiwasan ko ang mga pastor na lumalapit sa akin upang ibahagi si Kristo dahil panatag ako na ang aking dios-diosan na sinasamba ang pinakamagaling. Gumuho ang lahat. Sa huli, ay nagdesisyon ako na tanggapin ang Panginoon bilang Taga-pagligtas at nagdasal kasama si Pastor Kim. Sa sandaling iyon ay tumulo ang aking mga luha at napayapa ang aking kaluluwa.

***“Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito tulad ng ibinibigay ng sanlibutan. Huwag kayong mabalisa; huwag kayong matakot.” Juan 14:27***

Ang aking katabi sa silid ay ang dating dyakonesa na si Lee, Kyung-Eun na tumigil sa paglilingkod sa simbahan dahil sa ibat-ibang pangyayari sa buhay. Sa una, ay umaayon siya sa pastor at masaya niyang sinabi, **“Bong-nyo, kung dadalo ka sa simbahan ay nais kong sumama sa iyo.”**

Ang Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ay isang maliit at nagsisimula palang na simbahan. Masaya si Pastor Kim at kanyang asawa na magkaroon ng dalawang bagong myembro. Ngunit may isa pang kahilingan si Pastor Kim. Hinimok niya ako na kailangang mawala ang kahit anong imahe ng dios-diosan na mayroon ako. Hiniling niya na kailangan kong itapon kaagad ang aking gintong kwintas at singsing na may nakaukit na sagisag ng Budismo. Kailangang magmadali. Nagkaroon ako ng kakaibang emosyon habang tinatanggal ko ang aking singsing at kwintas. Hindi ako mapalagay ngunit kailangan kong isuko ang malakas na presensya na kumukontrol sa akin. Pagkatapos ay ipinatong ni Pastor Kim ang kanyang kamay sa akin at ipinagdasal niya ako. Nangako ako na dadalo sa simbahan nang Linggong iyon, ngunit muli akong binisita ni Pastor Kim nang gabing iyon sa ika-10 ng gabi.

Pabiling-biling ako sa highaan at hindi makatulog. Dumating si Pastor Kim at kanyang asawa at nagbahagi sila ng mga nakakatawang kwento. Si Ginang Lee, Kyung-Eun na nasa highaan sa aking tabi ay nagdesisyon na sumali sa pagdadasal sa ika-anim na palapag. Nagbigay ng serbisyo si Pastor Kim at ibinahagi niya ang kanyang personal na patotoo sa amin. Pinaalalahanan niya kami na maaari kaming tukuhin ng dyablo. Ipinaliwanag niyang mabuti kung paano paghahandaan ang mga paglusob na iyon.

Tiniyak niya kami, na kahit hindi namin nakikita ng pisikal si Hesus ay palagi pa rin Siyang nariyan at nagbabantay sa amin.

Ako ang tipo na hindi sumusuko hanggang hindi napapasaakin ang sagot. Ibinahagi ng asawa ng pastor na noong siya ay nasuri na mayroong ikatlong lebel ng tuberkulosis, ay sinabi ng nakararami na mamamatay siya. Ngunit dumating si Hesus habang siya ay nagdadasal at pinagaling Niya siya. Naisip ko na kamangha-mangha at nakakatuwa iyon kaya patuloy kong tinanong kung totoo ba talaga iyon. Lumakas ang kagustuhan ko na makita si Hesus.

Sa kasamaang palad, ay hindi ko natupad ang aking pangako na dumalo sa simbahan ng Linggong iyon. Hindi ko nagawa dahil maraming mga bagay ang nagsulputan ng sabay-sabay. Nang Linggo ng gabing iyon ay tinawag ako ni Gng. Lee, Kyung-eun upang i-kwento na ang kanyang asawa at dalawang anak na lalaki ay dumalo sa serbisyo at pormal na nagparehistro bilang mga bagong myembro. Dumalo rin sila sa pang-gabing serbisyo at nakatanggap ng espesyal na biyaya. Iniisip ko kung bakit siya napakasaya kaya tinanong ko kung anong biyaya ang natanggap niya. Sumagot siya na pagkatapos ng pang-gabing serbisyo ay sabay-sabay na nagdasal ang kongregasyon. Sumigaw si Pastor Kim, **“Ang inyong buhay Kristiyano ay kailangang sanayin ng tama mula sa simula. Kailangan ninyong maranasan ito mula sa simula.”** Pinagdasal niya si Ginang Lee at ang kanyang pamilya. Kaagad na lumambot ang kanilang mga dila at lahat sila ay nakatanggap ng biyaya ng pagsalita sa ibat-ibang wika.

Tinanong ko kung ano ang pagsasalita sa ibang wika at ipinaliwanag niya na iyon ay direktang pakikipag-ugnayan ng sekreto sa pagitan ng kanilang kaluluwa at ng Diyos. Nakaramdam ako ng selos. Hindi tama na wala ko roon. Alam ko na may nalaktawan akong bagay. Hindi na ako makapaghintay pa sa pagdating ng susunod na Linggo.

Mga tatlo o apat na antayan ng bus ang layo ng aking tirahan sa aking mga anak. Pinayuhan ako ng pastor na iwan ang relasyon na mayroon ako ngayon at samahan ang aking mga anak. Magandang magsimula bilang Kristiyano na kasama ang aking mga anak. Pinatagal ko pa bago tapusin ang relasyon ngunit nang malaman ko na panahon na, ay iniwan ko ang aking kinakasamang lalaki at binalikan ko ang aking mga anak.

Ang bahay na tinitirahan ng aking mga anak na sina Haak-sung, Yoo-me, at Yoo-kyung ay may kakaunti lang na bigas na natatanggap nila sa gobyerno isang beses sa isang buwan at ilang kimchee na bihira kong gawin para sa kanila. Mahirap para sa kanila na magkaroon ng normal na trabaho dahil sa kanilang kakulangan sa pag-iisip. Ang aking anak na lalaki ay tamad at dahil walang panuntunan na ipinairal sa pamilya upang itama ang kanyang ugali, ang kanyang unang reaksyon ay umatake. Kabado ako nang ako ay magdesisyon na parating dadalo sa simbahan at mamuhay nang mas maayos.

Dumating ang Linggo at ang aming pamilya ay nakaupo sa unahan sa pang-umagang serbisyo. Pagkatapos ay naghintay kami sa pang-gabing serbisyo. Hindi dumalo ng pang-gabing serbisyo si Ginang Lee, Kyung-eun kaya ang pamilya lang namin ang nandoon. Kinausap ako ng pastor sa gitna ng sermon, **“Kailangan mong maranasan ang Diyos ng mas mabilis dahil naglingkod ka sa ibang dios-diosan. Hindi magtatagal**

ay tutuksuhin ka ng dyablo kaya kailangang maghanda ang iyong pamilya. Dahil wala kang alam na kahit na ano tungkol sa simbahan, ay dapat na sumunod ka lang sa aking pag-gabay at gawin ang aking sinasabi. At pagkatapos ay magkakaroon ng magandang resulta. Magpapahinuhod ka ba?”

Matatag akong sumagot ng, “Oo.”

“Sister Baek, Bong-nyo, nagdesisyon ka na sundin si Hesus at isama ang iyong mga anak. Ngayong gabi, ay bibigyan ka ng Diyos ng espesyal na biyaya dahil nalulugod Siya sa iyo. Huwag kang mangamba kung makaramdam man ang iyong katawan ng kakaiba.”

Naisip ko, “Ano kaya ang mangyayari?”

Pagkatapos ng pang-gabing serbisyo, habang naghahanda ang kongregasyon sa sabay-sabay na panalangin, ay tinawag ng pastor ang aming pamilya na lumapit sa may altar. Binigyan niya ang bawat isa sa amin ng kutson upang luhuran at sinabihan niya kami na itaas ang aming mga kamay habang nagdadasal. Hindi namin alam ang aming gagawin, kaya naman sinundan nalang namin si Pastor Kim at inulit ang kanyang dasal. Ang aking apo na limang taong gulang ay mahusay na sumunod sa pastor, “Panginoon, isa akong makasalanan. Isa akong kaawa-awang makasalanan. Kaya, nagdesisyon ako na sumunod kay Hesus. Panginoon, tulungan mo kami. Bigyan mo ako ng lakas. Tulungan mo ako na maranasan Kayo mula ngayon. Kahit anong tukso ang dumating ay tulungan mo po ako na mapaglabanan iyon. Upang magawa ko iyon, ay kailangan ko ang Espirito Santo upang biyayaan ako ng mga espesyal na kakayahan mula sa Iyo.” Inulit-ulit naminang panalangin na iyon ng malakas. Nang ipatong ng pastor ang kanyang kamay sa aming mga ulo ay naglagablab na parang apoy ang aming mga katawan at bumaluktot ang aming mga dila at nagsalita kami ng kakaibang salita.

“O, ano ito?” Naisip ko. “Ano itong kakaibang bagay na ito.” Pagkaraka ay iminulat ko ang aking mga mata upang mapatunayan ang nangyayari ngunit nang magsimula muli akong magdasal ay nagpatuloy ang kakaibang salita. Nalaman ko na ang aking mga anak na nagdadasal sa aking tabi, pati na rin ang aking munting apo ay nagdadasal rin sa ibang wika. Uminit ang aking katawan at may kakaibang salita na patuloy na nagmumula sa aking bibig.

Hindi madali ang aking buhay, ngunit sa pamamagitan ng panalangin ay nakahingi ako ng tawad. Umiyak ako ng umiyak sa Panginoon. Dahil iyon ang unang pagkakataon ko sa simbahan ay hindi ako makapaniwala na makakapagdasal ako ng ganoon. Sa isang kispap mata ay mabilis na lumipas ang dalawang oras. Nang matapos na ang oras ng panalangin at nang buksan na ng pastor ang ilaw ay sinabihan niya kami na bumalik sa simbahan sa ika-2 ng hapon kinabukasan para sa espesyal na klase. Umuwi kami sa bahay na puno ng galak at abala kami sa pagsasalaysay ng aming mga biyaya sa isat-isa.

Sumunod na araw ay pumunta ang pastor at kanyang asawa sa aming bahay upang saliksikin ang bawat sulok para sa mga gayuma at upang itapon ang mga iyon.

Pumunta kami sa simbahan ng sumapit ang hapon at nagkaroon kami ng espesyal na klase. Natutunan namin ang tungkol sa Banal na Santatlo: Diyos Ama, ang Kanyang Anak na si Hesus, at ang Espirito Santo. Nag-pokus kami kay Hesus. Natutunan namin na pumarito si Hesus sa lupa para sa amin at upang mamatay para sa aming mga kasalanan. Tinuruan kami kung paano gamitin ang Pangalan ni Hesus sa ibat-ibang paraan. Pagkatapos ng tatlong Linggo ng edukasyon, ay bininyagan ako at ang aking pamilya ng Linggo ng umaga. (Sinabi nila na nabinyagan ang aming pamilya ng napakabilis.)

Ito rin ay isang malaking biyaya ng Diyos sa amin. Gayon pa man, sa tatlong linggo ng pag-aaral tungkol sa bautismo, ay pinahirapan ng aking anak na sina Haak-sung at Yoo-kyung si pastor. Sinaktan nila ang pastor dahil sa kanilang pagiging salawahan. Gayon pa man, ay hindi sumuko ang pastor at kanyang asawa. Walang humpay nilang ibinuhos ang kanilang pagmamahal sa amin. Kapag sa tingin niya ay mauubusan na kami ng kimchi ay pumupunta siya sa mga karatig na restawran upang humingi ng tulong. Dinalhan niya kami ng kimchi at iba pang pagkain upang pakainin ang aming pamilya.

Nasa bahay kami habang kinakain ang mga dinala sa amin ng pastor at ng kanyang asawa. Minsan, kapag bumibisita ang pastor ay ayaw buksan ng mga bata ang pintuan dahil ayaw nilang pumunta sa simbahan.

Ang aking bunsong anak na si Yoo-kyung ay hindi na naninigarilyo o umiinom dahil isa na siyang bagong nilalang kay Kristo. Ang aking panganay na anak na si Yoo-me ay nasa pagbabago rin, at ang aking pag-asa para sa anak kong si Haak-sung ay itigil na ang kanyang pabagobagong pag-iisip. Sa kabutihang palad, ay mayroong progreso. Nauunawaan ko na ngayon kung paanong sinisira at pinaglalaruan ni Satanas ang aking pamilya.

Ang aking limang taong gulang na apo ay may pag-uugali na tulad ng sa akin at sa kanyang inang si Yoo-me. Madalas ay sumasagot siya at hindi sumusunod. Minsan ay mahirap paniwalaan na limang taon palang siya. Sa kabila ng lahat ng problema, ay hindi sumuko sa amin ang Diyos. Nagpadala Siya ng kakaiba at espesyal na pastor upang gabayan kami patungo sa Simbahan ng Panginoon (Lord's Church).

Nagpapasalamat ako sa Iyo, Panginoon, dahil sa Iyong pagmamahal. Nagpapasalamat rin ako sa aking pastor at kanyang asawa at ngayon ay nakapamumuhay na ako ng maayos araw-araw. Ibinibigay ko ang lahat ng kapurihan at karangalan sa ating Diyos. Haleluya!

# PANIMULA

Tatlumpung araw na sama-samang panalangin:

Ang pagbabago ng mga myembro

Pastor Kim, Yong-doo

Nagsimula na ang pagsalakay ng dyablo. Ang masamang pwersa na humahabol sa pamilya ni Sister Baek, Bong-nyo ay patuloy na umatake, at siya ang unang natumba. Lumala ang sumasakit niyang likod pagkatapos niyang lumabas sa ospital na naging dahilan ng pagliban niya sa pagdalo sa simbahan. Sa araw ng seremonya ng binyag, ay nakaratay siya sa bahay sa sakit. Inalalayan ko siya sa kanyang kamay at hinimok ko siya na kahit pakiramdam niya ay mamamatay na siya ay kailangan niyang mabinyagan muna.

Araw-araw ay iniwasan ako ng kanyang mga anak at ayaw nilang dumalo sa simbahan. Ang pinakamahirap ay si Haak-sung dahil siya ay salawahan. Minsan, noong nangako siya na pupunta sa simbahan, ay ayaw niyang buksan ang pintuan at nagkunwaring natutulog o may sakit. Sinunod ni Yoo-kyung at Yoo-me ang kanyang halimbawa at hindi nila ako pinansin o kaya naman ay pinakitunguhan nila ako ng hindi maganda ng maraming beses. Inisip ko si Hesus at tiniis ko ang kanilang masamang pakikitungo sa akin. Gayon pa man, noong halos wala nang makain ang mga bata ay binuksan nila ang kanilang pintuan at nangakong babalik na sa simbahan. Hindi ako nakaimik at hindi ako makapaniwala sa aking narinig. Dinala ko ang lahat ng aming pagkain sa bahay ni Sister Baek, Bong-Nyo, at madalas ay kimchi nalang ang natitira sa amin. Para akong pulubi na humihingi ng pagkain sa lahat ng restawran na alam ko para kay Sister Baek at sa kanyang pamilya.

Nang makahanap ako ng trabaho para sa isa sa kanila, ay natanggal sila dahil sa depekto sa pagsasalita at limitado ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag. Halos hindi sila makaiwas sa kagutuman at pinagkakasya lang nila ang isang daang dolyar sa isang buwan para sa limang myembro ng pamilya. Ang kanilang maliit na silid na kanilang tinitirahan ay matagal nang hindi nababayaran ng renta at hindi nila alam kung kailan sila mapapalayas.

Madalas ay bumabalik ang mga bata sa pag-inom at paninigarilyo. Dagdag pa rito ay marami ng aso sa kanilang maliit na bahay. May apat o limang aso ang sumira sa kanilang bahay. Ang balahibo at mabahong amoy ay dumikit sa damit at kumot ng mga bata.

**“O Panginoon, anong nais mong gawin ko?”** Umiyak ako. **“Ayaw ko nang makialam. Hindi na ako babalik pang muli dito.”** Buong araw akong nahirapang makipaglaban sa

pagitan ng aking espirituwal na konsensya at ng aking emosyon. Subalit sa tuwing nagdarasal ako ng nakaluhod ay inuutusan ako ng Panginoon na bumalik, **“Minamahal Kong Pastor Kim, kung hindi ka babalik ay sino ang gagawa ng trabahong ito? Anong gagawin natin sa kaawa-awa at sawimpalad na mga kaluluwang iyon? Ayaw kong magtayo ka ng iyong santuwaryo. Maganda na magkaroon ng maraming myembro, ngunit hindi pa iyon ang lahat. Humayo ka. Humayo ka at ipakita ang Aking pagmamahal sa pamamagitan ng gawa.”** Umiyak ako at nagsisi dahil sa mga sinabi ng Panginoon. At kahit na ayaw ko ay bumalik ako sa kanila.

Labis akong umiyak para sa pamilyang nawawalan na ng pag-asa. Madalas, ay bigla nalang naglalaho sina Haak-sung at Yoo-kyung at pumupunta sila sa mga palaruan na kompyuter o kaya sa lugar na hindi namin alam ilang minuto bago magsimula ang serbisyo sa simbahan. Ang pamilya ni Sister Baek, Bong-nyo ay larawan ng kublihan ng dyablo. Hindi iyon maitutulad sa isang mapagmahal na pamilya.

Sa kalagitnaan ng lahat ay dumating ang 2005. Ang aming simbahan at ang pamilya ni Sister Baek, Bong-Nyo ay kailangang makalaya. Nagdesisyon kami na magdasal. Nagsabit ako ng disentang bandera upang magkaroon ng magandang damdamin. Ang sawikain namin sa 2005 ay **“Rebaybal sa pamamagitan ng panalangin,”** at sinimulan namin ang sama-samang panalangin sa ika-2 ng Enero. Tumagal iyon ng tatlumpong araw. May sampung myembro sa kabuuan: apat mula sa aming pamilya, apat mula sa pamilya ni Sister Baek, Bong-Nyo, si Noe Sook-ja at isa pang lalaki. Naisip ko na magiging nakakainip ang sermon kaya naman nagpasya ako na gawing masaya iyon hanggat maaari.

Sa unang araw, pagkatapos ng gabi ng Linggong serbisyo, ay nagkaroon kami ng sama-samang panalangin. Sa ikalawang araw (Enero 3) ay nakaranas kami ng nag-aalab na presensya ng Espiritu Santo. Ang mga panalangin na sama-sama at pansariling panalangin ay sumilakbo at nagpatuloy hanggang ika-pito at kalahati ng umaga. May magandang dahilan kung bakit tumagal iyon ng ganoon.

Hinayaan ng Panginoon na mamulat ang espirituwal na paningin nila Yoo-kyung at sister Baek, Bong-nyo. Nang matapos na ang panalangin ay nagtipon-tipon kami upang pakinggan ang kanilang patotoo at kung anong pakiramdam na makita si Hesus. Hinangad ng ibang myembro na maranasan ang banal na biyaya at hindi na sila makapag-antay pa sa susunod na panalangin sa gabi. Inialay ng bawat myembro ang kanilang mga puso sa panalangin, at ako man, ay ninais rin iyon katulad nila.

Tumagal ng tumagal ang oras ng aming panalangin. Sa gabi ng myerkules ay nagsimula kami ng ika-7:30 ngunit natapos kami ng ika-8 ng umaga. Ang serbisyo sa Huwebes ay nagsimula ng ika-9 ng gabi at natapos ng ika-10 ng umaga ng byernes.

Lubos na binago ng Diyos ang aming pananaw. Kapag nagdasal kami ng mas matagal ay mas marami rin ang mga kahanga-hangang ipinapakita ng Diyos sa amin. Naghanda ang Panginoon na surpresahin kami ng Kanyang maraming misteryo at grasya at naghihintay Siya sa amin. **“Ganito ang sabi ng Panginoon: Siya ang lumalang,**



***humugis at nag-ayos ng buong daigdig. Yahweh ang kanyang Pangalan: 2 ‘Kung tatawag ka sa Akin tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na mahiwaga na hindi mo nauunawaan.’” Jeremias 33:2-3***

Sa buong gabi, ay umawit kami ng mga papuri ng may nag-aalab na damdamin, nakinig ng mensahe, at buong lakas kaming umiyak sa Panginoon sa aming panalangin. Kahit tumagal ang serbisyo ng buong gabi ay walang dumaing. Sa halip ay nananabik sila sa espirituwal na pagkain. Sa ika-labintatlong araw, Byernes ng gabi, ay dumating sa amin ang Espiritu Santo at ang serbisyo ay tumagal hanggang ika-11:30 ng umaga. Sa gabi ng Sabado ay nagplano kami na tapusin ng maaga ang serbisyo dahil Linggo kinabukasan. Ngunit taliwas sa aming plano, ay nagpatuloy pa rin ang serbisyo hanggang sa ika-8:30 ng umaga ng Linggo. Wala na kaming sapat na oras upang umuwi sa bahay, kaya naman ang pangkat na nananalangin ay nagpahinga sa aming bahay sa malapit sa loob ng isang oras. Bumalik kami sa simbahan at dumalo ng pang-Linggong serbisyo at pagkatapos ay umuwi na kami sa aming mga tahanan.

Araw-araw na nagpatuloy ang serbisyo ng ganito. Sinisikap namin na tapusin ng hindi lumalampas ng ika-pito ng umaga. Ang mga kaluluwang ito, na hindi kilala si Hesus ay nagsisikap na magdasal upang mapagtagumpayan ang kanilang mga kapansanan at gutom. (Halos isang beses lang sila nakakakain araw-araw.) Naawa ang Amang nasa langit para sa kanila.

Maraming utang ang aking pamilya at pamilya ni Sister Baek, Bong-Nyo. Hindi namin alam kung kailan kami paaalisin sa aming mga tahanan. Sa kabila ng aming hikahos sitwasyon, ay nagsikap pa rin kaming manalangin at magsumamo. Binisita kami ng Panginoon upang punasan ang aming mga luha. Hindi ko alam kung paano ko pangungunahan ang grupong ito sa pagdarasal buong gabi ng hindi natutulog. Nagtaka sila sa kanilang mga sarili, at ako man na pastor ay namangha.

Binisita kami ng Panginoon habang kami ay nagdarasal. Nakita namin Siya sa pamamagitan ng aming espirituwal na paningin, ngunit minsan ay nakikita namin Siya ng malinaw sa aming pisikal na mata. Minsan, sa isang panoorin sa telebisyon, ay nakapanood ako ng dalawang programa na “25 oras na insedente at tunay na kondisyon” - ang nangyayari sa aming simbahan ang totoong insedente at tunay na kondisyon.

Nang magsimula na ang serbisyo ay nanabik kaming lahat at napuno ng inspirasyon. Nang maranasan ng mga bata si Hesus ay nakalaya sila sa pagiging pasaway at sila ay naging masunurin at tapat na tagapaglingkod. Ang bahagi kung saan sila may kahinaan ay unti-unting napalitan ng karunungan. Ang aking mga anak na sina Joseph at Joo-eun ay tumigil sa pagdalo sa programa pagkatapos ng klase at nagpokus sa pagdarasal. Nagsisi sila sa mga pagkakataon na sinaktan nila kami dahil sa kanilang pagsuway. Kahit nasa bahay man sila o nasa simbahan ay tinatawag nila akong “Pastor” sa halip na “Papa” At saka, kahit anong sabihin ko ay sumasagot sila ng, “Amen.”

Nang makita nina Haak-sung at Yoo-kyung ang langit at impyerno, umiyak sila at lumuhod sa paghingi ng tawad sa mga pagkakataong pinakitunguhan nila ako ng masama. Nangako sila na palagi na silang dadalo ng pang-Linggong serbisyo kahit anong mangyari. Sumumpa din sila na aayusin ang relasyon nila sa isat-isa bilang magkapatid. Kahit malamig ang panahon, lumalabas sila at nagbabahagi ng Salita ng Diyos. Lumalabas sila sa ika-apat ng hapon at bumabalik ng ika-8:30 ng gabi na nagyeyelo ang mga kamay at paa. Ipinipilit nila na kulang pa ang kanilang mga nagawa. Alam nila na kailangan nilang maging masipag dahil nakita nila ang kanilang kayamanan na naiipon sa langit.

Noong una ay hindi kinakausap ng aking mga anak sina Haak-sung at Yoo-kyung. Ngunit hindi nagtagal ay mas naging malapit na sila. Labas-masok sila sa amin at itinuturing nila ang aming bahay na parang sa kanila. Si Meena, na limang taong gulang ay nagdadasal sa ibang wika ng nakataas ang mga kamay sa loob ng dalawa hanggang tatlong oras. Kapuripuri na makita siya.

Sina Sister Baek, Bong-nyo, Lee, Haak-sung, Lee, Yoo-kyung at Kim, Joo-eun ay nakatanggap ng biyaya ng pagpropesiya, espirituwal na pagtatangi, pagsasalita sa ibang wika, karunungan, kaalaman, at banal na pananampalataya. Si Kang, Hyun-Ja na aking asawa at si Joseph ay nakatanggap rin ng biyaya ng pagpropesiya noong kalagitnaan ng Pebrero.

Walang lamang kasinungalingan ang aklat na ito, kundi mga personal na karanasan mula sa mga myembro na kasali sa sama-samang panalangin. Ang kanilang mga patotoo na nakita nila si Hesus ay maingat na itinala. Isang mahirap na gawain ang pagsulat ng mga detalye ng kanilang karanasan. At saka, ang tunay na pagkakakilanlan ni Satanas at kanyang mga operasyon ay maipapahayag sa publiko sa pamamagitan ng aklat na ito, na magdadala ng malaking pag-uusig at ibat-ibang pagsubok. Nagtagumpay kami sa pamamagitan ng Panginoon at hinayaan Niya na maiiwasan naming ang mga pagsubok na hindi namin kayang hawakan sa sarili naming lakas. Maraming beses akong natukso na itigil na ang pagsusulat, ngunit sa mga panahong iyon ay naramdaman ko naman ang espesyal na pag-aliw ng Panginoon sa akin sa kabila ng aking kakulangan.

## **ANG MGA NANANALANGING MANDIRIGMA sa SIMBAHAN NG PAGINOON (Lord's Church)**

**Pastor Kim, Yong Doo:** Apatnapu't limang taong gulang. Nagsisimulang malagas ang kanyang buhok at makikita na ang bahagyang pagkakalbo ng kanyang bilugang ulo.

**Ang asawa ng Pastor, Kang, Hyun Ja:** Apatnapu't tatlong taong gulang. Siya ay dating namamasukan sa gobyerno. Kapansin-pansin na may mahabang pasensya.

**Kim, Joseph:** Labing-anim na taong gulang at nasa ika-walong hakbang ng pag-aaral. Pangarap niyang maging pastor. May pagka-makulit at hindi maingat kung kumilos.

**Kim, Joo Eun:** Labing-apat na taong gulang at nasa ika-anim na hakbang ng pag-aaral. Siya ay maganda at matalino. Katulad ng kanyang kapatid, ay makulit rin siya at hindi kaagad-agad sumusuko.

**Sister Baek Bong Nyo:** Limampung taong gulang. May katigasan ang kanyang ulo. At sinabi ng Panginoon na ang kanyang ugali ay tipong, "Walang makakapigil sakanya."

**Lee, Haak-Sung:** Dalawampu't pitong taong gulang. Siya ay anak ni Sister Baek Bong Nyo. May karamdaman sa pag-iisip sa ikatlong lebel. Siya ay may limitasyon na ipahayag sa salita ang kanyang naiisip. Ngunit normal ang kanyang pag-iisip para sa kanyang edad. Mahina ang kanyang pisikal na pangangatawan.

**Lee, Yoo-Kyung:** Dalawampu't apat na taong gulang. Pangalawang anak ni Sister Baek Bong Nyo. May karamdaman sa pag-iisip sa ikalawang lebel. May pagka-mabagal ang kanyang pananalita pero maayos naman siyang kausap.

**Meena:** Limang taong gulang. Siya'y apo ni Sister Baek Bong Nyo. Ang rehistro ng kanyang kapanganakan ay hindi pa tapos dahil sa kulang-kulang na dokumento.

**Oh, Jung-suk:** Tatlumput-tatlong taong gulang. Pumirma siya ng dokumento na gumagarantiya sa pangungutang ng kanyang kanyang kaibigan at iyon ay napasamâ kaya naman napaalis siya sa kanyang bahay. Wala siyang matuluyan kaya natulog siya sa parke. Doon siya nakilala si Pastor Kim na nagdala sa kanya sa simbahan at naghanap ng trabaho para sa kanya. Tumigil siya sa pagdalo sa simbahan nang magkaroon na siya ng trabaho.

**Dyakonesa Shin Sung Kyung:** Tatlumpu't tatlong taong gulang. Dati lang siyang dumadalo tuwing Linggo ng umaga sa simbahan pero matapos makadalo sa pagdarasal

sa ikalabing limang araw ay nagbago na siya. Ang kanyang siyam na taong anak na si Yae-Ji ay may sakit na kanser.

**Oh, Jung Min:** Walong taong gulang. Siya'y anak ni Dyakonesa Shin Sung Kyung. Ang kanyang libangan ay manood ng telebisyon at maglaro sa kompyuter, pero matapos makadalo sa pagdarasal ay nanumpa siyang magiging pastor paglaki. Sa unang araw palang ay nakatanggap na agad siya ng kakayahang magsalita ng ibat-ibang wika.

# UNANG ARAW

## 1

### TINULUNGAN KAMI NG DIYOS MULA SA KANYANG DAKONG KABANAL-BANALAN

*“O, dinggin ka nawa ni Yahweh tuwina. Kung ikaw’y sapitin ng hirap at dusa! At ang Diyos ni Jacob ingatan ka sana. 2 Magmula sa templo sana’y bigyang tulong. At itaguyod ka magbuhat sa Sion! 3 Ang handog mo nawa ay kanyang tanggapin, At pahalagahan haing susunugin. 4 Nawa ang hiling mo ay kanyang ibigay, at sa panukala’y laging magtagumpay.” Awit 20:1-4*

#### I. ANG PAGHIHIRAP AY ANG ATING OPORTUNIDAD UPANG MAKATAGPO ANG DIYOS

Hinahanap ng mga tao ang Diyos at iniisip nila ang Panginoon na Taga-paglikha kapag sila ay nakakaranas ng mga paghihirap. Kaya naman, ang mga paghihirap ang nagbibigay sa atin ng panahon upang tingnan ang ating mga sarili at maaari iyong maging daan patungo sa Diyos. Kapag lumapit tayo at tumawag sa Kanya sa panahon ng ating paghihirap, ay mamagitan Siya sa gitna ng Kanyang tuwirang layunin, upang iligtas tayo. Nasusulat sa Bibliya na kapag dumaraan tayo sa mga suliranin ay dapat tayong tumawag sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin at Siya ay tutugon. (Awit 50:15)

#### II. TUMUTUGON SIYA MULA SA KANYANG TEMPLO

Si Abraham, na ama ng pananampalataya, habang siya ay naglalakbay at naninirahan sa mga tolda, ay palagi siyang gumagawa ng altar upang magsunog ng mga alay sa Diyos. Dahil dito ay narinig niya ang tinig ng ating Diyos. (Genesis 12:7-9; 13:4, 18). Natutuwa ang Diyos kapag gumagawa tayo ng altar sa simbahan. Maraming mga panalangin ang sinagot habang nagdadasal sa simbahan. Ang unang bagay na ginawa ni Hesus nang dumating Siya sa Jerusalem ay ang pumasok sa templo. (Mark 11:11) Natanggap ni Hannah ang tugon sa kanyang panalangin habang siya ay nagdadasal sa templo. (1 Samuel 1:9-10) Nasaksihan ng propetang si Isaias ang ating Diyos na nakaupo sa Kanyang trono sa isang pangitain habang siya ay nagdadasal sa templo. (Isaias 6:1) Narinig rin ni Samuel ang tinig ng Diyos sa templo mula pa noong siya ay isang bata. (1 Samuel 3:3-4)

Ang kabanalan at kasagraduhan ay lubhang kailangan sa tadhana ng simbahan.

### III. TUTUPARIN NG DIYOS ANG KANYANG KALOOBAN SA PAMAMAGITAN NG PANALANGIN

Kapag binigyan tayo ng Diyos ng isang bagay, ginagawa Niya iyon ng may dahilan. Natatanggap ng isang tao ang kanyang gantimpala pagkatapos ng kanyang trabaho. Sa katulad na paraan, ay ninanais ng Diyos na matanggap natin ang mga tugon na nasa Kanyang mga kamay sa pamamagitan ng pagdarasal. Ang ating panalangin ay dapat taos-puso. Mas higit ang paghahangad ng Diyos na matanggap natin ang sagot sa ating mga panalangin kaysa sa atin. Ang panalangin ay maaaring isipin bilang isang espirituwal na gawain, kung saan nanggaling ang mga sagot sa panalangin. Ang panalangin ay hindi isang pasanin. Kapag nagtiwala tayo sa Panginoon, nasusulat na: ***“Talastas ko ngayon na inililigtas ng Panginoon ang kanyang pinahiran ng langit; sasagutin Niya siya mula sa Kanyang banal na langit ng pangligtas na kalakasan ng Kanyang kanang kamay.” (Awit 20:6)*** Kaya naman dapat tayong magbigay ng papuri sa Pangalan ng ating Diyos at magkaroon ng tiwala. Nakakatanggap ng luwalhati at kapurihan ang Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Halleluya.

# IKALAWANG ARAW

## 2

*“Pagkatapos nito, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng tao: isasaysay ng inyong mga anak ang aking mga salita; sari-sari ang mapapanaginip ng matatandang lalaki at makakakita ng mga pangitain ang inyong mga kabataang lalaki. 29 Sa panahong iyan, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu pati sa mga alipin, lalaki’t babae.” Joel 2:28-29*

**Pastor Kim, Yong-doo:** Nangaral ako ng detalye patungkol sa hindi pangkaraniwang pangitain na maaaring mangyari habang nagdarasal, kung paano lumulusob ang dyablo, at ang paraan kung paano malalaman ang pagkakaiba ng dyablo at tunay na Hesus. Umawit kami ng papuri sa loob ng dalawang oras, at ang sermon ay tumagal ng tatlong oras. Ika-isa na ng umaga nang simulan namin ang espirituwal na pakikipagtunggali habang nagdarasal. Sa tulong ng Espiritu Santo ay tila nag-aapoy kami habang nagdarasal. Kahit natapos kami ng ika-pito ng umaga ay pakiramdam naming ay hindi pa iyon sapat.

### **NAKITA NI YOO-KYUNG SI HESUS SA UNANG PAGKAKATAON AT BUMISITA SIYA SA LANGIT**

**Lee, Yoo-kyung:** Ang sermon ni Pastor Kim ay patungkol sa kung paano paaalisin ang mga demonyo at ang posibilidad ng pagpapakita ni Hesus sa amin. Buong puso kong ninais iyon at buong lakas akong tumawag sa Panginoon, **“Hesus, Hesus, mahal po kita. Hayaan Mong makita ko kayo. Magpakita Ka sa akin.”** Sumigaw ako at nagdasal ng masigasig sa ibat-ibang wika. Pagkalipas ng isang oras ay may ilaw na nagliwanag at may nakatayo sa liwanag. Nagulat ako at iminulat ko ang aking mga mata ngunit wala akong nakita. Nang muli kong ipikit ang aking mga mata ay malinaw kong nakita. Si Hesus ay nakatayo sa aking harapan at Siya ay nakasuot ng kumikinang na damit, at tila tinatawag Niya ang aking pangalan.

**“Yoo-kyung, mahal kita.”** Sinabi iyon ni Hesus at pagkatapos ay lumapit Siya sa akin at umupo sa aking harapan. Naririnig ko lang ang tungkol kay Hesus ngunit sa pamamagitan ng panalangin ay nakita ko Siya. Hindi ako makapaniwala. Ang Hesus na nakita ko sa malapitan ay napaka-gwapo. Sa palagay ko ay hindi pa ako nakakita ng taong kasing gwapo Niya.

Ang buhok ni Hesus ay ginintuan at Siya ay may malaki at magandang mga mata. Ang aking mata ay maliit. Marahang hinaplos ni Hesus ang aking buhok at sinabi Niya, **“Yoo-kyung, mahal kita.”** Habang inuulit ni Hesus ang mga salitang iyon ay umiyak ako at lumambot ang aking puso. Iniabot ni Hesus ang Kanyang kamay sa akin at sinabi Niya, **“Nais Kong ipakita sa iyo ang langit.”** Hinawakan Niya ang aking kamay at ang aking katawan ay naging kasing gaan ng bulak.

Sinabi ni Hesus, **“Kumapit ka ng mahigpit sa Aking kamay.”** Nang sabihin Niya iyon ay bumukas ang dingding sa altar kung saan nakasabit ang krus at naramdaman ko na hinihila ang aking katawan patungo roon. Lumipad ako na parang ibon kasama ang Panginoon. Lumipad ako sa himpapawid na nakasuot ng puti at parang toga na damit. Marami akong nakitang bituin at nakita ko rin ang ating planeta. Naging malayo iyon hanggang sa hindi ko na nakita.

Habang lumilipad ako kasama ang Panginoon na hawak ang Kanyang kamay, may napakaliwanag na ilaw at hindi ko magawang imulat ang aking mga mata. Naisip ko, **“Ito na siguro ang langit,”** At pagkatapos ay ipinaliwanag ni Hesus na nasa langit na kami. May hindi mabilang na mga anghel ang bumati sa amin nang dumating kami. Ipinasyal ako ni Hesus at ipinakilala Niya ako sa maraming mga anghel.

Dinala ako ni Hesus sa silid na may napakaraming aklat. May malaki at ginintuang aklat na umagaw sa aking pansin. Tinanong ko si Hesus kung maaari kong tingnan ang aklat na iyon at binigyan Niya ako ng pahintulot.

Elementarya lang ang aking natapos. Marami akong kakulangan at halos hindi ako makabasa ng tama. Noong ako ay nasa eskwelahan pa ay pinagtatawanan ako ng aking mga kaibigan at ibang mga bata. Maraming salita ang nakasulat sa gintong aklat, ngunit hindi ko iyon nababasa ng mabuti. Subalit gusto kong mapasaakin ang aklat na iyon kaya tinanong ko si Hesus, **“Ayos lang po ba kung ibibigay Mo ito sa akin?”** Sumagot si Hesus, **“Yoo-kyung, ang aklat na ito ay hindi isang bagay na maaaring mapasaiyo dahil sa gusto mo lang,”** at Siya ay ngumiti sa akin. Tinanong ako ni Hesus, **“Yoo-kyung, masaya ka ba sa pagbisita mo dito sa langit?”** Sumagot ako ng mabilis, **“Opo, Hesus. Napakasaya.”** Sinabi Niya, **“Magdasal ka ng masigasig, sumunod ka kay Pastor Kim, at dumalo ka sa mga serbisyo sa simbahan, at pagkatapos ay dadalhin kita sa langit upang bumisita ng madalas kaya maging masakap ka.”** Hinawakan Niya ang aking kamay at sinabi, **“Sapat na ito para ngayong araw, bumalik na tayo.”** Kaagad kaming lumipad sa himpapawid at bumalik sa simbahan sa pamamagitan ng pintuan sa dingding malapit sa krus na nasa altar.

Napakasaya ko. Nagdasal ako ng masigasig sa ibat-ibang wika. Ibinahagi ko ang aking patotoo na nakita ko si Hesus at bumisita ako sa langit. Lahat ay nainggit sa aking karanasan.

## **ANG PAGKAMULAT NG ESPIRITUWAL NA PANINGIN NI BAEK, BONG-NYO**

**Sister Baek, Bong-Nyo:** Sa tuwing nagdarasal kami ng sabay-sabay sa Simbahan ng Panginoon, ay isang ilaw lang ang aming binubuksan at ang bawat isa ay nagtitipon malapit sa altar. Lumuluhod kami sa kutson upang magdasal. Ibinigay ni Pastor Kim ang kanyang sermon at pagkatapos ay nagdasal na kami ng sabay-sabay. Sa kabila ng nagyeyelong panahon ay tinanggal namin ang aming makakapal na damit.

Ang asawa ng pastor ay nasa aking tabi at siya ay sumasayaw na puspos ng Espirito Santo. Ang kanyang sayaw ay mapayapa na tulad ng umaagos na tubig. Nakabibighani



iyon at napakaganda. Sinabi niya na hindi siya nag-aral sa pagsayaw o pag-*ballet* ngunit siya ay nagliliwanag at sumasayaw ng napakaganda sa gabay ng Espiritu Santo. Habang pinapanood ko ang asawa ng pastor ay ninais kong sumayaw ng katulad niya.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibang wika. Pagkaraka ay may nakita akong maluwalhati at ginintuang liwanag at doon ay nakatayo si Hesus at Siya ay nakasuot ng kumikinang na puting damit. Tinawag Niya ang aking pangalan, “**Bong-nyo, mahal kita.**” Ang Kanyang mainit at mapagmahal na tinig ang pumukaw sa aking kaluluwa. Hindi mailalarawan sa salita ang galak na makatagpo ang Panginoon.

Nagtanong ako ng tungkol sa langit at impyerno, sa pananampalataya at iba pang mga bagay at agad Niya iyong sinagot. Naghintay ang Panginoon, at ilang araw ang Kanyang binilang bago dumating ang araw na ito. Naghanap Siya ng simbahan na pwede kong daluhan at nakita Niya si Pastor Kim, Yong-Doo at ang asawa niya na si Kang, Hyun-Ja na nagdarasal ng buong gabi. Naantig ang Kanyang damdamin at sa sandaling iyon ay nagpasya Siya na ipadala ako sa kanila.

Kahit dalawang buwan palang akong dumadalo sa simbahan ay sumunod ako sa gabay ng pastor. Tinanong kong muli ang Panginoon, “**Panginoon, bakit ka pumunta upang makipagkita sa isang tulad ko ng personal?**” Sumagot Siya, “**Tinanggap mo ang Aking Salita na ibinahagi ng Aking tagapaglingkod.**” At saka sinabi sa akin ng Panginoon na gagamitin akong instrumento upang mag-ebanghelyo at marami ang maliligtas. Nagpropesiya Siya na may magaganap na malaking pagbabago sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church).

Nag-isip ako ng tahimik, “**Paano ako magagamit ng ganoon kung napakadami kong kasalanan sa aking buhay?**” Alam ng Panginoon ang laman ng aking isip at sumagot Siya, “**Huwag kang mag-alala. Kasama mo Ako.**” Nang matapos na ang panalangin ay ibinahagi ko sa pastor at kanyang asawa ang aking patotoo na nakita ko si Hesus at sabay silang sumigaw ng, “Haleluya!” Sinabi ni Pastor Kim na inatasan siya ng Panginoon na itala ang mga bagay patungkol sa langit at impyerno at ilimbag iyon bilang isang aklat. Nais niya na muli kong ikumpirma kay Hesus ito at pumayag naman ako.

Ang mapagpalang serbisyo, nag-aapoy na panalangin at ang makatagpo ang Panginoon. Ilang oras ang lumipas at sumapit na ang umaga, ngunit hindi na ako makapaghintay sa susunod na serbisyong panalangin. Nais kong muling makatagpo ang Panginoon.

## **GINABAYAN NG ESPIRITO SANTO ANG NAG-AAPOY NA ORAS NG PANALANGIN**

**Kim, Joseph:** Tinatawag ko ang Panginoon habang sabay-sabay kaming nagdadasal nang magsimulang uminit ang aking katawan. May limampung kulugo ang nasa ilalim ng aking kanang paa at hindi ako makapaglakad ng maayos mula pa noong tag-init. Pumunta ako sa isang dermatologo kasama ang aking ina, at pinayuhan ako na kailangan kong sumailalim sa tatlong gamutan upang pagyelohin ang aking paa at alisin ang mga kulugo. Wala iyong garantiya na lubos na gagaling at mawawala ang

aking kulugo. Takot na takot ako. Naisip ko, “Isa na akong presman sa hasykul. Kailangan kong dumalo sa pag-rerebyu pagkatapos ng klase at kailangan kong mag-aral ng mabuti. Ngunit anong gagawin ko ngayon? Wala kaming pera para sa pagpapagamot.”

Hiniling ng aking ina sa akin na magdasal ako upang malaman kung ako ba ay dapat na magpa-opera. Kaya naman nagpasya ako na dumalo sa panalanging pagpupulong. Nagdasal ako at nagtiwala na papagalingin ako ng Diyos. Itinigil ko ang pagdalo sa rebyu tuwing pagkatapos ng klase at nagpokus ako sa pagdarasal sa Diyos upang ako ay pagalingin. Ang aking boses ang pangalawa sa pinakamalakas sa simbahan, kasunod sa boses ng pastor. Ginamit ko ito upang maghatid ng nag-aapoy na panalangin kay Hesus. Masakit lumuhod dahil sa aking paa, ngunit kailangan ko ang hamon na ito kung nais kong matanggap ang Kanyang pagpapagaling.

**Kim, Joo-eun:** Ang lahat ay nagdarasal ng malakas sa abot ng kanilang makakaya. Nangaral ang pastor na kung nais naming makatagpo ang Panginoon ay walang ibang paraan kundi magdasal ng malakas at taos-puso. Ako ay nasa ika-anim na baytang at ako ang pinakabatang myembro ng aming pamilya. Ngunit taimtim akong nagdasal upang makatagpo ang Panginoon. Habang nagdarasal ako sa ibang wika ay sumulyap ako upang tingnan kung may isa nang nakakita kay Hesus.

**Lee, Haak-sung:** Sa una, ay inalala ko muna ang sermon at nagpokus ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika katulad ng itinuro ng pastor. Hindi ko alam na napuno ng autoridad ang aking panalangin at ang aking tinig ay mas lumakas. Uminit ang aking katawan na parang apoy at kinailangan kong tanggalin ang aking makapal na damit. Hindi nagtagal, ang aking kamiseta ay basang-basa na sa pawis. Kailanman ay hindi pa ako nakaranas ng ganitong nag-aalab na apoy ng Espiritu Santo na pumuspos sa akin. Natuwa ako at nagalak na magdasal. Nagdasal ako ng nakaluhod. Naparalisa ang aking paa at namanhid. Minasahe ng pastor ang aking mga binti at nawala ang paninigas.

**Oh, Jung-suk:** Pagkatapos kong lagdaan ang isang dokumento sa utang sa aking kaibigan, ay pinaalis naman ako ng aking nakatatandang kapatid na lalaki sa bahay at wala akong mapuntahan. Saan ako pupunta ngayong nagyeyelo ang panahon? Natulog ako sa malapit na parke, gutom na gutom at nilalamig ako nang makilala ko si Pastor Kim, Yong-doo. Siya ang pastor sa simbahan na dinadaluhan ng kakilala ko sa trabaho. Habang nagpapalaboy-laboy ako sa daan ay nagkataong nakita ko si Hee-young, at sa pamamagitan niya ay nakilala ko si Pastor Kim. Sa loob ng dalawang lingo ay kumain ako at natulog sa bahay ng pastor at doon ay tinuruan ako ng mga espirituwal at nakadalo ako sa buong gabing panalangin.

Sumigaw ako ng malakas, “**Panginoon, Panginoon,**” Sinimulan namin ang pagdarasal at hindi nagtagal ay napuno ang silid ng ulap na hamog. May nakita akong taong gumagalaw sa hamog. Kaagad kong hinawakan ang Kanyang bukong-bukong at naramdaman ko na lumipad ako. Nagulat ako kaya iminulat ko ang aking mga mata. Nagdasal akong muli at sa oras namang iyon ay dinala Niya ako sa malaki at kumikinang na lugar. Pakiramdam ko ay nasa daigdig ako ng mga liwanag.

Parang panaginip iyon. Matagal na akong hindi dumadalo sa simbahan ngunit sa unang pagkakataon ay nagdasal ako at tumawag sa Diyos nang nakaluhod at nakataas ang mga kamay. Pagkatapos ng serbisyong panalangin ay ibinahagi ko ang aking karanasan sa pastor. Sinabi niya sa akin na si Hesus ang aking nakita at bumisita ako ng saglit sa langit. Kung magdadasal ako ng masigasig ay ipapakita Niya sa akin ang kahanga-hangang bahagi ng langit sa susunod. Hindi pa ako nakaranas dati ng ganoon. Namanhid at sumakit ang aking mga binti dahil nagdasal kami ng nakaluhod. Subalit ang naranasan ko ay pambihira.

**Ang asawa ng pastor na si Kang, Hyun-Ja:** Matagal na akong hindi nakakapagdasal ng maayos at ngayon ay hinahanap ko iyon. Nagpasya ang pastor na ipagpaliban ang pagpunta sa bundok panalanginan sa bagong taon at sa halip magkaroon ng panalanging pagpupulong ang aming simbahan. Napakasaya ko. Dahil may ibang sumali sa pagdarasal ay mas naging masidhi ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa amin. Kapag may hindi pangkaraniwang espirituwal na suliranin ay hinaharap ng Panginoon ang pastor at mga myembro ng may nag-aapoy na awtoridad. Ninais kong matanggap ang espirituwal na sayaw na natanggap ni Ginang Choo Thomas. Hindi nagtagal ay sumayaw ako ng banal na sayaw ng walang pag-aalinlangan.

Sa una ay itinago ko ang biyayang ito, at nahirapan akong magsayaw ng palihim. Nag-aalala ako sa iisipin ng kongregasyon sa aking pagsayaw. Naisip ko na titingnan nila ako ng kakaiba kaya nag-alinlangan ako. Ngunit ngayon ay malaya na ako at ibinibigay ko na ang aking sarili ng lubos sa Espiritu Santo upang gabayan ako sa pagsayaw. Hindi na ako makatatakas pa sa pwersa ng pag-gabay ng Espiritu Santo. Ang aking mga kamay ay malayang gumagalaw sa musika sa pamamagitan ng pag-gabay ng Panginoon. May makapangyarihang panalangin sa ibat-ibang wika ang lumalabas sa aking bibig, iyon ay panalangin ng pagsisisi.

# IKATLONG ARAW

## 3

*“Ganito ang sabi sa kanya: Ako ang lumalang, humugis at nag-ayos ng buong daigdig. Yahweh ang aking pangalan. 3 Kung tatawag ka sa Akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na mahiwaga na hindi mo nauunawaan.”*  
*Jeremias 33:2-3*

### **NAGSUMAMO SI YOO-KYUNG SA MGA NAIS NG KANYANG PUSO KAY HESUS**

**Lee, Yoo-kyung:** Katulad ng dati ay nagdasal ako sa ibang wika pagkatapos ng sermon. Tinawag ni Hesus ang aking pangalan, “Yoo-kyung.” At nagpakita Siya sa akin. Sumigaw ako, “Hesus, Hesus, Hesus, palagi Ka bang magpapakita sa akin?” Sumagot si Hesus na nakangiti, “Oo naman.” May hiniling ako kay Hesus, “Hesus, tulungan Mo po kami sa pang-pinansyal. Nahihirapan po kami. Ang aking kapatid na lalaki at babae ay walang trabaho at nasa bahay. Pakiusap, pagalingin Mo po ang aking ina upang hindi na siya magkasakit.” Sumagot si Hesus, “Oo, sige. May iba ka pa bang kahilingan?” Mabilis kong sinabi sa Kanya, “Si Pastor Kim po ay nag-aalala sa kanyang manipis na buhok. Hayaan Mo pong tumubo ng marami ang kanyang buhok.” Napatawa si Hesus. Sumagot Siya, “Nasa sakanya na ang isang iyon,” at pagkatapos ay umalis na Siya. Si Hesus ay abala sa paglalakad parito at paroon upang puntahan ang bawat myembro na nananalangin.

## IKA-APAT NA ARAW

### 4

*“Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain Niya kayo pagdating ng panahon. 7 Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong kabalisahan sapagkat Siya ang kumukupkop sa inyo. 8 Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaatungal ataali-aligid na humahanap ng masisila. 9 Labanan ninyo siya at magpakatatag kayo sa inyong pananalig sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng ganitong kahirapan, kundi pati ang inyong mga kapatid sa buong daigdig.”*  
1 Pedro 5:6-9

### NAKITA NI YOO-KYUNG ANG DYABLO NA NAKASUOT NG PUTI

**Lee, Yoo-kyung:** Habang nagsesermon ang pastor ngayong araw ay hinimok niya kami na maging alisto habang nagdarasal. Sinabi niya na kung natatakot kami ay tumawag lang kami kay Hesus. Kapag nakita namin ang mga nakakatakot at masasamang demonyo na papalapit sa amin ay dapat namin silang paalisin sa Pangalan ni Hesus at isigaw ang Kanyang pinakamamahal na dugo.

Habang ako ay nagdarasal ng buong lakas, ay may nakita akong demonyo na kamukha ng nasa pelikula. Siya ay may mahabang buhok at nakasuot ng puting damit. Sumasayaw siya habang papalapit sa akin. **“Hahahaha, hehehehe”** Naparalisa ang aking katawan dahil sa takot. Bigla kong naalala ang sermon ng pastor at sumigaw ako ng **“Masama at sinumpang dyablo. Inuutusan kita sa Pangalan ni Hesus na lubayan ako!”** Ngunit lumapit sa akin ang dyablo na umiiyak, **“Hehehehe”** at binuksan niya ang kanyang bibig upang magsalita. Nakakatakot ang kanyang bibig at nakaramdam ako ng lamig sa aking gulugod. Sa itaas at ibaba ng kanyang bibig ay may matutulis na mga ngipin. May dugo rin sa palibot ng kanyang bibig. Sumagot ang dyablo, **“Bakit ako lalayo? Hindi lang ako nandirito upang gambalain ka sa pagdarasal. Bibigyan rin kita ng sakit.”** Patuloy siyang umaligid sa akin.

Tamang-tama na sa oras na iyon ay inilagay ng pastor ang kanyang kamay sa aking ulo at nagdasal siya, **“Maruming dyablo, inuutusan kita sa Pangalan ni Hesu Kristo na lumayo!”** Hindi ko alam kung paano nalaman ng pastor.

Umalis ang dyablo.

Natakot ako. Palaging sinasabi sa amin ng pastor, **“Hindi tayo dapat mag-alala dahil kasama natin palagi si Hesus. Kung mananatili tayong takot, muli silang babalik. Kaya huwag tayong mag-alala, at manalig sa tuwing nagdadasal.”** Ipinagpatuloy ko ang aking pagdarasal at tinawag ko ang Pangalan ni Hesus. **“Hesus, tulungan Mo po**

**ako. Tulungan Mo ako.” Nagpakita si Hesus sa malinag na ilaw. Kinausap Niya ako, “Yoo-kyung, huwag kang mag-alala, ipagtatanggol kita.” Inaliw Niya ako at tinapik ang aking likod, “Yoo-kyung, kahit anong uri ng demonyo ang lumusob sa iyo, ay huwag kang matakot at huwag kang mangamba. Tumawag ka sa Akin ng buong lakas at darating ako upang paalisin ang mga demonyo. Kaya maging matapang ka.” Lumakas ang aking loob sa Kanyang mga sinabi.**

Sa tuwing hindi ako nakakapagdasal ng malakas o nakakatulog habang nagdarasal ay nagkakaroon ng pagkakataon ang mga demonyo upang sumalakay. Iyon ang dahilan kung bakit palagi kaming sinasanay ng pastor na magdasal ng nakaluhod, nakataas ang mga kamay at nasa tamang ayos ng katawan. Sa una ay mahirap gawin, ngunit sa grasya ng Diyos ay madali naming nakakaya na magdasal ng dalawa hanggang tatlong oras.

# IKA-LIMANG ARAW

## 5

*“Dito maitutulad ang pagpasok sa kaharian ng Diyos: may sampung dalagang lumabas upang sumalubong sa lalaking ikakasal. Bawat isa’y may dalang ilawan.” Mateo 25:1*

### ANG KASAL NI HESUS AT NI SISTER BAEK, BONG-NYO

**Sulat ng may akda:** Ang kasal sa pagitan ni Sister Baek, Bong-Nyo at Hesus ay sumisimbolo sa relasyon ng Tagapagligtas at makasalanan na iniligtas Niya. Nais Niyang ipakita ito sa bagong myembro na si Sister Baek.

*“Dapat tayong magalak at magsaya; purihin natin ang kadakilaan Niya dahil sa nalalapit na kasal ng Kordero. Nakahanda na ang kasintahang babae.” Pahayag 19:7*

**Baek, Bong-Nyo:** Nagbigay ang pastor ng sermon na nag-aalab at puspos sa Espiritu patungkol sa limang matalino at limang hangal na nobya. Pagkatapos ng serbisyo ay nagsimula akong magdasal sa ibang wika. Nagpakita ang Panginoon sa akin at sinabi Niya, **“Bong-nyo, pupunta tayo sa langit.”** Hinawakan Niya ang aking kamay at ginabayan ako. Hindi nagtagal ay nakatayo na ako sa paanan ng trono ng Ama. Ipinaliwanag ni Hesus ang dahilan kung bakit Niya ako dinala sa langit: **“Bong-nyo, nais Kong magkaroon tayo ng magandang kasal sa langit at iyon ang dahilan kung bakit ka naririto.”** Inihanda ng mga anghel ang aking isusuot at binigyan nila ako ng mga palamuti. Wala pa akong nakitang katulad ng gintong koronang inihanda para sa akin. Napuno ako ng galak. Nakisama ako sa ginagawa ng mga anghel. Naitanong ko sa aking sarili, **“Nagkaroon ba ako ng maayos na kasal noon?”** Napuno ako ng emosyon. Labis ang aking kasiyahan at hindi ko iyon maipaliwanag.

Maraming mga anghel at mamamayan sa langit ang bumati sa aming kasal, at hindi ko kailanman malilimutan ang pangyayaring iyon. Ang banal na trono ng ating Ama ay umugoy ng marahan. Sa tuwing gumagalaw ang Kanyang trono, dahil nalulugod ang Diyos ay may limang maningning na mga kulay ang kumikisap. Nang matapos ang seremonya ay naglakbay ako sa langit habang hawak ang kamay ng Panginoon. Nasa rurok ako ng kasiyahan.

### NAKITA NI LEE, HAAK-SUNG ANG KANYANG LOLA SA IMPYERNO

**Lee, Haak-sung:** Nabanggit ni Pastor Kim sa kanyang sermon, **“May isang taong bibisita sa impyerno ngayong araw. Huwag kang matakot bagkus magtiwala ka kay Hesus. Kahit anong ipakita sa iyo ni Hesus sa impyerno ay huwag kang mangamba.”** Ipinahayag niya, **“Magdasal tayong lahat ng taimtim kay Hesus upang makita natin ang kahabag-habag na mga pangyayari sa impyerno.”**

Nagkaroon ako ng matatag na determinasyon at ako ay nagsimulang magdasal sa ibat-ibang wika. Pagkaraka, ay biglang nagliwanag ang krus na nakasabit sa altar at nagkaroon ng bilog na pintuan. Nagpakita si Hesus at Siya ay may hawak na dalawang tupa. Naglaho ang mga tupa habang si Hesus ay papalapit sa akin. Marahan Niyang tinawag ang aking pangalan, **“Haak-sung, mahal kita.”**

Ito ang unang pagkakataon na nakita ko si Hesus. Napuno ako ng galak at ang aking katawan ay uminit. Labis ang aking kasiyahan. Si Hesus ay nakasuot ng kumikinang at maputing damit. Marahan Niya akong kinausap, **“Haak-sung, may lugar tayong kailangang puntahan, kaya umalis na tayo.”** Tinanong ko Siya, **“Saan po tayo pupunta?”** Sumagot si Hesus ng hindi inihahayag ang aming destinasyon, **“Malalaman mo kapag nakarating ka na doon.”** Nang hawakan ni Hesus ang aking kamay ay lumutang ang aking katawan sa hangin na kasing gaan ng balahibo. Sa isang kisp mata ay nakasuot na ako ng puting damit at tila hinihila kami sa pintuan sa altar. Lumipad ako sa himpapawid kasama si Hesus.

Nakita ko sa malayo ang daigdig at ang atmospera. Dumaan kami sa kosmos kung saan pinapalamutian ng mga bituin ang madilim na himpapawid. Dumaan kami sa kalawakan at pagkatapos noon ay sa kadiliman. Natakot ako kaya hinawakan ko ng mahigpit ang kamay ni Hesus. Ginabayan ako ni Hesus, **“Magpatuloy pa tayo ng kaunti.”** Nang makarating na kami ay may kakaibang masamang amoy at napakadumi roon.

**“Hesus, mahal kong Hesus. Nasaan po tayo? Hindi ko po nakikitang mabuti”** Sumigaw ako. Ngunit sinabi ni Hesus, **“Haak-sung, huwag kang matakot. Ito ang impyerno. Babantayan kita, kaya huwag kang mag-alala. Manood kang mabuti.”**

Ang tarangkahan ng impyerno ay nag-aapoy at bago pa man pumasok ay napakainit na. Lumayo ako sa nagbabagang apoy at sa labis na init. Tinanong ko Siya, **“Hesus, paano tayo tatapak sa mainit na apoy? Sa tingin ko po ay hindi ko ito kayang gawin.”** Kung ikukumpara ko ay katulad iyon ng eksena sa telebisyon kung saan ang pagawaan ng bakal ay nagtutunaw at nagbubuo ng metal para sa mga kagamitan sa pagtatayo ng daungan. Ang init sa pintuan ng impyerno ay mas malala pa kaysa sa nagtutunaw ng metal na napapanood sa telebisyon. Napakatindi ng init.

Iniabot ni Hesus ang Kanyang kamay at sinabi Niya, **“Humawak ka ng mahigpit sa Aking kamay.”** Nang hawakan ko ang Kanyang kamay ay napawi ang init. Ngunit sa tindi ng init ay nararamdaman ko pa rin ang init sa paligid. Napakadilim sa pinuntahan namin ni Hesus at wala akong makita na kahit na ano. Pakiramdam ko ay nasa isang silid ako. Nang haplusin ni Hesus ang aking mata ay nakakita ako ng mabuti. May matandang babaeng malungkot na nakaupo at siya ay nakasuot ng tradisyonal na kasuotan sa Korea. Inatasan ako ni Hesus, **“Haak-sung, tingnan mo sa malapit.”** Naglakad ako patungo sa matandang babae. Siya ay walang iba kundi ang aking lola na namatay ilang taon na ang nakararaan.

Noong umalis ang aking ina sa bahay, ay siya ang nag-aruga at nagpalaki sa amin ni Yoo-kyung. Mahal na mahal kami ng aking lola. Hindi nararapat na nasa impyerno siya.



Nabigla ako at sumigaw ng, “Lola! Ako po ito, si Haak-sung. Paano napunta dito ang mabait na taong katulad mo? Magmadali ka at umalis ka na dito.” Kaagad niya akong nakilala at nasorpresa siya. **“Haak-sung, bakit ka nandirito? Paano ka nakapunta dito?”** Sumagot ako, **“Dinala po ako dito ni Hesus. Lola, magmadali ka at umalis ka na dito.”** Umiyak at sumigaw ang aking lola, **“Haak-sung, kahit gusto kong umalis ay hindi ko iyon magagawa dito. Hindi ka dapat pumunta dito. Umalis ka na kaagad.”**

Luhaan akong nagsumamo kay Hesus, **“Hesus, pakiusap, tulungan Mo ang aking lola na makaalis dito. Malungkot ang kanyang naging buhay.”** Sa isang saglit, ay may malaking ahas na sumulpot sa paanan ng aking lola at pumulupot iyon sa kanyang katawan. Sumigaw ako ng malakas, **“Ahh!”** Takot na takot na sumigaw ang aking lola, **“Iligtas mo ako, pakiusap!”** Ngunit walang saysay iyon.

**“Hesus, mahal kong Hesus, ako po ang nakagawa ng masasama.”** Umiyak ako. **“Pakiusap, gumawa po kayo ng paraan.”** Hindi nagsalita si Hesus ngunit nasasaktan din Siya habang nanonood. Umiyak ako ng umiyak habang nagmamakaawa subalit walang saysay iyon. Kahit nasa gitna ng paghihirap ay tinanong pa rin niya ang kalagayan ng aking pamilya at nag-aalala siya sa amin. **“Haak-sung, kamusta ang iyong mga kapatid? Kamusta ang iyong ina?”** Sumagot ako, **“Mabuti naman po ang lahat.”** Mahigpit na pumulupot ang ahas sa kanya. Lumakas ng lumakas ang kanyang pag-iyak.

**“O hindi, lola. Hindi ko po alam ang aking gagawin.”** Hindi ko magawang tumigil sa pag-iyak. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at ginabayan Niya ako, **“Haak-sung, oras na para umalis.”** Iniwan ko ang aking lola na umiiyak at lumabas ako sa impyerno. Isinalaysay ni Hesus, **“Kumpara sa pisikal na mundo, ay mayroon ka pa ring paningin, pang-amoy, panlasa, pandinig at pandamdang sa impyerno.”** Naalala ko na nabanggit rin ito sa amin ng pastor.

Ang pagbisita sa impyerno na naririnig ko lang noon ay nakakagulat ay nakakatakot. Hindi ko kayang tumagal doon kahit ilang sandali dahil sa mga nakakasindak na eksena at mabahong amoy. Nang makabalik na ako sa simbahan ay umiyak ako nang maalala ko ang aking lola. Ipinaalala sa akin ni Hesus na gumawa ng mabuting desisyon, **“Haak-sung, huwag kang umiyak. Nakita mo iyon ng malinaw, kaya maglingkod ka ng tapat sa Panginoon. Naunawaan mo ba?”**

## **ANG UNANG PAGBISITA NI HAAK-SUNG SA LANGIT**

Tinawag ako ni Hesus, **“Haak-sung, kakila-kilabot sa impyerno diba? Nais Kong ipakita sa iyo ngayon ang langit.”** Ilang sandali pa ay nasa langit na kami. May mga grupo ng mga anghel at maraming tao ang bumati sa amin. Naghawak kamay ang mga anghel at si Hesus at sila ay sumayaw. Ang lahat ng bagay sa langit ay ibang-iba sa mga eksena sa impyerno. Sa langit, ang mga nakita ko ay naiiba, kahanga-hanga, at hindi kapani-paniwala.

Habang nasa langit ako ay humiling ako kay Hesus, **“Hesus, ang anak ng pastor na si Joseph, ay may mga kulugo sa kanyang paa at nahihirapan siyang maglakad.**

Pakiusap, pagalingin Mo siya. Masakit naman ang likod ng aking ina. Tulungan Mo po siya upang mawala ang sakit. Tulungan Mo din po si Oh, Jung-suk na nakatira sa opisina sa simbahan upang makahanap ng trabaho. At tulungan Mo po na magkaroon ng buhay ang aming simbahan.” Masayang sumagot si Hesus, “Oo, sige.” Tumingin sa akin si Hesus at sinabi Niya, “Haak-sung, sapat na ito para ngayong araw. Umalis na tayo.” Nang hawakan ni Hesus ang aking kamay ay lumipad kami sa himpapawid at bumalik sa simbahan.

Ipinagpatuloy ko ang pagdadasal ng masigasig. Umiyak ako dahil naalala ko ang aking lola na nagdurusa sa impyerno. Labis akong nasasaktan at umiyak ako nang nagsisipa at sumisigaw. “Panginoon, anong gagawin ko? Namatay ang aking lola dahil sa akin. Masakit po ito para sa akin. Lola... ang kaawa-awa kong lola.” Umiyak ako hanggang sa napagod na ako. Pagkatapos ay tinawag kong muli ang Panginoon. Bihira lang akong umiyak, ngunit hindi ako makapaniwala sa mga luhang umagos sa loob ng dalawang oras, tatlong oras, at apat na oras. Natapos ang unang panalangin ngunit hindi pa rin nawawala ang aking kalungkutan.

Ibinahagi ko sa iba ang aking pagbisita sa langit at impyerno. Sinimulan namin ang pangalawang panalangin sa ika-lima ng umaga na tumagal ng limang oras. Habang ibinibigay ng pastor ang kanyang sermon ay nakita ko si Hesus. At noon din ay mas naging malakas ang sermon ng pastor. Bumaba ang mga anghel mula sa langit at sila ay pumila sa tabi ng plataporma at ang iba sa kanila ay may dalang mangkok. Kinuha nila at dinala ang bawat panalangin, pagpupuri at umawit sila ng, “Amen, amen.”

Kahit tapos na ang serbisyo ay naiisip ko parin ang paghihirap ng aking lola sa impyerno.

**IKA-ANIM NA ARAW**

## 6

***“Ganito ang sabi sa kanya: Ako ang lumalang, humugis at nag-ayos ng buong daigdig. Yahweh ang aking pangalan. 3 Kung tatawag ka sa Akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na mahiwaga na hindi mo nauunawaan.”  
Jeremias 33:2-3***

### ANG SIYAM NA TUPA

**Baek, Bong-Nyo:** Apat na oras na ang nakalipas nang simulan ng pastor ang kanyang sermon. Isinisiwalat niya sa amin ang banal na apoy. May siyam na myembro, ngunit kung hindi kasama ang aming pamilya ay may limang myembro lang ng simbahan ang matitira. Ang pagkakaroon ng grupo ng mga bagong mananampalataya ay hindi naging hadlang para sa kanya, sa halip ay nangaral siya ng buong tapang at husay. Hinawakan niya ang mikropono at nagpalakad-lakad habang nangangaral. At kahit ika-2:00 na ng madaling araw ay sumasagot kaming lahat ng, “Amen.” Ang limang taong si Meena ay taimtim din na nakikinig sa sermon.

Ipinako ko ang aking tingin sa pastor nang si Hesus ay nagpakita na may kasamang mga anghel at dumaan sila mula sa pintuan sa may krus. Makalipas ang ilang sandali ay may narinig akong iyak ng mga hayop. Ginabayan ni Hesus ang siyam na tupang kasama Niya. **“Anong nangyayari rito?”** Naisip ko. **“Ito ay mga tunay na nilalang.”** Sa siyam na tupa ay may apat na maliliit at ang isa sa hulihan ay isang batang tupa. Ang kanilang maputi at kulot na balahibo ay napakaganda. Napagtanto ko na ang bilang ng mga tupang dinala ni Hesus at ang bilang ng mga myembrong dumadalo sa panalangin ay magkatugma.

Sina Yoo-kyung, Joseph, Joo-eun at Meena ay mga bata pa ngunit sa kanilang lahat ay si Meena ang pinakabata dahil siya ay limang taong gulang pa lang. Kahanga-hanga na ang bilang ay magkatugma at winika ni Hesus, **“Kayo ay ang Aking mga tupa. Palagi Akong nagbabantay sa inyo kaya huwag kayong mag-alala.”**

***“7 Kaya’t muling sinabi ni Hesus, “Tandaan ninyo: ako ang pintuang dinaraan ng mga tupa. 9 Ako ang pintuan. Ang sinumang pumapasok sa pamamagitan Ko’y maliligtas. Papasok siya’t lalabas at makatatagpo ng pastulan.” Juan 10:7,9***

Ang siyam na tupa ay lumuhod sa harap ni Hesus. Samantala, ang sermon ni Pastor Kim ay nag-aapoy at siya ay nagsasalita ng may banal na apoy. Nag-aalala ako at naisip ko, **“Laging sumasakit ang likod ni Pastor Kim. Sana naman ay huwag niyang pagurin ang sarili niya.”** Habang iniisip ko iyon ay tumayo si Hesus mula sa Kanyang pagkakaupo katabi ang tupa at hinawakan Niya ang likod ni Pastor Kim. Si Hesus ay nakapaloob sa sermon ng pastor, at Siya ay sumigaw ng may kagalakan, **“Mahusay Pastor Kim. Mahusay ang iyong ginagawa.”** Nakangiting naglakad si Hesus sa tabi ng pastor.

Ang pastor ay sumisigaw ng malakas at paulit-ulit. Ang bawat pagbigkas ay puno ng banal na apoy. Kapag ang pastor ay gumagalaw patungong kaliwa, si Hesus ay gumagalaw rin sa kaliwa, kapag gumagalaw siya patungong kanan, si Hesus ay gumagalaw rin patungong kanan. Pagkatapos ay may nagpakitang sampung anghel. Dalawa sa kanila ay nasa kanan ng entablado, may dalawa na nasa kaliwa, at may nasa malapit sa dingding kung saan nakasabit ang krus, at may anghel na nakatayo at may hawak na nakabukas na aklat at siya ay nagmamadali sa pagsusulat. Ang ibang mga anghel ay pumalibot sa pastor at sila ay may mga dalang mangkok. Tinitipon nila ang sermon. Kapag napuno na ang mangkok ng isang anghel ay may pumapalit na naman na anghel upang punuin ang kanyang mangkok. Nagpatuloy iyon at dinala nila ang mga sisidlan sa langit. Natutuwa si Hesus, at natutuwa rin ang mga anghel. Ilang araw ang nakararaan ay nakikita ko si Hesus kapag ako ay nagdadasal. Ngunit ngayon ay bukas na bukas na ang aking espirituwal na paningin at nakikita ko ang Panginoon kahit nakamulat ang aking mga mata.

Pagkatapos ng sermon ay oras na upang magdasal ng sabay-sabay. Habang nagdarasal kami, lahat kami ay makikitang parang nakikipaglaban. Umiyak kami sa Panginoon ng may pagsisi at kami ay luhaan at pawisan. Malamig ang panahon ngunit pinapatay naming ang *heater* kung kami ay mananalangin.

Lumapit si Hesus at tinawag Niya ang aking pangalan. Ikinumpara ng Panginoon ang ibat-ibang simbahan. **“Bong-nyo, maraming simbahan ang natutulog at ang kanilang mga pulang krus ay may ilaw tuwing gabi, subalit ang mga myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ay nagdarasal ng masigasig. Masayang masaya ako ngayon.”** Ngumiti Siya. Sa pintuan sa krus sa altar ay bumaba mga anghel ng tig tatluhang pangkat. Ang kanilang mga pakpak ay nakatiklop, ang isang paa ay nasa unahan at ang isang paa naman ay bahagyang nakabaluktot nang sila ay lumapit. Namangha ako at sinimulan kong bilangin sila.

Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, nagbilang ako ngunit hindi ko makita ang dulo ng kanilang prusisyon kaya tumigil nalang ako. Nakatayo sila sa harap ng altar kung saan kaming siyam ay nagdarasal. Kinuha nila ang aming panalangin at inilagay sa ginintuang mangkok. Dinala nila iyon sa itaas at pagkatapos ay bumalik sila. Naalala ko sa eksena ang mga taong nakapila upang kumuha ng tubig kapag tag-tuyot at sila ay naghihintay sa trak na mamamahagi ng tubig. At kapag nakita na nila iyon ay tuwang-tuwa sila sa pagtanggap ng tubig sa kanilang mga balde.

Dinala ng mga anghel ang mga panalangin sa Diyos. Ang mga myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ay sumasamba buong gabi at nagdarasal. Dahil dito ay nagpasalamat sa amin ang mga anghel dahil binigyan namin sila ng maraming gawain. Napakasaya nila.

**ANG ESPESYAL NA PAKIKIPAGTAGPO SA TATLONG PERSONA**

Si Hesus ay tila nanggaling sa isang lugar. Tinanong ko Siya, “Hesus, saan Ka po nanggaling?” Ipinaliwanag ni Hesus, “Dahil sa iyong masigasig na pagtawag sa Panginoon at pagsamba sa araw at gabi, ang Ama, Ako, at Espiritu Santo ay humanga sa inyong dedikasyon. Bihira lang na makatagpo ng simbahan na katulad ng sa inyo sa mundo.”

Tinanong kami ng Ama, “Anong ibibigay Ko sa inyo?” Tinanong Niya si Hesus, “Anak ko, ano sa tingin Mo ang dapat Kong gawin?” Sumagot si Hesus, “Ama, gawin Mo ang iyong ibig.” Binigyan kami ng Espiritu Santo ng banal na apoy, langis, at makalangit na mga biyaya.” Sinabi ng Ama, “Para sa asawa ng pastor na si Kang, Hyun-Ja, ay nais Kong biyayaan siya ng nag-aalab na apoy ng Espiritu Santo at ang kakayahan na makapagpagaling ng mga may sakit, at nais Kong sumayaw siya ng espirituwal na sayaw.”

### **NATANGGAP ANG BIYAYA NG ESPIRITUWAL NA SAYAW**

Nang magsimulang magsayaw sa espirituwal ang asawa ng pastor ay nanood ang lahat at namangha. Namula ang kanyang mukha habang siya ay sumasayaw at ginagabayan ng Espiritu Santo.

Bigla akong hinila ng Diyos sa lugar na parang ako ay nasa ilalim ng tubig, at ang aking katawan at paa ay gumagalaw nang mag-isa. Hindi ako makapag-isip ng matuwid. Maya-maya ay narinig ko ang tinig ng Panginoon na nagsasabi, “**Bibinyagan kita sa nag-aalab na apoy.**” Pakiramdam ko ay itinapon ako sa langis, at kaagad uminit ang aking katawan na parang bolang apoy.

Ang asawa ng pastor ay nasa kanang bahagi ng altar at ako naman ay nasa kaliwa, at ang aming mga katawan ay nag-iinit na parang bolang apoy. Natural na gumagalaw ang aming mga katawan sa pangunguna ng Espiritu Santo. Nagdurusa ako dahil sa palaging sumasakit ang aking likod at halos dumating na ako sa punto na palagi nalang nakahiga. Araw-araw akong umiinom ng gamot para sa sakit ngunit nang napuspos ako ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nawala na ang sakit. At saka, kapag kausap ko si Hesus ay wala akong nararamdaman na sakit. Kahit na sumasayaw ako sa abot ng aking makakaya ay maayos pa rin at hindi sumasakit ang aking likod.

Muling akong itinapon ng Espiritu Santo sa apoy. Natuyo ang aking bibig at uhaw na uhaw ako kaya naman inom ako ng inom ng tubig. Natuyo ang aking lalamunan at ang aking labi ay nagkabitak-bitak. Ang asawa ng pastor na malapit sa akin ay nakakaranas rin ng kapangyarihan ng Espiritu Santo katulad sa akin. Si Pastor Kim ay nagdarasal na nakataas ang mga kamay. Naglakad si Hesus patungo sa akin at muli Niya akong tinuruan kung paano mag-pokus sa Diyos. Nang matapos ang serbisyong panalangin ay ibinahagi ko ang aking mensahe.

Si Hesus ay biglang nagsalita tungkol sa simbahan at sa mga pastor sa Korea. Nagsalita Siya na galit ang tinig at hindi ko alam kung bakit Siya nagsasalita ng tungkol doon.

Sinabi Niya, “Anong mabuti sa isang simbahan kung ito’y malaki lamang at walang laman at may krus na nakailaw? Pinili ko ang mga pastor na lider upang iligtas ang mga naliligaw na kaluluwa subalit sila ay kulang sa panalangin. Nasasaktan ang Aking puso.” Habang nakikinig ako ay kaagad akong humiling sa Panginoon, “Panginoon, dalhin mo ako upang makita ang impyerno.” Sumagot si Hesus, “Huwag kang mag-alala. Ang iyong anak na si Haak-sung, ay pumunta sa impyerno at nakita niya roon ang kanyang lola.”

“Nakita ni Haak-sung ang kanyang lola, ngunit bakit hindi ako maaaring pumunta? Nananabik na ako sa aking ina,” Umiyak ako. Sinabi ni Hesus, “Kung pupunta ka upang makita ang iyong ina sa impyerno ngayon ay masasaktan ka at kapag nasaksihan mo ang pagpapahirap ay magugulat ka. Ipapakita Ko muna sa iyo ang langit upang alisin ang mga pumapasok sa isip mo.”

### **ANG TAHANAN NI SISTER BAEK, BONG-NYO SA LANGIT**

Sumasayaw ako ng banal na sayaw at nagdaasal sa ibang wika nang hawakan ni Hesus ang aking kamay at sinabi Niya, “Bong-nyo, sumama ka sa Akin sa langit.” Sa sandaling hawakan ko ang kamay ni Hesus ay nakasuot na ako agad ng puting kasuotan at pumasok kami sa pintuan malapit sa krus na nasa altar. Nang pumasok kami ay lumilipad na ako kasama si Hesus sa hangin na katulad ng ibon. Habang papataas ako ay paliit naman ng paliit ang mundo.

Ang sanlibutan ay napakagandang tanawin. Lumipad kami at nakarating sa kalawakan. Nang dumaan kami sa kalawakan ay naging madilim at may nakita akong dalawang daan. Tumuloy kami sa kanang daan kaya tinanong ko ang Panginoon, “Panginoon, saan po patungo ang kaliwang daan?” Sumagot Siya na iyon ay patungo sa impyerno. At pagkatapos ay biglang nagkaroon ng napakatinding liwanag at hindi ko magawang buksan ang aking mga mata. Ang langit ay puno ng mga bituin. Palaging binabanggit ng mga tao ang salitang paraiso, ngunit ang nakita ko ay hindi mailalarawan sa makamundong bokabularyo. “Paano nangyari ito? Paano ito naging posible?” Hindi kayang maisip ng lubos ng isang tao ang langit.

Maraming mga anghel ang bumati sa akin. Sinabi ni Hesus, “Nagpasya ka na ilaan ang iyong sarili sa pagdalo sa simbahan kaya nais Kong ipakita sa iyo ang iyong tahanan sa langit. Sumunod ka sa Akin.” Sinundan ko si Hesus. May nakita akong maraming mga anghel na kabilang sa pagtatayo ng isang bagaya. Sinabi ni Hesus, “Ito ang iyong tahanan.” Tumingin ako ngunit wala akong nakitang bahay. May nakita lang akong malalim na pundasyon. Gumagamit ang mga anghel ng ginto upang gawin ang kanilang trabaho.

Sinabi ni Hesus, “Ilang araw pa at ang iyong tahanan ay maitatayo. Huwag kang panghinaan ng loob, bagkus ay magdasal ka ng masigasig at mamuhay ng tapat. Sinamba mo ang dyablo at marami kang inakay na mga tao upang maligaw. Subalit, nagkaroon ka ng determinasyon na manalig sa Akin at dumalo sa simbahan.”

Sumagot ako, “Panginoon, salamat po. Maraming salamat.” Iniyuko ko ang aking ulo bilang pasasalamat.

Sinabi ni Hesus, “May isang lugar akong nais ipakita sa iyo kaya sumunod ka sa Akin.” Dinala Niya ako sa isa na namang lugar.

## **ANG TAHANAN AT KAMALIG NG KAYAMANAN NI PASTOR KIM AT NG KANYANG ASAWA**

Marahang hinawakan ni Hesus ang aking kamay, “Minamahal Kong Bong-Nyo, ipapakita Ko sa iyo ang kamalig ng kayamanan at tahanan ng mga taong nag-ebanghelyo sa iyo, ang pastor ng iyong simbahan na si Kim, Yong-doo, at ang kanyang asawa na si Kang, Hyun-Ja. Manood kang mabuti.” Ipinaliwanag ni Hesus, “Ang isang-libong palapag na gusali sa mundo ay katumbas ng isang palapag na gusali sa langit. At ang lahat ng bagay sa langit ay hindi mailalarawan ng limitadong bokabularyo ng tao.”

Naglakad ako na hawak ang kamay ni Hesus at tila patungo kami sa sentro ng langit. Nakita ko ang napakalaking gusali na mataas na nakatayo at may nakakasilaw na liwanag na napakatindi at hindi ko kayang iangat ang aking ulo. “Panginoon, napakaliwanag ng ilaw. Hindi po ako halos makakita. Bakit po nangyayari ito?” Sumagot si Hesus, “Ito ang tahanan ni Pastor Kim, Yong-doo.” Itinaas ni Hesus ang Kanyang kanang kamay at nakita ko ng malinaw ang napakaganda at bagong tahanan ni Pastor Kim sa langit. At pagkatapos ay sinabi ng Panginoon, “Ngayon naman ay tingnan natin ang kamalig ng kayamanan ni Pastor Kim.” Habang naglalakad ako kasama si Hesus ay napagtanto ko na ang layo ng tahanan sa kamalig ng kayamanan ay tatlo hanggang apat na sakay sa bus sa mundong paglalarawan. Ang kamalig ng kayamanan ng pastor ay binabantayan ng daan-daang anghel. Nang dumating si Hesus ay ibinaba ng mga anghel ang kanilang mga pakpak at yumuko sila sa Kanya. Bawat kamalig ng kayamanan sa langit ay kailangan ng pahintulot mula kay Hesus bago makapasok.

Ang nagniningning na mga kulay na nagmumula sa kamalig ay kahanga-hanga. “Wow, matutuwa nito si Pastor Kim.” Sa loob ng kamalig ng kayamanan ay may hindi mabilang na mga anghel na abala sa pagtitipon ng lahat ng mga materyal na nanggagaling mula sa lupa. Ang kayamanan ng pastor ay patuloy na dumadami. Tinanong ko si Hesus, “Bakit po napakalaki ng tahanan ni Pastor Kim at bakit po marami siyang kayamanan?” Sumagot ang Panginoon, “Maagang nagsimula si Pastor Kim, Yong-doo sa pananampalataya, at siya ay palaging nagdarasal at naglilingkod sa Akin ng masigasig.”

Ang aming pastor at kanyang asawa ay palaging nag-aaway, ngunit kaagad namang nilulutas ni Pastor Kim ang alitan at pumupunta siya sa simbahan upang magsisi. Nais ni Hesus na tumigil na sa pagtatalo si Pastor Kim at ang kanyang asawa at inutusan Niya ako na ihatid ang mensaheng ito sa kanila.



Sinabi ni Hesus, “Ito lang ang oras na mayroon tayo ngayong araw. Sa ibang araw naman tayo mamasyal kapag nandirito ka nang muli.” Sinamahan Niya ako pabalik sa simbahan. May isang bagay pang sinabi si Hesus bago Niya ako iniwan, “Nang mamatay ako sa krus, marami ang naniwala na hindi na ako mabubuhay pang muli. Hindi na sila naniwala sa Akin at hindi na sila dumalo sa simbahan at gumagawa nalang sila ng mga makamundong bagay.” Ipinangako ni Hesus, “Hindi ko ipapakita sa iyo ang buong kalangitan ng isahan lang subalit kung magdarasal ka ng masigasig ay isasama kitang muli upang iyong makita.”

**Pastor Kim, Yong-doo:** Nang marinig ko ang testimonya ni Sister Baek, Bong-nyo patungkol sa mga biyaya ng aming pamilya sa langit, sina Joseph at Joo-eun ay nagsimulang umawit. At saka, ang kanilang pagtatalo ay humupa at sila ay abala na sa pag-iipon ng kayamanan sa langit. Bawat myembro na nananalangin ay puno ng galak at ninanais nila ang mga biyayang nagmumula sa Panginoon.

### **ANG PANGALAWANG SERBISYONG PANALANGIN: MULING NAKITA NI YOO-KYUNG ANG KANYANG LOLA SA IMPYERNO**

*“Mula ng mangaral si Juan Bautista hanggang ngayon, ang kaharian ng Diyos ay nagdaranas ng karahasan at inaagaw ng mararahas. 13 Sapagkat ang mga propeta at ang kautusan ay nagpahayag tungkol sa paghahari ng Diyos hanggang sa dumating si Juan.” Mateo 11:12-13*

**Lee, Yoo-kyung:** Nananalangin ako sa ibang wika sa loob ng tatlung minuto nang dumating si Hesus at lumapit sa akin. Si Hesus ay palaging nakasuot ng makinang na kasuotan. Kinuha ni Hesus ang aking kamay at sinabi Niya, “Yoo-kyung, kailangan kitang isama sa isang lugar.” Sumagot ako ng, “Opo, nais ko pong makasama Ka Hesus.” Hindi nagtagal ay lumilipad na kami sa himpapawid. Sinabi ni Hesus, “Yoo-kyung, makinig nabuti sa Aking sasabihin. Patungo tayo sa impyerno ngayon. Huwag kang matakot. Hawakan mo ng mahigpit ang Aking kamay. Narito lang Ako sa iyong tabi kaya huwag kang mag-alala. Babantayan kita. May ipapakita ako sa iyong isang tao kaya manood kang mabuti.”

Nang makarating na kami sa impyerno ay kaagad kong nalanghap ang nasusunog na amoy. Nasuka ako sa amoy ng mga bangkay. Napakadilim at wala akong makita na kahit na ano. Iginalaw ni Hesus ang Kanyang kamay at dahan-dahang nagliwanag ang lugar. May madilim na silid na nahahati sa ibat-ibang bahagi. May nakita akong matandang babae na nakaupo at umiiyak, at napagtanto ko na siya ay walang iba kundi ang aking lola. Siya ang nag-aruga sa aming pamilya. Umiiyak ako nang makita ko siya.

“Lola, anong ginagawa mo dito? Bakit ka narito? Pakiusap, umalis ka sa madilim at bakanteng silid na ito.” Umiiyak ako ng malakas. “Lola, nananabik ako sa inyo. Mahal ko po kayo.” Umiiyak siya at sumagot ng, “O, mahal kong apo, Yoo-kyung. Anong ginagawa mo dito? Labis rin akong nananabik sa iyo.” Iniunat ko ang aking kamay sa kanya at nais din niyang hawakan ang aking kamay.



Hinila ako ni Hesus upang hindi ko mahawakan ang kanyang kamay. **“Yoo-kyung, hindi mo maaaring hawakan ang kanyang kamay. Huwag mong hawakan.”** Umiyak kami ng aking lola. **“Lola, nananabik ako sa iyo.”** Sinabi ko sa kanya. At sumagot siya na **“Higit akong nananabik sa iyo. Ngunit paano ka napunta rito?”**

**“Lola, naniwala ako kay Hesus. Ang aming simbahan ay mayroong espesyal na pagdarasal ngayon at nakita ko si Hesus. Dinala Niya ako rito.”** Umiyak ang aking lola at sinabi niya, **“Maganda iyan. Tiyak na masaya ka.”** Sinabi ko rin sa kanya, **“Lola, hindi makapunta ang aking kapatid ngayon. Hindi ka niya nirespeto, ginutom ka niya kaya ka namatay.”** Nang sinabi ko iyon ay sumagot siya ng, **“Tama ka, hindi ako pinakain ni Haak-sung at kapag gutom na siya ay siya lang ang kumakain.”** Sinabi niya, **“Nagsisisi ako at ako ay nasa impyerno ngayon. Nais kong pumunta sa langit kung maaari ngunit dahil hindi pwede ay nagngangalit ang aking mga ngipin. Palagi akong sinusumpa ng asawa ng tiyo ng iyong ina at sinasabi niya, “Kailan mamamatay ang matandang bruha na iyan? Bakit matagal bago siya mamatay?” Araw-araw niya akong pinagsasalitaan ng masasama at nang magkaroon ako ng impeksyon ay hindi niya ako ipinagamot. Sa halip ay nilagyan niya ng mga tisyu ang bahaging may impeksyon at hinayaan niya akong mamatay ng ganoon. Iyon ang dahilan kung bakit sinusumpa ko pa rin siya dito sa impyerno.”** Puno ng galit ang kanyang mga salita. May malaking ahas ang pumulupot sa kanya ng mahigpit upang hindi siya makagalaw.

**“Hesus, pakiusap, ilitas Mo siya.”** Nagdasal ako. **“Maawa Ka sa aking lola.”** Kinausap ako ni Hesus habang ako ay umiiyak, **“Yoo-kyung, huwag kang umiyak. Wala ng magagawa. Umalis na tayo ngayon.”** At iniwan na namin ang impyerno. Winika Niya, **“Papawiin ko ang iyong mga luha kaya kumapit ka sa Aking kamay ng mahigpit.”** Nang hawakan ko ang Kanyang kamay ay kaagad kaming lumipad sa himpapawid.

Hindi mailalarawan sa salita ang himpapawid sa langit. Napakaganda roon at maraming ibat-ibang mga kulay. Paano ko ilalarawan ang langit? Sinikap ni Hesus na pagaanin ang aking loob. Sumayaw kami ni Hesus sa langit. Nagtipon-tipon ang mga anghel kasama si Hesus at sumayaw ng sayaw na kahalintulad sa sayaw sa Korea.

Sa langit ay humiling si Hesus na ako ay umawit kaya naman kinanta ko ang awit na natutunan ko sa simbahan **“Purihin ang Panginoon, O aking kaluluwa.”** Paulit-ulit ko iyong inawit. Sinabi ni Hesus, **“Yoo-kyung, tumigil na muna tayo ngayon at bumalik na tayo. Dadalhin nalang kita dito sa susunod.”** Sinabi pa Niya, **“Kapag nagdasal ka ng masigasig ay makikita mo Ako at isasama kitang muli sa langit.”** Inutusan Niya ang mga anghel upang samahan ako pabalik sa simbahan.

Nang makabalik na ako sa simbahan ay nagdasal ako at umiyak. Naalala ko ang aking kawawang lola na naghihirap sa impyerno kaya umiyak ako ng umiyak. Nang matapos ang panalanging pagpupulong ay nagkwento ako sa pastor, **“Pastor, nasa impyerno ang aking lola. Anong gagawin ko? Masakit po iyon para sa akin. Nabuhay pa sana siya ng matagal. Napakabait ng aking lola. Binibilhan niya ako ng masarap na**

pagkain at magiliw siya sa akin. Pinalaki kami ng aking lola at siya ang tumayong parang ina sa amin noong wala ang aming ina, ngunit ngayon ay nasa impyerno siya. Pastor, hindi ko na po alam ang aking gagawin. Hindi na po ako magkukulang sa pagdalo sa simbahan. Susundin ko po kayo kahit anong mangyari.” Umiyak ako ng malakas.

Sumagot ang pastor ng umiiyak, “Oo, alam kong gagawin mo iyan.” Nakinig ang mga nakaupo sa aking tabi at sila ay umiyak rin at muli nilang inihandog ang kanilang mga sarili sa pananampalataya.

**IKA-PITONG ARAW**

## 7

*“Isinalaysay ni Hesus ang isang talinghaga upang ituro sa kanila na dapat silang manalangin lagi at huwag manghinawa. 2 “Sa isang lungsod,” wika Niya, “may isang hukom na hindi natatakot sa Diyos at walang taong iginagalang...” Lucas 18:1-2*

### **NABUKSAN ANG ESPIRITUWAL NA PANINGIN NI JOO-EUN**

**Kim, Joo-eun:** Ang mga kaibigan kong sina Yoo-kyung at Haak-sung ay naging magiliw sa kanilang buhay-panalangin pagkatapos mabuksan ang kanilang espirituwal na paningin at ako ay naiinggit sa kanila. Nagdasal ako ng taimtim upang mabuksan ang aking espirituwal na paningin. Nagdasal ako sa ibang wika sa loob ng isang oras nang biglang nagkaroon ng napakaliwanag na ilaw. Si Hesus ay nagpakita sa aking harapan na nakasuot ng puting damit. Si Hesus ay may buhok na kulay kayumanggi at nakasuot Siya ng puti at kumikinang na mala-togang kasuotan.

Tinawag Niya ang aking pangalan, “Joo-eun, minamahal Kong Joo-eun, mahal kita.” Lumapit sa akin si Hesus habang kinakausap Niya ako. Nagulat ako at sinabi ko, “Ikaw po ba talaga si Hesus? Wow, Hesus, mahal po kita. Kamangha-mangha po Kayo,” at napasigaw ako, napuno ng galak at hindi ko alam ang aking gagawin. Umupo si Hesus sa aking harapan at sinabi Niya na mahal Niya ako. Masaya kong sinabi sa Kanya, “Hesus, talaga pong mahal kita,” at sumagot Siya, “Oo, mahal na mahal rin kita.” Sinabi sa akin ni Hesus, “Magdasal ka ng masigasig at ihahayag Ko ang aking sarili sa iyo. Dadalhin kita sa langit at ipapasyal doon. Kaya magdasal ka ng masigasig,” at pagkatapos ay nawala na Siya.

### **NAKITA KO ANG MASASAMANG ESPIRITO**

Nang hindi ko makita si Hesus ay nagsimula na akong magdasal sa ibat-ibang wika ng buong lakas. Pagkaraka, ay may sumulpot na kakaibang bagay sa aking harapan at iyon ay mabilis na tumatakbo patungo sa akin. “O, ano iyon?” Naisip ko. Ang gilid ng kanyang mga mata ay bahagyang punit at ang kanang mata ay parang isdang-bituin at may hugis ekis. Ang dyablong ito ay nababalutan ng maraming peklat. Naalala ko ang sermon ng pastor tungkol sa pagpapaaalis ng mga demonyo sa Pangalan ni Hesus kaya sumigaw ako ng, “Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako!” At pagkatapos ay naglaho siya.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal nang may nagpakitang mga mata na mas makipot pa kaysa sa mata ng pusa at may pahalang na linya sa balintataw. Siya ay may pakpak na katulad ng sa paniki at nang buksan niya ang kanyang bibig ay may matatalim na mga ngipin sa itaas at baba. Tumakbo siya patungo sa akin na nakabukas ang bibig upang takutin ako ngunit tinalo ko siya sa Pangalan ni Hesus.

Sa oras namang ito ay may nagpakitang demonyo na pamilyar sa akin. Inisip ko kung saan ko siya dating nakita. Napagtanto ko na siya ay isang karakter na nakita ko sa laro sa kompyuter na Starcraft. Ang babaeng demonyo ay tumakbo patungo sa akin. Sinubukan niyang magmukhang nakakatakot sa pamamagitan ng pagtitig sa akin. Hindi nagtagal ay inilugay niya ang kanyang buhok upang maging mas nakakatakot.

Hindi tulad ng ibang masamang espirito na kaagad umaalis kapag binanggit ko na ang Pangalan ni Hesus, ang babaeng demonyong ito ay hindi kaagad umalis. Kahit paulit-ulit akong sumigaw ay hindi siya natinag kaya naman natakot ako. Tumakbo ako sa tabi ni Pastor Kim sa altar at nagpatuloy ako sa pagdarasal. Hinawakan ng pastor ang aking kamay at itinaas niya, at ipinagdasal niya ako, at doon lang umalis ang dyablo.

### **MULING NAKITA NI YOO-KYUNG SA IMPYERNO ANG KANYANG LOLA SA INA**

**Lee, Yoo-kyung:** Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay pinuntahan ako ni Hesus. Sinabi Niya na kailangan naming pumunta sa isang lugar kaya sinundan ko Siya. Dinala akong muli ni Hesus sa impyerno. Ang impyerno ay napakadilim at ang apoy ay mapula. May tumawag sa aking pangalan, **“Yoo-kyung.”** Tumingin ako at nakita ko ang aking lola. Nagulat ako at sumigaw ng, **“Lola, lola, bakit ka narito? Nasa madilim na silid ka dati. Bakit ka naririto? Bilisan mo at umalis ka na rito.”** Sa sandaling iyon ay natunaw ang katawan ng aking lola at siya ay naging kalansay. Kahit kalansay na siya ay iniaabot pa rin niya ang kanyang kamay sa akin at sumisigaw siya ng **“Yoo-kyung, ahh! Mainit! Pakiusap iligtas mo ako. Sabihin mo sa Panginoon na alisin ako dito. Pakiusap, nagmamakaawa ako sayo.”**

Kaagad akong nakiusap kay Hesus, **“Hesus, mahal Mo ako. Pakiusap, tulungan Mo ang aking lola. Pakiusap?”** Iniunat ko ang aking kamay upang subukang abutin ang kalansay na kamay ng aking lola. Sumagot si Hesus, **“Hindi. Hindi maaari. Hindi mo siya maaaring hawakan”** at humarang Siya sa akin. Sa tabi namin ay may malaking ahas na nakapulupot ang katawan at nanonood. May mga iba pang maliliit na ahas na nakasalansan at nagbabantay sa mga tao.

Nanginginig ako sa takot. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at sinabi Niya, **“Yoo-kyung, nandirito lang ako sa iyong tabi. Huwag kang matakot.”** Ang lugar kung saan naghihirap ang aking lola ay talaga namang nakakatakot. Ang tubig sa palayok ay mapulang kumukulo at sa gitna ng paghihirap na iyon ay sumama ang kanyang loob at sinimulan niyang sumpain ang asawa ng aking tiyo. Sinabi niya sa akin, **“Yoo-kyung, huwag ka nang bumalik sa lugar na ito. Kailangan mong pumunta sa langit. Hindi ko kaya ang init. Nais ko nang mamatay at matapos na ang paghihirap na ito. Ahh! Napaka-init!”**

### **ANG PAGLABAS SA IMPYERNO AT PAGPASOK SA LANGIT**

Iniwang ko ang sigaw ng pagdadalamhati ng aking lola at umalis ako kasama si Hesus. Pagkatapos ay dinala ako ni Hesus sa langit. Sa langit, ay sumayaw ako ng paikot kasama ng mga anghel na umaawit ng papuri at ipinakita sa akin ni Hesus ang

maraming aklat. May napakalaking aklat at tinanong ko Siya, **“Hesus, anong klaseng aklat po ito?”** Hindi Niya sinabi sa akin ngunit winika Niya, **“Hawakan mo iyan.”** Napakabigat ng aklat at hindi ko iyon mahawakan ng maayos.

Ang alapaap sa langit, ang kalawakan at ang mga bituwin sa sangsinukob ay napakaganda. Ang alapaap sa langit ay mas malaki kaysa sa kalawakan at mas maganda at mas maliwanag. Sinabi ni Hesus, **“Tumigil muna tayo sa pagmamasid ngayong araw at ilaan nalang natin sa susunod.”** Hinawakan ko ang kamay ni Hesus at bumalik na ako sa simbahan.

# IKA-WALONG ARAW

## 8

*“Tumindig ka at sabihin mo sa bayan na maghanda sila bukas sa pagharap sa Akin, sapagkat ito ang sasabihin Ko sa kanila”Ikaw rin, Israel, ay dapat tupukin sapagkat may nag-iingat sa inyo ng mga bagay na ipinag-utos Kong tupukin. Hindi kayo makahaharap sa inyong mga kaaway hanggang hindi naalis sa inyo ang mga bagay na iyan.” Josue 7:13*

### ANG PAGSUBOK NI SATANAS

**Pastor Kim, Yong-Doo:** May isang linggo na ang lumipas nang kami ay magsimulang magkaroon ng determinasyon sa pagdarasal. Ang espirituwal na laban ay lumakas, at ang aming mga pisikal na pagsubok ay nagpapatuloy araw-araw. Isa-isa, ay nabuksan ang espirituwal na paningin ng bawat mandirigma at sila ay napuspos ng Espirito Santo. Ang pwersa ng kadiliman ay mapangahas na lumusob.

Maraming mga sitwasyong personal ang nangyayari na sumusubok sa hangganan ng aming galit. Sa unang araw, ang isa sa mga gulong ng aking sasakyan ay nabutas sa bandang gilid. Lyon ay mahirap ayusin ngunit nang sumunod na araw ay nagkaroon ng malaking butas sa bandang kanan ang gulong sa unahan.

Para bang sinadyang sirain iyon ng isang tao. May dalawang buwan palang ang lumipas nang palitan ko ng bago ang lumang gulong, at ako’y labis na nadismaya. Gayon pa man ay hindi ako dumaing sa Diyos at sa halip ay sumigaw ako ng **“Haleluya!”** habang nagdarasal ako at nagpapasalamat. Sumunod na umaga, nang ako ay dumating sa garahehan ay may trak na humila sa aking sasakyan. Malapit nang maubos ang aking pasensya ngunit pinaalalahanan ako ng mga myembro ng kongregasyon, **“Pastor, kailangan mong maging matiyaga sa mga pinagdaraan mo.”**

Pumunta ako upang kunin ang aking sasakyan sa garahehan kung saan hinila at nakangiti kong sinabi, **“Kaibigan, maaagap kayo. Talagang masipag kayong magtrabaho kahit umaga. Humahanga ako sa inyo.”** Pagkatapos ay umalis na ako at umuwi sa bahay. Sinabi ko sa aking sarili, **“Wow, Pastor Kim. Anong nangyayari sayo? Hindi ka nagalit at nakapagpigil ka. Nagiging disenteng tao ka na”** at ako ay napatawa ng malakas.

Nang makauwi ako ay nagdasal ako, **“Panginoon, kung ang mga bagay na ito ay gawa ng dyablo, pakiusap na tulungan Mo akong maging matagumpay hanggang sa huli.”** Sumunod na araw ay may bumasag ng ilaw ng sasakyan at sumunod na araw naman ay may gumasgas sa tabi ng sasakyan hanggang sa dulo gamit ang matulis na bagay. Wala na akong masabi kundi, **“O Panginoon,”** at tiniis ko nalang ang mga pagsubok na iyon araw-araw.

**Kim, Joo-eun:** Habang nagdarasal kami sa pang-Linggong serbisyo, ay umupo ako sa upuan sa may piyano at ipinikit ko ang aking mata. Nagdasal ako ng malakas at may nakita akong maitim na anino. Nang buksan ko ang aking mga mata ay hindi ko nakikita ang masasamang espirito ngunit kapag nakapikit ang aking mga mata ay maraming nagpapakita sa akin. Nang umalis na ang mga demonyo ay nagpakita si Hesus sa maliwanag na ilaw. Nang dumating na Siya ay may nalanghap akong mabangong amoy na hindi kayang ipaliwanag sa salita. Nais kong sumapit na ang pang-gabing serbisyo nang sa ganoon ay makapagdasal na ako.

## **PINANGUNAHAN NG ESPIRITU SANTO ANG SERBISYONG HINDI PORMAL**

**Pastor Kim, Yong-doo:** Si Sister Baek, Bong-Nyo, Lee, Haak-sung, Lee, Yoo-kyung at Kim, Joo-eun ay patuloy na binibisita ni Hesus at pinapakita Niya sa kanila ang langit at impyerno. Matapos mabuksan ang kanilang espirituwal na paningin, ang pagsasalita sa ibang wika ay nasundan ng biyaya ng pagpropesiya, karunungan, kaalaman at pananampalataya. At saka, ang kapangyarihan ng pagpapagaling at pagpapaalis ng mga demonyo ay paunti-unting lumitaw.

Ang serbisyo ng simbahan ay umunlad sa paraan ng pangunguna ng Espiritu Santo. Noon, ang titulo na nakasulat sa simbahan ay “Ang taluktok na oras na puno ng Espiritu Santo” subalit napalitan iyon ng “Ang tunay na serbisyonang pinangungunahan ng Espiritu Santo”. Ang pagsamba, panalangin, sermon at pag-aalay na pormal na ginagawa ay naalis at kami ay umasa sa gabay ng Espiritu Santo upang pangunahan ang pagsamba, panalangin at sermon.

Ang Linggong serbisyo na pang-umaga ay nagsisimula sa ika-11 ng umaga at natatapos sa ika 1:30 ng hapon. Ang sermon ay maaaring ibigay kahit hindi naka-takda sa oras, at dahil walang una o pangalawang serbisyo ay hindi kailangang magmadali upang matapos agad ng sakto sa oras. Kaya naman malayang naibibigay ang sermon. Ang mga myembro na nagdarasal gabi-gabi ay dumadaing na hindi natutugunan ng pang-Linggong serbisyo lang ang kanilang espirituwal na pagkauhaw. Hindi ito maiiwasan para sa mga nananalanging mandirigma na nagsisimula ng kanilang panalangin gabi-gabi mula ika-siyam hanggang ika-sampu at nagpapatuloy hanggang umaga. Iniukol nilang lubos ang kanilang sarili sa pagpupuri, sa sermon at panalangin. Naniniwala ako na nalampasan ng kanilang pananampalataya ang pananampalataya ng mga dumadalo lang tuwing Linggo. Ang kaibahan ng paglago ng kanilang pananampalataya ay kapansin-pansin.

Sa bawat proseso, sa serbisyo man o panalangin, si Hesus ay dumadalo at nanonood sa nilalaman ng bawat sermon, papuri, panalangin at ugali ng nananampalataya. Ang bawat mandirigma na nananalangin ay nakikita ang presensya ni Hesus sa aming panggabing pagdarasal kaya naman hindi sila napapagod kahit nagpapatuloy ang serbisyo hanggang umaga. Palagi kaming alerto at walang panahon upang ibaba ang aming pagsanggalang dahil walang humpay ang paglusob ng dyablo.

## ANG LINGGONG PANG-GABING SERBISYO (GAWA 2:17-21)

Kim, Joo-eun: Nagdarasal ako sa ibang wika nang lumapit sa akin si Hesus at sinabi Niya, “Joo-eun, mahal kita.” Sinabi rin Niya, “Joo-eun, magdasal ka ng masigasig, at kukunin Ko ang iyong kamay at isasama kita sa langit. Magdasal ka ng walang humpay. Ipapakita ko sa iyo ang langit. Naiintindihan mo ba?” Sinabi Niya ang mga salitang iyon at pagkatapos ay pumunta Siya sa altar kung saan nagsesermon si Pastor Kim.

## ANG MGA DYABLO AY NAGPAPALITAN SA PAGLUSOB AT PANGGUGULO SA AMIN HABANG KAMI AY NAGDARASAL

Ang mga dyablo ay pangkatan kung magpakita dahil wala sa amin si Hesus. May isang dyablo na nagpapagaspas ng kanyang pakpak na katulad ng sa paniki at siya ay may dalawang maliit na sungay sa ulo at ang kanyang mata ay katulad ng mata ng pusa. Sa loob ng mata ay may matalim na sungay. Ang dyablong iyon ay lumipad patungo sa akin na nakabukas ang bibig at sa loob ng kanyang bibig ay may matatalim na ngipin na tulad ng kay Dracula. Ang kanyang mga kuko ay matatalim at anumang tumama doon ay mahihiwa. Ang kanyang mata ay mapula. May malagkit na likido na tumutulo sa kanyang bibig at nais niya akong lunukin ng buo. Sumigaw ako, “**Sa Pangalan ni Hesus, inuutusan kita, maruming dyablo na lubayan ako!**” At doon ay naglaho siya.

Ilang sandali ang lumipas nang may dyablong kulay asul ang mukha at may mga mata na kasing laki ng kamao ang nagpakita sa akin. Kahit natatakot ako at tumaas ang buhok sa aking katawan ay sumigaw ako ng, “**Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako!**” Ngunit hindi natinag ang dyablo. Sa halip ay patuloy siya sa pagtitig sa akin. Sumigaw ako ng malakas at napuno ako ng takot nang si Sister Baek, Bong-Nyo na nasa tabi ko ay sinabayan ako sa pagsigaw ng “**Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako!**” At doon ay naglaho na ang dyablo.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal nang may malaking pulang dragon ang lumipad patungo sa akin. Ang kanyang mata ay kulay berde. Siya ay may mahaba at matatalim na sungay sa kanyang ulo. May malalaki at matatalas na ngipin sa kanyang bibig. At may usok na lumalabas sa kanyang ilong. Ang ngipin sa harapan ay nakakatakot. Lumipad siya patungo sa akin na parang gusto akong lunukin ng buhay. Hindi ako natinag. Nanatili ako sa aking pwesto at nagdasal ako ng masigasig sa ibat-ibang wika sa Pangalan ni Hesus, at pagkatapos ay naglaho na siya. Masaya sa pakiramdam. Bago ang karanasang ito ay hindi ko alam ang kapangyarihan at lakas ng Pangalan ni Hesus.

Nang sumunod ay may nakakatakot at napakasamang demonyong bungo. Siya ay tumatawa sa harap ng aking mukha na parang nanunuya. Sa gitna ng kanyang bungo ay may tatlong sungay. Muli ay nagdasal ako sa ibang wika gamit ang Pangalan ni Hesus upang paalisin ang demonyo. Iniisip ko si Hesus na nakapako sa krus habang ako ay nagdarasal. Nagpakita Siya sa akin at pinalakas ang aking loob, “**Joo-eun, mag-dasal ka pa ng mas matagal.**”



## **PINAGALING ANG MGA KULUGO SA ILALIM NG AKING PAA**

**Kim, Joseph:** May limampung kulugo sa ilalim ng aking paa na nag-papahirap sa akin upang hindi ako makalakad ng maayos. Nagdasal ako ng masigasig kay Hesus upang pagalingin ako at hiniling ko rin sa aking mga kaibigan na sina Haak-sung at Yoo-kyung na ipagdasal ako. Ipinatong rin ni Pastor Kim ang kanyang kamay sa aking paa at ipinagdasal ako. Ang aking ina ay nagdadasal rin ng masigasig para sa akin. Napagtanto ko na ang aking sariling panalangin ang mas mahalaga, kaya naman nagdasal ako ng malakas sa ibat-ibang wika at tumawag ako sa Panginoon.

Sina Sister Baek, Bong-Nyo, Haak-sung, Yoo-kyung, at ang aking kapatid na si Joo-eun ay nakita si Hesus at nakatanggap sila ng makalangit na biyaya.

# IKA-SIYAM ARAW

## 9

“Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. 2 At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo’y hagnot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. 3 May nakita silang wari’y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. 4 At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng ibat-ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu. 5 May mga Judiong buhat sa ibat-ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos.” Gawa 2:1-5

Lee, Haak-sung: Nag-simula ang paglusob ng dyablo. Ang pulang dragon na inilarawan sa akin ni Joo-eun kahapon ay nag-pakita sa akin. Natakot ako dahil napakalaki niya. Siya ay may berdeng mata at may maitim na usok na lumalabas sa kanyang iling. Ang kanyang mga ngipin ay kasing talas ng sungay, ang kanyang mga kuko ay matutulis at ang kanyang buntot ay napakahaba. Gayon pa man, ay matapang akong nagdasal at pagkatapos ay naglaho na siya.

Ilang sandali ang lumipas nang may nagpakitang babaeng dyablo na sumisigaw. “**Hee-hee-hee!**” Ang kanyang bibig ay may mga ngipin ng lobo. At pagkatapos ay may narinig akong mga sundalong nagmamartsa ng malakas. Ang mga imaheng iyon ay naging maitim na aninong pumalibot sa akin. Natakot ako sa ingay ng dyablo at sa padyak ng mga paa ng mga sundalo. Umiyak ako, “**Panginoon, tulungan Mo ako. Pakiusap, tulungan Mo ako!**” Tinawag ko ang Panginoon at nagpakita Siya sa liwanag. Naglaho ang masasamang espirito nang dumating si Hesus. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at umawit ako at sumayaw kasama Siya. Nag-aalinlangan akong sabihin, “Hesus, may sasabihin po ako,” at hinayaan Niya akong magpatuloy. “Masakit po ang likod ni Pastor Kim. Tulungan Mo po siya upang gumaling. At saka hindi rin po mabuti ang kondisyon ng likod ng aking ina kaya tulungan Mo rin po siya upang hindi na masyadong masaktan. At saka, si Joseph at Joo-eun po ay huminto na sa pagdalo sa kanilang pribadong pag-aaral upang maghandog ng mas maraming panahon sa panalangin kaya tulungan Mo po sila na maging magaling sa eskwelahan. Ang paa ni Joseph ay kailangan rin pong gamutin.” Suumagot si Hesus, “Oo, Aking anak.”

### SI LEE HAAK–SUNG AY NAGLAKBAY SA LANGIT

Tinawag ako ni Hesus, “Mahal Kong Haak-sung, nais mo bang bumisita sa langit?” Nang hawakan Niya ang aking kamay ay nakasuot na ako ng puting *gown*. Lumutang ako sa hangin at lumipad kami patungo sa mga anghel na naghihintay sa amin. Lumampas kami sa madilim na alapaap at nakarating sa lugar na maliwanag. Hindi ko maitaas ang aking ulo dahil sa presensya ng liwanag. Ang langit ay mailalarawan lang bilang lugar na puno ng mga bituin. Naisip ko na marahil ay nananaginip ako ngunit sa sandaling iyon ay mas makatotohanan ang langit kaysa sa lupa.

Ang kalangitan ay nababalutan ng ginto. Walang lugar na hindi nasisinagan ng liwanag. Maraming mga anghel at mga ligtas nating kapatid ang abalang kumikilos. Binati ako ng masaya ng lahat ng mga anghel. Tinanong ko si Hesus, **“Hesus, gusto ko pong malaman kung may tahanan ako rito.”** Tumawag si Hesus ng dalawang anghel upang samahan ako kung saan naroroon ang aking tahanan. Ang aking tahanan ay hindi malaki ngunit ang dingding ay yari sa ginto.

May nakita akong napakalawak na hardin ng bulaklak at hindi ko nakita kung saan ang simula at dulo niyon. Ang hardin ay puno ng ibat-ibang uri ng bulaklak. Nang makita ko ang hardin ay ninais kong tumalon at magpagulong-gulong doon. Nagalak ako ng maamoy ko ang mabangong samyo ng bulaklak at tumalon ako na parang bata.

Ayaw ko nang bumalik pa sa aking mundo. Nabalisa ako dahil ayaw kong sambitin ni Hesus na kailangan ko nang bumalik . At talaga namang sinabi sa akin ni Hesus, **“Haak-sung, kulang na tayo sa oras, kaya bumalik na tayo.”** Hindi ako makatanggi sa Kanyang mahigpit na boses, kaya naman bumalik na ako. Nang makabalik ako sa simbahan ay nagpatuloy ako sa pagdarasal hanggang sa matapos ang aming panalanging pagpupulong. Pagkatapos niyon ay kumain kami ng binilog na kanin at kimchi na inihanda ng asawa ni Pastor Kim. Kasing tamis iyon ng pulot-pukyutan.

## **PINAGALING NI HESUS ANG AMING MGA SUGAT**

**Lee, Yoo-kyung:** Nagdarasal ako sa ibat-ibang wika nang may dyablong lumapit sa akin. Siya ay may tahi, at may hugis ekis na pilat sa kanyang kanang mata at ang kanyang kaliwang mata ay katulad ng maitim na mata ng hayop na *raccoon*. Siya ay isang lalaking dyablo. Sumigaw ako, **“Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako.”** Sa isang iglap ay nawala ang dyablo. Pagkatapos ay may kalansay na demonyo ang nagpakita at siya ay may tatlong sungay sa kanyang ulo at ang kanyang katawan ay walang laman. Ang demonyong ito ay naglaho rin sa Pangalan ni Hesus ngunit may isa na namang kakaibang demonyo ang lumapit. Ang katawan ng pangatlong demonyo ay nababalutan ng pakpak ng paniki at ang gilid ng kanyang ilong ay biyak. Siya ay may buntot ng aso at ipinagaspas niya ang kanyang pakpak habang kinakausap ako. Lumuhod siya sa aking harapan at naghimutok sa akin, **“Anong ginawa ko sa iyo upang inisin ako ng ganito?”** Nakiusap siya, **“Hoy, hindi na ako babalik pang muli kung hahayaan mo akong pumasok sa iyo at lumabas ng isang beses.”** Sumagot ako, **“Maruming dyablo, sa Pangalan ni Hesus, umalis ka sa aking harapan!”** At doon ay naglaho na siya.

Pagkatapos niyon ay nakipaglaban ako sa tatlo o apat pang ibat-ibang demonyo nang biglang may nalanghap akong matamis at mabangong amoy sa aking paligid. Dumating si Hesus at tinawag Niya ang aking pangalan. Winika ni Hesus, **“Mahal Kong Yoo-kyung, ibigay mo sa Akin ang iyong kamay.”** Kaya naman iniabot ko ang aking mga kamay at hinawakan ni Hesus ang aking kamay ng Kanyang mainit na kamay. Sinabi ko sa Kanya, **“Hesus, masakit po ang aking balikat”** at nang ipatong ni Hesus ang Kanyang kamay sa aking balikat ay nawala ang sakit.

Ang kamay ni Hesus ay medisnang nakapagpapagaling. Humiling ako kay Hesus, “Hesus, puntahan Mo rin po si Joo-eun upang makita Ka niya at hawakan Mo rin po ang kanyang kamay. Sinabi sa akin ni Joo-eun na nais niyang hawakan ang iyong kamay.” Sa sandaling iyong ay naglakad si Hesus patungo kay Joo-eun at hinawakan ang kanyang kamay. Bumalik Siya sa akin at sinabi, “Mahal Kong Yoo-kyung, hawakan mo ang Aking kamay.” Nang hawakan ko ang Kanyang kamay ay nakasuot na ako ng gown at lumipad kami habang umaawit ako at hawak ang kamay ni Hesus. Sinabi ni Hesus na ipagpatuloy ko ang pag-awit ngunit sinabi ko sa Kanya na, “Hindi po ako magaling umawit.” Ngunit nagpumilit si Hesus kaya naman umawit ako ng, “Purihin Siya ng aking kaluluwa.” Inawit ko iyon ng dalawang beses.

### **BINIGYAN KAMI NI HESUS NG PALAYAW**

Binigyan ni Hesus ang bawat isang myembro ng simbahan ng palayaw. Nakakatuwa iyon. Tinawag ako ni Hesus ng, “Batik”, dahil marami akong mga tuldok o batik sa mukha. Ang palayaw naman ni Joo-eun ay “Pekas o sesame” dahil marami siyang pekas. Pinagpilitan ni Joo-eun, “Panginoon, bakit kaming mga babae lang po ang binigyan Niyo ng palayaw at hindi ang mga nakatatanda naming kapatid na lalaki? Bigyan Mo rin po sila ng palayaw.” Sumagot si Hesus, “Mahal kong Yoo-kyung at Sesame, masaya ba kayo?” Masama ang aking loob kaya sumagot ako ng, “Hindi po.” Sumagot si Hesus ng, “Talaga? Nais ko lang na patawanin ka. Ngumiti ka naman?”

Inaliw ako ni Hesus. Labis Siyang nag-aalala sa akin. “Mahal kong Yoo-kyung, umiyak ka ng labis nang makita mo ang iyong lola sa impyerno.” Ipinaalala sa akin ng Panginoon, “Yoo-kyung, sa tuwing isinasama kita sa impyerno ay hindi mo dapat iabot ang iyong kamay kahit kanino sa lugar na iyon.” Sinabi rin Niya, “Ayaw kong nakikita kang umiiyak. Kahit mahirap, ay palagi kang ngumiti para sa Akin.”

Sinabi ko sa pastor ang mga palayaw na ibinigay sa amin ni Hesus, at mula noon ay tinatawag na kami ng pastor sa aming mga palayaw, kahit sa kanyang pangangaral. Sa tuwing nangyayari iyon ay hindi namin mapigilang tumawa. Si Pastor Kim ay magaling sa panggagaya sa amin. Ang kanyang sermon ay nakakatawa at masaya. Para siyang komedyante. Ang aking pastor ay talagang nakakatawa. Kahit ginagamit niya ang aming mga palayaw upang tawagin kami ay sumasagot kami ng malakas ng “Amen.” “Bilugan, biik, sesame, batik,” ang tawag ng pastor at kaming apat ay sabay-sabay na sumasagot ng “Amen.”

### **ANG PAGBISITA NI SISTER BAEK, BONG-NYO SA IMPYERNO**

**Sister Baek, Bong-nyo:** Sumasayaw ako ng espirituwal na sayaw nang dumating si Hesus at marahang hinawakan ang aking kamay. “Minamahal Kong Bong-nyo,” wika Niya, “Kailangan mong sumama sa Akin. Umalis na tayo.” Katulad ng dati, nang hawakan ni Hesus ang aking kamay ay lumipad kami sa madilim na alapaap. Bigla akong nanlamig at kinabahan. Alam ni Hesus na kinakabahan ako kay inaliw Niya ako, “Huwag kang mag-alala. Narito lang ako sa iyong tabi at hawak Ko ang iyong kamay, maging mapayapa ka.”

Nang makarating kami sa impyerno ay wala akong makita sa aking harapan, at naaamoy ko ang mabahong amoy ng nabubulok na laman. Umikot ang aking sikmura. Wala akong makita ngunit si Hesus ay naglalakad na hawak ang aking kamay. Ang tanging nakakapagpahinahon sa akin at nagbibigay ng pag-asa sa akin ay ang katotohanan na nakahawak ako sa kamay ni Hesus.

Ako at si Hesus ay nakarating sa makitid na daan at sa wari ko'y naglalakad kami sa pilapil sa isang malawak na bukid. Ang daan ay makitid para sa dalawang tao. Hindi ko makita ang dulo ng daan. Sa dalawang gilid ng daan ay may matarik na bangin. Kaunting pagkakamali lang ay maaaring mahulog ako sa bangin. May hindi mabilang na mga ahas ang nakasalansan sa dalawang tabi ng daan at sila ay nakatingin sa akin.

Nakikita ko ang lahat ng nasa malalim na lambak na ito. Nabalisa ako at natakot. Tumawag ako, **“Panginoon, natatakot po ako.”** Sinabi sa akin ni Hesus, **“Nandirito Ako kasama mo, kaya huwag kang matakot.”** Nagpatuloy kami sa paglalakad nang tumingin ako sa bandang kanan. Nagulat ako dahil sa lalim niyon. Sa bangin na iyon ay may nakita akong mga bungo at kalansay na nagkabuhol-buhol at silang lahat ay sumisigaw sa sakit. Umiiyak sila at nakikiusap ng malakas, **“Iligtas mo ako!”**

Iniwang ko ang kanilang mga iyak at nagpatuloy ako sa paglalakad. Sa oras namang ito ay may napakalaking dragon ang aking nakita. Hindi masusukat ang laki ng dragon. Ang kanyang katawan ay kulay asul at siya ay may humigit kumulang na limampung buntot at apatnapu hanggang limampung paa. Ang mukha ng dragon ay mukha ng tao, at siya ay may apatnapu hanggang limampung ulo. Ang kanyang ngipin ay nakakatakot at ang kanyang mga paa ay katulad ng sa palaka. Ang parang butiking nilalang ay gumapang at may mga sungay na lumabas sa ibat-ibang bahagi ng kanyang ulo.

Ang dila ng dragon ay humaba sa kanyang bibig at pumulupot sa mga tao upang itapon sila sa apoy. Ang mabagsik at nakakatakot na eksenang iyon ay hindi kayang ilarawan o isipin. Sinabi sa akin ni Hesus, **“Manood kang mabuti.”** Kaya naman tiningnan ko iyon ng mabuti. Nakita ko ang pangalawa sa pinakamalaking dyablo sa impyerno na pinupuluputan ang mga tao gamit ang kanyang dila at itinapon sila sa apoy. Isa sa mga babae ang umagaw sa aking paningin.

## **NAKITA KO ANG AKING INA SA IMPYERNO**

Naisip ko sa aking sarili, **“Sino ang babaeng iyon?”** Nag-iisip ako ng malalim habang nanonood, ngunit nang magkatagpo ang aming mga mata ay nanigas ako. Siya ay walang iba kundi ang taong pinakamamahal ko, ang aking ina. Matagal ko nang ninanais na makita siyang muli. Nang umalis ako ay siya ang tumayo bilang ina at nagpalaki sa aking mga anak. Ang katawan ng aking ina ay mahigpit na nababalutan ng demonyo. Sumigaw ako sa kanya nang makita ko siya. **“Mama, mama! Bakit ka nandirito?”** Tumingin siya sa akin at sumigaw, **“Mahal kong anak, Bong-nyo, ano ang ginagawa mo dito?”**

Bago niya matapos ang kanyang tanong ay kinuha ng pangalawa sa pinakamataas na ranggo ng demonyo ang aking ina at itinapon siya sa palayok na may kumukulong tubig. Ang tubig ay walang patid sa pagkulo at nang mahulog ang laman ay natunaw iyon kasama ang buto. Itinapon doon ang aking ina at lumubog siya ng malalim. Sumigaw siya at umiyak, **“Ahh! Mainit! Bong-nyo, pakiusapan mo ang Panginoon na alisin ako dito. Tulungan mo ako. Pakiusap. Nag-mamakaawa ako saiyo.”** Habang nakikiusap siya ay binuksan ng dyablo ang isa niyang bibig at ipinulupot niya ang kanyang dila sa bibig ng aking ina. Hindi hinayaan ng dyablo na lumubog ang mata ng aking ina. Ang aking ina ay direktang nakatingin sa akin.

Sumigaw ako kay Hesus na parang nababaliw na babae, **“Hesus, aking Hesus! Pakiusap, iligtas mo ang aking ina. Nagsusumamo ako sa Iyo. Panginoon, pakiusap, iligtas Mo siya.”** Umiyak ako at nagmakaawa kay Hesus subalit mahigpit siyang sumagot ng, **“Hindi.”** Muli akong nakiusap, **“Hesus, ako nalang ang papalit sa kanya, alisin Mo siya doon. Wala siyang kasalanan. Ako ang mas maraming kasalanan. Pakiusap!”** Sumagot si Hesus, **“Huli na ang lahat.”**

Ito ang sinabi ni Hesus tungkol sa aking ina, **“Mahal kong Bong-nyo, kung tinanggap Ako ng iyong ina noong nabubuhay pa siya sa lupa ay maliligtas siya. Nais Kong isama siya sa langit, ngunit hindi niya Ako tinanggap at hindi din siya nanampalataya. Hindi Ko na siya matutulungan ngayon.”** Muli, ay nalungkot si Hesus habang siya ay nagsasalita. Hindi ko na kaya pang tiisin ang sakit sa aking puso.

### **NAKITA KO ANG AKING AMA AT NAKABABATANG KAPATID NA LALAKI SA IMPYERNO**

Muli, ay may nakita akong pamilyar na mukha na kasama ng maraming tao na nagkabuhol-buhol sa dila ng dyablo. Tumingin akong mabuti at nakita ko ang aking namatay na ama at bunsong kapatid na lalaki na dalawampung-anim na taong gulang na nagpakamatay sa pamamagitan ng pag-inom ng lason. Nagkatagpo ang aming mga mata. **“Ate Bong-nyo! Paano ka nakapunta dito? Hindi ito ang lugar para sayo. Aray! Pakiusap pakawalan mo ako.”** Naparalisa ako nang marinig ko ang sigaw ng aking kapatid. Ang aking kapatid at ama ay hubad. Nang itatapon na ang aking kapatid sa kumukulong tubig ay nakiusap siya sa akin. **“Ate, magdasal ka sa Panginoon. Bilis, makiusap ka sa kanya na alisin ako dito. Tulungan mo ako na makapasok sa langit. Ngayon na!”** Nang makiusap at umiyak ang aking kapatid ay itinapon siya sa palayok na may kumukulong tubig.

Noong bata pa ako ay kinasusuklaman ako ng aking ama at ang galit niya ay lumaki habang lumilipas ang mga taon. Kinausap niya ako, **“Bong-nyo, noong nabubuhay pa ako ay marami akong masasamang nagawa na labis ko ang pinagsisihan ngayon. Marahil ay iyon ang dahilan kung bakit ako naririto ngayon.”** Noong bata pa ako ay masuwerte na ako kung hindi niya ako mabugbog. Naalala ko ang mga nakaraan at wala akong masabi sa aking ama. Pinanood ko lang siya habang umiiyak. **“Siya ba talaga ang aking ama?”** Naisip ko ang mga nakaraan at hindi ko na iyon kayang balikan pa.

Tinanong ko si Hesus, “Panginoon, bakit po napunta ang aking ama dito?” Sumagot siya, “Labis ang kasalanang ginawa ng iyong ama. Hindi siya naniwala sa Akin, at siya ay nagsusugal araw-araw. Noong buntis pa ang iyong ina sa iyong kapatid at isang buwan nalang bago isilang ang sanggol ay pinatay niya ang sanggol sa pamamagitan ng pag-suntok sa tiyan ng iyong ina. Ang sanggol sa sinapupunan ay namatay. Pinilit ka rin ng iyong ama na ilibing ang sanggol na buhay pa sa itaas ng bundok. Hindi mo ba iyon naaalala? Nang gawin niya ang kasalanang iyon ay hindi niya iyon ikinumpisal at hindi siya humingi ng kapatawaran. Nararapat lang na nandirito siya sa impyerno.” Ang Kanyang boses ay puno ng poot. Nang matapos na si Hesus sa Kanyang paliwanag ay itinaon na ang aking ama sa kumukulong tubig.

## ANG KAHILINGAN NG AKING BIYANAN NA NASA IMPYERNO

May nakita akong mukha na kakilala ko, at siya ang biyanan na babae ng aking kapatid na babae. Ang aking kapatid ay bagong kasal pa lang, at ang kanyang biyanan na babae ay naghihirap sa kaparehas na parusa. Hiniling niya na kapag bumalik na ako sa lupa ay nais niya na ang kanyang manugang na babae at pamilya nito ay maniwala kay Hesu Kristo, magdasal ng masigasig at makita ang impyerno nang sa ganoon ay makapunta silang lahat sa langit. Sinabi niya, “Hindi ko talaga alam na may impyerno pala, at mainit at kahabag-habag dito. Isa akong dyakonesa sa simbahan, ngunit hindi ako nag-lingkod sa simbahan. Marami akong diyos-diyosan sa mundo at iyon ang sumira sa akin. Iyon ang dahilan kung bakit ako naririto. Labis ko iyong pinagsisisihan.”

***“Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang aliping walang kabuluhan. Doo’y tatangis siya at mangangalit ang kanyang mga ngipin.” Mateo 25:30***

Siya ay itinaon sa mainit na tubig. Natakot ako at nalungkot, hindi ko na iyon kayang tagalan pa. Ang aking mukha ay luhaan at nahirapan ako sa paghinga dahil sa amoy ng nasusunog. Bawat sulok ng impyerno ay may harang. Nasusuka ako at nais ko nang umalis doon.

Kami ay nasa harapan ng hukay at may sapat na lugar doon upang makapaglakad ang sampung tao, ngunit sa loob niyon ay may gumagalaw. May sampung lalaki at sampung babae na marahas na hinihiwa ang laman. May mga uod na pumapasok at lumalabas sa kanilang mga mata, ilong, bibig at tainga. Ang mata ng mga uod ay kumikinang. Lahat ng uri ng surot ay gumagapang papasok at papalabas na nagpapahirap sa kanila. Sa tuwing pumapasok ang mga surot ay umiiyak sila sa sakit. **“Ahh! Tumigil na kayo! Lubayan ninyo ako!”**

Tinanong ko ang Panginoon, “Panginoon, ang mga surot na iyon ay may kumikinang na mata, ngunit namamatay po ba sila?” Ipinaalala Niya sa akin, “Nasusulat ito sa Bibliya, naaalala mo ba? Ang mga surot na iyon ay hindi mamamatay.” (Marcos 9:48) Habang kinakausap ko si Hesus, ang mga surot ay nag-apon-apon at bumuo ng kasing laki ng tao. “Panginoon, napakapangit po niyon at nakakatakot. Nais ko na



pong umalis. Ayaw ko na pong bumalik pang muli sa impyerno.” Sumagot si Hesus, “Alam Ko, Aking anak.”

May higitang palayok na yari sa bakal sa lugar kung saan pumunta kami ni Hesus. Sa loob ng palayok ay may likidong kumukulo, ngunit ang tunog ng kumukulong likido ay napakalakas. Sa ilalim ng palayok ay may malaking apoy na nagpapainit sa palayok. May napakaraming katawan sa loob ng palayok. May nakita akong mga demonyo na inihahanda ang aking ina, kapatid at biyanan upang sunod na itapon. Muling nagkatagpo ang aming mga mata ng aking ina. **“Bong-nyo, bakit nandirito ka na naman? Sinabihan na kita na huwag nang babalik dito, ngunit bakit nandirito ka? Nais mo bang makita ang iyong ina na nahahirapan? Magmadali ka na at umalis ka na dito.”** Ang aking biyanan ay nakatayo sa tabi ng aking ina at siya ay sumisigaw, **“Kapag bumalik ka sa lupa ay huwag mong kakalimutan na sabihan ang aking mga anak na manalig kay Hesus upang makapunta sa langit. Pakiusap, gawin mo ito para sa akin.”** Bago pa niya matapos ang kanyang sinasabi ay galit na sumigaw ang demonyo, **“Ano ang pinagdadakdak niyo diyan?”** Binuhat nila ang aking ina at biyanan at itinapon nila sa palayok. Mabilis na natunaw ang laman ng aking ina at biyanan at ang natira nalang ay ang kanilang kalansay. Sila ay naging nakakatakot at walang hugis na bagay. Nang masaksihan ko iyon ay nanginig ang aking katawan at nangalit ang aking ngipin. Umiyak ako, **“Panginoon, pakiusap, gumawa po kayo ng paraan para sa aking ina. Pakiusap, iligtas mo siya. Nagsusumamo ako sa Iyo.”** Kahit gaano pa ako umiyak, magmakaawa at humawak sa Kanya ay inulit lamang ni Hesus na, **“Huli na ang lahat.”**

Hindi ko alam na kung dahil sa walang patid kong pag-iyak kaya umiiyak din si Hesus. Ang Panginoon ay may mahalagang aral para sa akin: **“May isang pagkakataon lang upang makapunta sa langit, at iyon ay kung ikaw ay pisikal pang nabubuhay.”** Wala akong magawa kundi panoorin lang ang aking ina at biyanan.

Habang pinapanood ko ang aking ina na pinahihirapan ay naalala ko ang nakalipas kung kailan ako at ang aking ina ay pumupunta sa restawran upang kumain ng sopas ng karneng baka at sopas na patatas. Hindi na ako kailanman magiging masaya na kumain ng sopas na karneng baka matapos kong masaksihan ang aking ina sa impyerno. Kapag nakakakita ako ng sopas na karneng baka o sopas na patatas sa mga restawran ay naaalala ko ang eksena na aking nasaksihan sa impyerno. Kahit sa bahay o kahit saan, sa tuwing nakakakita ako ng pulang apoy ay naaalala ko ang impyerno at nalulungkot ako. Ang apoy sa impyerno ay hindi maikukumpara sa apoy sa ating pisikal na mundo.

Sumenyas sa akin si Hesus na tumingin sa kabila at doon ay may nakita akong malaking itim na mangkok. Ang buhay na apoy sa ilalim ang nagpapainit sa mangkok at nagpabago ng kulay mula pula hanggang ginintuang dilaw. Maraming hubad na katawan ang sumisigaw, **“Mainit! Hindi ko kayang tumagal dito.”** At sila ay tumatalon-talon sa loob ng mangkok. Nang magkauntugan sila sa isat-isa ay nagsalita sila ng masasama. Naalala ko sa eksenang iyon ang maraming tao na nag-aaway sa palengke.

Muli, ang aking mahal na kapatid ay nasa lugar na iyon at nagkatagpo ang aming mga mata. **“Ate, napakainit! Hindi mo ba ako kayang iligtas? Pakiusap, gumawa ka ng**



**paraan. Kausapin mo ang Panginoon na alisin ako dito. Hindi ka ba naaawa sa akin?”** Kahit gaano kalakas sumigaw ang aking kapatid ay wala iyong saysay. Ang aking ama na sunod sa aking kapatid ay naghihimutok. Sa pagkakataong ito ay hindi niya ako kinausap. May tubig na kumukulo sa mangkok, at ang tubig ay abot hanggang sa kanilang bibig.

Tinanong ko si Hesus, **“Kung hindi Mo po tutulungan ang aking ina at kapatid upang makaalis sa impyerno ay bakit Mo po ako dinala dito upang tiisin ang sakit?”** Makalipas ang ilang sandali, ay binuhat Niya ako sa aking braso at ginabayan papaalis sa impyerno. Sinabi ko sa Kanya, **“Panginoon, pakiusap, mula ngayon ay huwag mo na akong isasama upang makita ang impyerno.”** Inihatid Niya ako ng ligtas pabalik sa simbahan.

### **ANG DYABLONG NAGPANGGAP BILANG SI HESUS**

**Lee, Yoo-Kyung:** Pagkatapos magdasal hanggang ika-pito at kalahati ng umaga ay umuwi ako sa bahay na umaasang makakatulog nang may naramdaman akong presensya sa aking silid. Binuksan ko ang aking mata ngunit wala akong nakita. Nang muli kong ipikit ang aking mata ay nakita ko si Hesus na nakaupo sa aking tabi. Bigla akong natakot at nagtayuan ang buhok sa aking katawan.

Nagdasal ako sa ibat-ibang wika. Ang tao na akala ko ay si Hesus asy biglang nagbago ng anyo at naging isang maitim na demonyo, at siya ay may asul na mata. Inikot ng demonyo ang kanyang mata at itinaas niya ang kanyang kamay nang sambitin niya ang dasal na Ama Namin. Sumigaw siya, **“Lahat ng demonyo, magsibangon kayo!”** Hindi umalis ang demonyo at siya ay umupo sa tabi ko at ni Haak-sung. Takot na takot ako, ngunit si Haak-sung naman ay nakatulog na. Huminahon ako at sumigaw ako ng **“Dyablo, sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako.”** Kaagad na naglaho ang demonyo.

*“Sinasabi Kos a inyo, hindi man siya bumangon dahil sa kanilang pagkakaibigan, babangon siya upang ibigay ang hinihingi ng kaibigan dahil sa pagpupumilit nito. 9 Kaya sinasabi ko sa inyo: humingi kayo, at kayo’y bibigyan; humanap kayo at kayo’y makakasumpong; kumatok kayo, at ang pinto’y bubuksan para sa inyo.”*  
*Lucas 11:8-9*

## **SA PANGALAN NI HESUS, LUBAYAN MO AKO, SATANAS**

**Kim, Joo-eun:** Habang ako ay marubdob na nagdadasal sa ibang wika ay may pulang dragon na nagpakita sa akin. Nasorpresa ako nang makita ko ang presensya ng dragon. Biglang sumugod at tumalon ang dragon patungo sa akin. Ang dragon ay may mata ng nananakot na buwaya at siya ay may makapal at matalas na kuko, at sinubukan niyang takutin ako sa pamamagitan ng pag-saksak ng kanyang kuko sa akin. May nakakasuklam at nakakapandiring usok na lumalabas sa butas ng kanyang ilong. Sumigaw ako, **“Pangit na Satanas, lubayan mo ako sa Pangalan ni Hesus!”** Sumisigaw ako na parang isang nahihibang na babae. Nang sumigaw ako ay tumingin ng masama sa akin ang dragon, at siya ay umalis at nagtungo kay kapatid na Haak-sung.

Marahil ay napansin ni kapatid na Haak-sung ang dragon at siya ay nagulat. Mas naging malakas ang pagdarasal niya sa ibang wika. Sumigaw rin si kapatid na Haak-sung na katulad ng aking ginawa, **“Satanas, lubayan mo ako sa Pangalan ni Hesus.”** Nang sumigaw si kapatid na Haak-sung ay lumapit na naman sa akin ang dragon at siya ay nagbago ng kulay at naging itim na dragon. Nagsalita ang dragon, **“Huwag kang magdadal. Buksan mo ang iyong mata. Bakit kailangan mo pang ipikit ang iyong mata kapag nagdadasal? Buksan mo ang iyong mata ngayon din. Bakit taimtim kang nagdadasal ngayong araw?”** Ang dragon ay naglakad paikot sa akin habang sinisira niya ang aking konsentrasyon sa pagdarasal. Kahit ako ay natatakot ay hindi ko iyon pinakita. Muli akong sumigaw, **“Pangit na Satanas, lubayan mo ako sa Pangalan ni Hesus.”** Ngunit ang dragon ay hindi kaagad sumunod. Kaya naman ay binigyang-diin ko ang Pangalan ni Hesus. Nang isigaw ko ang Pangalan ni Hesus ay muling tumingin ng masama sa akin ang dragon, nangalit ang kanyang ngipin at pagkatapos ay umalis.

Sinubukan kong maging mahinahon. Huminga ako ng malalim at nagsimulang magdadal sa ibang wika. Habang nagdarasal ako ay may napansin akong anyo na malapit sa akin. Ang bagay na nasa sulok ng silid na iyon ay isang puting espiritu. Ang kakaibang anyo o espiritu ay nakatitig sa akin at siya ay nagsimulang lumapit sa akin. Nang makalapit na siya ay napansin ko na isa siyang kilalang babaeng espiritu na nakikita sa maraming nakakatakot na pelikula sa Korea. Natakot ako at tumayo ang mga buhok sa aking braso. Naalala ko na dati na akong natatakot sa multong iyon nang maalala ko ang mga eksena sa pelikula. Gayon pa man, habang patuloy akong nagdarasal, ay lumakas ang aking loob at nawala ang aking takot.

Bagama’t may kaunti pang takot na natira sa aking puso, alam ko na kung ipapakita ko ang aking takot ay mas lalakas ang multo sa paglusob sa akin. Hindi ko ipinakita ang aking takot habang nilalabanan ko ang multo sa aking panalangin.

Sa karanasang iyon, ang awit na “Tumayo at labanan ang Dyablo” at “Bautismo sa Espiritu Santo” ang naging pangunahing awitin sa aming panalanging pagpupulong para sa espirituwal na pakikipaglaban.

Ayaw kong gambalain ako ng espiritu sa aking pagdarasal. Kung makikita ng matatanda ang pigurang ito ay matatakot sila. Ang layunin ng pigurang ito ay upang takutin ang mga tao. Kaya naman hindi dapat ipakita ninuman ang kanilang takot. May dugong tumutulo sa gilid ng kanyang bibig at ang kanyang buhok ay buhol-buhol at magulo. Gumawa siya ng ingay na nakakatakot na hagikhik. Buong lakas akong sumigaw, “**Lubayan mo ako sa Pangalan ni Hesus.**” Nang utusan ko siyang umalis ay naglaho ang espiritu. Tumulo ang luha sa aking mga mata. Hindi ko napansin na umiiyak na pala ako. Ngunit ang mga luha ay luha ng pagsisisi habang ako ay nananalangin. Pagkatapos ay nagpakita si Hesus. Sa kaibig-ibig Niyang tinig ay tinawag Niya ang aking palayaw at Siya ay nakangiti.

### **ANG PANGITAIN NG NAKAPAKONG SI HESUS**

Kinausap ako ni Hesus, at hindi nagtagal ay may ilang daang libong tao akong nakita. Ang Panginoon ay nakatayo kasama nila at Siya ay tahimik. Sa aking pangitain ay may malalaking gusali na parang kastilyo. Sa wari ko ay nakaturo ang mga tao laban sa isang tao. Sila ay sumisigaw at nagtatapon ng mga bagay kay Hesus.

Napansin ko na may ilan sa mga tao ang nagtapon ng matigas na bagay sa Panginoon, ngunit nakapikit ang mata ng Panginoon at hindi Siya nagsasalita ng anuman. Sumigaw ako, “**Bakit niyo inuusig si Hesus? Huwag niyong gawin iyan. Tumigil kayo.**” Nataranta ako at tumakbo patungo sa mga tao upang pigilan sila, ngunit wala saysay ang aking ginawa. At saka, may nakita akong gumawa ng koronang tinik at inilagay at idiniin iyon sa ulo ng Panginoon. Nagdugo ang Kanyang ulo at ang Kanyang damit ay basang-basa sa dugo. Napakaraming dugo at kumalat na iyon sa sahig. Nakita ko ang paghihirap na bakas sa mukha ng Panginoon habang tinitiiis Niya ang sakit. Naawa ako sa Panginoon. Hindi ko na iyon kayang panoorin pa. Maraming beses rin Siyang nilatigo. Habang naglalakad Siya patungo sa burol ng Golgota, ay maraming beses na nadapa ang Panginoon. Sa tuwing nadadapa ang Panginoon ay walang awa Siyang binugbog ng Romanong sundalo.

Kahit bugbog na ang Panginoon ay dinala Niya ang krus at nagpatuloy Siya patungong burol. Katulad ng naalala ko sa mga pelikula, isang Romanong senturion na may balahibo sa kanyang helmet ang bumugbog kay Hesus. Malubha iyon at hindi na kayang tumayo ng Panginoon. May nakita akong tatlong butas sa lupa sa tuktok ng burol. Ang mga krus ay itinayo sa mga butas. Ang mga butas ay hinukay ng sa ganoon ay madaling maipako ang mga pako sa lupa. Inihiga nila si Hesus sa krus. Ipinako nila ang kamay at paa ng Panginoon.

Ang mga pako ay makakapal at mahaba. Iyon ay may haba na tatlumpu hanggang apatnapung sentimetro. Nang ipako Siya ay sumigaw ang Panginoon sa sakit. Nasaktan

ang aking puso nang makita ko ang pagpako. May mahinang tinig na nagmula sa Panginoon at siya ay nanginig dahil sa labis na sakit.

Itinaas ang krus. Ang dalawang magnanakaw na nakapako ay unti-unting namatay. Dahil maraming dugo ang nawala sa Panginoon, wala na Siyang dugong maibibigay pa. Ang lupa ay kulay pula dahil sa Kanyang dugo. Habang umiiyak ako ay nawala ang pangitain ng Panginoon na nakapako at si Hesus ay muling nagpakita sa akin. Winika Niya, **“Kaibig-ibig Kong anak, Joo-eun, magdasal ka ng walang humpay.”** Sumagot ako, **“Opo, Hesus.”** Patuloy akong umiyak at nagdasal sa ibang wika.

Makalipas ang ilang sandali ay parang bumalik ang Panginoon. Ngunit sa pagkakataong ito ay may naramdaman akong hindi tama. Hindi ako mapalagay at nakaramdam ako ng takot. Naalala ko ang sinabi ng pastor sa akin na mag-ingat dahil ang dyablo ay maaaring magpanggap bilang anghel ng liwanag. Sinabi sa akin na kung hindi ko kayang kilalanin, dapat akong magdasal sa ibang wika o subukin ang anghel sa pamamagitan ng pagbanggit ng Banal na Kasulatan. Sinubok ko siya sa pamamagitan ng pagdadasal sa ibang wika. Nang magdasal ako sa ibang wika ay nagbago ang anyo ng mukha ng Panginoon at naging maitim. Dumating ang dyablo upang magpanggap bilang Panginoon. Ang mata ng dyablo ay umikot sa lahat ng direksyon at hindi niya ako nilubayan habang ginagambala niya ako sa aking pagdarasal.

### **ANG LOLA SA INA AT AMA NI SISTER KANG, HYUN-JA AY NASA LANGIT**

**Sister Baek, Bong-Nyo:** Ang aming simbahan ay may panalanging pag-pupulong gabi-gabi. Bawat gabi, habang ako ay nagdarasal, ay naiisip ko ang aking magulang at kapatid na pinahihirapan sa impyerno. Paano ko magagawang kalimutan at alisin ang sakit sa tuwing sumasagi iyon sa aking isip? Ngayong araw, habang ako ay nagdarasal sa ibat-ibang wika, ay dumating si Hesus. Umiyak ako, **“Panginoon, Panginoon.”** Nagsalita si Hesus at sinabi Niya, **“Tumahan ka na sa pag-iyak. Pumunta Ako upang dalhin ka sa langit. Sumama ka sa Akin.”** Ang mukha ni Hesus ay nakikisimpatiya nang hawakan Niya ang aking kamay.

Sa tuwing bumibisita ako sa langit ay nangingimi ako sa misteryo nito na walang hanggan. Nagugulat ako sa magagandang tanawin. Pakiramdam ko ay aabutin ng walang hanggan bago ko lubusang makita at maranasan ang langit. Sinabi sa akin ni Hesus na pagmasdan ko ang simbahan sa langit. Tinanong ko Siya, **“May simbahan sa langit?”** Mabilis Siyang sumagot, **“Oo, pumunta ka at tingnan mo.”**

Katulad ng Kanyang sinabi, ay mayroong simbahan sa langit. Nang makarating kami ay nalaglag ang aking panga, nakarating kami sa malaki at kahanga-hangang gusali. Sumigaw ako, **“Wow!”** Labis ang aking pagkagalak. Kung makikita ng sinuman ang laki ng simbahan sa langit ay hindi iyon maikukumpara sa pinakamalaking simbahan sa mundo. Napakalaki niyon. Maaabot na niyon ang alapaap sa langit.

Nag dumating ako ay matatapos na ang pagpupuri. May napansin akong dalawang kabataan na palabas na mula sa serbisyo. Masaya sila at magkahawak ang kamay.

Ginabayan ako ni Hesus patungo sa dalawang kabataan. Winika ng dalawang kabataan, “Hindi ka namin kilala. Sino ka?” Dahil naguguluhan sila ay ipinakilala ako ni Hesus, “Si Sister Baek, Bong-Nyo ay galing mula sa lupa. Siya ay dumadalo sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) sa So Incheon. Ang kanyang pastor ay si Pastor Kim, Yong-Doo. Ang asawa ng pastor ay si Sister Kang, Hyun-Ja. Si Sister Baek, Bong-Nyo ay dumadalo sa loob na ng dalawang buwan.” Nang pormal na akong ipinakilala ni Hesus ay sumagot ang dalawang kabataan. “Kung gayon ay dumadalo ka sa simbahan ng asawa ng aming apo.” Nasabik sila. Tinanong nila, “Ano ang layunin ng iyong pagbisita?” Sumagot ako, “Gustong malaman ng pastor at ng kanyang asawa kung ang kanilang mga lola ay nasa langit.” Nalaman nila na ang kanilang apo at asawa nito ay nag-aalala para sa kanila.

Ang lola sa ama ay nagsalaysay ng kanyang buhay. “Namatay ako sa edad na siyamnaput-lima. Sa taong iyon, kung kailan ako namatay, ang aking anak at manulang na babae ay nagpaalam na bibisita sa kanilang anak sa Amerika. Nakatira ako sa aking anak na lalaki at matanda na ako upang magbyahe. Kaya naman, ay kinailangan kong lumipat sa bahay ng isa ko pang anak. Ngunit, hindi ako pinatuloy ng aking anak dahil hindi nila ako kayang tustusan. Wala akong ibang mapuntahan. Hindi nagtagal, ang asawa ng aking apo na si Pastor Kim, Yong-Doo ang nagpatuloy sa akin sa loob ng labing-limang araw habang ang aking anak ay nasa Amerika. Iyon ang dahilan kung paano ako napunta sa kanila. Hindi ako nananampalataya. Dahil nahihirapan akong maglakad, binubuhat ako ni Pastor Kim sa kanyang likod araw-araw patungong simbahan. Si Pastor Kim ay nag-ebanghelyo sa akin at sinabi niya na kung nais kong pumunta sa langit kasama ng aking apo ay kailangan kong tanggapin si Hesu Kristo. Tinanggap ko ang Panginoong Hesus bilang Panginoon at Tagapag-ligtas at inihanda Niya ako ng isang palapag na tahanan sa langit bilang pabuya. Buong buhay ko ay hindi ako isang Kristiyano; ngunit napakamapalad ko dahil naligtas ako bago mamatay. Ito ang dahilan kung paano ako napunta sa langit.”

Hiniling ng lola na ibigay ko ang kanyang mensahe ng pasasalamat sa asawa ng kanyang apo para sa mensahe ni Hesu Kristo.

Ang lola sa ina ni Sister Kang, Hyun-Ja ay may kaparehas na salaysay ng kaligtasan. Ang dalawang lola ay nag-aalala para sa kanilang mga anak na lalaki dahil hindi pa sila ligtas. Umaasa sila na ang mensahe ni Hesu Kristo ay maibigay sa kanilang mga anak sa lalong madaling panahon. Umaasa sila na balang araw ay sasamahan sila ng kanilang mga anak sa langit kapiling ang Panginoon. Nararamdaman ko ang kanilang pangamba sa kanilang tinig.

Sumunod ay tinawag ako ni Hesus at sinabi Niya, “Bong-Nyo, halina at bumisita tayo sa pinakamataas na lugar sa langit.” Nang makarating kami sa itaas ay nakita ko ang mga lugar sa langit. May nakita akong maraming anghel. May nakita akong malaking hardin na maraming bulaklak na ibat-ibang uri. Imposible para sa akin na bilangin o wariin ang ibat-ibang uri ng halaman at bulaklak. May nakita akong karagatan na

walang hanggan, at iyon ay malinis at malinaw na parang kristal. Maraming ibat-iba at magagandang sasakyang pandagat na nakalutang sa karagatan.

Bumalik kami sa simbahan sa lupa. Nang umalis na ang Panginoon ay nagsimula na naman akong magdasal sa ibang wika. Habang nagdadasal ako sa ibat-ibang wika ay naalala ko na naman ang aking magulang at kapatid sa impyerno. Umiyak ako ng mahabang oras. Tumulo ang luha sa aking mga mata at hindi ko alam ang aking gagawin. Hindi nagtagal ay may grupo ng labing-limang anghel ang nagpakita sa akin. Nang lumapit sila ay tinanong ko ang dahilan ng kanilang pagbisita. Sumagot sila, **“Inutusan kami ng Panginoon na pumunta sa lupa upang aliwin si Sister Baek, Bong-Nyo. Iyon ang dahilan kung bakit kami naririto.”** Matapos silang magsalita ay pinalibutan nila ako at inaliw. Naging mahinahon ako at tumigil na sa pag-iyak.

### **ANG NAKAKAKITA AT HINDI NAKAKAKITANG ESPIRITUWAL NA KAMALAYAN**

Nang magpatuloy ako sa pagdarasal ay nakita ko na bumukas ang langit, at ang Amang Diyos ay nakaupo sa Kanyang trono. Nagsalita Siya at sinabi sa akin na tumigil na ako sa pag-iyak. Dumating ang Espiritu Santo at bumulong sa akin, **“Bibigyan kita at si Sister Kang, Hyun Ja ng biyaya ng pagpapagaling at apoy ng Espiritu Santo. Gayon pa man, ay dapat niyo iyong hanapin at naisin.”**

Habang si Hesus ay nakatayo sa tabi ng Ama ay sinabi Niya sa akin, **“Bong-nyo, kapag ikaw ay napagod at nanghina habang nagdadasal ay pagpapalain kita ng lakas ng Espiritu Santo.”** Naaliw ako sa Kanyang sinabi. Tinanong ko ang Panginoon tungkol sa nakakakitang espirituwal na kamalayan, **“Hesus, may ilang buwan pa lamang po mula ng tanggapin Kita bilang Panginoon at Taga-pagligtas. Ngunit dahil sa iyong grasya ay nabuhay ang aking espirituwal na kamalayan. Bakit po ang biyayang ito ay ibinigay sa akin at hindi sa pastor at kanyang asawa?”** At sumagot si Hesus, **“Winika ng Ama na hindi pa iyon nararapat para sa kanila sa oras na ito.”** Sumagot ako ng, **“Bakit hindi?”** Sumagot ang Panginoon, **“Ang kanilang ministryo ay mas mahalaga, dahil maaaring makaabala ang biyaya sa kanilang pangunahing tungkulin. Ang kanilang pangunahing tungkulin ay tumingin sa mga tupa at mag-ebanghelyo.”**

Hindi ko naintindihan ang paliwanag ng Panginoon. Nakita ng Panginoon na naguguluhan ako. Alam Niya na hindi ko naunawaan. Kaya naman ay ipinaliwanag Niya iyon ng mas malalim. Winika ng Panginoon, **“Huwag kang mag-alala. May nakakakita at hindi nakakakitang espirituwal na kamalayan. Hindi magtatagal ay magkakaroon din si Sister Kang, Hyun-Ja ng nakakakitang espirituwal na kamalayan. Kailangan niyang maghintay at huwag maaburido. Ang hindi pagkakaroon ng ganoong biyaya ay hindi mo dapat ipag-alala. Nasa Aking pahintulot at kagustuhan na magbigay ng nakakakitang espirituwal na kamalayan sa kongregasyon at hindi sa pastor o sa kanyang asawa. Ang pastor at kanyang asawa ay nagdarasal ng walang humpay, at ang kanilang pananampalataya ay malakas. Gayon pa man, ang kongregasyon ay mga bata pa sa pananampalataya kaya naman pinalalakas Ko sila sa pamamagitan**

ng espirituwal na kamalayan. Kaya hindi dapat nag-aalala ang sinuman kung paano ko pinamamahagi ang mga biyaya o pagpapala.”

## **ANG KONGREGASYON NA NALULUGOD SA PINAIKSING ORAS NG SERBISYO**

Sa mabigat na boses ay isinalaysay ni Hesus na ang mga simbahan at pastor ay sumasamba sa Kanya ng walang kabuluhan. Sumusunod sila sa tradisyon at mga gawa ng tao. Maraming serbisyo ang maiksi at walang laman ang mensahe. Ang oras ng pagsamba at papuri ay hindi katanggap-tanggap. Mas may interes sila kung kailan ito matatapos. Ang oras ng pangangaral ay pinaikli. Ipinakita ni Hesus ang Kanyang pagdadalamhati. Sa karaniwan, ang serbisyo ay tumatagal ng isang oras ngunit maraming serbisyo ay maiksi na sa isang oras. Nagmamadali silang matapos. Nais ni Hesus na magpahayag sa katawan ng mga pastor, ngunit ang mga pastor ay nangangaral sa laman at hindi sa espiritu. Mas mahalaga sa kanila ang pangangasiwa sa oras kaysa sa pangangaral sa Espiritu.

Sa maikling pagsamba at kaunting oras ng serbisyo, ginagamit ng mga pastor ang kanilang libreng oras sa mga personal na bagay tulad ng pagkain, pamamasyal kasama ang kongregasyon, at pag-aaksaya ng panahon sa mga pangkaraniwang bagay. Ang ibang pastor ay naaabala at nadadaya ng mga mapang-akit na mga babae. Binibigyan nila ng mas maraming atensyon ang magagandang babae. At saka, ang ibang pastor ay hindi itinuturing ang kongregasyon ng pantay-pantay na respeto. Ang mga mayayamang myembro ay binibigyan ng mas maraming panahon at mas nirerespeto kaysa sa mga walang pera. Ang mga pastor na ito ay hindi naglalaan ng sapat na panahon sa pagdadasal para sa ikaluluwalhati ng Diyos, at sila ay nagdadasal lang ng pangkaraniwan, na nakakasiphayo at nakakabagabag sa Panginoon. Ang mga mensahe ay hindi pinangungunahan ng Espiritu Santo. Ang mga mensaheng ibinibigay ay mula sa kaalaman ng pastor at ng kanilang laman. Ang mga mensaheng hindi nagmula sa Espiritu ay nagdudulot ng maikli, at walang kabuluhang pangangaral. Mas pinipili ng mga pastor ang mapagbigyan ang kagustuhan ng kongregasyon kaysa mapangunahan ng Banal na Espiritu Santo.

Nais ni Hesus na pagpalain at gamitin ang mga pastor para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Ngunit ang mga pastor, sa kanilang sariling kagustuhan ay sumuko sa paghahanap ng kapuspusan ng Panginoon. Ang makalaman nilang pag-iisip ang naghahari sa kanilang espiritu. Marami sa mga pastor ay hindi nararamdaman ang puso at kagustuhan ng Diyos. Ang Diyos ay labis na nalulungkot.

Maraming pastor ang nagpapalaki at nagpapatayo ng gusali ng simbahan para sa kanilang ikaluluwalhati at pagmamayabang. Sa kanilang puso, ang gusali ay isang monumento para sa kanila. Ang ganitong uri ng pastor ay naglalaan ng kaunting oras sa panalangin at ang kanilang isipan ay nasa mga materyal na bagay sa mundo.

Nang sabihin sa akin ng Panginoon ang mga bagay na ito ay nakita ko ang ekspresyon ng kalungkutan sa Kanyang mukha. Kahit maraming pastor ang nagyayabang sa kanilang magagandang gusali, itinuturing iyon sa langit na walang halaga. Ang



pamamaraan sa langit ay mas mataas kaysa sa lupa; at ang itinuturing na mahalaga sa lupa ay walang gaanong halaga sa langit.

Sinabi sa akin ni Hesus, “Hindi lahat ng pastor ay masama; gayon pa man, ang mga sumusuway ay dapat disiplinahin. Kung hindi sila magsisisi ay itatapon Ko sila sa impyerno. Pahihirapan sila sa impyerno. Sa maikling panahon ay dadalhin kita doon kung saan masasaksihan mo ang mga nauna sa kanila.” Natakot ako nang sabihin ng Panginoon na muli kaming bibisita sa impyerno.

## **ANG PAGESUSURI NG PANGINOON SA MGA KULTO**

Sa tuwing nauusisa ako sa isang bagay ay nais kong malaman ang mga sagot. May katanungan ako tungkol sa mga kulto kaya nagpasya akong tanungin ang Panginoon, “Hesus, bago ako mapangaralan ni Pastor Kim, Yong-Doo, ay isa akong manghuhula at sumasamba sa mga diosdiosan. Gayon pa man, ay binigyan ng espesyal na atensyon ng pastor ang aking pamilya at ngayon ay nabautismuhan kaming lahat. Marami akong mga natutunan, katulad ng Tatlong Persona, langit at impyerno, buhay na walang hanggan, at walang hanggang kamatayan. Dahil sa panalangin ng pastor, ay nabautismuhan ako ng banal na apoy ng Espiritu Santo sa unang araw na dumalo ako sa serbisyo sa simbahan. Sa bautismong iyon ay nagsimula akong magdasal sa ibang wika. Nang isalaysay ko iyon sa ibang mga mananampalataya sa ibang simbahan ay sinabihan nila ako na ako ay nasa isang kulto at ipinamalita nila ang mga sinabi ko sa kanila. Sinabihan nila ako na ang aking nararanasan ay mapanganib at dapat ko nang iwan ang simbahan ni Pastor Kim.” Kaya naman ay tinanong ko ang Panginoon upang ipaliwanag sa akin kung ano ang kulto.

“May mga ilang dekada nang Kristiyano, at inihahayag nila na sila ay napaka matapat. Sinabi sa akin ng mga mananampalatayang ito na kapag ang isang tao ay namatay, siya ay makakapasok sa langit o impyerno. Sinabi nila na ang taong tulad ko, o kahit na sino, ay hindi maaaring bumisita sa langit o impyerno habang nabubuhay pa. Sinabi nila na wala iyong kabuluhan. Sinubukan ng mga myembro sa ibang simbahan na hikayatin ang aking anak na babae na dumalo sa kanilang simbahan. Sinabi nila na ang aking simbahan ay may mga isyu sa doktrina at paniniwala. At saka, nagbibigay sila ng mapanuyang puna tungkol sa aming panalanging pagpupulong at pinagtatawanan nila ang aming mahabang oras. Sinabi nila na nasa kulto ako dahil ang aming pag-dadasal ay nagsisimula sa ika-pito ng umaga hanggang ika-walo ng gabi. Sinabi rin nila na marahil ay isang kulto si Pastor Kim at ang aming simbahan. Nagdasal ako, “Pakiusap Panginoon, paano po kung talagang isang kulto ang aming simbahan? Anong mangyayari sa aking pamilya?”

Sumagot ang Panginoon, “Ano ang kulto? Ang mga tao ay nagpupuna at nanghuhusga sa isat-isa dahil sa kanilang pagkakaiba, denominasyon at doktrina. Sila ay nagkakasala. Gayon pa man, ay nalulugod ako sa inyong simbahan. Ikaw at ang mga myembro ng iyong simbahan ay nagdadasal ng walang humpay buong gabi. Malalaman ng mga umuusig sa inyo at tumatawag sa inyo na kulto na Ako ay nabubuhay at ako ay Panginoon. Natanggap mo ang biyaya ng pagpapagaling sa



may sakit at nagagawa mong magpalayas ng mga demonyo. Namumuhay ka rin sa pagsunod sa Espiritu Santo.”

Nagpatuloy si Hesus, “Ang mga taong nanghuhusga at nangpupuna ng iba ay makakatanggap ng kahila-hilakbot na kahatulan. Huwag mong hayaang iligaw ka nila. Ako ay taos pusong nadala ng iyong panalangin. Huwag kang mag-alala. Ipagtatanggol kita at ang iyong simbahan. Kahit nais Kong ipakilala ang Aking sarili sa lahat ng tao at bigyan sila ng espirituwal na pagpapala, ay hindi nila Ako hinahanap. Marami ang hindi nagdadasal ng naaayon sa Aking kalooban.”

Bakas sa mukha ng Panginoon ang pagkapighati. Nag-aalinlangan ako nang tanungin ko Siya tungkol sa aming simbahan, “Hesus, ano pong mangyayari sa aming simbahan?” Sinabi ng Panginoon, “Mapalad ka dahil napuno ka ng Espiritu Santo at kaagad na nakatanggap ng biyaya ng ibang wika. Ang banal na apoy ay mararamdaman at matatanggap ng kongregasyon.”

### **BINUHUSAN NG DIYOS NG LANGIS SI PASTOR KIM**

Sa aming mahabang serbisyo ay nangangaral si Pastor Kim ng makapangyarihan sa pamamagitan ng lakas ng Espiritu Santo. Inaakala ng iba na nakakatulog kami dahil sa tagal ng serbisyo; ngunit ang pangangaral, papuri, pag-awit at maapoy na pagsamba ay puno ng lakas at nakakaya naming magpatuloy buong gabi hanggang sa pagsapit ng umaga. Isang araw, ang aming pastor ay nangaral ng may tapang na ang kanyang mukha ay namula. Habang nagsesermon, ay may nakita akong pangitain ng maluwalhating trono ng Diyos. Ang Amang Diyos ay nagbubuhos ng langis. Pinapahiran ng Espiritu Santo ang pastor ng apoy. Nakita ko ang Amang Diyos na patuloy na nagbubuhos ng apoy at langis sa pastor. Ang pangangaral ay makapangyarihan at kalugo- lugod.

Ginagaya ng pastor ang isang kiskisan. Ang kiskisan ang nag-hihiwalay ng balat sa butil ng bigas. Nakita ko ang Panginoong Hesus na tumatawa sa galak. Inutusan ng Panginoon ang anghel na itala ang mga pangyayari sa serbisyo. Sinabihan ng Panginoon ang anghel na itala ang mga pangyayari ng masigasig. Sumunod ang anghel.

### **ANG HUWAD NA KRISTIYANISMO**

Tinanong ko ang Panginoon tungkol sa isang simbahan, “May isang simbahan na maraming sangay sa buong mundo at kahit sa Korea. Sila rin ay may katulad na serbisyong pagsamba at krus sa altar. Sinasabi ng iba na malaki ang kanilang bilang dahil sa kanilang kasaysayan at tradisyon. Gayon pa man, sila ay naniniwala rin kay Hesus katulad namin. Mananampalataya din po ba sila na katulad namin?”

Matapos akong magtanong ay sumagot si Hesus, “Kung naniniwala sila sa Akin, sila ay maliligtas. Ngunit ang simbahan na iyon ay nagpapababa sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagkasal nito sa mundo.” Habang pinag-uusapan namin ang isang simbahan, ay biglang nagpakita ang hari ng mga demonyo. Bakas sa kanya ang pag-

aalala para sa kanyang plano sa simbahang iyon. Kinakabahan siya at naglakad patungo sa akin.

### **ANG HARI NG MGA DEMONYO AY NAHAYAG**

Winika ni Hesus, “Karamihan sa mga tao ay walang muwang sa dyablo at masasamang espirito. Ang mga tao ay nabubuhay ng hindi isinasaalang-alang ang kalaban; gayon pa man, ay susubukan ng dyablo na hadlangan ang iyong gawain. Lakasan ninyo ang inyong loob.”

Pumunta ako upang bisitahin ang tahanan ng pastor nang magdapit hapon. Nang dumating ako ay nakita ko na nagsusulat ang pastor sa dyornal at itinatala niya ang nangyari sa buong gabi. Siya ay may isa na namang espirituwal na karanasan habang siya ay nagdadasal. Itinala muna ng pastor sa plaka ang kanyang karanasan at pagkatapos ay isinulat niya iyon sa papel. Habang ang pastor ay nagtatala ng kanyang karanasan, ako at ang asawa niya ay lumuhod at nagdasal sa kanyang tabi. Ang presensya ng Panginoon ay naroroon upang ipagtaggol kami sa masasamang espirito.

Habang nagdadasal kami ng asawa ng pastor ay may napakalaking pulang dragon ang nagpakita sa amin. Napakalaki ng dragon at katawan lang niya ang aming nakikita. Hindi naming nakikita ang kanyang kabuuan. Ang halimaw na iyon ay pumasok sa pintuan at nakatayo sa tabi ng sabitan ng sapatos. Ang taas ng dragon ay sintaas ng himpapawid. Galit na galit ang ekspresyon ng halimaw. Nasusuka at nahilo ako nang ako ay matakot. Ibinuka ng dragon ang kanyang pakpak na hugis ng pakpak ng paniki. Ang dulo ng kanyang pakpak ay may matalim na tinik na hugis kutsilyo. Nang ipagaspas niya ang kanyang pakpak ay sumambulat ang mga tinik pababa sa impyerno. Ang tinik ay tumama sa mga espirito sa impyerno at ang mga espirito ay naghirap at umiyak sa sakit.

Nang magpatuloy ako sa pagdadasal ay natakot ako nang may nakita akong malaking upuan. Ang sukat at taas ng upuan ay walang katapusan. Iyon ay isang uri ng upuang tumba-tumba. Nagsalita ang dragon, “Sinusubukan kong pasukin ang iyong katawan. Sino ka para hamunin ako. Ako ang hari ng impyerno. Lahat ng nasa impyerno ay sumusunod sa akin dahil sa takot. Sino ka sa tingin mo? Wala ka. Wala kang karapatan na ihayag ang aking anyo.”

Habang nagagalit ang dragon, ang kanyang ekspresyon na galit ay naging ekspresyon ng pagkaunawa. “Aha. Kilala ko kung sino ka. Ang isa sa aking alagad ay nagbigay ng ulat tungkol sayo. Inutusan ko ang alagad na iyon na manglinlang at mag-akay ng maraming tao sa impyerno. Gayon pa man ay bumalik siya ng bigo. Nang tanungin ko siya kung bakit siya nabigo ay sinabi niya, “Aking hari, ikaw na mismo ang tumingin para malaman mo kung bakit mahirap. Sa una ay naisip ko na madali kong maaakay ang mga tao na magpakamatay. Gayon pa man, ang panalangin ng mga Kristiyano ay napaka-makapangyarihan.” “Ano ang sinasabi mo? Pinagalitan ko ang alagad. Kailangan kong patunayan ang kanyang pahayag. Totoo iyon. Imposibleng malabanan ang panalangin.”

Kahit tinakot kami at ginalitan ng dragon ay ligtas pa rin kami dahil sa proteksyon ni Hesus. Sumigaw ang dyablo ng bulgar at winika niya, **“Nahadlangan ako.”** Sumagot si Hesus sa halimaw, **“Nasaan ka sa tingin mo? Huwag kang maging bastos at marahas. Kapag hinawakan mo ang kahit isang tao sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church), ay parurusahan ka at mananagot ka sa Aking Ama.”** Nabagabag ang halimaw at siya ay biglang naglaho.

Nagsalita ang Panginoong Hesus at winika Niya, **“Sinubukan ng dragon sa impyerno na linlangin kayo bilang hari ng masasamang espirito. Ito ang unang pagpapakita ng halimaw na iyon. Palagi niyang ipinapadala ang kanyang mga nakabababang alagad sa lupa upang gawin ang kanyang utos. Magdasal kayo ng masigasig at walang humpay. Palagi kayong mag-ingat at huwag kayong mangamba dahil ipagtatanggol kayo ng Tatlong Personang Diyos.”**

### **ANG PANGANGARAL NG MAY TAPANG AT PANANALIG**

**Pastor Kim, Yong-doo:** Ngayon ay martes ng gabi at ang temperatura ay pitong digri na mababa sa sero. Malamig ang hangin at mararamdaman na parang labin-limang digri na mababa sa sero. Ang hangin ay bumabayo. Kapag tumama ang hangin sa balat ay para iyong matalim na kutsilyo. Sa kabila ng kundisyon ng panahon, sina Haak-sung, Yoo-kyung, Joseph at Joo-eun ay lumabas upang mangaral.

Bago umalis ang apat upang mangaral, inihanda nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng masigasig na pagdarasal sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pinahiran sila ng Panginoon ng banal na apoy. Siniguro din nila na nakasuot sila ng makapal na damit bago sila makipagsapalaran sa labas. Ang isa sa apat na kabataan ay may kulugo sa ilalim ng kanyang paa at hindi siya makapaglakad ng maayos. Gayon pa man ay itinalaga niya ang kanyang sarili sa pangangaral.

Kahit hindi ipinag-uutos na mangaral sa masamang panahon, ginagawa iyon ng apat dahil sa pasasalamat nila sa grasya ng Diyos. Ang apat ay nag-usap at nag-plano kung paano magiging matagumpay at epektibo ang kanilang pangangaral ng salita ng Diyos. Alam nila na may malaking gantimpalang naghihintay sa kanila dahil sa kanilang walang kapagurang paggawa ng gawain ng Diyos. Kahit malamig ang panahon at ang hininga ng bibig ay umuusok, ang apat ay lumabas upang makapanalo ng kaluluwa para sa Panginoon.

Ang apat na kabataan ay nahuling umuwi. Naisip ko na pagod na sila dahil sa malamig na panahon. Naisip ko na sasabihin nila na ngayon na ang huling pagkakataon. Subalit puno sila ng galak at puno sila ng Espiritu Santo. Masaya sila at hindi na makapaghintay na magkwento tungkol sa kanilang pagsisikap. Ang isa sa kabataan ay nagsalaysay na may nakasumpungan siyang kapatid na dating dumalo sa aming simbahan. Siya ang kapatid na araw-araw kong hinihimok na bumalik sa simbahan. Hindi na siya bumalik. Nang makita ng kapatid na iyon na nangangaral ang apat na kabataan sa lansangan at binigyan niya sila ng sampung dolyar upang makabili ng

sopas sa isang restawran. Humanga siya sa kanilang pagsisikap at sinabi niya na babalik siya sa simbahan.

Bumisita rin sila at nangaral sa isang ospital. May isa pang kapatid ang nakakita sa apat at binigyan din niya ang mga kabataan ng sampung dolyar. Humanga rin siya at sinabi, **“Salamat sa inyong walang kapagurang pagsusumikap kahit hindi maganda ang panahon.”** Inaliw niya ang mga kabataan sa kanyang mga sinabing magaganda. Sinabi sa akin ng apat na kabataan, **“Pastor, hindi namin alam na ang pangangaral pala ng Salita ng Diyos ay masaya.”** Kasama ng mga kabataan ang Panginoon nang mangaral sila buong araw.

Ang mga kabataan ay nanggaling sa mahirap na pamilya at mahirap ang kanilang kinagisnan. Ang iba sa kanila ay hindi pisikal na malusog. Gayon pa man, sa kabila ng kanilang kakulangan, ay masipag pa rin silang dumadalo sa panalanging pagpupulong. At sila ay lumalago sa grasya ng Diyos.

Nang gabing iyon, ang mga kabataan at ang simbahan ay nagpatuloy sa pagdarasal. Nagdesisyon ang mga kabataan na ibigay ang pera na natanggap nila bilang ikapu at bilang alay-pasasalamat sa Panginoon. Ang panalangin sa gabi ay nagpatuloy hanggang umaga. Bumisita sila sa langit. Ngayon ay buong-buo na nilang inalay ang kanilang sarili sa Panginoon at hindi na sila kailanman susuway sa kanilang pananampalataya at pagsunod. Sila ay kabilang sa hukbo ng Diyos.

# IKA-LABING ISANG ARAW

## 11

*“Ang mga sumasamapataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa Pangalan Ko’y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng ibang wika; 18 sila’y hindi maaano dumampot man ng ahas o uminom ng lason; at gagaling ang mga may sakit na mapatungan ng kanilang mga kamay.” Marcos 16:17-18*

**Kim, Joseph:** Nasaksihan ko ang ibang myembro ng kongregasyon na bumisita sa langit at impyerno. Nasaksihan ko na nakikipag-usap sila sa Panginoon. Ninanais ko rin na mamulat sa espirituwal. Nagdarasal ako ng masigasig araw-araw, at hinahangad ang espirituwal na pagkamulat. Araw-araw na ninanais at hinahangad iyon ng aking puso.

Nagdasal ako na magkaroon ng espirito ng pagsisisi nang sa ganoon ay makapagsisi ako ng lumuluha. Subalit wala kahit isang luha ang lumalabas. May mga kulugo sa ilalim ng aking paa, at araw-araw iyong masakit. Nahihirapan akong lumakad dahil hindi ko kayang tiisin ang sakit. Nang manalangin ako upang gumaling ay biglang naramdaman ko ang presensya ng Espiriuo Santo, at ang aking katawan ay uminit na parang nag-aapoy. Pagkatapos ay may naramdaman akong presensya sa aking harapan. Ang presensya ay napakaliwanag. Naramdaman ko na may humawak sa aking ulo at paa. Pagkatapos ng aking panalangin ay tinanong ko si Joo-eun kung may napansin siya habang ako ay nananalangin. Sinabi niya, **“Oo, niyayakap ka ni Hesus.”**

### ANG WALANG KATAPUSANG PAGLUSOB NG MASASAMANG ESPIRITO

**Kim, Joo-eun:** Nagdarasal ako sa ibat-ibang wika sa loob ng sampung minuto nang may nagpakitang masamang espirito. Ang masamang espirito ay may mga mata na halintulad sa gasuklay na buwan. Ang kulay ng kanyang mata ay itim at pula. Ang kanyang buhok ay gulo-gulo at marumi. Humagikhhik ang masamang espirito habang nakatitig siya sa akin. Sumigaw ako, **“Pinalayas namin ang hari ng masasamang espirito sa aming tahanan. Sino ka para isipin na karapat-dapat kang labanan? Ang nakabababang masamang espirito ay hindi malaking hamon. Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako.”** Umalis ang masamang espirito.

Nang magpatuloy akong magdasal ay may isa na namang masamang espirito na anyong mata ng dragon ang lumapit sa akin. Sa una ay nagulat ako at natakot; gayon pa man, ay nagawa kong pakalmahin ang aking sarili. Sumigaw ako, **“Ikaw ay hindi isang hamon. Lubayan mo ako sa Pangalan ni Hesus!”** Umalis siya.

Ang de-kuryenteng piano ay tumutugtog ng awit na **“Bautismo sa Espiritu Santo.”** Iyon ay mabilis na awit. Habang tumutugtog ay itinaas ko ang aking kamay at umawit ako. Nagdasal rin ako sa ibat-ibang wika, at naramdaman ko ang presensya at kapangyarihan ng Espiritu Santo. Naramdaman ko ang banal na apoy sa ilalim ng aking paa na umaakyat hanggang sa tuktok ng aking ulo. Habang umaakyat ang banal na apoy ay narinig ko ang apoy na umugong. Pakiramdam ko ay parang bolang apoy ang

aking katawan. Ang loob ng silid ay malamig at hindi binuksan ang pangpainit, subalit ako ay parang nasusunog. Nahihirapan rin akong huminga.

Habang taimtim akong nagdarasal, ay may maliwanag na ilaw sa aking harapan, at sa harap ng liwanag na iyon ay nakatayo si Hesus. Tinatawag Niya ang aking pangalan. Sa marahang tinig ay tinawag Niya ako, “**Joo-eun, mahal Kita. Magdasal ka ng walang humpay, magdasal ka ng masigasig, magdasal ka ng buong puso. Huwag kang titigil.**” Naramdaman ko ang init at nakita ko si Hesus ng malinaw.

Ah, alam ko na kung bakit sinabihan ako ni Hesus na itaas ang aking kamay. Mas nakikita ko si Hesus ng mabuti. Sinabi ko sa Kanya, “**Wow! Nakikita na po Kita ng mabuti Panginoon. Salamat po.**” Habang tuwang-tuwa ako, ang likod ng aking buhok ay lumipad na parang hinangin iyon. Mabuti ang aking pakiramdam. Sandali akong huminto sa pagdadasal upang lasapin ang saya nang may biglang nagpakitang masamang espiritu. Ang masamang espiritu ay may tatlong ulo, at may sungay iyon sa gilid ng mga ulo. Mas maitim pa sa kadiliman ang masamang espiritu. Ang masamang espiritu ay nakasuot ng maskara at ang kanyang pakpak ay halintulad sa paniki. Sinubukan niyang takutin ako ng hampasin niya ang sahig. Gayon pa man, ay sumigaw ako, “**Hindi ka isang hamon para sa akin. Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako.**” Pagkatapos ay nagpatuloy ako sa pagdadasal sa ibat-ibang wika.

**Lee, Haak-sung:** Habang nagdarasal ang kongregasyon, may naramdaman akong kidlat na tumama sa akin at may pumasok na banal na apoy sa aking katawan. Ang banal na apoy ang nagpapainit sa lugar. Hindi ko kakayanin iyon kung ako ay nakasuot ng makapal na damit. Dati ay nagsusuot ako ng dyaket at tsaleko. Ngayon ay nakasuot na lang ako ng kamiseta sa aming panalanging pagpupulong.

Habang lumalalim ang aking panalangin ay isa-isa namang sumulpot ang masasamang espiritu. Pagkatapos ay may tatlong masasamang espiritu ang nagpakita nang sabay-sabay. Sila ay may kakaibang katangian. Sa tuwing ginagamit ko ang Pangalan ng Panginoon ay umaalis ang masasamang espiritu. Pagkatapos ay dumating si Hesus at inaliw ako.

**Lee, Yoo-kyung:** Habang ako ay nagdarasal sa ibat-ibang wika ay may masamang espiritu na may mahabang pilik-mata ang nagpakita sa akin. Siya ay umiiyak. Nagmakaawa siya sa akin na pakinggan ang kanyang sasabihin. “**Napakalamig. Nilalamig ako. May paraan ba para mapainit ako? Pakiusap?**” Sumagot ako, “**Maruming espiritu, sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako!**” Pagkatapos ay may isa na namang masamang epiritu ang nagpakita. Siya ay may malaking tainga na katulad ng sa buriko at may pakpak ng paniki. Patuloy niyang ipinagaspas ang kanyang pakpak. Ang mata ng masamang espiritu ay nakaumbok na katulad ng sa palaka, at ang kanyang pangil ay katulad ng kay Dracula. Ang kanyang katawan ay nababalutan ng dugo. Siya ay may mahaba at matalim na kuko at may tatlong daliri sa bawat kamay. Sinubukan ng masamang espiritu na takutin ako sa pamamagitan ng pagsaksak ng kanyang kuko sa akin. Natakot ako, “**Hesus, tulungan Mo ako.**” Pagkatapos ay sumigaw ako, “**Masamang espiritu, sa Pangalan ni Hesus, maglaho ka!**”

Hindi nagtagal ay may nagpakita na namang masamang espiritu. Siya ay napakapangit at kakaiba; gayon pa man, may isa lang siyang tainga at puti lang ang kanyang mata. Nakakatakot siya. Kinilabutan ang aking buong katawan. Umiyak ako. Nagpakita si Hesus at Kanyang mga anghel, at ang masamang espiritu ay umalis. Inaliw ako ni Hesus ng Kanyang tinig.

## **MASAYA AT PUNO NG PAG-ASA NA MAKATAGPO ANG PANGINOON**

Hawak ng Panginoon ang aking kamay at kinausap Niya ako sa marahang tinig, “Yoo-kyung, huwag kang matakot. Kasama mo Ako kahit nasaan ka; kaya huwag kang matakot.” Sinabi pa Niya, “Bakit ka umiiyak? Huwag kang matakot sa masasamang espiritu. Ipagtatanggol kita.”

Pinisil ng Panginoon ang aking kamay at sinabi Niya na kailangan naming pumunta sa langit nang magkasama. Lumapit si Hesus at niyakap ako ng mahigpit. Naramdaman ko ang init ng Kanyang kandungan. Nais kong palaging makasama si Hesus magpakailanman.

Sinabihan ako ni Hesus na maghintay at Siya ay babalik rin. Bumalik Siya na may dalang magandang tupa. Ang balahibo niyon ay kulot. Ang munting tupa ay umiyak, “Baa.” Ang balahibo ng tupa ay malago at maganda.

Masayang makatagpo ang Panginoon. Palagi akong puno ng pag-asa. Winika ni Hesus, “Yoo-kyung, ngayon ay kailangan Ko nang bumalik.” Sumagot ako, “Hesus, mahal po Kita.” Inihayag ko ang puso ko sa Kanya. Inihayag rin ni Hesus ang puso Niya sa akin, “Oo, mahal rin kita.” At pagkatapos ay inihatid na Niya ako sa simbahan.

## **ANG TAHANAN NI HESUS SA LANGIT**

Baek, Bong-Nyo: Habang ako ay marubdob na nagdadasal sa ibat-ibang wika ay lumapit si Hesus sa akin. Tinawag Niya ako, “Bong-Nyo, nais mo bang pumunta sa langit?” Masaya akong sumagot ng, “Opo, Panginoon!” Hindi kayang maipaliwanag sa salita ang tanawin sa langit. Sinabi sa akin ng Panginoon, “Labis ang iyong pag-iyak nang makita mo ang iyong magulang na pinahihirapan sa impyerno. Kaya naman, ay dinala Kita sa langit upang aliwin ka at pawiin ang iyong mga luha. Huwag ka nang umiyak. Maging matapang ka.” Natuwa ako at nabuhayan ng loob.

## **ANG KATANGIAN NG DIYOS AT NG TATLONG PERSONANG DIYOS**

Habang ako ay nagdadasal sa ibat-ibang wika ay nakarinig ako ng kahanga-hangang tunog. Napakalakas niyon. Hindi ko matiyak kung saan nanggagaling ang musika. Pagkaraka ay dumating ang Espiritu Santo mula sa paligid kung saan nakatayo ang Panginoong Hesus. Nang dumating ang Espiritu Santo ay tumayo Siya sa harap ng trono ng Ama. Ang kamahalan at kaluwalhatian ng Ama ay dakila at hindi ko kayang iangat ang aking ulo. Yumuko ako sa Kanya. Ang katangian ng Ama ay hindi maipaliwanag.



Ang Kanyang kamahalan ay higit pa sa dakila. Sinubukan kong iangat ang aking ulo upang sulyapan ang Ama, ngunit ang liwanag ang pumipigil sa akin upang makita Siya.

Ang Amang Diyos ay liwanag, at hindi kayang maunawaan o mailarawan ng limitadong isip ang Kanyang kaluwalhatian. Sa nasabing iyon, ang imahe ng Diyos ay halintulad sa tao. Ang kalakhan ng Amang Diyos ang sumasakop sa taas at lalim ng langit. Ang Kanyang trono ay sumasakop sa dulo ng langit mula silangan hanggang kanluran. May mga ulap na umaaligid sa itaas ng trono ng Amang Diyos. May napakaliwanag na ilaw na mas maliwanag pa sa araw.

Pakiramdam ko ay isa lang akong alikabok habang nakatayo sa harap ng Diyos. Naisip ko sa aking sarili na ang Espiritu Santo ay parang anino, katulad ng anino na sumusunod sa tao kapag araw. Ang Espiritu Santo ay mahamog at malabo sa aking paningin. Siya ay mas mabilis pa kaysa sa bilis ng liwanag, na sumusulpot at nawawala ng bigla. Ang Kanyang tinig ay mahinahon at malumanay. Wala akong intensyon na tumingin sa Kanyang mga mata, ngunit nakita ko iyon.

Ang iniisip ng Tatlong Personang Diyos ay nagkakatugma. Hindi nagtagal ay winika ng Panginoon, **“Bong-nyo, bumisita tayo sa impyerno.”** Hinawakan Niya ang aking kamay upang gabayan ako. Natatakot akong bumalik sa impyerno. Kapag naiisip ko na makikita ko ang aking mga magulang ay labis akong natatakot. Nagmatigas ako, **“Nakakatakot ang impyerno. Hindi po, ayaw kong pumunta.”** Sumagot ang Panginoon, **“Huwag kang mag-alala. Hindi Ko ipapakita sa iyo ang iyong magulang.”** Sinabi Niya iyon ng marahan at nakangiti.

## **ANG KULUPON NG MGA INSEKTO SA IMPYERNO**

Nagtungo kami ng Panginoon sa impyerno. Kami ay nasa harap ng malaking bato na kasing sukat ng bundok. Ang bato ay nababalutan ng palumpong ng matatalim na tinik. May mga kulupon ng nakakalasong insekto at uod. Nasaksihan ko ang napakaraming tao. Imposible para sa akin na maarok ang tumpak na bilang. Ang mga tao ay nakagapos sa bato at ang kanilang mga kamay at paa ay nakabuka. Sa una, ay normal silang tingnan. Silang lahat ay mga normal na tao. Gayon pa man, ang kanilang katawan ay nasira nang lamunin ng mga uod at nakakalasong insekto ang kanilang laman hanggang sa mga buto nalang ang natira.

Wala pa akong nakitang ganoong uri ng uod at nakakalasong insekto. Ang ibang uod ay may puting buhok sa kanilang katawan na katulad ng katerpilar. Ang mga mata ng insekto ay nagniningning na parang kidlat. Ang mga nakakatakot na insekto ay gumagapang at bumabalot sa bato. Ang masa ng mga insekto na may puting buhok sa kanilang katawan ang nagpaputi sa bundok. Walang katapusan ang bilang ng mga uod at insekto. Kumakagat sila sa balat ng mga tao. Kapag gumalaw ang mga tao ay walang awang pipilasin ng mga insekto ang kanilang balat. Nagsisikap ang mga tao na manatili at huwag gumalaw, ngunit nang gumapang na ang mga insekto sa kanilang katawan ay nawalang saysay ang kanilang pagsisikap. Nang gumalaw ang mga tao, ay



dumikit ang mga uod sa kanilang laman at kinagat nila ang laman hanggang sa makapasok sa buto.

Ang mga tao ay umiyak at sumumpa habang nakikipaglaban nang bahagya. Nang makipaglaban at magmatigas sila ay mas lalo silang nilamon ng mga uod. Muling sinubukan ng mga kaluluwa na huwag gumalaw, subalit wala iyong saysay. Kinakain ng mga insekto ang kanilang laman hanggang sa buto. Ang mga tao ay naging kalansay. Lyon ay nakakatakot na tanawin. Ayaw ko nang masaksihan pa ang pagpatay na iyon. Nakiusap ako sa Panginoon, **“Labis-labis po ito para sa akin. Nakarimirim. Ayaw ko nang makita pa ito. Nais ko pong pumunta sa ibang lugar.”** Dinala Niya ako sa ibang lugar sa impyerno.

Pumasok kami sa madilim na lagusan. Nabalisa ako dahil hindi ako makakita sa dilim. Hinawakan ko ng mahigpit ang kamay ng Panginoon. Takot na takot ako. Habang naglalakad kami ay may maliliit na apoy ang biglang sumabog sa hangin. May mga taong nakasuot ng puti. Habang dumadaan kami ng Panginoon ay naging kulay itim ang kanilang puting kasuotan.

Nakarating kami sa kweba na may itim na pintuan. Binuksan ng Panginoon ang pintuan. Naririnig ko ang mga tao na sumisigaw. Ang ingay ng kanilang sigaw ay napakalakas. Naalala ko sa kanilang sigaw ang mga hayop na umaalulong sa gabi. Ang tunog niyon ay katulad ng iyak ng soro at lobo. Umiiyak sila ng, **“Ah, hindi ito makatarungan. Pinahihirapan ako.”** Ang kanilang iyak ay mas lumakas. Ang tunog niyon ay parang mga tigre na nag-aangilan.

Nagulat ako at natakot. Hindi ko kayang magpatuloy pa. Habang nakatayo ako sa harap ng itim na pintuan, ay may napansin akong demonyo na nakatayo at nakabantay. Kinausap ako ng demonyo, **“Nakarating ka hanggang dito. Bakit hindi ka pumasok? Sige na, pumasok ka na sa loob ng kweba.”** Sumagot ako, **“Ikaw ay isang demonyo. Kayong mga demonyo ay nanlilinlang at nagdadala sa mga tao sa sakit. At kapag naligaw na sila ay nawawalan sila ng pag-asa at napupunta sa kadiliman. Hindi ako papasok sa kweba.”** Tumingin ako kay Hesus at sinabi ko sa Kanya, **“Hesus, natatakot po ako. Pakiusap, umalis na po tayo dito.”** Winika ni Hesus, **“Huwag kang mag-alala.”** Ikinaway ng Panginoon ang Kanyang kamay at naging alikabok ang demonyo.

## **HUMARANG ANG PANGKAT NG MGA DEMONYO SA DAAN PATUNGONG SIMBAHAN**

Winika ni Hesus, **“Sapat na ito, umalis na tayo sa lugar na ito.”** Ibinalik ako ni Hesus sa langit at nang makarating na kami ay inutusan Niya ang isa sa mga anghel na ihatid ako pabalik sa lupa. Habang papauwi kami sa lupa, ay may kulupon ng masasamang espirito ang humabol sa amin. Ang masasamang espirito ay napaka-pangit at nakakatakot. Kahit mabilis na lumilipad ang anghel na kasama ko, ay kasing bilis din niyang lumipad ang masasamang espirito. Ang isa ay mukhang dragon na may pakpak sa likod. Mayroon ring halintulad sa ahas at mayroon din na ang ulo ay sa palaka. Ang huli ay may ulo ng tao, at pinagtatawanan niya ako habang hinahabol niya kami.

Pagkatapos ay nakita ko na nahati ang ulo ng masamang espirito mula noo hanggang baba. Nang mahati ang ulo, ay napansin ko na nahati ang mukha upang maging bibig. Ang labi ay mapula, at may mga ngipin na katulad ng sa pating. Panay ang bukas at sara ng bibig.

Natakot ako kaya tinanong ko ang anghel, **“Maaari pa ba nating bilisan?”** Ang masasamang espirito ay nauuna na sa amin at haharangan nila kami pabalik sa simbahan. Ang ibang masasamang espirito na dating nasa likod namin ay nauna na rin at humarang sa aming daan. Lahat sila ay handang sumalakay.

Sa sandaling iyon ay naalala ko ang nakaraang sermon ng pastor. Ang sermon ay tumalakay tungkol sa labanan sa langit sa pagitan ng mga anghel at masasamang espirito. Habang inihahatid ng mga anghel ang katugunan sa panalangin mula sa trono ng Diyos, ay pinigilan sila at hinadlangan ng masasamang espirito.

***“Sinabi pa niya sa akin, “Huwag kang matakot pagkat mula pa ng ilagak mo sa Diyos ang iyong isipan, at magpakababa sa kanyang paningin, dininig na ang iyong dalangin. Naparito nga ako taglay ang katugunan 13 ngunit napigilan ako ng kaharian ng Persia pagkat dalawampu’t isang araw muna akong nakipaglaban sa anghel na bantay roon. Nang makita ni Miguel, isa sa mga pinuno ng mga anghel, na ako’y nakikipaglaban, sinakloloan niya ako. Iniwan ko siya roon.”***  
***Daniel 10:12-13***

Ang unang masamang espirito na humarang sa aking daan ay ang espirito na may ulo ng tao. Natakot ako at nagulat nang buksan ng masamang espirito ang kanyang bibig. Sumigaw ang anghel, **“Panginoon, pakiusap, pumarito Ka po ngayon.”** Nang sumigaw ang anghel ay dumating ang Panginoon sa aming harapan. Sa pamamagitan ng malakas at makapangyarihan Niyang tinig ay pinaalis Niya ang masasamang espirito. **“Sino kayo upang lumusob sa Aking anak? Umalis na kayo, ngayon din!”** Sa isang segundo ay naglaho na ang masasamang espirito.

## **ANG AMING SIMBAHAN AT ANG BUONG KONGREGASYON AY NAGING BOLANG APOY**

Nang makabalik ako sa simbahan ay nagsimula akong magdasal sa ibat-ibang wika. Dumaan ang Espiritu Santo na may banal na apoy sa kongregasyon. Napakalamig ng panahon. Madaling araw, at mas lalong lumamig dahil sa hangin.

Napakalamig sa loob ng simbahan at nahihirapan kaming itaas ang aming mga kamay sa pagdarasal. Pakiramdam namin ay nagyeyelo ang aming mga kamay. Gayon pa man, kahit ganoon ang kondisyon, nagpatuloy pa rin kami sa pagdarasal. Habang nagdarasal kami ay pinawisan kami at uminit ang aming katawan. Kailangan naming alisin ang aming makakapal na dyaket. Patuloy kaming pinapahiran ng banal na apoy ng Espiritu Santo. Ang apoy ng Espiritu Santo ay dumalayday sa aking puso, ulo, kamay, at sa iba pang bahagi ng katawan. Nang matapos ang aming panalanging pagpupulong ay napansin namin na ika-pito na ng umaga at kami ay nanalangin sa loob ng labing-apat na oras.

## IKA-LABINDALAWANG ARAW

### 12

*21 "Kapag ang isang taong malakas ay nagbabantay sa kanyang bahay na dala ang kanyang mga sandata, ligtas ang kanyang mga ari-arian. 22 Ngunit kung salakayin siya ng isang taong higit na malakas kaysa kanya, sasamsamin nito ang mga sandatang kanyang inaasahan at ipamamahagi nito ang mga inagaw na ari-arian. 23 "Ang hindi ko kakampi ay kalaban ko, at ang hindi ko kasamang nag-iipon ay nagkakalat." Lukas 11:21-23*

**Pastor Kim, Yong-doo:** Ang apat na kabataan na sina Joseph, Haak-sung, Yoo-kyung at Joo-eun ay umalis upang mangaral kahit malamig ang panahon. Naisalaysay ni Joseph na nangaral siya sa isang Budistang monghe. Sinabihan niya ang Budistang monghe ng, "Maniwala ka kay Hesus at makakapasok ka sa langit. Kung patuloy kang mamumuhay bilang isang Budistang monghe ay mapupunta ka sa impyerno." Pagkatapos niyang sabihin iyon ay mapagmataas siyang sumigaw, "Ikaw ay isang estudyante sa Korea. Hindi mo ba alam ang sarili mong kasaysayan? Ang Kristiyanismo ay naitatag sa korea isang daang taon ang nakakalipas, subalit ang Budismo ay nasa Korea na sa loob ng ilang libong taon. Huwag kang mawalang-galang sa iyong mga ninuno." Gayon pa man, ay nagpatuloy si Joseph sa pangangaral, "Maniwala ka kay Hesus. Siya ang nag-iisang daan patungo sa langit. Pakiusap, maniwala ka kay Hesus upang maligtas." Nang matapos na si Joseph sa pangangaral ay galit na sumagot ang monghe, "Wala ka bang takot o respeto? Umalis ka na at mag-aral tungkol sa kasaysayan ng Korea at Budismo. Umalis ka at alamin mo kung ano ba ang tamang kaalaman at pananampalataya." Umalis ang monghe na nayayamot.

Si Joseph ay medyo matigas ang ulo at patuloy siyang sumunod at nangaral sa monghe. Kahit ayaw tanggapin ng monghe ang mensahe ni Joseph, pakiramdam niya na nagtagumpay siya sa kanyang misyon. Ang apat na kabataan ay bumalik sa simbahan at ang kanilang mga kamay ay namumula dahil sa lamig. Isinalaysay ng mga kabataan na sila ay nangaral ng mahigit sa apat na oras pero hindi pa rin sila nasisiyahan sa kanilang misyon. Naglakad sila sa maraming lugar at nangaral sa mga palengke, ospital, at sa mga kalakalan. Patuloy silang nangangaral araw-araw.

### ANG DYABLO AY NAGPANGGAP NA HUWAD NA ANGHEL NG PANGINOON AT HUWAD NA HESUS

**Sister Baek, Bong-nyo:** Nagdarasal ako sa ibat-ibang wika at makalipas ang tatlong minuto ay may nakita akong limang anghel na lumilipad patungo sa akin. Nagpasya akong subukin ang mga anghel upang malaman kung sila ay mga anghel at hindi masamang espiritu. Nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika hanggang sa lumapit sila sa akin. Nang lumapit sila ay nakita ko ang kanilang magiliw na ngiti.

Patuloy na ngumiti ang mga anghel at ipinakilala nila ang kanilang sarili bilang kaibigan habang ako ay patuloy na nagdarasal sa ibat-ibang wika. Inakala ko na ang aking pagdarasal ng masigasig sa ibat-ibang wika ang magpapatunay na ang mga anghel ay kaibigan. Subalit, sa loob lamang na maikling oras ay naging itim ang kanilang puting kasuotan at ang kanilang pakpak ay naglaho. Habang gumagalaw sila, ang kanilang katawan ay namimilipit at bumabaluktot. Nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika ng malakas at sila ay natumba sa sahig ng simbahan. Ang ingay ng kanilang pagbagsak ay mabigat. Talagang ang biyayang espirituwal na pagdarasal sa ibat-ibang wika ay makapangyarihan at kahanga-hanga.

Hindi ko alam na malakas pala ang pagdarasal sa ibat-ibang wika. Naisip ko sa aking sarili, **“Anong gagawin ko upang magbunga para sa kaharian ng Diyos?”** Ako ay naging Kristiyano sa loob pa lang ng dalawang buwan. Sinubukan kong pahinahunin ang aking sarili subalit patuloy pa rin ang pagdating ng masasamang espiritu sa aking harapan. Kahalintulad nila ang mga halimaw sa mga palabas sa telebisyon. May napakaraming kakila-kilabot na nilalang na mas nakakatakot kumpara sa ibang espiritong nakita ko na dati. Kahit gaano sila kadami ay pinaalis ko sila isa-isa sa pangalan ni Hesus. Lahat sila ay nagsitakbuan. Habang pinapaalis ko ang masasamang espiritu ay dumating si Hesus at sinabi Niya, **“Bong-nyo, Ako ang iyong Panginoon. Magtiwala ka sa Akin.”** Subalit ang kanyang boses ay naging kakila-kilabot at ang kanyang ugali ay naging kakaiba. Kailanman ay hindi pa sa akin sinabi ng Panginoon ang, **“Ako ang Panginoon.”** Sa tuwing dumadating Siya, ay dumadating Siya ng marahan at tahimik. Masaya at payapa ang aking puso sa Kanyang presensya. Ngunit sa pagkakataong ito ay natatakot ako at nababagabag. Bukod doon, pakiramdam ko ay tumitindig ang mga buhok ko sa ulo. Naisip ko, **“Ah, marahil ay isa itong masamang espiritu na nagpapanggap bilang huwad na Panginoon.”** Buong pananalig akong sumigaw ng, **“Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako!”**

Nang utusan ko ang masamang espiritu na lumayo, ang espiritu ay nagbago ng anyo at naging nakakatakot na hayop. Hindi ko maipaliwanag kung anong uri ng hayop siya. Hindi pa ako nakakita ng ganoong uri ng hayop. May mata siya sa loob ng kanyang mata at walang katapusan iyon. Ang mga kamay ng hayop ay hugis kawit. Sinubukan niyang lumusob at kakalmutin niya ako ng kanyang pangkawit. Nang itatarak na niya ang kanyang kawit ay natakot ako at sumigaw sa Pangalan ni Hesus ng maraming beses. Nagmatigas siya, ngunit pagkatapos ng ilang sigaw ay umalis din siya.

### **ANG MASAMANG ESPIRITU AY NAGPANGGAP BILANG ISANG MAGANDANG BABAE**

Hindi ko naisip ang susunod na anyo ng masamang espiritu. Napakaganda niya. Naisip ko sa aking sarili, **“Paanong naging ganoon kaganda ang isang babae?”** Ang masamang espiritong ito ay mas maganda kaysa sa kahit na sinong babae sa buong mundo. Siya ay makabago at sanay sa kamunduhan. Siya ay balingkinitan at maganda ang katawan. Ang babae ay nakasuot ng pang-negosyanteng kasuotan. Naglakad siya na parang modelo at marahang lumapit sa akin. Yumuko siya upang batiin ako. Sinabi niya, **“Gaano ka na katagal dumadalo sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church)?”**

Hindi ko pinansin ang kanyang tanong at nagpatuloy lang ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika. Habang nagdarasal ako ay lumuhod ang masamang espiritu sa aking tabi.

Kahit siya ay elegante at katangi-tangi ay kinilabutan ang aking buong katawan. Nang yumuko siya sa akin, ang kanyang mukha ay nahati mula sa noo hanggang sa kanyang baba. Ang magandang mukha ay naging katakot-takot. Ang kanyang labi ay nabiyak at ang itaas na labi ay tumiklop ng pabalik-balik habang bumubukas at sumasara ang kanyang bibig. Nagtaka ako kung paanong nakakapagsalita pa rin ang masamang espiritu kahit ang kanyang bibig ay nasira na.

Sumigaw ang masamang espiritu, **“Sige, magpatuloy ka lang sa pagdarasal. Hindi iyan magiging madali. Hindi ako kaagad aalis.”** Sa loob ng nabiyak na mukha ay may kakilabot na mga ngipin. Ang ngipin ay kasing talas ng lagari. At ang itaas at ibabang ngipin ay nagkakagatan. Sila ay halintulad ng nakita ko kahapon. Ang kanyang panggugulo ay hindi makakapigil sa aking pagdarasal. Gayon pa man, ay hindi umalis ang masamang espiritu. Napansin ko na dumating ang Panginoon at nagsalita Siya, **“Bong-nyo, huwag kang titigil sa pagdarasal. Maging masipag ka sa pagdarasal. Papaalisin Ko at pipigilan ang masamang espiritu.”** Kaya naman nagdasal ako ng mas taimtim. Pagkaraka, ang masamang espiritu ay lumipad sa hangin at bumalik sa pagiging magandang dalaga. Ngayon ay nakasuot naman siya ng bestidang pangkasal at magandang sapatos na may disenyong bulaklak. Napakaganda niya. Bumaba ang babae sa akin at ikinurap niya ang kanyang malaki at bilugang mata.

Bumulong ang Panginoon sa aking tainga at sinabi, **“Magpatuloy ka sa pagdarasal at tingnan mo kung paano magbabago ng anyo ang magandang babae at magiging pangit na espiritu.”** Nagpatuloy ako sa pagdarasal at sinunod ko ang utos ng Panginoon.

## **ANG NAKAKATUWANG SERMON NG PASTOR**

Ang sermon ng pastor ay nakakatuwa at kaaya-aya. Kahit nagsimula ng umaga ang sermon, ay pakiramdam namin ay hindi iyon mahaba. Ang pangangaral ng pastor ay makapangyarihan, malusog at kaaliw-aliw. Winika ng pastor, **“Oh, umiinit na.”** Sinabi iyon ng pastor habang siya ay tumatalon-talon at nangangaral. At saka, nakakatawa ang pangangaral ng pastor.

Ang pastor ay may talento sa panggagaya ng kahit na sino. Minaliit ng pastor ang kanyang sarili at sinabi niya, **“Nalagas ang aking buhok dahil sa tag-tuyot, kahit na damo ay hindi na tutubo sa aking ulo. Ang aking ulo ay nakausli at hindi kaakit-akit tingnan. Ano ang aking gagawin?”** Ginaya ng pastor ang mukhang tila luluha. Dahil sa nakakatawang pakunwari ng pastor, tumatawa kaming lahat at halos mahulog na kami sa aming mga upuan.

Dahil hindi pa espirituwal na mulat ang pastor, hindi niya nakikita ang nangyayari. Masayang-masaya ang pastor at kumilos na parang isang bata. Nalulugod siya, at tumawa ng, **“Hee hee hee, Panginoon ko, pakiusap, hawakan Mo ang aking ulo**

hanggang sa nais Mo nang sa ganoon ay hindi ako maging kalbo.” Habang nangangaral ang pastor ay patakbo-takbo siya sa altar.

Nang matapos na ang sermon ay sinimulan na namin ang panalanging pagpupulong. Nang gabing iyon, habang nagdarasal ako ay dumating ang Panginoon at winika Niya, **“Bong-nyo, pumunta tayo sa langit.”** Hinawakan Niya ang aking kamay at nakarating kami sa langit. Kahit nasa langit si Hesus ay hindi Siya mapalagay para sa mga ligtas at hindi ligtas na kaluluwa. Ang kaya ko lang gawin upang malugod Siya ay ang maging masunurin sa pagdalo sa simbahan, magiliw na sumamba, at magdasal ng walang humpay.

### **ANG MUNDO NA UMIIKOT, ANG APAT NA PANAHON, AT ANG PAGBABAGO NG KLIMA**

Habang nakatayo ako sa harapan ng trono ng Ama kasama ang Panginoon, nakita ko ang napakatinding liwanag. Maselang ipinaliwanag ni Hesus kung paano pinamamahalaan ng Amang Diyos ang araw at gabi, at kung paano umiikot ang mundo (Genesis 1:16-18). Inutos ni Hesus na magmasid akong mabuti. Marami akong tanong at pag-aalinlangan sa aking isipan, ngunit mausisa ako sa aking nakita dahil ang aking kaalaman at kaisipan ay limitado.

Binigyan ako ng Panginoon ng maikli at simpleng paliwanag sa Tatlong Personang Diyos. **“Bong-nyo, makinig kang mabuti. Hindi kayang maunawaan ng mga tao sa mundo ang mataas na pamamaraan ng Diyos. Ang kanilang kakayahan ay limitado. Kapag ang mga santo ay namatay sa lupa, at pumunta sa langit, bibigyan sila ng kakayahan na maintindihang ganap. Subalit, mahirap para sa Akin na ipaliwanag saiyo nang sa gayon ay maunawaan mo ng tama. Makinig kang mabuti sa Aking ilalarawan sa iyo.”**

Nagpatuloy si Hesus sa pagpapaliwanag, **“Sa tuwing bubuksan at isasara ng Ama ang Kanyang mga mata, ay may kamangha-manghang liwanag na sumisikat sa lupa upang idikta ang panahon ng taglamig o tag-init. Ang Diyos ang namamahala sa lahat ng ito. (Awit 74:17). Bukod doon, ang Ama ang nag-plaplano ng lahat ng bagay na naaayon sa Kanyang kalooban, at bago Siya gumawa ng desisyon, iyon ay napag-isipang mabuti. Ang Ama ang nagpadala ng Kanyang Anak na si Hesus sa lupa at Siya ay naging laman upang magdusa at ipako sa krus upang iligtas ang buong sangkatauhan. Kaya naman, sinuman ang nais lumapit sa Ama, ang Anak ang nagbibigay ng pintuan. Ang Espiritu Santo ay Espiritu ng Diyos. Siya ay palaging kasama natin.”**

Habang nagpapaliwanag si Hesus ay nagpakita ang Espiritu Santo at tumayo sa harap ko. Nakipag-usap ako sa Espiritu Santo nang sabihin ni Hesus, **“Pumunta tayong muli sa impyerno.”** Nang hawakan Niya ang aking kamay ay nasa kadiliman na kami ng impyerno.

## ANG MGA MAKASALANAN SA DISTRITO NA MAY PULANG ILAW AY HUMARAP SA KALUPITAN

Dinala ako ng Panginoon sa impyerno at pagkatapos ay umalis Siya. Dahil wala si Hesus, mag-isa lang ako sa impyerno. Nanginig ako at natakot. Hindi ako mapalagay. Nasa impyerno man ako o wala, kapag hindi ko kasama si Hesus ay nababalisa ako. Habang naglalakad ako ay may nakita akong napakalaking bundok na kulay abo. Walang mga puno sa bundok na iyon. Ang bundok ay waring nasa malayo. May nakita akong mga pares ng bato, o parang mga banga sa bundok. Hindi mabilang ang pares ng bato sa bundok na iyon.

Nagtaka ako kaya lumapit ako sa bundok. Nang lumapit ako ay nakita ko na hindi iyon mga pares ng bato o banga kundi mga tao. Ang kanilang katawan ay nababalutan ng maliliit at puting kulisap. Kahit nasa kanilang katawan ang mga puting kulisap, hindi iyon inaalís ng mga tao. Marami pang mga puting kulisap ang umakyat sa kanilang katawan at pumasok sa kanilang balat, ilong, bibig at tainga. Nang pumasok ang mga kulisap ay pumangit ang mga tao at silang lahat ay naging kalansay. Ang napansin kong kakaiba ay hindi pumasok sa kanilang mga mata ang mga kulisap. Nang lumapit ako ay nakita ko na hindi na makapagsalita ang mga tao sa sobrang sakit.

Tinanong ko si Hesus, **“Panginoon, bakit po malupit na pinahihirapan ang mga taong ito?”** Winika ni Hesus, **“Ang mga babae sa lugar na ito ay ang mga nagbenta ng kanilang katawan. Ang mga lalaki naman ay ang mga nangalunya sa mga babae. Tumingin kang mabuti.”** Tumingin ako at nakita ko na ang kanilang mga kamay ay nakagapos. (Pahayag 22:15)

Napakainit at ako ay nahihirapan. Hindi ko na kaya pang tumagal. Napakainit at kailangan kong paypayan ang aking sarili. Subalit, nang nagpaypay ako ay mas lalo ko lang pinapaningas ang apoy. Pagkatapos ay itinulak ako sa harapan ng trono ng Ama. Nakita ko ang Tatlong Personang Diyos na nagtipon sa isang lugar. Winika ng Ama, **“Ang katawan ng tao ay limitado at mahina. Hindi natin dapat punuin ito ng labis na apoy.”** Kaya naman, hinawakan ako ni Hesus at naramdaman ko na bumaba ang temperatura ng aking katawan. Sumakit ang aking ulo dahil sa mataas na temperatura, ngunit mabilis nawala ang sakit nang hawakan ako ng Panginoon.

## ANG HINDI MABILANG NA PAGBISITA MULA SA DYABLO

**Lee, Haak-sung:** Habang ako ay marubdob na nagdarasal sa ibat-ibang wika, ay may nagpakitang malaking dragon. Si Joseph ay nagdarasal sa aking tabi. Ang dragon ay pangit at nakakatakot. May tatlong ulo ang dragon, at ang ulo niya sa gitna ay mas malaki kaysa sa dalawa. Ang katawan ng dragon ay napakalaki at naglakad siya patungo sa akin. Itutusok niya ang kanyang mga kuko.

Ang masamang espiritu na nakita ko ilang araw na ang nakalipas ay muling nagpakita sa akin. Natakot ako sa kanya. Sumigaw ako, **“Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako.”** At pagkatapos ay umalis na ang masamang espiritu.



Pagkatapos kong paalisin ang masamang espiritu ay nagpakita ang Panginoong Hesus at tinawag Niya ako, **“Haak-sung, mahal kita. Ang iyong pananampalataya ay lumago.”** Pagkatapos ay bumalik na si Hesus sa langit.

Walang tigil ang pagdating ng masasamang espiritu. Buong lakas akong nagdasal sa ibat-ibang wika. May isa na namang dragon ang nagpakita, ngunit ang isang ito ay hindi katulad ng iba. Ang dragon ay may tatlong ulo rin, subalit ang dalawang maliit na ulo ay anyong ahas. May masamang espiritu na may pakpak ng paniki ang lumipad. Takot na takot ako. Tinawag ko agad ang Pangalan ng Panginoon upang humingi ng tulong. **“Hesus, pakiusap, tulungan mo ako.”** Sumigaw ako. Dumating si Hesus na may hawak na tupa. Winika ni Hesus, **“Sino ka upang pumunta dito at magdala ng kaguluhan. Umalis ka.”** Nang mag-utos si Hesus ay umalis ang masasamang espiritu. Binantayan kami ni Hesus habang kami ay patuloy na nagdarasal.

Lumapit sa akin si Hesus at sinabi Niya, **“Haak-sung, ikaw at ang iba pang kabataan ay lumabas upang mangaral kahit malamig ang panahon. Nalulugod ako. Ang totoo niyan ay masaya ang aking puso dahil kayong apat ay masipag sa pangangaral.”** Pinuri Niya ang aming pagsusumikap.

**Kim, Joo-eun:** Habang ako ay nagdarasal ay nakita ko ang dyablo na lumalapit sa akin mula sa sulok ng silid. Siya ay nanggaling sa bandang kanan ko. Ang dyablo ay may katawan subalit hindi ko makitang mabuti ang itsura ng kanyang mukha. Ang malinaw lang ay ang kanyang hugis gasuklay na mata. Pinaalis ko siya sa Pangalan ni Hesus. Nang umalis na siya ay may malaking dragon ang nagpakita. Ang dragon ay may matatalas na kuko at maraming ulo ang nakadikit sa kanyang katawan. May halos ilang daang ulo. Binubuksan ng mga ulo ang kanilang bibig ng sabay-sabay. Nang buksan nila ang kanilang bibig ay may nakita akong matalas at mapanganib na mga ngipin. Sila ay gutom na gutom at handang lamunin ako.

Sa sandaling iyon ay narinig ko ang awit na, **“Bautismo sa Espiritu Santo.”** Ang awit ay nagmumula sa de-kuryenteng piyano. Ang piyano ay tumutugtog sa dating nakarekord na tugtog. Habang tumutugtog ang awit ay sumayaw ako sa ritmo at sumigaw ng, **“Marumi at pangit na Satanas. Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako.”** Nang matapos ako sa pagsigaw ay naglaho ang dragon. Gayon pa man, ay may pumalit na namang isang masamang espiritu. Ang isang ito ay nakakatawa. Ang masamang espiritu ay may maliit na katawan at malaking ulo. Ang malaking ulo ay may ibat-ibang laki ng mata. Ang mga mata ay naka-linya ng pa-zigzag. Ang masamang espiritu ay may pakpak na tulad ng sa agila na nakatiklop. Lumakad siya ng pasuray-suray. Sumigaw ako sa pangalan ni Hesus subalit hindi siya umalis. Muli akong sumigaw. Umalis siya sa pangatlo kong utos sa Pangalan ni Hesus.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika. Pagkalipas ng ilang oras ay dumating si Hesus at winika Niya, **“Joo-eun, mahal kita.”** Sinabi Niya iyon ng marahan at malambing. Natuwa ang aking puso at sumagot ako ng, **“Hesus, mahal na mahal po Kita.”** Sinabi ko iyon muli at ginamit ko ang aking mga kamay upang bumuo ng hugis



puso. Sinabi Niya habang tumatawa, **“Mahal rin kita.”** Nagtanong ako, **“Hesus, maaari po bang manatili ka dito kasama ko? Pakiusap, huwag kang aalis. Kung aalis ka ay muling babalik ang masasamang espiritu.”** Pumayag si Hesus na manatili.

Dumaan ang mga oras, at ang aking panalangin sa ibat-ibang wika ay naging maalab. Umalis ang Panginoon habang ako ay patuloy sa pagdarasal. May narinig akong nakakabulahaw na tunog. May dumating na grupo ng masasamang espiritu. Hindi pa ako nakakita ng ganoong uri ng espiritu dati. Wala silang katawan. At lahat sila ay hugis mata. May ibat-ibang sukat ng mata. Ang iba ay bilog, ang iba naman ay hugis tatsulok, at ang iba ay pahilis. Kahit wala silang bibig ay nakakapagsalita sila.

Nakatayo sila sa aking harapan at sumigaw silang lahat, **“Huwag kang magdasal. Gagambalain ka namin.”** Inulit-ulit nila iyon. Natakot ako at hindi ako komportable sa kanilang presensya. Kaya naman, sumigaw ako, **“Sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako!”** Subalit naroroon pa rin sila at nagsimula silang gumawa ng kakaibang ingay. Sa sandaling iyon ay bumalik ang Panginoon at sinabi Niya, **“Joo-eun, huwag kang titingin o makikinig sa kahit na ano maliban sa Akin.”** Habang kinakausap ako ng Panginoon ay tinakpan Niya ang aking tainga ng Kanyang mga kamay. Sinabi Niya, **“Joo-eun, maaari mo akong kausapin.”** Naghiwa-hiwalay ang masasamang espiritu dahil sa presensya ng Panginoon at hindi nagtagal ay umalis na rin sila.

**Lee, Yoo-kyung:** Habang ako ay nagdarasal sa ibat-ibang wika ay may masamang espiritu na may kakaibang ayos ng buhok ang nagpakita. Ang masamang espiritu ay walang katawan at siya ay ulo lang na may buhok sa gitna. Wala siyang buhok sa gilid ng kanyang ulo, at ang buhok niya sa gitna ay nakatali na parang ponytail. Nagsalita ang ulo, **“Gusto mo bang sumayaw tayo?”** Sumagot ako, **“Hindi. Maruming espiritu, sa Pangalan ni Hesus, lubayan mo ako.”** Pagkatapos ay umalis siya. Makalipas ang ilang oras ay may isa na namang masamang espiritu na putol ang dalawang kamay ang sumulpot. Sumayaw siya papalapit sa akin. Ang kanyang braso ay putol mula sa balikat at labis ang kanyang pagdurugo.

Ang dalawang putol na braso ay sumasayaw sa hangin. Iyon ay kakatuwang tanawin. Sumigaw ako, **“Umalis kayo sa Pangalan ni Hesus.”** At umalis na ang dalawang braso.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal ng maalab. Nagpakita ang Panginoon. **“Yoo-kyung, nais mo bang bumisita sa langit?”** Tuwang-tuwa akong sumagot ng, **“Opo, Panginoon.”**

## **ANG PAGLANGOY SA KARAGATAN SA LANGIT**

Ang kalawakan ay kamangha-mangha at napakaganda. Katulad ng dati, ang himpapawid sa langit ay kahanga-hanga. Hindi maipaliwanag ang tanawin. Nang makarating kami sa langit ay dinala ako ng Panginoon sa napakataas na lugar. Habang nagtatawanan kami ng Panginoon, ang anghel sa tabi ng Panginoon ay tumitig sa aking mukha. Tinanong ko ang anghel kung bakit siya nakatitig sa akin ng ganoon. Sumagot ang anghel, **“Nais ko lang na makita ka sa malapit.”** Nagtawanan kami.

Sinabi sa akin ni Hesus, **“Kahit malamig ang panahon ay matapat kang nangaral. Bibigyan Kita ng malaking gantimpala.”** Sumagot ako, **“Wala po akong ginawang mahalaga upang makatanggap ng gantimpala.”** Subalit winika ni Hesus, **“Hindi, mahusay ang iyong ginawa.”** Sumagot ako, **“Hindi, Panginoon, ang pangangaral ay aking trabaho. Hindi ako dapat parangalan sa dapat kong gawin.”** Humanga si Hesus sa isinagot ko at sinabi Niya, **“Okey, salamat Yoo-kyung. Napakalamig ng panahon. Siguraduhin mo na magsuot ng makapal na damit kapag lumabas ka upang mangaral.”** Nagagalak akong sumagot ng, **“Amen.”**

Iginalaw ng Panginoon ang aking kamay ng paikot. Sinabi ko sa Panginoon na nahihilo ako, at Siya ay masayang tumawa. Napatawa na rin ako. Ginabayan ako ni Hesus patungo sa karagatan sa langit. Napalundag ako sa galak at napasigaw ng, **“Wow! May karagatan sa langit na tulad ng sa lupa. Malinaw iyon na parang kristal at napakalawak. Panginoon, nakakakita ako sa tubig.”**

Sinabi Niya ng nakangiti, **“Oo, ito ang tanyag na karagatan na kasing linaw ng kristal. Hindi ka pa nakakakita ng karagatan na ganito kalinaw.”** Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at ginabayan Niya ako. Sumigaw ako, **“Panginoon, natatakot po ako sa tubig. Sa tingin ko po ay hindi ko kaya.”** Nang tumutol ako ay inaliw Niya ako, hinawakan ang aking mga kamay, at ginabayan patungo sa tubig.

Winika ng Panginoon, **“Yoo-kyung, huwag kang mag-alala. Kumapit ka lang sa aking kamay habang tayo ay lumalangoy.”** Lumangoy kami ng Panginoon. Sa una ay nasasaliwa ako at natatakot; gayon pa man, nang magpatuloy ako sa paglangoy ay naaliw ako. Lumangoy ako, nagtampisaw at nagwisik ng tubig nang may makita akong tupa na naglalakad. Kaagad na napunta ang Panginoon sa pampang at hinahaplos Niya ang tupa.

Kumaway si Hesus at sinabi, **“Yoo-kyung, pumarito ka at haplusin ang tupa.”** Nang haplusin ko ang tupa ay napansin ko na malambot at mahimulmol ang kanyang balahibo. Napakalambot niyon. Kinuha ko ang tupa at niyakap, ngunit sa tingin ko ay hindi siya komportable sa akin dahil umiyak siya ng hawakan ko. Sinabi sa akin ni Hesus, **“Yoo-kyung, sapat na ito para ngayong araw. Bumalik nalang tayo sa ibang araw.”** Sumagot ako ng, **“Panginoon, mahal kita.”** At sumagot naman ang Panginoon, **“Oo, alam Ko.”** Inihatid Niya ako pabalik sa aming simbahan sa lupa.

# IKA-LABINTATLONG ARAW

## 13

*“13 Nang dumating si Hesus sa lupain ng Cesarea ng Filipos, tinanong Niya ang kanyang mga alagad, “Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao? 14 At sumagot sila, “Ang sabi po ng ilan ay si Juan Bautista kayo. Sabi naman ng iba, si Elias kayo. At may nagsasabi pang si Jeremias kayo o isa sa mga propeta.” 15 “Kayo naman, ano ang sabi ninyo? Sino ako?” tanong Niya sa kanila. 16 Sumagot si Simon Pedro, “Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.” 17 Sinabi sa kanya ni Hesus, “Mapalad ka Simon na anak ni Jonas! Sapagkat ang katotohanang ito’y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Amang nasa langit. 18 At sinasabi Ko naman sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang Aking iglesia, at hindi makapananaig sa kanya kahit ang kapangyarihan ng kamatayan. 19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot sa langit.” Mateo 16:13-19*

Kim, Joo-eun: Ngayong araw, habang nangangaral, ay hiniling ng pastor sa kongregasyon na magkaroon kami ng konsentrasyon habang kami ay nagdarasal. Binati ng pastor si Meena, na limang taong gulang, “Meena, kapag nagdasal ka ay huwag mong bubuksan ang iyong mga mata. Itaas mo ang iyong mga kamay at magdasal ka sa ibat-ibang wika, dahil tayo ay magdadasal sa loob ng mahabang oras.” Sumagot si Meena, “Amen”.

Ang sermon ay mas magiliw kumpara sa ibang mga araw. Kahit pagod na kami, ay sinikap ng pastor na gisingin kami sa pamamagitan ng pagpapatawa. Tulad ko ay nasaksihan din ni Sister Baek, Bong-Nyo ang mga pangyayari.

### ANG PAGLUSOB NG MASASAMANG ESPIRITO

Sa oras ng panalangin, ang buong kongregasyon ay nagdasal sa ibat-ibang wika ng taimtim. Habang nagdarasal kami ay may masamang espiritu na hugis gasuklay na buwan ang muling nagpakita sa akin. Katulad ng dati, ang masamang espiritu ay walang katawan at siya ay nasa anyong gasuklay na buwan. Ang isa niyang mata ay hugis gasuklay na buwan at nakabaliktad naman ang talukap ng isa niyang mata. Kahit wala siyang katawan ay nakakapaglakad siya. Sa una ay walang bibig ang masamang espiritu, ngunit nagawa niyang punitin ang kanyang sarili upang magkabibig. Gamit ang kanyang bagong bibig ay tinakot niya ako sa pamamagitan ng pagsigaw. Buong kumpyansa ko siyang pinaalis sa Pangalan ni Hesus, “Maruming espiritu, lubayan mo ako!” Pagkatapos ay naglaho na siya.

Habang nagdarasal ako ay nakapunta ako sa madilim na lugar. Alam ko kaagad na iyon ay impyerno. Napakadilim ng lugar. Naramdaman ko na may malaking nilalang ang gumagalaw. Ilang sandali ang nakalipas ay nakita ko rin ang ibang nilalang sa aking paligid. Napansin ko ang maraming masasamang espiritu. Nakapalibot sila sa malaking

nilalang. Ang lugar ay kinakain ng apoy. Lumakas ang apoy at nagningas papaikot. Napakalaki ng lugar, at nakita ko ang apoy na kulay pula. Nababalisa ang malaking nilalang. Sumisigaw siya at nagpapalakad-lakad sa lahat ng dako. Gulong-gulo siya at hindi mapalagay.

Nakita ko ng malinaw ang malaking nilalang. Siya ay isang kalansay na may mahaba at puting buhok na abot hanggang balikat. Ang malaking nilalang ay lider ng ibang masasamang espiritu. Hindi mabilang ang masasamang espiritu. Naghihintay sila ng utos mula sa malaking nilalang na mag-uutos sa kanilang paglusob. Nang maibigay na ang utos ay lumipad sa hangin ang hindi mabilang na masasamang espiritu at nagpakita sila sa aming simbahan. Napakabilis nila at wala pa iyon isang segundo.

Lahat ng masasamang espiritu ay lumusob sa kongregasyon pati na rin kay Meena, na limang taong gulang na bata. Nang sumigaw si Meena sa ibat-ibang wika ng, **“Babaya!”**, ang masamang espiritu sa kanyang tabi ay natumba. Biglaan ang paglusob at naapektuhan kaming mga nagdadasal sa ibat-ibang wika. Gayon paman ay isa-isang natalo ang masasamang espiritu.

### **SI PASTOR KIM AY ESPIRITUWAL NA NAG-AAPOY—HINDI MAKALAPIT ANG MGA DYABLO SA KANYA**

Sumigaw ang demonyo at nag-utos, **“Makinig kayong lahat. Lusubin niyo si Pastor Kim. Kung ang lider ay matatalo ay madali na ring matatalo ang iba. Mga mangmang, ano pa ang hinihintay niyo? Lusubin niyo si Pastor Kim ng buong pwersa.”** sinabi niya. Pagkaraka, ay maraming masasamang espiritu mula sa loob at labas ng simbahan ang sumulpot at lumusob kay Pastor Kim. Subalit nakakagulat ang sumunod na pangyayari---ang masasamang espiritong lumusob ay nagsitumba. Natalo sila at lahat sila ay natakot sa biglang nangyari.

Nasorpresa ako sa nangyari at tiningnan ko ang pastor sa pagkamangha. Muli ay sinubukan ng masamang pwersa na lumusob, pero lahat sila ay nagapi. Nag-patuloy ang pagsalakay ngunit ganoon pa rin ang resulta. Hindi nila mahawakan ang pastor.

Habang ako ay nagdarasal sa ibat-ibang wika ay tiningnan ko ang pastor. Hindi niya alam ang nangyayari. Siya ay taimtim na nagdarasal sa ibat-ibang wika na nakaluhod at nakataas ang mga kamay. Minimithi ko na matanggap ang panalangin na nag-aapoy. Habang umaaligid ang masasamang espiritu sa palibot ng pastor ay nagdasal siya ng malakas sa ibat-ibang wika. Ang masasamang espiritu ay natakot at lumipad sa pader at sila ay nawasak sa piraso. Lahat sila ay umiyak. Nang makita ko na tumatakas ang masasamang espiritu ay naramdaman ko ang pagkapanalo.

Pagkatapos ay may nakita akong dyablo na galit na sumisigaw, **“Pastor Kim, huwag kang magdasal. Sa tingin mo ba ay hahayaan ka namin ng ganito? Papatayin kita, isinusumpa ko iyan.”** Nangalit ang kanyang mga ngipin. Mulis siyang sumigaw sa mga demonyo, **“Mga mangmang, hindi niyo ba kayang hawakan ng inyong lakas ang isang pastor? Magmadali kayo at lumusob!”**

Sumigaw ang dyablo, “Oh, sakit sa ulo ang pastor na iyan. Ahhh! Sa tingin ko ay masisiraan na ako ng ulo. Iwanan niyo nalang si Pastor Kim at lusubin nalang natin ang kongregasyon. Dali!” Sinimulan nilang lusubin ang kongregasyon subalit hindi sila lumusob ng buong pwersa. May isa hanggang tatlong masasamang espiritu ang sumalakay sa bawat isang myembro.

## ANG KONGREGASYON AY PUNO NG PANANGGALANG NA PANALANGIN

Kumalat sa lahat ng dako ang masasamang espiritu at sa oras na ito ay nagpasya sila na lusubin ang bawat isa sa kongregasyon. Maraming ibat-ibang uri ng masasamang espiritu at sila ay may ibat-ibang anyo at hugis. Dahil sa dami nila ay hindi namin kayang ilarawan silang lahat. Gayon pa man, kahit gaano pa kabagsik ang kanilang pagsalakay, ay nabigo ang masasamang espiritu. Ang kongregasyon na nagdarasal sa ibat-ibang wika ay binigyan ng lakas at kapangyarihan upang itaboy ang masasamang espiritu. Nang lumusob sila ay napaatras din sila. Habang lumalalim ang gabi, ang panalangin ng kongregasyon ay mas naging masidhi at makapangyarihan.

Sumigaw ang hari ng masasamang espiritu, “Mga mamamayan ng Simbahan ng Panginoon, tumigil kayo sa pagdarasal. Bakit patuloy kayong nagdadasal? Masasamang espiritu, anong ginagawa niyo? Wala bang kahit isa sa inyo ang makakapagpatigil sa kanila?” Ang nakabababang masasamang espiritu ay tumakbo at nagkagulo. Walang saysay kahit gaano pa kadami ang ipadala niyang masasamang espiritu. Ang panalangin ng magiting na kongregasyon ang tumalo sa kanilang lahat.

Ang limang taong si Meena ay nagdasal sa loob ng apat na oras ng walang tumitigil. Ako man, ay nagdarasal din sa ibat-ibang wika ng taimtim. Habang ako ay nagdarasal, ay may masamang espiritouna nakasuot ng mahaba at puting bestida ang nagpakita sa akin. Ang masamang espiritu ay may mahaba at itim na buhok at siya ay may matatalim na kuko. Tumakbo siya papalapit sa akin, at habang siya ay tumatakbo ay itinaas niya ang kanyang kamay upang itarak sa akin ang kanyang mahaba at matalas na kuko. Nangilabot ako at natakot sa ingay at galaw ng espiritu. Mabilis siyang gumalaw patungo sa akin subalit hindi niya ako nilusob. Takot na takot ako habang siya ay umaaligid sa akin. Pagkatapos ay sumigaw ako ng malakas.

Pagkaraka ay may masamang espiritu na anyong kalansay ang lumapit sa akin. Ang ibabaw ng bungo ay maraming pigsa at peklat na tulad ng taong may ketong. Isinugod ng masamang espiritu ang kanyang bungo sa akin. Nagulat ako at sumigaw kay Hesus. “Panginoong Hesus, pakiusap tulungan Mo ako.” Ngunit hindi sumagot si Hesus. Muli akong sumigaw ng buong lakas, “Marumi at kasuklam-suklam na espiritu, sa Pangalan ni Hesus lubayan mo ako ngayon din!” Nang sumigaw ako ay nagsatsatan ang masasamang espiritu, “Tumigil ka sa pagdarasal. Gagambalain kita at iistorbohin upang hindi ka makapagdasal. Isusumpa kita ng mga sakit. Ha Ha Ha,” tumawa sila ng masama.

Sumagot ako, “Ano? Kayo ay kasuklam-suklam na espiritu.” Pakiramdam ko ay nasusuka ako. Ginagambala pa rin ako ng espiritu na may mahaba at puting bestida at ang kalansay na may nakakatakot na bungo. Ang espiritu na nakasuot ng mahaba at puting bestida ay mabilis na gumalaw sa hangin. Ang kalansay naman ay patuloy sa pagsugod sa akin. Muli ko silang inutusan, “Sa Pangalan ni Hesus, lubayan niyo ako.” Umalis ang masasamang espiritu at pumunta kay Sister Yoo-kyung. Nang lumapit sila sa kanya ay narinig ko na lumakas ang kanyang pagdarasal.

Pumunta ang masasamang espiritu kay Meena. Hindi ko alam kong espirituwal na nakikita ni Meena ang masasamang espiritu. Gayon pa man, ay napansin ko na tumindi ang kanyang pagdarasal sa ibat-ibang wika at sumigaw siya ng, “Babaya.” Umalis at nawala ang masasamang espiritu.

Naibalik ko ang aking pokus at konsentrasyon at nagpatuloy ako sa pagdarasal. Wala pa akong pahinga ng may dumating na naman na masamang espiritu na ang anyo ay taong pugot ang ulo at siya ay nakalawit sa kisame ng simbahan. Pinaalis ko siya sa Pangalan ni Hesus.

### **ANG IMPYERNO AY MARAMING KABAONG NA PUNO NG MGA PASTOR**

Habang patuloy akong nagdarasal sa ibat-ibang wika ay biglang nakita ko ang impyerno. May nakita akong dyablo na nagtutusok sa parihabang kabaong gamit ang mahaba at matalas na sandata. Sumigaw siya ng masama, “**Sa tingin mo ba ay pastor ka? Paano ka namuhay? Nalulugod ako dahil nandirito ka kasama ko.**” Patuloy na tinusok ng masamang espiritu ang kabaong habang nagsasalita siya ng masasama. Malakas ang sigaw ng mga nasa kabaong. May dugong bumubuluwak at umaagos mula sa mga kabaong.

Umiyak ako ng ilang oras nang masaksihan ko ang tanawing iyon. Maraming beses kong tinawag ang Panginoon, “Panginoon, nasaan Ka? Natatakot po ako.” Makalipas ang ilang sandali, ay nagpakita ang Panginoon at hinawakan Niya ang aking kamay. Winika ni Hesus, “**Joo-eun, magmasid kang mabuti.**” Tiningnan kong mabuti ang mga parihabang kahon. May malaking krus ang nakaguhit sa ibabaw ng mga kabaong. Ang mga kabaong ay nakalinya ng maayos. Hindi ko makita ang katapusan ng napakaraming kabaong. May maliliit at bilog na butas sa gilid ng kabaong. Walang awang itinutusok ng masasamang espiritu ang kanilang mahaba at matalas na sibat sa mga butas sa kabaong.

Tinanong ko ang Panginoon, “Hesus, bakit po naririto ang mga kabaong ng mga dating pastor?” Sumagot ang Panginoon, “Ang mga pastor na ito ay hindi nangaral ng Aking Salita. Nangaral sila ng ibang salita, at ang mga sumunod sa kanila ay napasama. Kaya naman ito ang resulta, isang lugar sa impyerno para sa kanila.” Sinabi ko, “Hesus, naalala ko po na may nabasa akong ganitong parusa sa aklat na, “Revelations of Hell”. At ngayon ay nasasaksihan ko ang nabasa ko noon.” Sumagot ang Panginoon, “Tama ka. Ang masasamang pastor ay huhusgahan ng mas malaki.”

## ANG MGA NANGANGALUNYA AY NAGDURUSA SA PANGPRITONG KAWALI

Nakarating kami sa ibang lugar sa impyerno. Nang makarating kami, ay naramdaman ko na parang masusuka ako dahil sa amoy ng mantika at kumukulong langis. Mabaho ang amoy at umikot ang aking sikmura. Hindi nagtagal ay may lumitaw na malaking prituhang kawali sa aking harapan. Nagulat ako at tumalikod. Gayon pa man, ay nagawa kong sumulyap. Nagpasya ako na tingnan iyon, at may napansin akong malagkit, malapot at mamantikang sangkap. Sa loob ng malapot na sangkap ay nasaksihan ko ang napakadaming tao na tumatakbo sa loob ng kawali. Tumatakbo sila at sumisigaw sa sakit, **“Mainit! Mainit!”**

Ang ilalim ng kawali ay may pulang nagbabagang apoy. Nagsimula ang paghihirap ng ilagay ang mga tao ng magkakatabi na parang sardinas. Habang painit ng painit ang kawali ay lumulukso at tumatakbo ang mga tao dahil sa sakit. Nang dumikit ang langis sa kanilang katawan ay nagkapira-piraso ang kanilang laman at natira na lang ang kanilang buto. Sila ay kalansay nalang na tumatakbo at mauulit lang ang paghihirap na iyon kapag bumalik na ang kanilang laman. Kapag buo na sila ay muli silang ilagay ng magkakatabi. Ang kanilang paghihirap ay walang hanggan. Narinig ko ang kanilang pagdaing, pagtangis at malakas at mapait na iyak. Ang naririnig ko lang ay, **“Mainit! Ahh! Tulong!”**

Natakot ako at umiyak. Habang umiiyak ako ay tinakluban ng Panginoon ng Kanyang kamay ang aking mga tainga at sinabi Niya, **“Joo-eun, huwag mong pakinggan ang kanilang pag-iyak.”** Umiiyak ako na nagsalita ng, **“Panginoon, hindi po ako makahinga sa amoy ng nasusunog na laman. Nasusuka po ako.”** Hinawakan ni Hesus ang aking ilong. Nang hawakan Niya ang aking ilong ay hindi ko na naamoy ang nasusunog na laman.

Nagpilit akong tanungin ang Panginoon kung anong kasalanan ang kanilang nagawa upang parusahan ng ganoon. Sumagot ang Panginoon, **“Noong nasa mundo pa sila, ay nangalunya sila. Ginawa nila ang kasalanang iyon ng palihim. Dahil sa kasalanan nilang iyon kaya sila pinahihirapan.”**

Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at dinala Niya ako sa ibang lugar sa impyerno. Hindi nagtagal ay nakarating kami sa isang hukay. Napakalaki ng hukay. Napakalalim niyon dahil hindi ko makita ang ilalim. Ang hukay ay puno ng napakaraming tao. Ang hukay ay natutupok ng apoy. Napakalakas ng apoy at nararamdaman ko ang init kahit kami ay nasa malayo. Natatakot akong lumapit. Ang pulang apoy ay parang may sariling buhay. Tumatakbo ang mga tao sa loob ng hukay. Sumisigaw sila dahil sa sobrang init. Napuno ang hangin ng amoy ng nasusunog na laman. May usok na nagmumula sa hukay at ang laman ng mga tao ang pangpaningas sa apoy. Patuloy na pumapaitaas ang usok.

Ipinaliwanag ni Hesus ang tungkol sa mga taong iyon. **“Ang mga taong ito ay naniwala sa huwad na relihiyon o sa mga taong hindi tumanggap ng salita ng Diyos.”** Kinuha ng Panginoon ang aking kamay at sinabi Niya na kailangan na naming umalis. Nang



matapos Siya sa pagsasalita ay nakabalik na kaagad ako sa simbahan at nagdasal sa ibat-ibang wika.

### **ANG PAMAMASYAL NI YOO-KYUNG SA LANGIT**

**Lee, Yoo-kyung:** Habang ako ay maalab na nagdarasal sa ibat-ibang wika, ay may masamang espiritu ang nagpakita sa akin sa anyong paniki. Lumapit siya sa akin na ipinapagaspas ang pakpak. Walang laman ang balikat ng paniki at ang nakita ko lang ay buto. Ang nakita ko lang sa kanyang mukha ay ang kanyang dalawang mata at wala ng iba. Nang lumapit siya ay pinaalis ko siya sa pangalan ni Hesus. Hindi nagtagal ay dumating si Hesus at sinabi, **“Yoo-kyung, pumunta tayo sa langit.”** Hinawakan Niya ang aking kamay at mabilis kaming nakarating sa langit.

Pumasok ako sa silid na puno ng mga aklat. Nang tumingin ako sa paligid ay may napansin akong Bibliya at aklat ng mga awit papuri na yari sa ginto. Nang buksan ko ang pahina ay nakita ko ang paborito kong kanta na “Silent Night”. Inawit ko iyon. Maraming mga anghel ang nakatalaga sa silid aklatan.

Sinabi sa akin ng Panginoon, **“Yoo-kyung, laking pasasalamat Ko dahil nangaral ka ngayong araw. Kaya naman ipapakita Ko sa iyo ang iyong tahanan sa langit. Sumunod ka sa Akin.”** Tuwang-tuwa akong sumunod sa Panginoon. Pagkaraka, ay may nakita akong kumikinang na bahay ng kayamanan at mataas na bahay na kasintaas ng napakatayog na gusali.

Sinabi ko sa Panginoon, **“Panginoon, nais ko pong bumisita sa impyerno.”** Sumagot ang Panginoon, **“Yoo-kyung, ang langit ay puno ng kasiyahan. At ang impyerno ang kasalungat niyon. Iyon ay nakakatakot na lugar na puno ng kamatayan. Kung ikaw ay palaging pupunta sa impyerno ay makakaapekto iyon at makasasama sa iyo, at hindi mo iyon mapagmamasdan ng maayos. Kapag dumating ang tamang panahon ay ipapakita Ko muli sa iyo ang impyerno. Kaya huwag kang mag-alala.”**

### **ANG MGA ANGHEL AY KAAGAD NA NAGTATANGGOL**

**Lee, Haak-sung:** Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika na nakapikit ang mga mata, ay may nakita akong ilaw na kumislap. Gamit ang aking bukas na espirituwal na paningin, ay may nakita akong grupo ng masasamang espiritu na tumatakbo patungo sa mga myembro ng simbahan at nilusob nila ang bawat isa.

Pagkaraka, ang isa sa masasamang espiritu ay nagpakita na anyong tao. Ang masamang espiritong iyon ay may butas sa kanyang kaliwang pisngi. Maraming mga ipis ang gumagapang sa dulo ng kanyang daliri sa kaliwang kamay. Gumapang ang mga ipis sa katawan ng masamang espiritu at pumasok ang mga iyon sa butas sa kanyang pisngi. Nang pumasok sila sa butas ay lumabas naman sila sa bibig. Ngumisi siya ng may malisiya at nginuya niya ang mga ipis. Nakakatakot siyang pagmasdan. Inutusan ko ang masamang espiritu na umalis sa Pangalan ni Hesus. Umalis siya sa utos ko. May isa na namang masamang espiritu na anyong tao ang lumakad papalapit sa akin. Ang



masamang espiritu ay nababalutan ng pulgas sa kanyang mukha at buong katawan. Isa siyang nakakatakot na nilalang at lumapit siya na halos dumikit na siya sa aking ilong. Pinaalis ko siya sa Pangalan ni Hesus. May isa na namang masamang espiritu ang nagpakita at siya ay may apat na mukha. May mukha siya sa harap at likod ng kanyang ulo at sa dalawang gilid kung saan naroroon ang tainga. Ang espiritung ito ay nakakatakot. Ang apat na mukha ay may ibat-ibang hitsura. Inikot niya ang kanyang ulo ng mabilis. Ang masamang espiritu ay may apat na kamay at paa rin. Ang kanyang hitsura ay walang katulad. Ang kanyang bugbog at nakakulot na litid ay nakalawit sa kayang kasu-kasuan at balat. Nakakapangilabot siyang tingnan. Natakot ako. Inutusan ko siyang umalis sa Pangalan ni Hesus ngunit hindi siya sumunod. Nagdasal ako, **“Hesus, natatakot po ako. Pakiusap, pumunta Ka po dito.”** Ngunit hindi dumating si Hesus. Nag-aalala akong nagdasal sa ibat-ibang wika ng mas malakas. Pagkatapos ay dumating si Hesus. Nang dumating si Hesus ay natakot at umalis ang masamang espiritu.

Napakalamig ng gabi. Sa ika-6:30 ng gabi, si Joseph, Joo-eun, Yoo-kyung at ako ay nagkita-kita sa bahay ng pastor upang magdasal bago kami lumabas upang mangaral ng Salita ng Diyos. Nakapaghanda kami dahil may mga materyales kaming ipamimigay. Hawak ng Panginoong Hesus ang kamay ni Yoo-kyung nang umalis kami upang mangaral. Sinamahan kami ng Panginoon, kasama ang Kanyang mga anghel sa aming paglalakad. Nagsanggalang ang Panginoon sa elemento ng panahon at hindi kami hinayaang lamigin. Nahirapan si Joseph na maglakad habang kami ay nangangaral. Nasasaktan siya. Ngunit hindi namin ipinagpaliban ang gawain ng Panginoon. Nang matapos na kami sa pangangaral ay nagpasya kaming pumunta sa simbahan upang magdasal.

Nang makarating na kami sa simbahan ay napansin ko ang grupo ng masasamang espiritu na lumilipad-lipad sa itaas ng altar malapit sa kisame. Naglakad kami patungo sa likod ng simbahan, pinatay namin ang mga ilaw, at nagdasal kami na nakataas ang mga kamay. Nang magsimula na kaming magdasal ay nagsigawan ang masasamang espiritu at mapanlaban silang tumakbo patungo sa amin. Nang sumigaw ang masamang espiritu, lahat ng masasamang espiritu, pati na rin ang mga nagtatago ay nagpakita at lumusob sa amin. Biglang dumating si Hesus at inutusan Niya ang mga anghel, **“Mga anghel, ipagtanggol niyo sila.”** Ang mga anghel na sumama sa apat na kabataan sa pangangaral at lima pang anghel mula sa langit ay naghawak kamay upang bumuo ng linya ng proteksyon. Ang mga anghel ay nakatayo sa aming harapan at ipinagtanggol nila kami sa masasamang espiritu. Natigil ang pagsalakay ng masasamang espiritu.

Inutusan ako ng Panginoon na alisin ang medyas sa paa ni Joseph. Nang tanggalin ko ang medyas, ay nilagyan ng Panginoon ng dugo ang bahagi kung saan sumasakit. Sinabi ng Panginoon, **“Mula ngayon ay hindi ka na makakaramdam ng sakit sa iyong paglalakad. Unti-unti iyang gagaling at makakaramdam ka ng kati. Huwag mong kamutin ang iyong paa. Kapag kinamot mo ay babalik muli ang problema. Kaya tiisin mo ang kati.”**

## ANG MGA LOLO SA INA AT AMA NI GINANG KANG, HYUN-JA AY NASA IMPYERNO

**Baek, Bong-nyo:** Habang ako ay nagdarasal ay dumating si Hesus at dinala Niya ako sa madilim na lugar sa impyerno. Pagkaraka ay naglalakad na kami ng Panginoon sa napaka-kitid na daan. Sa dulo ng makitid na daan ay nakarating kami sa malawak at bukas na parang. Pinagmasdan namin ang malawak na parang. Kahit madilim ay nagawa ko pa ring makita ang paligid. May nakita akong dalawang matandang lalaki na nakatayo sa parang. Nakatayo sila na walang kibo. Sila ay nasa matinding paghihirap. Sumama ang aking pakiramdam nang makita ko ang kanilang mukha. Habang nakatitig ako sa kanila ay nanginig ako sa takot. Habang nanginginig ako ay hinawakan ng Panginoon ang aking kamay ng mahigpit at winika Niya, **“Palagi akong nasa tabi mo. Huwag kang matakot.”**

**“Kung dadalhin ka ng Panginoon sa impyerno ay alamin mo kung ang aking lolo sa aking ina at ama ay naroroon..”** hiling ni Ginang Kang, Hyun-ja. Alam ng Panginoon kung ano ang aking naalala; kaya naman dinala Niya ako sa lugar kung saan pinahihirapan ang mga lolo. May mga ahas na mahaba at malaki pa sa anaconda at inipit sila ng mga ito ng mahigpit. Ang mga ahas ay nakapulupot hanggang sa mga ulo ng matatanda. Hindi ko maintindihan ang tanawin. Ang mga ahas ay pumulupot sa loob ng bibig ng dalawang matanda. Kahit paano, ay nagawa pa rin nilang sumigaw, **“Tulong!”** Nang sumigaw sila ay mas humigpit ang pagkapulupot ng mga ahas at nahirapan silang huminga.

Sinabi ko sa Panginoon, **“Hesus, si Ginang Kang, Hyun-ja ay nagdarasal ngayon ng taimtim. Maaari po bang ipakita Mo sa kanya sa pamamagitan ng pagbukas ng kanyang espirituwal na paningin? Sana po ay magkaroon siya ng pagkakataon na masaksihan ang aking nakikita.”** Hindi sumagot ang Panginoon kaya naman nagpumilit ako at inulit ko ang aking kahilingan. Sumagot ang Panginoon, **“Dadalhin Ko siya rito, ngunit hindi niya malalaman na siya ay nasa impyerno. Hindi ko bubuksan ang kanyang espirituwal na paningin. Dadalhin ko lang ang kanyang kaluluwa sa lugar na ito. Sa ganitong paraan, ay mararamdaman ng kanyang pisikal na katawan ang kadiliman.”** Dinala siya ng Panginoon sa lugar kung saan naroroon ang kanyang lolo na pinahihirapan.

Habang nakatayo kami ni Hesus, ang kaluluwa naman ni Ginang Kang, Hyun-ja ay nakatayo sa harap ng kanyang mga lolo. Kinausap ng Panginoon ang matatanda, **“Siya ang inyong apong nakasama ninyo.”** Nang matapos ang Panginoon sa pagsalita ay sumigaw naman ang dalawang matanda habang humihigpit ang pulupot ng ahas.

Nagsalita ang dalawang matanda, **“Nasaan? Siya ba talaga ang aming apo? Nakakasorpresa! Ano ang ginagawa mo rito? Bakit ka pumunta sa nakakatakot na lugar na ito? Kung masasaksihan mo akong naghihirap ay masasaktan ka. Ano ang dahilan ng iyong pagbisita?”** Nalungkot si Ginang Kang, Hyun-Ja at humibik siya. Kahit walang mga luha, ang kanyang panalangin ay panalangin ng pagdadalamhati.

Habang pinapanood ko ang buong pangyayari ay tumulo ang luha sa aking mukha. Sinabi ng Panginoon, **“Bong-nyo, ikaw ay pisikal na pagod at nanghihina, huwag kang umiyak. liwanan muna natin siya dito ng sandali. Nais Kong ipakita sa iyo ang isang espesyal na pangyayari noon. Umalis na tayo.”** Pumunta kami sa langit. Ipinakita sa akin ng Panginoon ang pangyayari kung kailan naging masama ang mga anghel sa kaharian ng Diyos. Ang pangyayaring ipinakita sa akin ay kasing linaw ng araw.

Nang masaksihan ko kung paano bumagsak ang mga anghel ay bumalik na kami ng Panginoon kung saan nakatayo si Ginang Kang, Hyun-ja. Sinabi ng Panginoon, **“Marahil ay umiiyak pa rin si Ginang Kang, Hyun-Ja. Magmadali tayo.”** Nang makarating na kami, ang kaluluwa ni Ginang Kang, Hyun-Ja ay nakatayo pa rin at siya ay umiiyak pa rin habang nagdarasal sa ibat-ibang wika. Kinahabagan siya ng Panginoon.

Sumisigaw pa rin ang dalawang matanda. Sa tuwing bubuksan nila ang kanilang bibig upang magsalita, ay nakikita ko ang ulo ng ahas na patuloy na sumusutsot ang dila. Hindi ko maintindihan kung paano nakakapagsalita ang matatanda habang nakapulupot ang mga ahas sa kanilang mga bibig. Gayon pa man, ay naririnig ko silang nagsasalita at sumisigaw ng malinaw. Sumigaw ang lolo sa ina, **“Ikaw ba talaga iyan, apo? Nasaan ka? Gusto kitang makita, pero hindi kita makita dahil nakapulupot ang ahas sa aking ulo. Nananabik ako sa iyo. Saan ka nakatayo? Maaari bang hilingin mo sa Panginoon na alisin ang pagkapulupot ng ahas? Pakiusap, pakiusap, hilingin mo sa Kanya na alisin ang ahas. Kapag naalis na ang ahas ay hindi mo ako makikita pero makikita kita. Gusto kong makalaya ang aking bibig upang makapagsalita ako ng malinaw. Nakasagabal ang ahas sa akin. Hyun-Ja, mahal kong apo, nanabik ako sa iyo.”** Tumatangis siya at humihikbi.

Napaiyak ako sa malungkot na tanawing iyon. Kahit alam ko na hindi matutupad ang aking kahilingan ay ipinaabot ko pa rin sa Panginoon, **“Pakiusap, Panginoon, ipakita Mo kay Ginang Kang, Hyun-Ja ang kanyang mga lolo.”** Hindi sumagot ang Panginoon. Nagpatuloy ako sa pagdasal, **“Panginoon, bakit naririto sa lugar na ito ang dalawang matanda?”** Nagpaliwanag ang Panginoon, **“Noong sila ay nabubuhay pa sa mundo, ay mga lasenggo sila at inabuso nila ang kanilang mga asawa. At higit sa lahat, ay hindi sila naniwala sa Akin. Iyon ang dahilan kung bakit sila naririto, at huli na ang lahat.”**

Sumigaw ang lolo sa ama at sinabi niya, **“Mahal kong apo, nais kong muling mahawakan ka sa aking mga kamay. Pinahihirapan ako dito sa impyerno. Noong ako ay nasa mundo, ay hindi ko alam ang kahihinatnan. Marahil ay hindi mo alam kung paano ko pinakitunguhan ang iyong lola. Inabuso ko siya at sinaktan ng maraming beses. Bata ka pa ng panahong iyon. Patawad. Pinagsisisihan ko na ang lahat. Pakiusap, manalig ka sa Panginoon ng buong puso at lakas. Magdasal ka ng masigasig. Nais kong makapunta ka sa langit at magkaroon ng buhay na walang hanggan. Huwag kang pupunta dito. Nais kong hawakan ang iyong kamay. Ngunit hinahadlangan ako ng ahas. Imposible ito.”** Umiiyak ang dalawang matanda ng may pagwawala.

Pagkaraka ay pumulupot ang mga ahas sa kanila ng mas mahigpit, at narinig ko na nadurog ang kanilang katawan. Sumigaw ang matatanda ng sumabog ang kanilang laman at nalaslas sa kanilang buto. Ang kanilang mga buto ay nadurog din sa piraso. Walang saysay kahit gaano pa magmakaawa ang matatanda. Sumagot ang Panginoon, “Ang inyong apo ay ikinasal sa isang pastor nang tanggapin niya ako bilang kanyang Panginoon at Tagapag-ligtas. Ngayon ay naglilingkod na siya sa Akin sa mundo.”

Sinabi sa akin ni Hesus, “Sapat na ito. Umalis na tayo.” Subalit bago pa namin mapansin, ay bumalik na sa normal ang katawan ng dalawang matanda. Ang kanilang buto, laman at balat ay bumalik sa normal. Ngunit nakapulupot pa rin ang mga ahas sa kanilang katawan ng mahigpit at nagsimulang muli ang kanilang pagdurusa. Sumigaw ang dalawang matanda at umiyak sa sakit. Sinubukan kong aliwin sila ngunit alam ko na wala rin iyong saysay. “Mga lolo, huwag na po kayong umiyak. May mga kapamilya rin po akong pinarurusahan sa apoy. Hindi nila makayanan ang sakit—ang aking ina, ama at kapatid. Sa tingin ko, ang inyong paghihirap ay hindi gaanong masakit kumpara sa nag-babagang apoy. Nasasaktan ako para sa inyo.”

Sinabi ng Panginoon, “Umalis na tayo. Wala na tayong oras.” Hinawakan Niya ang kamay ni Ginang Kang, Hyun-Ja at ang aking kamay at inihatid Niya kami sa simbahan. Nang makarating na kami sa simbahan ay nakita ko ang katawan ni Ginang Kang, Hyun-Ja na gumagalaw habang siya ay nagdadasal. Iniiling niya ang kanyang ulo at nagdarasal siya sa ibat-ibang wika. Hindi siya nananalangin sa dati niyang pustura. Nakita ko ang ekspresyon ng kanyang mukha. Malungkot siya. Nasasaktan ako sa kanyang madalamhating panalangin dahil naramdaman ko ang kanyang nararamdaman.

Sumunod na araw, ay sumakit ang aking buong katawan. Kinailangan kong magdasal ng nakahiga. Binigyan ako ng lakas ng Espiritu Santo upang makapagdasal. Habang nagdadasal ako ay may natanggap akong pangitain mula sa Panginoon. Binigyan Niya ako ng pangitain ng impyerno at inutusan Niya akong itala ang detalye niyon. Sa tuwing bumibisita ako sa impyerno ay sumasakit ang aking buong katawan. Ilang araw ang kailangan upang gumaling ako.

### **ANG PANGALAWANG SERBISYONG PANALANGING PAGPUPULONG: PURIHIN SIYA, NG AKING KALULUWA**

*34 “Siya’y tutuyain nila, luluran, hahagupitin, at papatayin. Ngunit muli Siyang mabubuhay pagkaraan ng tatlong araw. 35 Lumapit kay Hesus sila Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo, at ang sabi, “Guro, may hihilingin po sana kami sa inyo. 36 “Ano iyon?” tanong ni Hesus. 37 Sumagot sila, “Sana’y makaupo kami katabi ninyo sa inyong kaharian- isa sa kanan at isa sa kaliwa.” 38 “Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi,” sabi ni Hesus sa kanila. “Mababata ba ninyo ang hirap na babatain Ko? Pababautismo ba kayo sa bautismong daranasin Ko?”*

*Marcos 10:34-38*

**Lee, Yoo-kyung:** Nang matapos ang aming pang-umagang serbisyo ay nagsimula na kami sa pagdarasal. Habang nagdarasal ako ng taimtim at tumatawag kay Hesus ay dumating Siya at hinawakan ang aking kamay. **“Yoo-kyung, nais mo bang magpuri at umawit habang hawak ang Aking kamay?”** Sumagot ako, **“Opo.”** Umawit ako at nagpuri kasama ang Panginoon. Ang awit na aming kinanta ay **“Purihin Siya, ng aking kaluluwa.”** Inawit namin iyon ng paulit-ulit. Pumunta si Hesus kay Ginang Kang, Hyun-Ja at inaliw Niya ito habang nagdarasal. Siya ay luhaan na nananalangi ng masigasig. Umupo ang Panginoon sa kanyang tabi at inaliw Siya nito ng nakakagaang salita. Bumalik sa akin ang Panginoon at sinabi Niya, **“Yoo-kyung, maging masunurin ka kay Ginang Kang, Hyun-Ja.”** Pagkatapos ay bumalik ang Panginoon kay Ginang Kang, Hyun-Ja.

### **BAGAY KAY PASTOR KIM ANG PANOT NA ULO**

**Kim, Joo-eun:** Habang nagdarasal ang pastor sa altar ay dumating ang Panginoon Hesus at tumayo sa tabi ng pastor. Tinapik ng Panginoon ang panot na ulo ng pastor habang tumatawa. Sinabi Niya, **“Hahahaha, pastor kim na panot ang ulo.”** Nang makita ko ang Panginoon sa tabi ng pastor ay tumawa ako ng malinggal habang ako ay nagdarasal. Bago ang panalanging pagpupulong ay hiniling ng pastor na dumating si Hesus at purihin siya sa kanyang panot na ulo. Sinabi ng Panginoon, **“Pastor Kim, nagdarasal ka ng taimtim. Ang totoo niyan ay maganda sa iyo ang panot na ulo. Hindi Ko alam kung tutulungan pa kita sa iyong nalalagas na buhok.”** At tumawa Siya ng malakas.

Kahit malamig ang panahon ay nagpatuloy pa rin kami sa pagdarasal hanggang madaling araw. Matapos ang aking pakikipag-usap sa Panginoon ay nagdasal ako ng taimtim. Habang nagdarasal ako ng taimtim, ay may masamang espirit na anyong gasuklay na buwan ang naglakad patungo sa akin. Hindi pantay ang sukat at hugis ng kanyang mga mata ngunit matapang ko siyang pinaalis sa Pangalan ni Hesus. Pagkatapos niyon ay may masamang espiritu na nagpanggap na isang dalaga na nakasuot ng puting damit. Nakakatakot siya. Siya ay may mahaba at itim na buhok na abot baywang. May dugong tumutulo sa kanyang bibig. May matatalas siyang pangil na katulad ng kay Dracula. Sinubukan niyang takutin ako. May isa na namang masamang espiritu ang nagpakita at lumikha siya ng nakakatakot na tunog; gayon pa man ay pinaalis ko silang lahat sa Pangalan ni Hesus.

Pagkatapos ng aming panalanging pagpupulong ay kumain kami ng binilog na kanin. Napakasarap niyon. Katulad ng dati ay umuwi kami sa aming mga tahanan mula sa pagdarasal, at sinalubong kami ng pagsikat ng araw.

# IKA-LABING APAT NA ARAW

## 14

6 “Nagtataka ako kung bakit kay dali ninyong talikdan ang Diyos na tumawag sa inyo sa pamamagitan ng pag-ibig ni Cristo at bumaling kayo sa ibang mabuting balita. 7 Ang totoo’y walang ibang mabuting balita; lamang, may mga nanliligalig sa inyo at nagsisikap baguhin ang Mabuting Balita tungkol kay Cristo. 8 Maging kami o isang anghel man mula sa langit ang mangaral sa inyo ng iba kaysa Mabuting Balitang ipinangaral namin, pakasumpain siya! 10 Ngayon, nangangahulugan bang ang hinahangad ko’y papuri ng tao? Hindi! Ang papuri ng Diyos ang hinahangad ko. Sinisikap ko bang mag-bigay lugod sa tao? Kung iyan lamang ang hangad ko, hindi na sana ako naging alipin ni Cristo.” Galacia 1:6-10

### PATULOY NA NAGPAPAKITA ANG MASASAMANG ESPIRITU

Kim, Joo-eun: Taimtim akong nagdarasal nang may nagpakitang masamang espiritu na kakaiba ang hitsura. Siya ay isang kakatwang kalansay na may mahaba at puting buhok at payat na mukha. Nagdasal ako sa ibat-ibang wika sa aking puso at hindi sa salita habang hinihintay kong lumapit ang masamang espiritu. Nang lumapit na siya ay sumigaw ako, “**Sa Pangalan ni Hesus! Umalis ka!**” Mabilis siyang nawala. Nang umalis na ang masamang espiritu ay pakiramdam ko ay nagwagi ako at may pananalig.

Matapos ang ilang sandali, ay may sumulpot na masamang espiritu na nagpanggap bilang dalaga na nakasuot ng puting damit. Nang lumapit siya sa akin ay may napansin akong dugo sa kanyang bibig. Nagsalita ang masamang espiritu, “**Huwag kang magdasal. Matatalo kita.**” Naghanda siya upang lusubin ako, ngunit sumagot ako ng, “**Marumi at masamang espiritu, sa Pangalan ni Hesus lubayan mo ako!**” Umalis siya. May isa na namang masamang espiritu ang nagpakita. Sa oras namang ito, iyon ay isang pulang dragon. Galit na galit siya at dahan-dahan siyang naglakad patungo sa akin. Ang dragon ay walang katawan kundi ulo lang at mukha. Pakiramdam ko ay kaya niya akong lunukin ng buo. Tumingin siya sa akin ng mapagbanta habang inikot niya ang kanyang ulo. Natakot ako ng labis sa masama niyang mata.

Marami pang masasamang espiritu ang nagpakita. Nang magdasal ako ng mas taimtim ay may naramdaman akong malalakas at masasamang espiritu. Naramdaman ko ang aking espiritu na lumalapit sa langit. Sinusubukan ng masasamang espiritu na pigilan akong pumasok sa langit sa pamamagitan ng pananakot sa akin. Kaya naman nagdasal ako sa ibat-ibang wika ng mas masigasig na nakapikit ang mga mata. Pinaalis ko sila, “**Lahat kayong marumi at masamang espiritu, sa Pangalan ni Hesus lubayan niyo ako!**” Subalit nagmatigas ang pulang dragon. Inutusan ko siya sa malakas na boses, “**Sa Pangalan ni Hesus, maruming Satanas, umalis ka!**” Nagmatigas pa rin siya. Nagpatuloy pa rin ako at hindi nawalan ng pag-asa. Hindi ako tumigil sa pag-utos sa Pangalan ni Hesus, at sa wakas ay nilubayan din ako ng masamang espiritu.

Dumating ang Panginoon at Siya ay humanga sa akin, sa batang tulad ko na nagpapaalis ng masasamang espiriuo. Tinawag ako ni Hesus sa aking palayaw at sa

aking pangalan, “Joo-eun, pekas, ang iyong pananampalataya ay lumago. Magpatuloy ka sa pagdarasal ng masigasig na nakapikit ang mga mata.”

Ibinunton ko ang aking sarili sa pagdarasal at biglang may naramdaman akong kadiliman at malamig na hangin na umiihip sa akin. May nakita akong pintuan na bumukas sa malayo. Biglang nagkaroon ng liwanag. Halos buksan ko na ang aking mata dahil sa tumatagos na liwanag ngunit napagtanto ko na hindi ko nagawang buksan ang aking mga mata. Natabunan ako ng takot at pagkatapos ay dumating si Hesus. Ipinaliwanag Niya, “Joo-eun, habang ikaw ay nagdarasal sa ibat-ibang wika, ang iyong espiritu ay papalapit sa langit at susunduin ka ng mga anghel. Subalit dumating ang masasamang espiritu upang takutin ka upang buksan mo ang iyong mga mata. Ngunit namagitan Ako at inutusan Ko ang masasamang espiritu na umalis. Ako ang pumigil kaya hindi mo nabuksan ang iyong mata. Joo-eun, sa tingin Ko ay kailangan mo pang magdasal ng matagal. Sa tingin Ko ay hindi ka pa dapat pumunta sa langit ngayon.” Naisip ko sa aking sarili, “Pinigilan akong pumasok sa langit ng masasamang espiritu.” Labis ang aking pagkabigo. Inaliw ako ni Hesus, “Joo-eun, huwag kang mag-alala. Pangako Ko sa iyo na dadalhin kita sa langit at ipapakita ko sa iyo ang mga lugar doon.”

Tinanong ko si Hesus, “Hesus, sa tuwing nangangaral ang pastor sa serbisyo ay madalas niyang tinatawag sina brother Haak-sung, si kuya Joseph, sister Yoo-kyung at ako sa aming mga palayaw. Ngunit hindi tinatawag ng pastor ang matatanda sa kanilang palayaw. Maaari po bang bigyan Mo sila ng palayaw? Siya nga po pala, tinatawag ng pastor ang kanyang asawa ng “Bong Ja Ya, Bon Ja Sa Mo”, upang tuksuin siya. Pero sa tingin ko ay hindi gusto ng asawa ng pastor na tinatawag siya sa ganoong palayaw.”

Sumagot si Hesus, “Bong-Ja? Hmmm.. kung hindi niya gustong tawagin sa palayaw na iyon, dahil ang kanyang totoong pangalan ay Hyun-Ja, bakit hindi nalang Sa-bong o Sa-mo? Ibigay mo sa kanya ang dalawang iyon upang pagpilian.” Sa huli, ay tinanong ko ang Panginoon, “Panginoon, pagpapalain Niyo po ba kami sa pang-pinansyal?” Sumagot si Hesus, “Ang pinansyal na pagpapala ay dadating kung kayo ay magdadasal ng masigasig at maalab.” At doon nagtapos ang aming panalanging pagpupulong.

**Lee, Haak-sung:** Matapos ang ilang oras habang ako ay nagdarasal, ay may masamang espiritu na nasa anyong ahas na may dalawang ulo ang nagpakita. Sumigaw ako ng malakas dahil sa pagkagulat at takot. Kahit nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ng may awtoridad at kumpiyansa, hindi pa rin umaalis ang masamang espiritu. Ang totoo pa niyan ay nagsimula siyang lumapit siya sa akin. Ang ahas na may dalawang ulo ay mas malaki pa sa kahit anong anaconda na nakita ko sa mga pelikula. Ang mga ulo ng ahas ay halintulad sa haring ulupong na may mahabang dila. Sumutsot ang demonyo sa akin. Mas natakot ako nang sumutsot siya sa harap ng aking mukha.

Umiyak ako ng umiyak habang ako ay nagdarasal at sumigaw ako sa Panginoon upang humingi ng tulong nang ako ay gambalain ng ahas na may dalawang ulo. “Hesus,

**Panginoon, pakiusap dumating Ka na po. Nasaan Ka? Tulungan Mo po ako.”** Kahit ilang beses akong tumawag kay Hesus ay hindi nagpakita ang Panginoon. Para bang hinihintay ng masamang espiritu ang sandaling ito. Dahan-dahan siyang pumulupot sa aking mga binti, papataas sa aking tiyan, dibdib at leeg. Hinigpitan niya ang pagkapulupot sa aking leeg. Hindi ako makahinga, at patuloy akong pinigilan sa paghinga ng masamang espiritu. Kahit hindi na ako makahinga ay nagawa ko pa ring tumawag sa Panginoon. Paulit-ulit kong tinawag ang Panginoon. At biglang ibinukas ng ahas ang kanyang bibig ng napakalaki na parang lulunukin ako. Namaluktot siya at nagpusturang lulunukin ako simula sa aking ulo. Habang nenerbiyos ako ay biglang dumating ang Panginoon at dinakma Niya ang ahas. Itinapon Niya ang ahas palayo sa akin. Tinanong ako ng Panginoon, **“Haak-sung, natatakot ka ba? Huwag kang matakot. Ipagtatanggol kita.”**

### **ANG MGA NASA LOOB NG KUMUKULONG PALAYOK AY UMIIYAK DAHIL SA MATINDING PAGHIHIRAP**

Winika ni Hesus, **“Ipapakita Ko sa iyo ang impyerno. Manood kang mabuti.”** Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay at sa isang iglap ay napunta kami sa madilim na lugar. Malinaw kong nakita ang pulang apoy na nagniningas sa aming paligid. Nagpatuloy kami sa paglalakad nang may makita akong malaking palayok. Nalaglag ang aking panga ng makita ko ang napakalaking palayok. Nangilabot ako. Nang ipakita sa akin kung ano ang nasa loob niyon ay nanlumo ako at nagulantang.

May kumukulong maitim na tubig sa loob ng malaking palayok. Ang palayok ay napapalibutan ng pulang nagbabagang apoy na nagpapainit sa tubig. Napakainit ng tubig. Ang singaw niyon ay parang usok. Nang ipakita sa akin ang loob ng palayok ay nakita ko na napakaraming tao ang nasa loob niyon. May mga lalaki at babae at lahat sila ay umiiyak at humihingi ng tulong.

Umiiyak sila ng walang patid, **“Ahh! Napaka-init! Hindi ko na kaya! Pakiusap tulungan niyo ako. Pakiusap itigil niyo na ang pahirap na ito.”** Nasira ang kanilang laman dahil sa kumukulong tubig. Ang kanilang buto ay lumulutang at tumatalbog sa mainit na tubig. Kahit wala na silang laman at anyo, ang kanilang buto ay umiiyak pa rin sa sakit at patuloy pa rin nilang nararamdaman ang sakit. Naamoy ko ang mabahong amoy ng pinakuluang laman at buto. Gusto kong sumuka. Nahirapan akong huminga dahil sa baho niyon. Habang kumukulo ang palayok, ang maitim na usok ay kumalat sa hangin at mahirap makakita. Kung hindi ko kasama si Hesus ay marahil nahimatay na ako dahil sa tanawin at amoy doon. Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay at sinabi Niya, **“Humayo na tayo at maglakad.”** Nagtiwala ako sa Panginoon at umalis kami at dumako sa ibang lugar sa impyerno.

### **ANG LUGAR NG PAGHIHIRAP PARA SA MGA MANGHUHULA AT MGA TAONG NAGPAKAMATAY**

Naglakad kami ng mas malayo papasok sa impyero. May malaking masamang nilalang ang nakaupo sa silya. Ang kanyang pustura at pagkilos ay nagpapahiwatig na siya ay



isang hari sa lugar na iyon. May malaking pintuan sa harap ng paanan ng nilalang. May mga taong nakatayo sa may pintuan. May puting linya sa pagitan ng paa ng nilalang at ng pintuan. Nang ipadyak ng nilalang ang kanyang paa sa puting linya ay bumukas ang pintuan pababa at nahulog ang mga tao. Nang tingnan ko iyon ay nakita ko na may kumukulong putik ng bulkan sa ibaba. Nang mahulog ang mga tao sa kumukulong putik ay nasunog sila at sumigaw sa sakit.

Labis akong natakot sa aking nakita. Tinanong ko ang Panginoon, **“Hesus, sino po ang mga taong ito? Bakit po sila pinahihirapan sa kumukulong putik? Naaawa po ako sa kanila. Ayaw ko na pong masaksihan ito. Kaawa-awa sila at humihingi ng tulong.”** Sumagot si Hesus, **“Sila ay mga manghuhula, mga kostumer ng manghuhula, mga salamangkero, mangkukulam, at mga taong nagpakamatay.”**

Nang banggitin ng Panginoon ang tungkol sa mga taong nagpakamatay, ay nakita ko ang aking tiyo na nagpakamatay sa pamamagitan ng pag-inom ng napakaraming gamot. Nang magka-tinginan kami ng aking tiyo ay sumigaw ako, **“Tiyo! Ako ito, si Haak-sung. Bakit ka nakatayo sa pintuang iyan?”** Ang aking tiyo ay sunod na sa pila na nakatayo sa harap ng pinto. Ang sunod na grupo ay kinaladkad at pinatayo sa may pintuan. Itinaas ng nilalang ang kanyang paa upang ipadyak iyon sa linya at upang mabuksan ang pintuan.

Nagsumamo ako sa Panginoon at nagmakaawa, **“Pakiusap, Hesus, ang aking tiyo ay nanganganib na mahulog sa kumukulong putik. Pakiusap, tulungan Mo siya.”** Umiyak ako ng mas malakas, **“Panginoon, mabait sa akin ang aking tiyo. Palagi siyang pumupunta sa aking tabi.”** Malungkot ang Panginoon at sinabi Niya, **“Haak-sung, huli na ang lahat. Wala nang magagawa pa.”** Tumingin sa akin ang aking tiyo at sinabi niya, **“Haak-sung, pakiusap, hawakan mo ang aking kamay.”** Sa sandaling iniaabot niya ang kayang kamay ay ipinadyak ng nilalang ang kanyang paa at nabuksan ang pinto. Nahulog ang grupo sa kumukulong putik.

Ang ibang mga tao sa lugar na iyon—ay ang mga tao na hindi kilala ang Diyos—karamihan ay mga budistang monghe, ang iba ay ang mga tumalikod na Kristiyano, at ang iba naman ay ang mga dumadalo sa simbahan para sa ibang dahilan at hindi para kay Hesus. Maraming ibat-ibang tao ang hinihila papunta sa patibong na pintuan upang ihulog sa kumukulong putik. Ipinaliwanag ni Hesus kung ano ang aking nasasaksihan. Hindi ko magawang tumigil sa pag-iyak. Takot na takot ako. Habang umiiyak ako ay hinimok ako ng Panginoon na maglakad kasama Niya.

Nang makalayo kami ng kaunti ay may sumulpot na malaking bagay. Halintulad iyon ng isang water wheel, pero maaari ring malaking gulong. Gayon pa man, malaki iyon at bilog. Ang malaki at bilog na bagay ay patuloy na umiikot. Nababalutan iyon ng matatalas na patalim. May pulang liwanag sa dulo ng mga patalim at nararamdaman ko ang init niyon.

Habang umiikot ang malaking bagay ay may nakita akong mga lalaki at babae na nakahiga sa ilalim ng bagay na iyon. Siksikan sila na parang mga sardinas. Umikot ang bagay at tumama ang mga patalim sa mga biktima.

Hindi ko na kayang panoorin pa iyon. Iyon ay nakakatakot na tanawin. Ang mga katawan ng mga biktima ay natusok at nalaslas ng matatalas na patalim. Ang mga katawan ng tao ay sumabog na parang water balloon. Nang matapos na ang bilog na bagay ay nilinis ng masasamang nilalang ang mga nagkapira-pirasong bahagi ng katawan. Nilinis nila iyon ng walang respeto. Trinato nila ang mga bahagi ng katawan na parang basura. Nang matapos nilang ipunin ang mga bahagi ng katawan ay itinapon nila iyon sa bulkan. Iyon ay kakila-kilabot na tanawin.

Ang lugar na ito sa impyerno ay maraming bulkan. Ang lahat ng bulkan ay handa nang sumabog. Ang lugar na iyon ay pinamamahayan ng maraming nilalang na nakasuot ng itim na pulseras. Bawat nilalang ay may dalang pamukpok na yari sa bakal. Ginagamit nila ang pamukpok sa mga taong nagmamatigas at nagpupumilit na tumakas o umalis sa bulkan.

Ang mga nilalang na iyon ay nakasalamuha ko na habang ako ay nagdarasal sa ibat-ibang wika sa simbahan. Iyon ay ang mga masasamang espirito na sumubok na lapitan ako. Pare-parehas ang itsura ng napakaraming nilalang. Ang mga nilalang ay masaya sa pagpapahirap at pagsusunog ng mga tao.

## **ANG MGA TAONG SALAWAHAN**

Sinabi ni Hesus, **“Haak-sung, manood kang mabuti.”** Maraming tao ang napapalibutan ng malalaki at maliliit na ahas. Halo-halo sila at magkakalapit. Ang malalaking ahas ay nakapulupot sa kanilang ulo at ang maliliit na ahas naman ay nakapulupot sa kanilang katawan. Ang mga tao ay patuloy na kinakagat ng maliliit na ahas. Sumisigaw ang mga tao sa sakit.

Tinanong ko ang Panginoon, **“Panginoon, anong uri ng kasalanan ang nagawa ng mga taong ito?”** Sumagot ang Panginoon, **“Hindi sila tunay na nanampalataya sa Akin. Hindi sila naniniwala sa Akin ng taos puso. Kahit inihahayag nila na naniniwala sila sa Akin, ang kanilang ginagawa ay hindi alinsunod. Sila ay pabagu-bago. Ang kanilang makapritsong pag-uugali ang naka-apekto sa kanilang pagdalo sa simbahan. Sila ay hindi isinilang muli. Karamihan sa kanila ay namatay sa aksidente, at hindi nila nagawang makapagsisi ng lubos. Haak-sung, kahit makapritso ang iyong pag-uugali, ang iyong pagiging Kristiyano ay matatag.”**

May napakaraming hukay na puno ng apoy. Ang apoy ay parang may sariling buhay. Ang apoy ay nag-aalab ng napakataas. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at sinabi Niya na kailangan naming magpatuloy. Naglakad kami ng mahaba at nakarating sa napakalaking lugar. May ilang malalaking pader. Napakalaki at hindi ko makita ang dulo niyon. Ang mga pader ay umiikot na katulad ng direksyon ng pag-ikot ng orasan,

at ang iba naman ay umiikot ng pabaliktad. May ilan naman na patuloy na bumabaliktad sa isang direksyon, at ang iba naman ay sa ibang direksyon.

Sa ibabaw ng pader ay may napakaraming lalaki at babae na nakahiga at nakatali ang kanilang mga kamay at paa. Ang mga tao ay nakatali ng magkakatabi at wala ng ispasyo sa isat-isa.

Sa maikling sandali ay may narinig akong sagitsit na nagmumula sa lahat ng dako. At pagkatapos ay nagkaroon ng apoy na ibat-ibang kulay. Ang apoy ay may pula, dilaw at asul na liwanag. Nasunog ang laman at damit ng mga tao sa pader. Sumigaw ang mga tao at humingi ng tulong. Habang umiikot ang pader, ang mga tao ay iniihaw hanggang sa masunog ng tuluyan ang kanilang laman. Nang sila ay kalansay na lang ay nakita ko na umikot ang pader at nang sila ay muling lumitaw ay bumalik sa dati ang kanilang laman. May malalaking ahas ang sumulpot at pumulupot sa kanilang ulo.

May mga nakakatakot na nilalang na kulay berde at may mahaba at bahagyang mata. Ang hugis ng mata ay kahalintulad ng mata ng soro. Ang nilalang ay may ilong na hugis tatsulok at may sungay sa magkabilang gilid ng kanyang ulo. May tatlong daliri siya sa kanyang kamay. Napakataba ng nilalang at ang kanyang katawan ay halos namamaga. Ang bawat nilalang ay may hawak na pang-palo na may matatalim na tinik. Minamadali nila ang mga tao sa lahat ng dako at walang awang sinasalakay. Lahat ng tao ay umiiyak at humihingi ng tulong.

Habang sumisigaw ang mga tao ng, **“Tulong! Pakiusap!”** ay pinapalo naman ng mga nilalang ang kanilang ulo. At nang sumigaw sila ng, **“Pakiusap! Pakawalan niyo kami!”** ay hinampas ng malakas ng nilalang ang kanilang katawan. May napansin akong babae na umiiyak ng malakas, **“Madaya! Hindi ako karapat-dapat parusahan ng ganito! Ang buhay ko sa lupa ay miserable. Hindi ko iyon matagalan kaya nagpakamatay ako. Ngunit ang pagdurusa dito sa impyerno ay mas mahirap kaysa sa buhay sa lupa. Bakit mo ako dinala sa impyerno? Hindi ito makatarungan. Hindi ko narinig ang katotohanan ng impyerno. Hindi ako karapat-dapat mapunta dito.”** Inulit-ulit niya iyon.

Ang isa sa masamang nilalang ay tumawa at sumagot, **“Nalinlang kita upang ikaw ay magpakamatay. Hindi mo alam ang katotohanan. Dumalo ka sa simbahan subalit hindi mo narinig ang tungkol sa langit at impyerno. Natakot akong malaman mo ang tungkol sa lugar na ito. Kahit dumadalo ka sa simbahan ay pinatay mo pa rin ang iyong sarili. Kaya naman ay dapat kang mapunta dito. Nautakan at nalinlang kita. Napa sa akin ang iyong kaluluwa. Tuturuan kita ng leksiyon ng walang hanggan.”** Walang awang hinampas at binugbog ng nilalang ang babae.

Umiyak ako habang pinapanood ang nakakatakot na tanawin. Takot na takot ako. Si Hesus ay nakatayo sa aking tabi at dinamayan Niya ako. Pinunasan Niya ang aking luha at mahigpit Niya akong niyakap sa Kanyang mga braso. Ang pagdurusa at sakit ay walang humpay at walang hanggan. Ang kanilang sigaw at pagmamakaawa ay hindi kailanman malulunasan. Iyon ay walang hanggang paghihirap. Umalis kami ng Panginoon at iniwan ang impyerno.

Nang makarating ako sa simbahan ay nagdasal na ako sa ibat-ibang wika. Sinabi sa akin ng Panginoon, **“Haak-sung, ang iyong panalangin na tumatagal mula gabi hanggang umaga ay mas makapangyarihan kaysa sa iyong panalangin sa araw. Kaya naman, subukan mong magdasal ng mas matagal tuwing gabi kaysa tuwing araw.”** Sinabihan Niya ako na tingnan ko Siya ng mabuti. Nakita ko ang Panginoon na nakasuot ng koronang tinik sa Kanyang ulo, at may nakita akong mga butas sa Kanyang mga kamay at paa. May dugong dumadanak sa bawat sugat. Patuloy akong nagsisi at umiyak habang pinapanood ko ang paghihirap ng Panginoon.

Natapos ako sa pagdarasal. Pagkatapos kong magdasal ay dinala ako ng Panginoon sa langit at pinunasan Niya ang aking mga luha. Nang makarating na ako sa langit ay pumunta ako sa karagatan doon, mala-kristal ang linaw niyon.

### **MAAARI BA AKONG MANATILI SA LANGIT?**

**Lee, Yoo-kyung:** Habang nagdarasal ako ng taimtim ay dumating si Hesus at kinausap Niya ako. **“Nanabik ka ba sa Akin?”** Masaya akong sumagot ng, **“Opo, labis po, Panginoon.”** Winika ng Panginoon, **“Gaano ka nanabik sa Akin?”** Itinaas ko ang aking mga kamay at ginawa kong hugis puso ang aking braso at kamay. Sinabi ko ng malakas, **“Mahal kita Hesus.”**

Masaya ako ng araw na iyon. Kadalasan ay ginagambala ako ng masasamang espiritu sa tuwing nagsisimula akong magdasal. Ngunit sa araw na iyon ay nagpakita ang Panginoon. Hindi lang Siya nagpakita, kundi isinama rin Niya ako sa langit. Sinabi ni Hesus, **“Masaya ka ngayong araw, di ba?”** Sumagot ako, **“Opo, Panginoon. Masaya ako dahil hindi ako nakakita ng masasamang espiritu ngayong araw.”** Nang makarating kami sa langit ay may isang anghel ang yumuko at sinabi niya sa akin, **“Wow! Narito ka na naman. Dapat kang magalak dahil parati kang pumupunta dito.”** Ngumiti sa akin ang anghel.

Dinala ako ng Panginoon sa mataas na lugar at ipinakita Niya sa akin ang mundo. Ang mundo ay napakaliit sa malayo. Napagmasdan ko na umiikot ang mundo. Itinuro ni Hesus ang mundo at sinabi Niya, **“Iyon ang iyong bansa kung saan naroroon ang iyong siyudad at tahanan.”** Tinanong ko ang Panginoon, **“Hesus, nais ko pong tumira sa langit. Ayaw ko pong bumalik sa mundo.”** Sumagot si Hesus, **“Hindi pa ngayon ang iyong panahon. Kailangan mo munang maglingkod sa Akin at gawin ang Aking gawain. Sa itinakdang panahon ay pupunta ka rito.”**

Nagkaroon kami ng Panginoon ng masayang sandali sa langit. Nagbiruan kami at nagtawanan. Pagkatapos ay bumalik na kami ng Panginoon sa simbahan.

### **MATAAS NA BOLTAHE NA KULUNGAN SA IMPYERNO**

**Baek, Bong-Nyo:** Habang nagdarasal kami ay nagpakita si Hesus. Tumigil Siya sa paglalakad at bumulung-bulong sa Kanyang sarili, **“Sino ang pipiliin Kong bumisita sa**

**impverno?”** Nalaman ko na Siya pala ay bumubulong sa aking harapan dahil nakapag-pasya na Siya na isama ako upang bumisita sa impverno. Nang tumayo Siya sa aking harapan ay nag-alala ako. Sinabi Niya sa akin, **“Maraming bagay Akong ipapakita sa iyo. Umalis na tayo ng magkasama.”**

Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay. Sa sandaling iyon ay naalala ko ang pag-uusap namin ng pastor. Sinabi ng pastor, **“Marahil ay nasa impverno ang aking ama at nakatatandang kapatid na babae dahil hindi nila tinanggap si Hesus. Kung dadalhin ako ng Panginoon sa impverno at makikita ko iyon ng aking mga mata ay maisusulat ko ng may pagtitiwala ang mga detalye tungkol sa impverno. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi ako pinahihintulutan ng Panginoon na bumisita sa impverno.”** Nakiusap ang pastor na tanungin ko ang Panginoon kung ipapakita Niya sa akin ang kanyang ama at nakatatandang kapatid na babae kung sakaling bibigyan ako ng pagkakataon na bumisita sa impverno.

Habang patungo kami sa impverno ay tinanong ko ang Panginoon tungkol sa kahilingan ng pastor. Pumayag ang Panginoon na ipakita sa akin kung saan naroroon ang ama at nakatatandang kapatid ng pastor. Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay ng mahigpit. Pina-alalahanan Niya ako na huwag matakot. Sinabi ng Panginoon na may makikita akong mga nakakatakot na eksena at ako ay Kanyang babantayan. Pagkatapos Niya akong kausapin ay napansin ko na naglalakad na kami sa makitid na daan. Madilim ang daan. Wala akong makita. Hindi ko alam ang direksyon. Hindi ko alam kung ako ay naglalakad ng direktso, paurong o patagilid. Ginagabayan lang ako ni Hesus. Ang Panginoon ay liwanag at Siya ay nagniningning sa kadiliman.

Habang naglalakad kami ay may narinig akong ingay sa lahat ng dako. Tumatagos ang ingay sa aking ulo at sumakit ang aking tenga dahil sa ingay. Pakiramdam ko ay sasabog ang aking ulo. Nakilala ko ang ingay, naging malinaw at maliwanag iyon. May mga umiiyak at sumisigaw. Iyon ay ingay ng kaguluhan. May narinig akong masasamang salita laban sa Diyos. Sinusumpa ng mga tao ang isat-isa at nag-aaway sila. Iyon ay ingay ng malaking kaguluhan. Ang mga salitang aking narinig at ang ingay ay nagdulot ng sakit sa aking tenga at kaluluwa.

Walang katapusan ang haba ng makitid na daan at pakiramdam ko ay naglalakad kami ng walang hanggan. Pagkaraka ay may naramdaman akong presensya na mabilis na dumaan sa palibot ko. Sinabi ng Panginoon, **“Magmasid kang mabuti.”** Ikinaway Niya ang Kanyang kamay at pagkatapos ay nakita ko ang lahat. Sa dalawang tabi ng makitid na daan ay may malaki at malawak na silid. Napakalaki ng silid at hindi ko makita ang dulo ng kisame. Ang mga silid ay nakalinya ng magkakatabi. Bawat silid ay may laman ng napakaraming tao na nagsisiksikan. Wala na silang ispasiyo upang gumalaw. Ang mga silid ay kasing taas ng napakatayog na gusali sa malalaking siyudad. May mga bakal na kulungan sa silid at naalala ko ang selda sa bilangguan. May mataas na boltahe ng kuryente ang dumadaloy sa bakal na kulungan. Naalala ko ang pampatay ng lamok, ang ginagamit upang patayin ang mga insekto na lumilipad sa liwanag.

Ang mga tao ay nag-aaway at nagtutulakan upang maiwasan ang bakal na kulungan. Ang ibang mga tao ay naitutulak sa bakal na may kuryente. Nakuryente ang kanilang laman at nasunog. Ang mga biktima ay nasusunog at abo nalang ang natitira. Pagkaraka ay may narinig akong iyak sa karamihan ng tao. Ang lalaki ay sumisigaw at nakiusap na tulungan namin siya, “Panginoon, noong ako ay nasa lupa pa, ay dumadalo ako sa simbahan para sa pagkain. Ngunit umaalis ako sa gitna ng sermon upang uminom at magsigarilyo. Naaksidente ako at namatay at natagpuan ko ang aking sarili dito sa impyerno. Panginoon, pakiusap, nag-mamakaawa ako na alisin Mo ako sa lugar na ito. Pakiusap Panginoon. Hindi ko na muling gagawin ang kasalanang iyon.”

Umiyak siya ng malakas ng hindi sumagot ang Panginoon. Gayon pa man ay may napansin akong kakaibang pangyayari. Nang matapos na ang lalaki sa pakikiusap sa Panginoon, ang kanyang laman ay nagkapira-piraso at siya ay naging kalansay. Ngunit nakakapagsalita pa rin siya, “Panginoon, pakiusap, alisin Mo ako sa lugar na ito. Kung sasagipin Mo ako ay hindi na ako iinom ng alak o maninigarilyo. Hindi ko na pagsasamantalahan ang paghingi ng pagkain sa simbahan. Ilalaan ko ang aking buhay sa panalangin. Kung uutusan Mo akong mag-ayuno, ay mag-aayuno ako hanggang sa nais Mo. Mag-aayuno ako ng isang libong taon o kahit sampung libong taon. Ihahandog ko ang aking buhay sa Iyo at sa panalangin. Pakiusap, alisin Mo lang ako sa nakakatakot na lugar na ito! Pakiusap!” Habang nakikiusap ang lalaki, ang kanyang katawan ay dumikit sa bakal na may mataas na boltahe ng kuryente. Nang dumikit siya ay nasunog siya at naging abo.

May isang tao na naman akong narinig katabi ng taong nakiusap. Mahina ang kanyang boses, iyon ay boses ng isang babae. Gayon pa man ay naging malakas ang boses at naging matalas. “Panginoon, hindi ako karapat-dapat mapunta dito. Hindi ito makatarungan. Hindi ko alam na may ganito palang lugar. Pakiusap Panginoon, alisin Mo ako rito.” Sumagot ang Panginoon, “Alam Ko ang bawat kasalanan na iyong ginawa. Paano mo magagawang magsinungaling sa Akin.” Nabago ang kanyang tono. Siya ay naging agresibo at nagsalita ng mapanlaban, “Panginoon, anong kabutihan ang iyong ginawa? Kung ikaw ay tunay na Diyos at may kakayahan na iligtas kami, bakit kami napunta dito? Hindi mo ba kami kayang iligtas? Ikaw ang may kasalanan kung bakit marami ang nasa impyerno.” Wala siyang respeto sa Panginoon.

Tahimik ang Panginoon habang inaalipusta Siya ng babae. Siya ay mapagmataas. Ang walang pakundangan na babae ay patuloy na nagsalita ng masama sa Panginoon, “Hoy, ikaw, anong ginawa mo para sa amin?” Pagkatapos ay nagbago siya at nakiusap ng marahan. Ang kanyang ugali ay nagbabago sa pagiging arogante at pakikiusap ng marahan. Nasasaktan akong marinig ang babae na inaalipusta ang Panginoon. Ngunit tahimik na nakatayo ang Panginoon at hinayaan siyang magsalita.

Muling sumigaw ang babae at sinigawan niya ang Panginoon. Dinuro niya ng kanyang daliri ang Panginoon at pinagsabihan ng masasama. “Sa tingin mo ba ay Panginoon ka ng lahat? Tingnan mo, kahit sa sandaling ito ay napakaraming tao sa impyerno. Ilang

daan lang ang pumapasok sa langit at daang libo naman ang pumapasok sa impyerno. Napakasikip dito!”

Nang mapagtanto ng marami na andiyan ang Panginoon ay sinikap nilang makipag-usap sa Kanya. Iniaabot nila ang kanilang mga kamay sa Panginoon. Subalit ng subukan nilang abutin ang Panginoon ay nakuryente sila at nasunog. Kahit nasunog na sila ay pinipilit pa rin nilang lumapit sa Panginoon. Nagsalita ng masasama ang mga taong nasa likod na hindi kayang lumapit sa Panginoon.

Habang sumisigaw ang mga tao ay tahimik lang na nakatayo ang Panginoon. Nakinig Siya habang nagmumura sila at sumisigaw. Nakiusap ako sa Panginoon, **“Panginoon, pakiusap, umalis na po tayo. Masakit na po ang aking ulo. Nahihirapan na po akong huminga. Hindi ko na po kaya”** Sumagot ang Panginoon, **“Oo sige.”** Mahigpit Niyang hinawakan ang aking kamay at sinabi Niya na kailangan pa naming maglakad ng kaunti.

### **ANG AKING INA AY PINAHIHIRAPAN SA BAWAT LUGAR SA IMPYERNO**

Nang nakalayo na kami ay may nakita na naman akong nakakatakot na tanawin. Nakarating ako kung saan pinahihirapan ang aking ina. Siya ay nasa matinding paghihirap at sakit. Hindi ko ninais na masaksihan ang aking ina na muling naghihirap. Sinabi ko sa Panginoon, **“Siya po ay aking ina. Anong gagawin ko?”** Ang aking ina ay pinahihirapan sa ibat-ibang lugar sa impyerno. Binigyan ako ng pagkakataon na masaksihan ang kanyang paghihirap mula simula hanggang sa kasalukuyan. Sa tuwing dumadating ako at ang Panginoon sa impyerno, ang aking ina ay naroroon upang pahirapan. Ang aking ina ay sumisigaw sa sakit dahil sa apoy at init. Hindi ko kayang tiisin iyon. Nayanig ako at natumba. Ngunit tinulungan ako ng Panginoon upang makatayo. Patuloy kong pinanood ang kakila-kilabot na eksena.

**“Mama! Ang kawawa kong ina, nandiyan ka pa ba?”** Habang sumisigaw ako ay narinig ako ng aking ina at sumagot siya ng umiiyak. Umiyak siya ng hysterikal at sumigaw sa sakit, **“Aray! Mainit! Bong-nyo, mas gugustuhin ko pang pahirapan sa ibang paraan. Ako ay pinahihirapan sa sobrang init. Pinahihirapan ako sa mainit na tubig o sa apoy. Labis ko itong kinasusuklaman. Aray! Napaka-init! Bong-nyo alisin mo ako rito!”** Habang nanonood ako, ang laman ng aking ina ay nagkakapira-piraso at walang natitira kundi ang kanyang buto. Kahit na alam ko na imposible ang aking sasabihin ay sinabi ko pa rin sa Panginoon. Hindi ko kayang makita ang aking ina na labis na nahihirapan. **“Panginoon, pakiusap, tulungan Mo siya. Pakiusap.”** Umiyak ako habang nagsusumamo sa Panginoon. Kahit umiyak pa ako ng umiyak, ay alam ko na ang aking hiling ay imposible. Winika ng Panginoon, **“Huli na ang lahat. Imposible na matulungan siya.”** Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay at hinila niya ako habang ako naman ay tumututol. Habang hinihila ako ng Panginoon ay patuloy ko namang tinitingnan ang aking ina.

**“Mama! Mahal kong ina, anong dapat kong gawin? Mama, ano ang dapat kong gawin?”** Habang nagdadalamhati ako ay sumagot ang aking ina na umiiyak, **“Bong-**



**nyo, anak ko.”** Paulit-ulit na tinawag ng aking ina ang aking pangalan. Pagkalipas ng ilang minuto ay narinig ko nalang ang mahinang pagtawag niya habang kami ay papalayo.

Nang makaalis na kami sa lugar na iyon ay nakarating kami ng Panginoon sa isa na namang lugar ng pagpapahirap. Muli kong nasaksihan ang aking ina na pinahihirapan. Maikli lang ang distansya kung saan nakita ko ang aking ina ngunit ngayon ay naririto na naman siya. May nakita akong malaki at masamang nilalang. Siya ay parang hari o prinsipal sa lugar na iyon. Nang malaman ng nilalang na nakatingin ako sa aking ina ay ipinulupot ng nilalang ang kanyang dila sa aking ina. Naalala ko ang dila ng ahas sa dila ng nilalang na iyon.

Hindi nakakahinga ang aking ina subalit nagawa pa rin niyang sumigaw, **“Bong-nyo, bakit ka na naman naparito? Kung hindi mo kayang iligtas ako ay bakit ka naparito? Bakit pabalik-balik ka? Huwag kang tumayo lang diyan at manood. Pumarito ka at iligtas ako. Pakiusap. Nais mo bang makita akong nahihirapan? Magmadali ka at umalis ka na. Huwag ka nang babalik pang muli.”** Nang matapos na siya sa pagsigaw sa akin ay itinaon siya ng nilalang sa nag-babagang apoy. Nang dumikit ang kanyang katawan sa apoy ay nasunog siya. Narinig ko ang kanyang kakila-kilabot na sigaw.

## **ANG PAGDURUSA NG MGA MANUNUGAL**

Inutusan ako ng Panginoon na maglakad ng pasulong. Luhaan ako at pawis na pawis. Ayaw ko nang lumakad pasulong. Sapat na ang aking nakita. Ngunit alam ko na nais ng Panginoon na mas marami pa ang makita ko. Isa na namang nakakatakot na eksena ang naghihintay sa akin. Marami akong nakitang mga tao na nakahilera at nakaupo. Napansin ko na ang kanilang mga kamay at paa ay nakaunat pasulong. May isang malaking nilalang na may hawak na malaking palakol ang palakad-lakad sa harap ng mga tao. Ang palakol ay matalas at mapanganib.

Metikulosong tinaga ng nilalang ang kamay at paa ng mga tao. Nagsisimula siya sa daliri papataas sa braso hanggang sa balikat. Ganoon din ang ginawa niya sa mga paa. Una niyang pinutol ang mga daliri sa paa papataas sa hita. Mabilis iyon at walang awa. Sumigaw ang mga tao sa sakit. Walang katapusan iyon.

Bakas ang kamatayan sa mukha ng mga taong naghihintay tadtarin. Ang kanilang mga mukha ay nagyelo dahil sa takot. Umawit ang nilalang habang tinataga niya at tinatadtad ang mga tao. Ginamit ng nilalang ang kanyang malaking palakol upang madaling mahati ang mga buto. Kahit ang malalaking buto ay madali lang na nadurog. Para lang siyang nagsisibak ng kahoy. Ang laman sa maliliit na buto ay madaling nahiwa

Takot na takot ako. Habang umiiyak ako ay tinanong ko ang Panginoon, **“Panginoon, natatakot po ako. Bakit po nandirito ang mga taong ito?”** Sumagot ang Panginoon, **“Sila ay mga propesyonal na manunugal. Marami silang nalinlang na mga tao. Hindi**



silang nakikinig kahit kanino. Kahit putulin pa ang kanilang mga kamay, paa o ulo ay hindi pa rin sila makikinig o magsisisi. Sa impyerno sila nakatadhana.”

Nang maputol na ang kanilang kamay at paa, ay gumulong naman ang kanilang katawan. Pero hindi nagtagal ay nabuo muli ang mga bahagi ng kanilang katawan at mauulit na naman ang proseso ng pagputol. Ang mga tao ay parang mga manika na walang kamay at paa. Lahat sila ay umiiyak sa sakit.

May napansin akong pamilyar na mukha sa karamihan ng mga tao. Lumapit ako upang makitang mabuti. Nagulat ako. Iyon ay ang aking ama. Nagka-titigan kami. Ang aking ama ay sunod na sa pila upang tadtarin. Hindi maganda ang aking ala-ala sa aking ama noong ako ay bata pa. Malalim ang sugat sa aking puso dahil sa kanya. Galit siya sa akin. Sa aming pamilya ay sa akin lang siya galit. Palagi niya akong sinisigawan at binubugbog.

Ngayon ay nandirito ang aking ama at humihingi ng tawad, “**Bong-nyo, marami akong nagawang kasamaan. Patawad. Maraming beses akong nakagawa ng pagkakamali sayo. Ang parusa ay makatarungan at karapat-dapat lang na parusahan ako. Hindi ako maaaring tumanggi sa hatol. Pero bakit ka narito? Bakit palagi kang bumibisita sa impyerno?**” Nang matapos ng magsalita ang aking ama ay sinimulan na ng nilalang ang pagputol sa kanyang mga braso at paa ng walang awa. Habang sumisigaw siya ay tumalikod ako. Hindi ko kayang tumingin. Tinanong ko ang Panginoon, “**Panginoon, pakiusap, gusto ko na pong umalis sa lugar na ito.**”

## **PINANSYAL NA PAGPAPALA SA AKING PAMILYA**

Sister Baek, Bong-Nyo: Nagdasal ako, “Panginoon, bakit po hindi Niyo tinutupad ang iyong pangako na pagpapalain Niyo kami sa pinansyal? Hindi Niyo po tinupad ang iyong pangako. Tingnan Mo po kami. Tingnan Niyo po ang aming kondisyon. Nagdarasal kami kahit malamig dahil hindi namin kayang bumili ng pang-painit. Habang nagdarasal po kami ay nanginginig kami at kailangan naming kuskusin ang aming mga palad para uminit. Madalas ay mababa pa sa sampung digri ang temperatura. Hindi ko po maintindihan kung bakit hindi Niyo kami pinagpapala. Ang apat na myembro ng aking pamilya ay nakatira sa bahay ng pastor kahit siya ay naghihirap din sa pang-pinansyal. Wala silang makain kundi kanin at kimchi. Bakit hindi Mo po kami pinagpapala?”

Nagpatuloy ako sa pagdarasal, “Ang aming mga pamilya ay parehas na naghihirap. Ang pamilya ng pastor ay walang sapat na pera, at ang aking pamilya naman ay walang pera. Bakit Mo po kami inaasahan na magdasal sa loob ng mahabang oras kung kami ay nagugutom? Binigyan Mo po kami ng kakayahan na makapasok sa malalim na mundo ng espirituwal sa tuwing kami ay nagdarasal. Subalit hindi po namin makakayang magpatuloy kung kami ay nagugutom. Higit pa roon ay nilalamig kami. Napaka-lamig. Bakit Mo po hinahayaan na masaktan ako sa panood ng mga pinahihirapan sa impyerno? Alam ko po ang pakiramdam kapag may masakit sa akin, subalit hindi ko po maisip kung gaano kasakit ang kanilang

pinag-dadaanan. Sa tuwing nagdarasal ang mga myembro ng buong magdamag, sila ay naninigas dahil sa pagkakaupo ng matagal. Sumasakit ang aming katawan at naninigas. Ang aming mga katawan ay hindi nai-kondisyon ng normal. Ang pagdarasal buong gabi ay isang hamon. Mahina ang aming katawan dahil sa kakulangan ng sapat na pagkain. Bakit Mo po kami hinahayaang magpatuloy ng ganito? Panginoon, hindi ko na po kaya.”

Umiyak ako ng umiyak habang dumadaing ako sa Panginoon. Dinamdang ko ang aking sitwasyon, at inilarawan ko iyon sa aking panalangin, “Sumamba ako sa masasamang espiritu at namuhay bilang isang manghuhula sa loob ng labing-tatlong taon. Dalhin Mo ako sa nag-aalab na apoy ng impyerno sa halip na ang aking ina. Ako ang nakagawa ng mali sa ibang tao. Ako ang may kagagawan kung bakit nasa impyerno ang marami; ang kanilang dugo ay nasa aking mga kamay. Panginoon, alam Mo po na ako ay naimpluwensyahan ng masasamang espiritu. Ang masasamang espiritu ang nag-udyok sa akin na umalis at iwanan ang aking sariling anak at naging isang manghuhula ako. Ang aking ina ang umako ng responsibilidad na palakihin ang aking mga anak. Ngayon ay nasa impyerno siya at pinahihirapan. Hindi po iyon makatarungan at hindi ko po kayang mabuhay sa aking kasalanan. Ipadala Niyo po ako sa impyerno at palayain ang aking ina. Pakiusap!” Ngumawa ako at nagreklamo ng hindi muna nag-iisip. Ngunit ang Panginoon ay mahabagin at nakikinig siya sa lahat ng aking sinasabi. Ang Panginoon ay tunay na matiyaga sa akin. Nang matapos ang aking mga daing ay tumingin ako sa Panginoon at pinagmasdan ko ang Kanyang mukha.

Umasa ako na bibigyan ako ng kasagutan ng Panginoon subalit nakatayo lang Siya ng tahimik. Pagkatapos ng mahabang sandali ay napatawa Siya. Sumagot Siya, “**Bong-Nyo, marami Akong dinalang tao sa impyerno. Ngunit ikaw ang unang nagreklamo sa iyong pinansyal na pangangailangan nang ipakita ko sayo ang mga paghihirap sa impyerno.**” Tumawa muli ang Panginoon. Nahiya ako habang nakikinig sa Kanyang mapagbigay-loob na salita. Gusto kong umalis at magtago.

Naligtas ako sa loob pa lamang ng dalawang buwan. Bago pa lang ako at mura pa ang pananampalataya. Mangmang ako sa mga turo ng Panginoon. Marahang nagsalita ang Panginoon, “**Hindi Ko niloloob ang iyong reklamo. Hindi tayo dapat mag-alala sa kahit na ano. Magpatuloy na tayo sa paglalakad. Panoorin mo ang eksenang ito.**” May nakita akong hayop na gumagalaw sa aking harapan. Kasing laki siya ng bundok. Imposible para sa akin na masukat ang laki ng halimaw. Hindi ko mawari kung anong uri ng halimaw iyon. Para siyang buwaya o dragon. Siya ay may mahigit isang daang buntot at may mukha ng tao. May isang daang ulo din siya. Nang buksan niya ang kanyang bibig ay may lumabas na mahaba at mala-taling dila. May isang matandang babae na nakasuot ng puting damit ang nakatayo sunod sa halimaw. Pinuluputan siya ng dila ng halimaw. Nalaman ko na siya pala ay ang aking ina.

Ginagamit ng masamang halimaw ang kanyang dila upang ipulupot sa kanyang biktima. Kapag naipasok na ng halimaw ang biktima sa kanyang bibig ay ngunguyain niya at lulunukin iyon. Labis ang aking hinagpis. Umiyak ako ng umiyak. Nanood ang Panginoon. “**Bong-nyo, sa tuwing umiiyak ka ay nararamdaman Ko ang sakit. Sa**

tuwing nasasaktan ang iyong puso ay nasasaktan rin ang puso Ko. Kapag malungkot ka ay malungkot rin Ako. Kung nabubuhay pa ang iyong ina ay matutulungan Kita. Ngunit huli na ang lahat. Kung nais mong magreklamo o magalit ay malaya ka. Nandito Ako upang makinig sa iyong mga daing. Alam Kong nagdadalamhati ka. Nais ko na ilabas mo iyan.”

Nahiya ako at nagsisisi sa aking mga ignoranteng inasal. Patuloy akong umiyak. Nais ng Panginoon na tumingin ako. Nang iangat ko ang aking ulo ay may nakita akong itim na palayok. Sa loob ng palayok ay may maitim na kumukulong tubig. Mabaho ang amoy sa buong paligid. Ang amoy niyon ay parang amag sa nabubulok na pagkain. Sumakit ang aking ulo at napapasuka ako dahil sa mabahong amoy. “Panginoon, ano po iyon?” Sumagot ang Panginoon, “Iyon ay malaking palayok ng alak. Nabubulok iyon sa amag.” Nais ng Panginoon na tingnan ko iyon ng mabuti. May napakaraming tao ang nakapila at may mga masasamang espirito na naghihintay upang itapon sila sa palayok.

### **ANG AMA AT NAKATATANDANG KAPATID NA BABAE NI PASTOR KIM AT ANG AKING NAKABABATANG KAPATID NA LALAKI AY NASA IMPYERNO**

Ang mga salitang sinabi sa akin ni Hesus ay naghatid ng kalungkutan sa aking puso. Ipinaliwanag ng Panginoon ang tungkol sa mga naka-lingyang tao at sa palayok. Kasama sa napakaraming tao ang aking bunsong kapatid na lalaki, ang ama at nakatatandang kapatid na babae ng pastor. Sila ay nakapila kasama ng iba pang tao at naghihintay sila na mailagay sa kumukulong palayok. Nang tumingin ako sa malapit, ay napansin ko na ang una sa pila ay ang aking kapatid at nasa likod naman niya ang ama at nakatatandang kapatid na babae ng pastor. Nakita ako ng aking kapatid at umiyak siya, “Ate, bakit ka muling bumalik?” Umiyak ako dahil sa aking pag-aalala na siya ang unang ipapasok sa kumukulong palayok.

Naalala ko kung paano namatay ang aking kapatid. Noong nabubuhay pa siya ay uminom siya ng nakalalasang gamot. Namaluktot ako sa kanyang ala-ala. Naalala ko kung paano siya nagmalasakit sa relasyon namin ng aking asawa. Nag-aalala siya sa aming pagsasama. Sinabi niya dati, “Ate, huwag kayong mag-aaway. Magiging maayos kung kayo ay magmamahalan at mabubuhay ng mapayapa. Bakit kayo nag-tatalo? Naiintindihan mo ba kung ano ang sinasabi ko sayo? Mauuna akong mamatay sayo, ngunit nais ko na mabuhay kayo ng mahaba at masaya.”

Sinubukan kong kausapin ang aking kapatid. Sumigaw ako ng malakas, “Patawad. Hindi ko tinupad ang aking pangako. Nakipaghiwalay ako sa aking asawa at naging isang manghuhula. Maraming masasamang espirito ang aking sinamba sa loob ng maraming taon. Dahil sa aking pagmamatigas, ang aking mga anak ang nagbayad at nagkaroon ng mahirap na buhay. Pakiusap, patawarin mo ako.” Subalit parang hindi siya nakikinig.

Patuloy pa rin niyang itinanong, “Ate, bakit patuloy kang pumupunta rito?” Sumagot ako, “Dahil isinasama ako dito ni Hesus. Isang araw ay dumating si Pastor Kim,

Yong-doo at nangaral siya sa akin. Tinanggap ko si Hesus at ako ay naging isang Kristiyano. Kapag nagdarasal ako sa loob ng mahabang oras ay dinadalaw ako ni Hesus at isinasama Niya ako sa impyerno. Pinili Niya ako upang ipakita ang katotohanan ng impyerno. Dumadalo ako sa isang simbahan na ang pangalan ay Simbahan ng Panginoon (Lord's Church). Nakiusap sa akin ang pastor na hanapin ang kanyang ama at nakatatandang kapatid na babae kung ako ay bibisita sa impyerno. Sa grasya ng Diyos ay nakita ko kayong lahat. Hindi ko inaakala na makikita ko ang ama at kapatid ng pastor, at ikaw sa isang lugar."

Nang matapos na akong magsalita ay dumating ang masamang nilalang na tagabantay sa teritoryong iyon at sumigaw siya, **"Tumayo kayo ng tuwid sa linya!"** Ang bawat isa na nakapila ay kinabahan at natakot. Ang aking ama at ina ay biglang sumulpot at siya ay nakapila kasama ng ama ng pastor, nakatatandang kapatid, at ng aking kapatid. Nang tingnan ko ang loob ng palayok ay nakita ko na may bulok at maitim na tubig na kumukulo sa loob niyon. Katulad ng bagyo, ay may nakita akong kidlat sa loob ng palayok at mayroon ding ingay ng kulog. Sinimulang itapon ng nilalang ang aking ama, ina at bunsong kapatid sa kumukulong palayok.

Nang marinig ko ang sigaw ng aking magulang at kapatid ay nagulat ako at umiyak, **"Panginoon, bakit napaka-miserable ng lugar na ito?"** Sumagot ang Panginoon, **"Ang lugar na ito ay para sa mga isinumpang lasenggo. Ang mga taong hindi nagsisi at hindi Ako tinanggap ay mapupunta rin sa palayok na ito kahit isang beses."** Ang mga nakapilang tao ay mabilis na ipinasok sa palayok. Ang kanilang sigaw ay umalingawngaw hanggang sa himpapawid ng impyerno. Nang makapasok ang mga tao sa palayok ay mabilis na nagkapira-piraso ang kanilang laman. Kung magagawa naman ng mga tao na lumangoy at umakyat papataas ay mabilis silang pupukpukin ng bakal sa ulo ng masamang nilalang. Ang mga tao ay hindi hinahayaang umakyat at umalis sa kumukulong tubig. Lahat ng tao ay sumisigaw at humihingi ng tulong.

Kumaway ang Panginoon upang kunin ang aking atensyon. Tinuro Niya ang ilang tao at inutusan Niya ako na tumingin sa malapit. May nakita akong dalawang taong nakatayo. Ang isa ay matandang lalaki na kamukha n gaming pastor. Ang isa naman ay magandang babae. Ang matandang lalaki ay umiiyak at tinatawag niya ang pangalan ng pastor. Sinabi sa akin ng pastor na siya ay may pitong kapatid- limang lalaki at dalawang babae. Ang kanyang nakatatandang kapatid na babae ay namatay sa sakit sa murang gulang. Siya ay nakatira sa isang siyudad na malayo sa pastor. Ang pastor ay kamukha ng kanyang ama. Halos kambal na sila.

Sumigaw ang matandang lalaki, **"Yong-doo! Nasaan ang aking anak?"** Pinayuhan ako ng Panginoon na naipaliwanag na Niya sa kanya ang tungkol sa pastor. **"Yong-doo, nasaan ka?"** Tinanong ko ang Panginoon, **"Bakit po naririto ang ama ng pastor?"** Sumagot ang Panginoon, **"Labis ang kanyang mga kasalanan at inabuso niya ang kanyang asawa. Mahilig siyang uminom. Ang alkohol ay kanyang idolo. Ang kanyang pag-inom ay naka-apekto sa kanyang trabaho at napabayaang niya ang kanyang mga anak. Ang kanyang mga anak ay naghirap. Kaya naman ay walang hanggan siyang pahihirapan sa kumukulong tubig."**

Patuloy na sumigaw ang ama ng pastor, “Yong-doo, saan ka pumunta? Narinig ko na ikaw ay naging isang pastor. Paano ka naging pastor? Bakit hindi mo ako dinadalaw dito sa impyerno? Bakit iba ang pumalit sayo sa pagpunta rito?” Sinagot siya ng Panginoon, “Ang iyong anak ay naging isang pastor at nangangaral siya ng Salita ng Diyos.” Tumingin sa akin ang ama ng pastor kaya naman nagpakilala ako sa kanya.

“Hello, ako ay isang manghuhula na sumamba sa masasamang espiritu. Naaksidente ako at na-ospital. Ang pastor ay nangangaral sa mga pasyente sa ospital, at ako ay isa sa kanyang pinangaralan. Tinanggap ko ang Panginoon sa sandaling iyon. Ang aming simbahan ay nakatayo sa kanlurang bahagi ng Incheon. Ang pangalan niyon ay Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Ang pastor ay matapat at dedikado. Araw-araw at buong gabi kaming nagdadasal. Dinadalaw kami ng Panginoon, at iyon ang dahilan kung bakit kami naririto. Dumadalo din ako sa simbahan. Nag-aalala ang pastor na ikaw ay maaaring nasa impyerno. Nag-aalala siya na kayo at ang kanyang kapatid na babae ay parehas nasa impyerno. Nakiusap siya sa akin na kung pupunta ako sa impyerno ay hanapin kita at ang kanyang kapatid. Ninanais niya na magkaroon ako ng pagkakataon na makausap ka.”

Sumagot ang ama ng pastor, “Ahh. Pero hindi ko maintindihan kung paano siya naging pastor. Noong bata pa siya ay siya ang may pinakamatigas ang ulo sa aking mga anak. Sa tuwing uutusan ko siya ay hindi siya nakikinig at sumusunod. Paano siya naging karapat-dapat na maging isang pastor? Sa tuwing binibigyan ko siya ng pera upang bilhan ako ng alak ay umuuwi siya ng bahay ng gabi na. Hindi ko maintindihan kung bakit siya karapat-dapat na maging isang pastor. Kung siya ay isang pastor, bakit hindi niya ako dinadalaw dito? Dapat ay magmadali siya na iligtas ako.”

Patuloy kong kinausap ang ama ng pastor, “Ang aming pastor ay nagdarasal ng taimtim para sa espirituwal na pagkamulat ng kongregasyon. Nagdarasal siya ng mahabang oras. Nagdarasal siya buong magdamag hanggang umaga. Sa tuwing nagdadasal siya ay maraming masamang espiritu ang lumulusob sa kanya at sa kongregasyon. Sinusubukan nilang pigilan kami sa pagdarasal at upang pigilan ang aming espirituwal na pagkamulat. Buong lakas na nakikipaglaban ang pastor at pinaalis niya ang masasamang espiritu. Ang kanyang panalangin ay makapangyarihan at masidhi.” Umiyak ang ama ng pastor at sinabi niya sa akin, “Kung nabubuhay pa ako ay makikinig ako sa aking anak at tatanggapin ko ang Panginoon bilang aking Tagapag-igtas. Dadalo ako sa simbahan. Makapasok sana ako sa langit. Huli na ang lahat ngayon. Anong gagawin ko? Yong-doo, anak ko, sana ay makita kita kahit isang beses.” Labis ang kanyang pagka-balisa at kalungkutan.

Kamukha ng pastor ang kanyang ama. Subalit ang ama ng pastor ay mas mataas at mas mabigat. Muling sumigaw ang ama ng pastor, “Kakila-kilabot ang aking mga nagawa. Sana ay natanggap ng aking asawa si Hesus bilang kanyang Panginoon at Tagapag-igtas. Maaari sana siyang makapasok sa langit. Noong ako ay nasa lupa pa ay nagsusugal ako at umiinom buong araw. Hindi ko inalagaan ang aking pamilya. Hindi ko naibigay ang kanilang pangunahing pangangailangan. Ang aking asawa ay buong

araw na nagtrabaho upang pakain ang aming mga anak. Ako ang responsable sa kanyang mahirap na pamumuhay. Ang mga kasalanan ginawa ko ay pinagbabayaran ko na. Karapatdapat akong isumpa. Pakiusap, kapag nakabalik ka na sa mundo ay sabihin mo ang aking bunsong anak na lalaki na patuloy na dumalo sa simbahan. Sabihin mo sa kanya na dapat siyang maging matapat sa Panginoon at manalig.” Sinabihan rin niya ako na sabihin ko sa kanyang mga anak na huwag dadalo sa simbahan ng walang saysay. Kailangan nilang ipangilin ang araw ng Linggo, magsisi ng tapat at mamuhay ng may pananalig sa Panginoon bilang Kristiyano.

Umiiyak ang ama ng pastor habang nagsasalita. Nakakapagsalita siya dahil hinahayaan siya ni Hesus. Sinabi ng ama ng pastor, “Ako ay nasa impyerno at pinarurusahan. Ang impyerno ang katapusan, ang walang hanggang paghihirap. Walang pag-asa. Pakiusap, mangaral ka sa iyong mga kapatid at kamag-anak upang sila ay magkaroon ng pagkakataon na makapasok sa langit.”

Sa likod ng ama ng pastor ay may isang dalaga. Ang kanyang mukha ay maputi at maputla. Napaka-ganda niya. Siya ang nakatatandang kapatid ng pastor. May luha ang kanyang mga mata nang magsimula na siyang magsalita, “Mga kapatid ko, pakiusap, sabihin mo sila na tanggapin si Hesus bilang Tagapagligtas. Sabihin mo sa kanila na maging masunurin sa Panginoon upang makapasok sa langit. Ang aking kawawang ina, gusto kong humingi ng tawad dahil sinaktan ko siya. Namimiss ko na siya. Mahirap ang naging buhay ng aking ina. Nais konng mapunta ang aking ina sa langit kahit anong mangyari. Ipaabot mo sa kanila ang mensahe. Marami akong nagawang kasalanan.” Habang nagsasalita ang kapatid ng pastor ay may malaking alupihan ang sumulpot. Ang nilalang ay may malaki at bilugang mata at naghahanda siya na sakmalin ang kanyang mga biktima. Umiiyak ang kapatid ng pastor, “Ang kawawa kong ina at mga kapatid, marami akong itinanim na masamang gawain.” Umiiyak siya at nagsisi sa harap ni Hesus. Subalit sumigaw ang masamang nilalang, “Hoy ikaw! Ang pagsisisi ay sa lupa lamang maaaring gawin, noong ikaw ay nabubuhay pa. Hindi dito.” Isinumpa siya ng nilalang.

Ang kapatid ng pastor ay may mahaba at tuwid na buhok at ang kanyang balat ay kasing lambot ng sa sanggol. Sinabi ng demonyo, “Siguro ay sikat ka noong nabubuhay ka pa.” Ang alupihan ay naghahanda upang sakmalin siya subalit naghihintay siya ng tamang pagkakataon upang lumusob. Lumapit ang alupihan sa kapatid ng pastor at pumulupot siya sa kanyang katawan at ulo. Napakalaki ng alupihan at marami rin siyang mga binti. Ginamit niya ang kanyang katawan upang magpahirap at patuloy niyang tinutusok ang kanyang mga biktima ng kanyang matatalim na ngipin.

Kinagat ng alupihan ang kapatid ng pastor at ang kanyang mukha ay naging maputlang asul. Kumalat ang lason sa kanyang buong katawan. Kakila-kilabot at nakakapanlumo ang kanyang itsura.

Ang ama ng pastor ay itinapon sa palayok na may kumukulong bulok na likido. Ang alupihan naman ay nakapulupot sa nakatatandang kapatid ng pastor. Silang dalawa ay nakakapagsalita pa rin. “Marahil ang aking ina ay nagtrabaho pa rin kahit malamig

ang panahon. Pakiusap, sabihin mo sa aking ina na maniwala kay Hesus upang siya ay maligtas. Wala akong nararamdaman para sa aking ama. Ang aking ama ang responsable kung bakit naging mahirap ang buhay ng aking ina. Hindi siya nagtrabaho para pakainin ang kanyang mga anak. Iginugol niya ang kanyang oras sa mga lugar na inuman. Miss, pakiusap, paalalahanan mo ang aking pamilya sa lupa. Nalulungkot ako para sa aking mga kapatid at sa aking ina. Marahil ay may mga pamilya na ang aking mga nakababatang kapatid. Marahil ay nag-iisa na ang aking ina. Nalulungkot ako para sa kanya. Marahil ay makasarili ang aking mga kapatid at hindi siya inaalagaan.” Umiyak siya ng malakas. Umiyak rin ako. Gusto kong hawakan siya at damayan sa pag-iyak. Subalit nagbigay ng babala ang Panginoon na hindi ako dapat lumapit sa kanila o hawakan sila. Kaya naman, mula sa malayo ay nag-akto akong yakap siya.

### **ANG MGA KRUS SA HIMPAPAWID NG IMPYERNO**

Nagpaalam na ako sa ama ng pastor at sa kanyang nakatatandang kapatid na babae. Dinala ako ng Panginoon sa isa na namang lugar ng parusa. Naisip ko sa aking sarili, “Saang lugar naman kaya ako isasama ng Panginoon?” Sinundan ko ang Panginoon at hinawakan ko ang Kanyang kamay. Hindi ako mapalagay at ako ay nababalisa para sa susunod na lugar.

Naglakad kami at pagkatapos ay itinaas ng Panginoon ang Kanyang kamay sa himpapawid. Nang tumingin ako sa himpapawid ng impyerno ay nagulat ako sa aking nasaksihan. May napakaraming tao ang nasa himpapawid sa impyerno. Lahat sila ay nakabitay sa krus. Napakarami ng mga tao at halos hindi ko na makita ang himpapawid. Namangha ako sa dami ng mga taong nakabitay sa krus sa hangin. Hindi ko mailarawan ang aking nasaksihan. Hindi ko iyon mailarawan sa salita.

Ang napakadaming tao ay magkakapares. Ang mga tao sa krus ay magkakaharap sa isat-isa. Ang bawat isa ay nakapako sa krus. Ang mga krus ay gawa sa kahoy. Nais ni Hesus na tingnan ko iyon sa malapit. May napakaraming tao at ibat-iba ang kanilang lahi. Nang tingnan ko iyon sa malapit ay nakita ko na ang bawat isa ay nakapako sa krus na katulad ng pagpako kay Hesus. May malalaking pako ang nakatusok sa kanilang mga kamay, at ang kanilang mga paa naman ay nakapako ng magkapatong. May matatalim na tinik ng galamay-amo ang nakapaikot sa kanilang leeg.

Maraming insekto na may mga tinik ang bumalot sa kanilang katawan. Ang nakakapagtaka, ay may ibinubulong ang mga tao ng walang tigil. Habang nanonood ako ay tinanong ko ang Panginoon, “Panginoon, nakakatakot po ang lugar na ito. Ano pong uri ng kasalanan ang nagawa nila upang parusahan sa lugar na ito?”

### **ANG MGA NALILIBANG SA IBANG BAGAY (MAKAMUNDONG MANANAMPALATAYA)**

Pagkatapos kong magtanong ay napagtanto ko kung anong kasalanan ang kanilang nagawa. Gayon pa man ay ipinaliwanag ng Panginoon, at ang Kanyang tono ay naging galit, “Sila ang mga taong palaging nagsisimba. Dinadala din nila ang kanilang mga Bibliya sa simbahan. Subalit ang kanilang pagsamba at pagdarasal ay walang



saysay. Sila ay mga impostor. Sila ay mga mapaimbabaw. Sa labas ng simbahan, sila ay mga lasenggo at naninigarilyo. Hindi rin sila nangingilin tuwing Linggo. Pagkatapos ng serbisyo sa simbahan ay magpapakasaya sila sa ibang aktibidad katulad ng pag-akyat sa bundok at iba pa. Ang iba sa mga taong ito ay usurero. Nagpapahiram sila ng pera at humihingi ng malaking interes o tubo. Maraming pamilya ang hindi nakakayanan makabayad sa interes kaya naman nalulugi at naghihirap sila. Nagkakawatak-watak ang pamilya dahil sa problemang pang-pinansyal. Ang kanilang puso at ang kanilang ginagawa ay makamundo, kahit kanilang sinasabi na sila ay may pananampalataya. Kung mananampalataya sila ng buong puso at buong lakas ay makakapasok sila sa langit. Sila ay hindi isinilang muli dahil wala silang pananampalataya. Sila ay hindi isinilang muli sa tubig man o sa Espiritu Santo. Sila ay sumusunod sa tradisyon at hindi sa Diyos. Mas mahalaga sa kanila ang kanilang makamundong gawain kaysa sa Diyos. Ang kanilang mga ginagawa ay hindi nagpapakita ng katotohanan. Naglilingkod sila na hati ang puso.”

Nang matapos ng magpaliwanag ang Panginoon ay malakas na nagsalita ang nilalang sa mga isinumpang tao, **“Sa tuwing nakikita ko kayo ay nalulugod ako. Noong kayo ay nabubuhay pa sa mundo ay nagkunwari kayo bilang Kristiyano. Ngunit ang inyong pananampalataya ay huwad. Ako ang nanlinlang sa inyo. Ipapakita ko sa inyo ang kabayaran ng inyong kawalan ng pananampalataya.”** Nagbigay ng senyas ang nilalang, at maraming uri ng insekto, malalaki at maliliit ang umatake sa mga taong nakabitay sa himpapawid. Ang mga insekto ay gumapang sa mga paa ng mga tao. Ang lahat ng insekto ay may dalawang sungay. Nakita ko ang mga insekto na nginangatngat ang mga paa ng mga tao hanggang sa lumabas ang kanilang buto. Nang makaakyat ang mga insekto sa ulo ng mga tao ay nginatngat ng mga ito ang kanilang utak. Ang katawan ng mga tao ay nagsimulang matunaw at may maitim na likido ang lumabas mula sa kanila.

Inutusan ng nilalang ang mga tao na ulitin ang kanyang sasabihin. Ang nilalang ay may hawak-hawak na bakal at handa siyang ipalo iyon sa mga tao. Sa labis na takot ng mga tao ay isinisigaw nila ang anumang iutos ng nilalang.

Sumisigaw ang mga tao sa sakit habang lumalabas ang maitim na likido mula sa kanilang katawan. Sinubukan nilang tiisin ang sakit ng pukpukin ng martilyo ang kanilang mga kuko sa kanilang kamay at paa. Kailangan din nilang tiisin ang sakit ng mga tinik na nakapaikot sa kanilang leeg at ang sakit na dulot ng mga insektong kumakain sa kanilang laman at buto. Bukod doon ay kailangan din nilang ulitin ng malakas ang iniutos ng nilalang. Iyon ay labis na pagdurusa.

Kung ang kanilang boses ay hindi masyadong malakas, ang mga masasamang nilalang ay lalapit upang walang awang bugbugin ang mga tao at itapon sila sa apoy. Mas gugustuhin ng mga tao na ibitay sa krus kaysa itapon sa kumukulong apoy ng impyerno. Ang kumukulong apoy ang pinaka-nakakatakot na lugar para sa kanila. Sila ay parang masisiraan na ng ulo. Kinain ng mga insekto ang kanilang katawan at may tubig na tumulo mula sa kanilang katawan. May putik na namuo mula sa tubig. Hindi



nagtagal ay lubusang nakain ng mga insekto ang kanilang laman at buto. Ang kanilang katawan ay naging alikabok at nahulog sa putik na nasa sa lupa sa impyerno.

Nang mahulog ang kanilang alikabok sa maruming tubig ay naging tao muli sila at nabuong muli ang kanilang laman at buto. Sila ay kukunin na naman ng masasamang nilalang at ipapako sa krus. Ang mga tinik ng galamay-amo ay muling ilalagay sa kanilang leeg. Sinabi sa akin ng Panginoon na ang pamamaraan na iyon ay patuloy na uulitin ng walang hanggan. Ang Panginoon ay matatag at malinaw sa Kanyang babala. Sinabihan Niya ako na pagmasdan ang mga taong huwad ang pananampalataya. Ang Kanyang paliwanag ay isang babala.

## **ANG SIMBAHAN NG DIYOS SA LANGIT**

Habang nanginginig ako sa takot ay marahang nagsalita ang Panginoon, **“Bong-Nyo, natatakot ka. Sapat na ito para ngayong araw. Umalis na tayo. Bong-Nyo, nasaksihan mo ang iyong pamilya na pinahihirapan. Mahirap iyon para sa iyo. Labis ang iyong pag-iyak. Gusto kitang damayan at pasayahin. Kapag nakarating na tayo sa langit at nakapasok sa simbahan ay nais Ko na magdasal ka at manood ng pagsamba.”** Nang hawakan ng Panginoon ang aking kamay ay iniwan namin ang mundo ng luha at pighati. Lumipad kami sa maliwanag na kalangitan.

Ang langit ay napakaganda. Habang hawak ng Panginoon ang aking kamay ay nasa loob na kami ng simbahan ng Diyos sa langit. Narinig ko na ang tungkol sa simbahan ng Diyos ngunit ngayon ay nagkaroon ako ng karangalan na makarating doon.

Ang simbahan ng Diyos sa langit ay may maluwalhating liwanag at ang mga sinag ay bumabalot sa buong himpapawid ng kalangitan. Ang templo ay napakalaki. Imposible para sa akin na mailarawan ang laki ng simbahan. Hindi ko masabi kung mayroong ikalawa o ikatlong palapag. Ang nakita ko lang ay ang unang palapag. Ang sahig ng templo ay yari sa ginto. Ang altar ay yari din sa ginto. Ang totoo niyan, ang lahat ay yari sa ginto.

May napakaraming santo ang sumasamba. At marami ring mga anghel na may pakpak ang kasama ng mga santo sa serbisyo. Nagsimulang mangaral ang Panginoon, **“Dinala ko si sister Baek, Bong-Nyo mula sa lupa. Ngunit bago kami dumating dito ay ipinakita sa kanya ang impyerno. Habang kami ay nasa impyerno, nasaksihan ni sister Baek, Bong-Nyo na pinahihirapan ang kanyang pamilya. Labis siyang umiyak at nagulat siya sa kanyang naobserbahan. Kaya naman nais Ko na damayan siya ng lahat ng anghel na naririto. Sa una ay naisip Ko na ipakita sa kanya ang ama ng pastor at nakatatandang kapatid na babae. Gayon pa man ay una niyang nakita ang kanyang pamilya. Mga anghel, humayo kayo at damayan si sister Baek, Bong-nyo.”**

Pagkaraka ay nakarinig ako ng pamilyar na musika na tumutugtog sa lahat ng direksyon. Nakilala ko na iyon ay ang awit na madalas naming kinakanta sa aming simbahan. Iyon ay ang **“Bautismo sa Espiritu Santo.”** Pinagmasdan ko ang grupo ng mga anghel na dumadalo sa serbisyo. Kakatapos palang nila ng kanilang mga gawain sa

lupa. Ang mga anghel na iyon ay mas mababa ang ranggo kumpara sa ibang anghel. Mula sa altar ay malakas na iniutos ni Hesus, **“Mga santo, tingnan ninyo ang Aking katawan. Ipinako Ako sa krus. Ibinuhos Ko ang Aking dugo at namatay Ako para sa inyo.”** Sa sandaling nagsalita Siya ay nakabayubay na Siya sa krus na nasa altar. May gintong sinag ng liwanag ang nagmumula sa krus. Naramdaman ko na may mainit na bumabalot sa aking katawan habang nakaupo ako sa simbahan. Maraming anghel ang lumapit sa akin at kinausap nila ako ng matatamis na salita. Napakasaya ko.

Sinubukan ng Panginoon na pasayahin ang nalulungkot kong puso. Bakit binibigyan ng Panginoon ng atensyon ang isang hamak na tulad ko? Ako ay isa lang makasalanan at dumadalo palang sa simbahan sa loob ng dalawang buwan. Labis ang aking kasalanan at ang tangi kong ginagawa ay magsisi. Ako ay isa lang maruming makasalanan, at ako ay nagdasal ng umiiyak.

# IKA-LABINLIMANG ARAW

## 15

*“2 Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo’y dumaranas ng iba’t ibang uri ng pagsubok. 3 Dapat ninyong malaman na napatatag ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng mga pagsubok. 4 At dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo’y maging ganap at walang pagkukulang.” Santiago 1:2-4*

### GINAGAMIT NI SATANAS ANG TELEBISYON AT KOMPYUTER UPANG ILAGAY ANG MGA TAO SA PAGKA-ALIPIN

Kim, Joo-eun: Habang taimtim akong nagdarasal ay may nakita akong pangitain. May isang tao sa loob ng kanyang tahanan. Malinaw kong nakita iyon. Ang taong iyon ay isang lalaki na nakahiga ng patagilid at nanonood ng telebisyon. Habang nanonood siya ng telebisyon ay may nakakatakot na masamang espiritu ang lumabas mula sa telebisyon at pumasok iyon sa kanyang katawan. Hindi alam ng taong iyon ang epektong pang-espirituwal ng panonood ng telebisyon.

Ang aking pangitain ay nalipat sa isa na namang eksena. Iyon ay sa silid na maraming kompyuter; iyon ay sa Internet Café. Ang Internet Café ay maraming kompyuter kung saan umuupa ang mga tao ng oras upang makagamit ng Internet o makapaglaro sa loob ng dalawampung-apat na oras sa isang araw, at pitong araw sa isang semana. Ang lugar ay puno ng manlalaro. Naglalaro sila buong gabi. May isang lalaki akong nakita. Ang lalaking ito ay nahipnotismo at ang kanyang buong atensyon ay nasa kanyang nilalaro sa Internet. Marahil ay ilang oras na rin siyang naglalaro dahil namumula na ang kanyang mga mata. Biglang may masamang espiritu na anyong kalansay ang lumabas sa kompyuter at pumasok sa katawan ng taong iyon. Dahil nasa loob niya ang masamang espiritu ay mas naging sugapa siya sa paglalaro. Nagulat ako sa aking nakita. **“Wow, paano iyon nangyari?”** Naitanong ko sa aking sarili. **“Nalilibang din ako sa kompyuter at pag-iinternet, pero ngayon ay hindi na ako magiging biktima niyon.”** Nagpasya ako na magiging maingat na ako sa aking pinapanood at ginagawa sa Internet.

Bumalik ako sa pagdarasal sa ibat-ibang wika. Habang nagdarasal ako ay may masamang espiritu na hugis kalahating buwan ang nagpakita. Madalas, ang masamang espiritung iyon ay nasa anyong gasuklay na buwan, pero ngayon ay ibang espiritu na siya. Ang espiritu na hugis kalahating buwan ay may mata sa loob ng kanyang mata. Ang matang nasa loob ay kulay itim. Iyon ay may ulong hugis bungo. Wala siyang labi subalit may mga ngipin siya na nangangalit. Sumigaw ako, **“Sa Pangalan ni Hesu Kristo, lubayan mo ako!”** Hindi na niya sinubukan pang lumapit sa akin.

Sa mapanggulo niyang boses ay sinabi niya, **“Hayaan mo akong pumunta sa Internet Café.”** May nakita akong pangitain na ang masamang espiritung iyon ay patungo sa Internet Café. Ang Internet Café ay napakalinaw sa aking paningin. May nakita akong lalaki na marubdob na naglalaro. Siya ay sugapa na sa paglalaro. Sinabi ng masamang espiritu, **“Dahil nadadala ka ng iyong paglalaro ay papasok ako sa iyong katawan.”**

Pumasok siya sa katawan ng taong iyon. Marami pa akong nakitang masasamang espiritu na lumalapit sa mga tao upang manggulo. Ang masasamang espiritong iyon ay mga espiritu ng pagkagumon. Ang ibang mga santo ay nahuhulog sa kanilang patibong. Kaunting oras nalang ang inilalaan nila sa pagdarasal at mas marami silang oras sa paggamit ng kompyuter. Sila ang mga taong nag-alay ng kanilang sarili sa simbahan subalit nahulog sila sa pagkagumon sa Internet at telebisyon. Kaya naman ang kanilang pagdalo sa simbahan at ang kanilang pang-espirituwal na buhay ay nakompromiso. Ang masasamang espiritu ang responsable sa panghihikayat sa mga tao na mahulog ang loob sa telebisyon, sa kompyuter at sa Internet. Nasaksihan ko ang espirituwal na bunga ng telebisyon at Internet. Ang mga taong ito ay nabulag at hindi nila alam na ang masasamang espiritu ang may kagagawan sa kanilang adiksiyon at mga gawa. Ang mga tao ay nahulog sa malalim na patibong.

May nakita pa akong isang pangitain. Nang buksan ng mga tao ang kanilang telebisyon ay may masasamang espiritu na anyong kalansay ang lumipad mula sa kanilang telebisyon. Sila ay may mga pakpak ng paniki at lumulipad mula sa telebisyon upang pumasok sa katawan ng biktima. Labis akong natakot at nagulat. Sinabi ko sa aking sarili, **“Ngayon ay alam ko na kung paano nagtratrabaho ang masasamang espiritu. Mula ngayon, sa tuwing gagawa ako ng desisyon o kahit na anong bagay ay magtatanong muna ako sa Panginoon.”** Napatunayan ko ang aking pagkakamali.

### **HINDI TAYO HINAHAYAAN NI SATANAS NA MAGDASAL NG MAPAYAPA**

Habang sumisigaw ako sa aking panalangin, ay may masamang espiritu na may mahaba at matalim na ngipin na katulad ng sa pating ang nagpakita sa akin. Ang masamang espiritu ay may mahabang buhok at nakakatakot ang kanyang halakhak. Labis akong natakot kaya naman iminulat ko ang aking mga mata ng maraming beses habang ako ay nagdarasal. Gayon pa man ay ipinikit kong muli ang aking mata at nagsimula akong magdasal. Pagkatapos ay nakarinig ako ng nakakatakot at kasindak-sindak na tunog. Tumaas ang aking balahibo sa aking katawan dahil sa tunog. Gusto kong tumakbo sa altar sa tabi ng pastor. Alam kong nagdarasal ang pastor at ayaw ko siyang gambalain. Kaya naman nagpasya akong maging mapag-tiis at nagpatuloy ako sa pagdarasal. Sumigaw ako ng buong lakas at pagkatapos ay umalis na ang masasamang espiritu.

Nagawa kong pahinahunin ang aking sarili at nagsimula muli ako sa pagdarasal. May masamang espiritu sa anyo ng gasuklay na hugis ng buwan ang lumapit sa akin subalit kaagad ko siyang pinagwikaan. Habang nakikipagtunggali ako sa masamang espiritu, ay nagpakita ang Panginoon at tinawag Niya ang aking pangalan, **“Joo-eun, isasama kita sa langit at ipapakita Ko sayo ang ilang mga lugar doon bukas na gabi.”** Sumagot ako, **“Panginoon, hindi pa po sapat ang nakita ko sa impyerno. Nais ko pong isama Mo muli ako sa impyerno.”** Umiyak ako. Winika ng Panginoon, **“Joo-eun, sa tuwing umiiyak ka sa iyong panalangin ay nasasaktan ang puso Ko.”** Kasabay ko na umiyak ang Panginoon.

Nang umalis na si Hesus ay nagsimula na naman akong magdasal. Habang patuloy ako sa pagdarasalay may masamang espiritouna may malaking ulo ang lumapit sa akin. Ang

espiritu ay may tatlong mata sa kanyang noo, may sungay sa kanyang ulo, at siya ay may bibig. Siya ay may maliit na katawan. Habang papalapit siya sa akin ay ibinubukas at isinasara niya ang kanyang bibig na para bang nais niya akong ngatngatin. Napakapangit niya sa kanyang nakabukas na bibig. May malagkit na likido ang tumutulo sa bibig ng masamang espiritu. Siya ay may malalaki at nakakatakot na mga ngipin na halintulad sa buwaya. Sumigaw ako, “Sa Pangalan ni Hesus, umalis ka maruming espiritu!” Nang sumigaw ako ay nagbago siya ng anyo at naging isang lalaki na nakasuot ng itim. Para siyang isang tauhan sa isang lumang nakakatakot na palabas subalit pinaalis ko siya sa Pangalan ni Hesus.

Sa oras namang ito ay may isa na namang masamang espiritu ang nagpakita sa akin at siya ay nasa anyong leon. Nakakatakot siya kaya naman nanginig ako. Ang leon ay may malaking mukha at ulo at marami siyang balahibo sa kanyang leeg. Ang kanyang mga ngipin at kuko ay nakakatakot. Gayon pa man ay hindi ako tumigil sa pagdarasal. Lumapit ang leon sa akin at umungol. Pumustura siya na parang gusto akong sakmalin. Sinabi ng masamang espiritu, **“Dadalhin kita sa impyerno.”** Sumigaw ako, **“Anong sinasabi mo? Maruming espiritu, sa Pangalan ni Hesus, umalis ka!”** Pagkatapos ay umalis siya.

Nakahinga ako ng maluwang nang makaalis na ang masamang espiritu subalit wala akong pahinga dahil may nagpakita na namang panibagong masamang espiritu. Sinabi ko sa aking sarili, **“Bakit ba ang daming masasamang espiritu ang nagpapakita ngayong araw?”** Ang masamang espiritu ay nasa anyong dalawang mata. Ang isang pares ng mata ay may dalawang paa na nakadikit doon. Kakatwa siyang lumakad. Tumawa ako dahil katulad siya ng itik na naglalakad. Galit na sumigaw ang masamang espiritu, **“Bakit mo ako pinagtatawanan?”** Sumigaw ako, **“Dahil kakatwa kang tingnan. Masama ba?”** Sinabi niya sa akin, **“Huwag kang tumawa.”**

Sumagot ang masamang espiritu na gamit ang aking palayaw, **“Hoy, Pekas. Ikaw si Pekas di ba? Huwag kang tumawa Pekas.”** Sumigaw ako, **“Maruming espiritu! Si Hesus ang nagbigay sa akin ng palayaw na iyan. Tinatawag Niya ako niyan dahil mahal Niya ako. Sino ka para tawagin ako sa aking palayaw? Si Hesus ang nagbigay sa akin ng espesyal na palayaw na iyan. Ikaw ay walang silbi at maruming espiritou Ikaw ay napaka-pangit na espiritu. Sa Pangalan ni Hesus lubayan mo ako!”** Pagkatapos ay umalis na siya.

Tuwang-tuwa ako at pakiramdam ko ay nagtagumpay ako. Habang nagdarasal ako ay hindi ko mapigilang ngumiti. Sa ilang sandali ay may narinig akong babaeng naglalakad. Iyon ay tunog ng takong ng sapatos sa semento. Siya ay masamang espiritu na nagpanggap na babae na nakasuot ng puting bestida. Sa lahat ay takot ako sa masamang espiritong ito. Lagi siyang nagpapakita na may mahaba at tuwid na buhok at siya ay nakasuot ng puting bestida. Ang kanyang mata ay mahaba at may dugong tumutulo mula doon. May pangil siya na katulad ng kay Dracula at may dugong nagmumula sa kanyang bibig.

Habang papalapit siya sa akin ay natakot ako. Iniharap niya ang kanyang mukha sa aking mukha at ibinuka niya ng malaki ang kanyang bibig. Sa takot ko ay iminulat ko ang aking mga mata. Nang imulat ko ang aking mata ay nakita ko ang ibang santo na nagdarasal.

Sa tuwing ipinipikit ko ang mga mata ko upang magdasal ay nakikita ko ang masasamang espiritu. Kaya naman ay nagdasal ako sa tabi ng aking ina o sa tabi ng pastor. Subalit hindi iyon nakatulong dahil sa tuwing ipinipikit ko ang aking mga mata kapag nagdarasal ay mag-isa pa rin ako. Hindi ako nilulubayan ng masasamang espiritu.

Ipinikit kong muli ang aking mga mata at nagsimula akong magdasal sa ibat-ibang wika. Habang nagdarasal ako ay tinitigan ako ng masama ng masamang espiritu na nakasuot ng puting bestida. Ginagambala niya ako sa aking pagdarasal. Tumawag ako sa Pangalan ng Panginoon, **“Panginoon, natatakot po ako. Pakiusap tulungan Mo po ako.”** Ang masamang espiritu na nakasuot ng puting bestida ay umalis na may galit sa kanyang mukha.

Nakahinga ako ng maluwang at naisip ko, **“Magiging maayos na ngayon.”** Nagsimula muli akong magdasal. Hindi nagtagal, ay nagpakita ang masamang espiritu na inilarawan ni Sister Baek, Bong-Nyo. Napakapangit niya. Ang kanyang mukha ay sa tiyanak at marami siyang ulo. Ang kanyang mukha at ulo ay nababalutan ng mga mata at marami rin siyang kamay at paa. Sumigaw ako ng, **“Marumi at masamang espiritu. Kinasusuklaman ko ang iyong itsura. Sa Pangalan ni Hesus, umalis ka!”** Pagkatapos ay umalis na siya. Napagod ako sa pagpapaalis ng masasamang espiritu sa araw na iyon.

Dahil kulang na ang aking lakas ay hindi ko na kayang itaas pa ang aking mga kamay. Natumba ako at ang aking katawan ay humandusay sa sahig sa oras ng pagdarasal. Hindi ko matandaan kung paano natapos ang aming prayer meeting. Sa tingin ko ay nakapagdasal ako sa loob ng apat na oras. Nang matapos ang aming prayer meeting ay nagtipon-tipon kami upang kumain ng binilog na kanin.

Habang kumakain ako ay inilarawan ni Sister Baek, Bong-Nyo ang kanyang nakita. Nang mahimatay ako ay bumaba si Hesus na may kasamang dalawang anghel at umupo sila sa aking tabi. Hinaplos Niya ang aking buhok at sinabi Niya na dumating Siya upang isama ako sa langit. Sinabi Niya, **“Joo-eun, dumating Ako upang isama ka sa langit at ipakita sayo ang ilang lugar subalit natumba ka sa sahig dahil sa pagod. Gumising ka na Joo-eun. Gumising ka na at pupunta tayo sa langit ng magkasama.”** Sinabi sa akin ni Sister Baek, Bong-Nyo na hindi ako sumagot. Nang marinig ko kung ano ang nangyari ay nadismaya ako. Naisip ko sa aking sarili, **“Bakit dumating ang Panginoon kung kalian nahimatay ako? Dapat ay dumating Siya ng mas maaga.”** Nabagabag ang aking puso at nadismaya ako. Nagsimulang tumulo ang mga luha sa aking mga mata.

## SI HAAK-SUNG AY SUMAYAW KASAMA SI HESUS

**Lee, Haak-sung:** Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay marami na namang masamang espiritu ang lumusob sa akin na katulad ng dati. Ang una ay nasa anyong malaking palaka. Napakataba niya. Nagsimula siyang tumalon patungo sa akin. Ang palaka ay walang kulay at halos napaglilagusan ng paningin. Siya ay may tatlong mata na nakahilera at may mga itim na batik sa likod niyon. Ang kanyang anyo ay napakapangit. Inutusan ko siya na umalis sa aking harapan at nagawa ko siyang paalisin sa Pangalan ni Hesus.

Ang panagalawang masamang espiritu naman na nagpakita ay may mukha ng tao. Ang kalahati ng kanyang mukha ay sunog, at may isa na lamang siyang mata dahil sa sunog. Ang masamang espiritu ay may tainga ng asno at may maliit pang tainga sa loob ng tainga ng asno. Wala siyang mga kamay at naglalakad siya ng nakapaa. Naglakad siya patungo sa akin habang pinapakita niya ang kanyang mga ngipin na nagpaalala sa akin kay Dracula. Natakot ako sa hindi pangkaraniwan niyang anyo at tumawag ako sa Pangalan ng Panginoon. Nang tawagin ko ang Pangalan ng Panginoon ay nagpakita Siya na may suot na koronang tinik.

Ang masamang espiritu ay tumakbo ng magpakita ang Panginoon. Lumapit sa akin si Hesus at napansin ko na Siya ay nagdurugo. Tumayo Siya ng tahimik at habang nagdurugo sa aking harapan. Hindi ko maisip kung gaano karaming dugo ang nawala sa Panginoon. Nagdurugo ang Kanyang ulo at parang wala iyong katapusan. Umiyak ako at tinanong ko ang Panginoon, **“Hesus, ano po ang gagawin ko? Hesus, namatay Ka po para sa akin.”** Humikbi ako at umiyak sa Panginoon. Iniunat ng Panginoon ang Kanyang mga kamay upang ipakita sa akin ang Kanyang pulsuhan. Nakita ko ang mga butas kung saan Siya pinako at doon dumadaloy ang Kanyang dugo.

Habang umiiyak ako ay inutusan ako ng Panginoon na sumayaw kasama Siya. Hindi ako sumasayaw noon subalit alam ko na kailangan kong sundin ang Kanyang hiling. Natatakot ako at wala sa kondisyon na sumayaw. Sinubukan kong bumangon. Patuloy na tumutulo ang aking luha sa aking mukha. Gayon pa man, ay hinawakan ng Panginoon ang aking kamay, at sumayaw kami habang Siya ay nagdurugo. Sumayaw kami ng hindi nagsasalita ng kahit na ano at sinundan ko ang Kanyang pangunguna.

Sinundan ko ang Panginoon at hindi ko alam kung paano ako sumayaw. Winika ng Panginoon, **“Haak-sung, mahusay ang iyong ginawang pangangaral ngayong araw. Mahusay din ang iyong ginawang paglilinis sa simbahan.”** Ipinagmamalaki Niya ako at patuloy Niya akong pinuri. **“Aking Haak-sung, sa iyong pangangaral ay ginabayan mo at inalagaan ang iyong mga munting kapatid. Malamig ang panahon subalit nalampasan mo ang balakid. Mahusay ang iyong ginawa. Ipinagmamalaki Kita.”** Pagkatapos ay niyakap Niya ako.

Nang umalis na si Hesus ay may apat na masamang espiritu ang nagpakita at nilusob nila ako ng sabay-sabay. Ang unang masamang espiritu ay anyong kalansay. Ang mga buto ay humiwalay sa kasukasuan at nagsimulang sumayaw. Ang pangalawang

masamang espiritu naman ay ang dating nagpakita bago dumating si Hesus, ang taong sunog ang mukha. Sinubukan niyang gambalain ang aking pagdarasal, “Huwag ka nang magdasal. Tumigil ka na. Hindi mo kayang magdasal.” Ang pangatlong masamang espiritu naman ay may mahabang buhok na kulay dilaw. Sinubukan niyang lituhin at guluhin ako sa pamamagitan ng mabilis na paglipat sa aking tabi. Gumalaw siya sa harapan ng aking mata. May isa namang espiritu na anyong kamay ang sumubok na pigilan ang aking pagdarasal sa pamamagitan ng pagsayaw at paggalaw sa dingding at kisame ng simbahan. Lahat ng masasamang espiritu ay sinubukang gambalain ang aking pagdarasal. Ginawa ko ang lahat ng aking makakaya upang huwag mawala sa pokus at sumigaw ako. Makapangyarihan kong tinawag ang Pangalan ni Hesus sa aking panalangin. Ang naging resulta ay nagsitakbuhan ang masasamang espiritu.

### **ANG MGA LASENGGO AY PINAHIHIRAPAN SA KUMUKULONG PALAYOK SA IMPYERNO**

Nang paalisin ko ang masasamang espiritu ay dumating si Hesus. Nakangiti Niyang sinabi sa akin, **“Haak-sung, may mga lugar tayong dapat puntahan. Umalis na tayo ng magkasama.”** Nang hawakan Niya ang aking kamay ay kaagad kaming nakarating sa impyerno. May nakita akong malaking palayok na nasa apoy. Nakita ko ang kumukulong tubig sa loob ng palayok. Sa tingin ko ay matagal na iyong pinakukuluan.

Inutusan ako ni Hesus na tingnan iyon sa malapit. Nalaman ko na maraming tao ang nasa loob ng palayok at lahat sila ay sumisigaw at umiiyak sa sakit. Ang kanilang sigaw ay umaalingawngaw habang papalapit ako. Sa lahat ng taong naroon ay may isang taong nakaagaw ng aking atensyon. Itinaas niya ang kanyang kamay at tinawag niya ang aking pangalan, **“Haak-sung! Kunin mo ako rito! Napaka-init!”** Nang lumingon ako ay nakita ko na siya pala ay ang aking pinsan. Sinubukan niyang abutin ako upang humingi ng tulong. Ang nilalang na nakatalaga sa lugar na ito ay mabilis na lumipad patungo sa palayok at walang awa niyang pinukpok ng palu-palo ang aking pinsan upang itulak siya pabalik sa palayok. Ang nilalang ay anyong paniki.

Ang masamang espiritu o nilalang ay may mahaba at malaking sungay sa kanyang noo. Ang lugar na ito ay puno ng masasamang espiritu na naglalakad at lumilipad sa lahat ng dako. Hindi mabilang ang mga nilalang. Sila ay katulad ng dragon at mga lumilipad na ahas, at napansin ko na ibinubuka nila ang kanilang pakpak. Sinabi sa akin ni Hesus, **“Haak-sung, huwag kang matakot. Hindi ka kayang saktan ng masasamang espiritu hanggang nandirito Ako upang bantayan ka.”**

Sumulyap sa amin ang masasamang espiritu habang dumadaan sila. Winika ng Panginoon, **“Ang lugar na ito ay tinatawag na pagpapahirap sa kumukulong palayok. Ito ang lugar para sa mga lasenggo at mga taong mahilig manigarilyo.”** Nang ipasok ang mga tao sa kumukulong tubig ay nagkapira-piraso ang kanilang laman. Ang nakakapagtaka ay may apoy sa loob ng kumukulong tubig. Habang nanonood ako ay nagpasya ang Panginoon na umalis at sinenyasan Niya ako na oras na upang umuwi. Sumagot ako ng, **“Amen.”** Bago pa mag-isang segundo ay nakabalik na kami sa simbahan.



## ANG PATULOY NA PAGPAPAKITA NG DYABLO

**Lee, Yoo-kyung:** Habang ako ay nagdarasal ay nagpakita ang masamang espiritu sa anyong manlalaro ng basketbol na inilarawan ni brother Haak-sung. Kinausap niya ako habang pinapatalbog niya ang kanyang ulo, **“Gusto mo bang makipaglaro ng basketbol sa akin?”** Sumagot ako, **“Maruming espiritu, sa Pangalan ni Hesu Kristo, umalis ka!”** Pinalayas ko siya. Hindi nagtagal, ay may isa na namang masamang espiritu ang nagpakita. Ang masamang espiritu ay kamukha ng isang kartun karakter sa telebisyon. Ang kalahati ng kanyang mukha ay sa tao at ang kalahati naman ay maskara. Ang masamang espiritong ito ay may sungay sa kanyang ulo. Katulad ng dati ay pinaalis ko siya sa Pangalan ni Hesus.

May isa pang masamang espiritu ang nagpakita at tinawag niya ako sa palayaw na ibinigay sa akin ni Hesus. Inabala niya ako ng kanyang masamang halakhak, at sinabi niya, **“Miss Moe”** Pinagsalitaan ko siya, **“Ang palayaw na iyan ay ibinigay sa akin ni Hesus. Sino ka para tawagin ako sa aking palayaw?”** Humagik hik ang masamang espiritu at sinabi niya, **“Naririnig ko ang lahat ng sinasabi mo.”** Galit kong sinabi, **“Maruming espiritu, sa Pangalan ni Hesus, umalis ka!”**

Nang makaalis na ang masamang espiritu ay may isa na namang pumalit sa kanya. Sa sandali namang ito, ang masamang espiritu ay anyong kamay ng tao na nakasalamuha na ni brother Haak-sung. Sinubukan niya akong takutin sa pamamagitan ng paggalaw papaikot sa akin. Pagkatapos ay may isa pang masamang espiritu ang nagpakita. Siya ay ang dating manlalaro ng basketbol na espiritu. Nakiusap siya sa akin na maglaro. **“Hindi mo ba alam kung gaano kasayang maglaro ng basketbol? Bilis! Maglaro na tayo!”** Patuloy niya akong tinutukso. Umiling ako at sumigaw ng, **“Hindi. Hindi.”** Pagkatapos ay pinaalis ko siya sa Pangalan ni Hesus.

Hindi nagtagal ay dumating si Hesus na nakasuot ng maliwanag at kumikinang na damit. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at sinabi Niya, **“Yoo-kyung, pumunta tayo sa langit.”** Nang makarating kami sa langit ay binati kami ng mga anghel na katulad ng dati. Palagi akong isinasama ni Hesus sa silid na puno ng maraming aklat. Nais Niya akong magsaliksik at basahin ang malalaking koleksyon ng aklat. Napansin ko na maraming paksa at may ibat-ibang uri ng aklat na eleganteng nakatago sa istante. Napakarami ng aklat at hindi ako natigil sa pagmasid sa ibat-ibang paksa. Ang mga aklat ay yari sa ginto. Gustong-gusto ko na pumapasok sa silid na ito. Habang hinahawakan ko ang hindi mabilang na mga aklat ay sinabi ng Panginoon, **“Yoo-kyung, pumunta na tayo sa impyerno ngayon.”** Sumagot ako ng may pagtutol, **“Hindi po. Ayaw ko pong umalis. Ayaw ko pong makita ang impyerno.”** Gayon pa man ay marahan akong ginabayan ni Hesus at sinabi Niya na may lugar Siyang kailangan ipakita sa akin. Sinabi ni Hesus, **“Palagi Akong nariyan sa tabi mo. Huwag kang mag-alala.”** Hinawakan Niya ng mahigpit ang aking kamay at naglakbay kami patungong impyerno.

## ANG WALANG HANGGANG PAGHIHIRAP SA IMPYERNO

Namamangha ako kung paano kami kaagad na nakapaglalakbay sa isang lugar papunta sa ibang lugar. Kapag hinawakan ko ang kamay ng Panginoon ay napupunta ako sa langit o kaya naman ay sa impyerno o sa aming simbahan ng wala pang isang segundo. Ako at ang Panginoon ay nakatayo sa gitna ng impyerno. Isinama ako ng Panginoon upang makita ang nakakasindak na eksena. Nagulat ako nang makita ko ang aking lola na pinahihirapan.

Nakita ko ang aking lola sa isang lugar na maraming apoy. Kahit nakatayo ako sa malayo ay nararamdaman ko pa rin ang init niyon. Ang aking lola ay nakatayo sa harap ng kawaling pinagpripituhan. Napaka-init ng malaking kawaling iyon. May malalaking apoy na kulay pula at asul. Marami akong nakitang tao na priniprito sa langis. Narinig ko ang kanilang sigaw. Nakita ko ang takot sa mga mukha ng mga taong nakapila upang prituhin. Lahat sila ay nanginginig sa takot habang humahakbang sila papalapit.

Ang aking lola ay nasa unahan ng pila. Umiiyak siya sa takot. Binuhat siya ng nilalang na nakatalaga at itinaon siya nito sa kawali. Sa isang segundo ay napahiyaw siya, **“Ahh! Ang init! Tulungan niyo ako!”** Muntik na akong mahimatay nang marinig ko ang kanyang sigaw.

May nakita akong napakaraming tao na kasama ng aking lola sa loob ng kawali. Lahat sila ay sumisigaw ng, **“Tulungan niyo akong makaalis rito! Saklolo!”** Matapos silang prituhin ay itinaon na sila sa apoy. Ang mga tao ay nasunog ng walang hanggan. Ang amoy ng nasusunog na laman ay kumalat sa hangin at umakyat ang usok sa himpapawid. Mahirap makakita dahil sa usok. Hinila ng nilalang ang mga biktima sa apoy. Nang makaalis sila sa apoy ay bumalik sa dati ang kanilang katawan at naging buo muli. May nakita akong malaking ahas at pumulupot iyon sa aking lola mula sa kanyang paa hanggang sa kanyang leeg. Humigpit ang pulupot niyon sa kanya.

Nang humigpit ang pulupot ay sumigaw ang aking lola, **“Yoo-kyung, pakiusap, sabihin mo kay Hesus na iligtas ako. Hindi ko na ito kaya.”** Binali ng ahas ang kanyang leeg. Sumigaw ako, “Lola! Hesus, pakiusap gumawa po Kayo ng paraan. Amang Diyos.” Subalit sinabi ng Panginoon, **“Huli na ang lahat.”**

Muling itinaon ng mapanlaban na nilalang ang aking lola sa malaking kawali. Siya ay walang magawa at walang pag-asa. Gayon pa man, nang siya ay nasa kawali na ay nagkaroon siya ng sapat na lakas upang sumigaw sa sakit. Ang kanyang laman ay nagkadurog-durog. Lyon ay paulit-ulit na nangyayari. Bumalik ang dating anyo ng katawan ng napakaraming tao kabilang na ang aking lola. At pagkatapos ay muli silang itatapon sa kawali. Madurog ang kanilang laman at buto na lamang ang matitira. Kukunin ng masamang nilalang ang mga buto sa kawali at pagkatapos ay mabubuon muli ang katawan ng mga tao. Sa huli ay mahigpit na pupulupot ang ahas sa mga biktima at babaliin niyon ang kanilang leeg.

Sinabi ni Hesus, “Ang impyerno ay lugar ng walang hanggang paghihirap. Napakaraming tao, kabilang na ang iyong lola ang pahihirapan ng walang hanggan. Paulit-ulit silang parurusahan.” Narinig ko ang aking lola na sumisigaw sa akin, “**Yoo-kyung, hindi ka ba naaawa sa akin? Paano mo nagagawang tumayo lang diyan at panoorin akong naghihirap? Nakikiusap ako sayo. Iligtas mo ako. Hindi ko na kayang tiisin pa ito. Napaka-init. Yoo, kyung, pakiusap gumawa ka ng paraan.**”

Matapos siyang magmakaawa ay umiyak ako ng umiyak. Niyakap ako ng Panginoon at dinamayan Niya ako. Sumigaw ako sa masamang nilalang, “Nilalang, huwag mong hahawakan ang aking lola! Huwag mo siyang pahihirapan!” Subalit walang saysay ang aking sinabi. Ang nilalang ay may hindi mabilang na ulo, at marami siyang kamay at paa na nakadikit sa lahat ng bahagi ng kanyang katawan. Sinabi ni Hesus, “**Yoo-kyung, hindi mo na kailangan pang manood.**” Pagkatapos ay dinala ako ng Panginoon sa ibang lugar. Habang papaalis kami ay narinig ko ang sigaw ng aking lola na unti-unting nawawala sa malayo. Nang makarating kami sa aming destinasyon ay may napansin akong tatlong masamang espiritu na sumasayaw sa galak.

Sila ay napaka-pangit na espiritu. Ang isa sa mga masasamang espiritu ay may napaka-laking ulo at ang isa naman ay may maliit na ulo. Ang ikatlo ay may buhok sa gitna ng kanyang ulo. Medyo malayo ang distansya ng masasamang espiritu ngunit sa wari ko ay masasama ang kanilang sinasabi. Nakita ko sila na tumakbo papalapit sa kanilang biktima at walang awa nilang ginutay-gutay ang mga iyon ng kanilang mga ngipin. Lumapit kami ng Panginoon upang makitang mabuti.

Nagulat ako at muntik nang mawalan ng malay. Iyon ay ang aking lola na naman. Nakita ko palang siyang pinahihirapan sa kawali. Ngayon ay nakikita ko na naman siyang pinahihirapan ng ibang masasamang espiritu. Isinumpa ng masasamang espiritu ang aking lola, “**Mamamatay ka. Mamamatay ka.**” Patuloy sila sa pagsumpa ng walang humpay. Tumakbo ang masasamang espiritu patungo sa kanya at kinagat ng mga ito ang kanyang tainga. Sumigaw ang aking lola sa sakit, “Aray!” Tumalon siya at napatapilok habang hawak niya ang tabi ng kanyang ulo. Sinubukan niyang tumakbo at tumakas subalit humarang ang masasamang espiritu at kinagat nila ang aking lola. Gusto ko silang pagsalitaan ngunit alam ko na wala ring saysay. Sugatan ang aking puso. Sinabi ko sa Panginoon, “Hesus, natatakot po ako.” Nasindak ako. Winika ng Panginoon, “**Umalis na tayo. Sapat na ang ating nakita ngayong araw.**” Umalis na kami sa impyerno.

Ang impyerno ay nakakatakot at kakila-kilabot na lugar. Naligtas ako dahil nakilala ko ang Panginoon. Gayon pa man, ay tumulo ang aking luha nang maisip ko ang aking kawawang lola. Nang makabalik na ako sa aming simbahan ay nagsimula na akong magdasal. Habang nagdarasal ako ay may nagpakitang masamang espiritu na anyong kalansay. Ang kanyang bungo ay nababalutan ng mga uod. Nang utusan ko siya na umalis sa Pangalan ng Panginoon ay lumisan ang masamang espiritu.

Habang taimtim akong nagdarasal ay bumalik si Hesus at isinama Niya ako sa langit. Isinama ni Hesus si Yeh-Jee. Lumipad kami patungong langit at nakarating kami sa

karagatan doon. Ang dagat sa langit ay kasing linaw ng kristal. Naglaro kami, lumangoy, at nagsabuyan ng tubig. Maraming anghel ang dumating at pinanood kami sa paglalaro. Nalibang sila dahil napansin ko silang nagtatawanan habang pinanonood kami. Naaliw sila sa amin. Ako at si Yeh-Jee ay naglaro kasama ang mga anghel. Masayang-masaya kami at umawit kami ng maraming awit.

Binigyan ng Panginoon ang aking ina ng palayaw na, “Maganda”. Siya ay magandang babae. Binigyan rin Niya ng palayaw na “Iyaking sanggol” ang aking pamangkin na si Meena.

## **ANG AKING KAPATID AT BAYAW AY NASA IMPYERNO**

**Baek, Bong-Nyo:** Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay may nakita akong dalawang anghel na bumababa mula sa langit. Lumapit sila sa amin. Tinanong ko kung ano ang dahilan ng kanilang pagbisita. Sinabi nila na inutusan sila upang sunduin ako sa aming simbahan (Lord’s Church). Nanabik ako nang marinig ko ang balitang iyon. Gayon pa man ay napawi ang aking tuwa nang malaman ko na pumunta sila upang dalhin ako sa impyerno.

Ako at ang mga anghel ay naglakad sa daan patungong impyerno. Ang daan ay madilim at walang hanggan. Kinakabahan ako at natatakot. Naglakad kami ng mahabang oras. Sa tabi ng daan ay may mga punong hugis kabute. Pero hindi nagtagal ay nalaman ko na ang mga puno ay hindi kabute kundi mga taong nakabaon sa lupa. Iyon ay nakakagulat na eksena.

Nang tiningnan ko sa malapit ay may napansin akong kakaiba. Sila ay may mukha ng tao subalit ang kanilang katawan ay sa ahas. Sa halip na paa ay may buntot sila ng ahas. Ang kanilang katawan ay nakabaon sa lupa. Habang nakatitig ako ay bumilis ang tibok ng aking puso at kinilabutan ako. “Paano nangyari ito?” Naitanong ko sa aking sarili. Ang kanilang mukha ay may kakaibang itsura. Hindi ko iyon kayang ipaliwanag sa salita.

Hindi ko napansin na dumating si Hesus at nakatayo sa aking tabi. Ako at si Hesus ay nakatayo sa harap ng mga taong isinumpa. Lahat sila ay nagmamakaawa at humihikbi sa Panginoon, **“Panginoon, pakiusap, ibalik mo ang aming normal na katawan.”** Habang nanonood ako ay may narinig akong tumatawag sa aking pangalan. **“Bong-nyo! Tumingin ka rito! Dito!”** Nakilala ko kung kanino ang boses na iyon. Iyon ay ang aking bayaw na namatay maraming taon na ang nakararaan.

Nang lumingon ako kung saan nanggagaling ang boses ay napansin ko ang lalaki sa kanyang tabi. May kuryenteng dumadaloy sa harap ng mga lalaki. Para bang sila na ang susunod na itatapon sa may kuryente. Namutla ang aking kapatid at bayaw habang sila ay nagsasalita. Tinatawag nila ang aking pangalan. Naisip ko, “Ano ang kanilang kinatatakutan?” Wala akong nakitang kagamitan sa pagpaparusa. Sila ay nakatayo sa malawak na bukid. Subalit ng tingnan ko sa malapit kung saan sila

nakatayo, ay hindi iyon biro. Bawat lugar ng impyerno ay nakakatakot. Bawat lugar sa impyerno ay lugar ng lungkot, pasakit at paghihirap.

Biglang kumulog at kumidlat sa impyerno. Ang tunog niyon ay parang pinupunit ang himpapawid ng impyerno. Tumama ang kidlat malapit sa aking kapatid at bayaw.

Nagulat kami sa kidlat nang tumama iyon sa lupa at napaurong kami sa takot. Sa isang segundo ay may dinalang lalaki ang nilalang at itinabi iyon sa aking kapatid at bayaw na nakapila. Habang nanginginig sa takot ang aking bayaw ay sumigaw siya, **“Hipag, anong gagawin ko? Kung tatayo ako dito ay kakalat ang aking buto at ang aking katawan ay maglalaho. Hipag, pakiusap, hilingin mo kay Hesus na alisin ako sa lugar na ito. Pakiusap. Oh, anong gagawin ko? Nakagawa ako ng masasama sa iyong nakatatandang kapatid. Pakisabi sa iyong kapatid na humihingi ako ng tawad sa sakit na idinulot ko sa kanya.”**

Ibinuhos ng aking bayaw ang kanyang buong buhay sa pangangaso. Nanghuhuli siya ng mga ibon. Mahilig siyang mangaso. Mahirap ang naging buhay ng aking kapatid. Ang kanyang paghihirap ay hindi kayang ipaliwanag. Minsan ay inutusan niya ang aking kapatid na maghanda ng pagkain bago siya mangaso. Inutusan rin niya na maghanda ng lalagyan ng pagkain. Mabilis na pumunta ang aking kapatid sa kusina upang maghanda nang pagkain. Habang siya ay nasa kusina ay uminom ng lason ang aking bayaw. Iyon ay lason na ginagamit sa panghuhuli ng ibon. Siya ay nagpakamatay.

Ngayon ay nasa impyerno na siya at hindi na maaaring umalis pa doon. Nakiusap siya sa akin na ibigay ang kanyang mensahe sa aking kapatid. Sinabi niya na humihingi siya ng paumanhin sa lahat ng pagkakamaling kanyang nagawa. Sinabihan rin niya ako na kausapin ko ang aking kapatid at kanyang anak na manalig kay Hesus kahit anong mangyari. Ipinaabot rin niya sa kanila na dapat silang magdasal ng walang humpay. Ninanais niya na maligtas ang kanyang pamilya.

Ang lalaking nakatayo sunod sa aking bayaw ay ang aking pamangkin. Siya ay nagtrabaho sa barko. Nagtrabaho siya sa bangkang pangisda. Mahirap ang kanyang trabaho. Pinahirapan at binugbog siya ng kanyang mga katrabaho. Hindi siya binigyan ng pagkakataon upang magpahinga. Nagkasakit siya at namatay. Sumigaw siya sa akin, **“Tita, ang akala ko po ay walang pangalawang buhay at ako ay matutulog na ng mapayapa. Subalit ako ay napadpad sa nakakatakot na lugar. Sinabi nila na pahhirapan ako ng walang hanggan. Anong gagawin ko? Tita, iligtas mo ako. Gumawa po kayo ng paraan.”** Siya ay humihikbi at pawisan.

May kulog at kidlat na tumama malapit sa kanila at silang dalawa ay natumba sa lupa. Sumigaw sila, **“Tulungan mo kami!”** Subalit tinamaan sila ng kidlat at sila ay naging abo. Umiyak ako. Dinamayan ako ng mga kasama kong anghel subalit umiyak pa rin ako ng umiyak. Nagmakaawa ako at nakiusap sa Panginoon. “Panginoon, naririto po ako upang makita ang aking magulang at bunsong kapatid na naghihirap. Buong araw akong umiyak at ang aking puso at katawan ay nanghihina. Hindi ako makagalaw dahil

sa nanghihina kong kondisyon. Bakit Mo ipinakitang muli ito sa akin? Panginoon, hindi ko na po kayang manood. Hindi ko na kaya. Hindi ko na kayang tiisin ito.”

### **MASAKIT NA MAKITA ANG IYONG PAMILYA NA PINAHIHIRAPAN**

Habang umiiyak ako dahil sa sakit na makita ang aking pamilya na pinahihirapan ay hinawakan ng Panginoon ang aking mga kamay. Hinawakan Niya ako at dinala sa lugar kung nasaan nakatira ang napakalaking masamang nilalang. Hindi ko makita ang tuktok ng ulo ng nilalang na iyon. Ang sukat niya ay napakalaki. May nakita akong ibat-ibang uri ng hayop sa loob ng higanteng katawan. Naririnig ko ang iyak ng mga hayop. May mga lobo, pusa, tigre, leon, kabayo at marami pang iba. Umuungol ang mababangis na hayop. Nang buksan ng nilalang ang kanyang bibig ay may nakita akong isa pang bibig sa loob ng kanyang bibig, at isa pang bibig sa loob ng bibig. Paulit-ulit lang iyon. Sa aking palagay ay may pitumpu hanggang isang daan na bibig. Ang nilalang ay may pitumpu hanggang isang daan na hiwalay na ulo. Maitim ang nilalang na iyon. May mahaba siyang dila at mga ngipin na kasing tulad ng sa pating. Maraming tao ang nahigop sa bibig ng nilalang. Nakita ko ang aking ina na kasama ng maraming tao.

Nasaktan ako ng magkatagpo ang aming mga mata. Nagsumamo ang aking ina na iligtas ko siya. Hindi ko malilimutan ang kanyang mukha at kung paano siya nakatitig sa akin na malungkot. Paano ko iyon maaalis sa aking ala-ala? Nakiusap siya sa akin, **“Bong-Nyo, pakiusap iligtas mo ako! Sinabihan na kita na huwag ka nang pupunta pa rito. Ano ang dahilan kung bakit pumaparito ka pa? Kung muli kang babalik ay hilingin mo sa Panginoon na alisin Niya ako dito hindi iyang manonood at iiyak ka lang. Pumunta ka ba upang panoorin ang aking paghihirap?”** Habang umiiyak siya ay mabilis siyang hinigop ng bibig ng nilalang.

Habang umiiyak ako ay naalala ko ang bunso kong kapatid na nagpakamatay. Narinig ko ang kanyang boses na nagsasabi sa akin ng, **“Ate, sobrang sakit ng tiyan ko! Pakiusap, iligtas mo ako ate! Hindi ko na kaya ang sakit!”** Habang umiiyak ang aking kapatid ay wala akong magawa. Galit akong nakiusap sa Panginoon, **“Bakit Panginoon? Bakit patuloy mo akong dinadala sa impyerno upang masaktan? Ang aking ina, bunsong kapatid, ama, bayaw at pamangkin ay isinumpa at pinahihirapan. Hesus, paano Mo ito nagagawa sa akin? Araw-araw akong umiiyak at nanghihina ang aking katawan dahil sa pagbisita sa impyerno. Bakit hindi Mo nalang isama si Pastor Kim sa langit at impyerno? Mas nagdarasal siya ng matagal kaysa sa akin. Siya ang nagnanais na makarating sa langit at impyerno. Bakit ako ang pinili Mo upang maranasan ang sakit na makita ang mga mahal ko sa buhay na naghihirap?”** Si Hesus ay tahimik lang na nakatayo. Marami pang lugar na ipinakita sa akin ang Panginoon.

Sa gitna ng aming prayer meeting ay may dumating na bisita. Siya ay asawa ng isang pastor sa isang simbahan. Siya at ang kanyang asawa ay malapit na kaibigan ni Pastor Kim. Sinabi niya na muli siyang bumalik dahil pinagpala siya noong dumalo siya sa aming prayer meeting. At saka may mga katanungan rin siya at nais kumunsulta patungkol sa espirituwal na usapin. Ang aming prayer meeting ay maagang natapos

dahil sa hindi inaasahang bisita. Nang matapos ang kanilang pag-uusap ay inihatid ng pastor ang bisita. Pagkatapos ay nagkaroon muli kami ng pangalawang prayer meeting.

Habang nagdarasal ako sa ibat-ibang wika ay naisip ko ang aking pamilya na pinahihirapan. Umiyak ako. Bumalik muli ang Panginoon. Nagmakaawa ako sa Panginoon, “Panginoon, sa susunod po ay ang pastor na ang dalhin Mo kaysa ako. Mas karapat-dapat ang pastor na makaranas niyon upang makapagsulat siya ng tama at angkop.” Sumagot ang Panginoon, **“Maging mapagtiis ka muna. May kaunti ka pang dapat maranasan.”**

### **NAKILALA KO SI ARKANGHEL MICHAEL**

Lumakad si Hesus papalapit sa akin at sinuyo Niya ako, **“Dadalhin kita sa langit. Ipapakita Ko sa iyo ang langit. Pupunasan Ko ang iyong mga luha. Alam Kong marami kang dinanas na sakit.”** Buong pagmamahal Niyang hinawakan ang aking kamay. Nang hawakan Niya ang aking kamay ay nagkaroon ako nang maputi at kumikinang na kasuotan na may nakakabit na pakpak sa likod. Gamit ang pakpak ay lumipad kami patungo sa krus na nasa altar.

Ang paglalakbay sa langit ay nakakapanabik. Lumipad kami sa atmospera at pagkatapos ay dumaan kami sa kalawakan. Dumaan kami sa napakadaming mga bituin. Lumipad kami at naglakbay sa kalawakan. Pumasok kami sa isang madilim na butas. Nang makalampas kami ay nakarating kami sa lugar kung saan may dalawang nag-sangang daan. Ang isang daan ay patungo sa kaliwa at iyon ay patungo sa impyerno. Ang kanang daan naman ay patungo sa langit.

Tumuloy kami ni Hesus sa kanang daan at nakarating kami sa maliwanag at kumikinang na gintong kaharian. Maraming anghel ang lumapit upang batiin at salubungin kami. Ipinakilala ako ni Hesus sa isang anghel. Iyon ay si Arkanghel Michael na nabanggit ng pastor sa kanyang sermon. Kinausap ni Hesus si Arkanghel Michael at sinabi Niya, **“Ang santong ito ay nanampalataya palang sa loob ng dalawang buwan. Ang tupang ito ay nagkaroon ng pagkakataon upang maranasan at masaksihan ang impyerno. Namulat siya sa espirituwal sa itinakdang apatnapung araw na prayer meeting. Nagulat siya sa mga nasaksihan niya sa impyerno. Ngayong araw ay nasaksihan niya ang paghihirap ng kanyang pamilya. Sinusugo kita, Michael, upang ilibot siya sa langit at dalhin sa magagandang lugar. Damayan mo rin siya.”**

Iniyuko ni Michael ang kanyang ulo at sumagot ng, **“Opo Panginoon.”** Lumipad kaming dalawa ni Michael sa ibat-ibang lugar sa langit. **“Wow! Kahanga-hanga ito!”** Imposibleng mapuntahan lahat ng lugar sa langit kahit buong buhay pa ang ilaan. Sinamahan rin ako ng Panginoon at ipinakita Niya sa akin ang ilang mga lugar. Naaliw ang Panginoon na ipakita sa akin ang magagandang lugar sa langit.



## ANG IPINAGBABAWAL NA LUGAR SA LANGIT

Sinuyo ako ni Hesus, “Bong-Nyo, dahil nanghihina ka ay mahihirapan kang sumaksi. Alam Kong nadidismaya ka. May espesyal na lugar Akong ipapakita sa iyo. Magmasid kang mabuti.” Tinanong ko ang Panginoon, “Saan Mo po ako dadalhin?” Sumagot Siya “Ipapakita Ko sa iyo ang tahanan ng Aking Ama. Subalit walang sinuman ang pinapayagang pumasok sa loob. Makikita mo lang ang labas niyon.”

Naalala ko ang Pastor na nangangaral tungkol sa Diyos. Tinuro ng pastor na ang Diyos ay liwanag. Ang Diyos ay hindi nagbabago noon, ngayon at magpakailanman. Hindi Siya kailanman nagbabago. Kasama natin ang Diyos saan man tayo naroon. Pinangangalagaan at pinoprotektahan Niya tayo.

Naisip ko, “Paanong nagkaroon ang Diyos ng tahanan?” Hinawakan ng Panginoon ang aking kamay at ginabayan Niya ako. Naglakbay kami papataas sa langit. Sa wari ko’y walang hanggan ang aming paglipad. Nakarating kami sa lugar kung saan may napakaliwanag na sinag ng ilaw. Lumapit kami sa dingding na yari sa purong ginto. Ang buong pader mula sa ibaba hanggang tuktok ay yari sa ginto.

Sinabi sa akin ni Hesus na ang lugar na iyon ay ipinagbabawal at walang sinuman ang pinapayagan lumapit doon. Napakaliwanag ng dingding. Hindi ako makakitang mabuti.

Inilarawan ni Hesus na ang Diyos ay sumasalihat ng dako, na ang ibig sabihin ay nariyan Siya sa lahat ng lugar at panahon. Hindi naaapektuhan ng oras ang Diyos. Siya ay kabilang sa lahat ng aspeto ng Kanyang nilalang. Siya ay nagbibigay daan ayon sa Kanyang kalooban.

Ipinakita sa akin ng Panginoon ang ibat-ibang lugar sa langit. Kinoronahan Niya ako ng gintong korona. Pagkatapos niyon ay bumalik na kami sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church).

Nang makabalik na ako sa simbahan ay nagpatuloy ako sa pagdarasal. Habang nagdarasal ay nakakita ako ng pangitain. Nakita ko ang trono ng Amang Diyos. Nahirapan akong tingnan iyon. Nakakasilaw sa mata ang maliwanag na sinag ng bahaghari. Napakalakas ng liwanag. Hindi ko magawang itingala ang aking ulo. Habang nagdarasal ako ay tinanong ko ang Amang Diyos, “Amang Diyos, bakit po Kayo lumalapit sa akin?” May boses na parang kulog ang nanggaling sa itaas ang umalingawngaw sa buong mundo. Ang malambing at nag-uutos na boses ay nagsabi nang, “Nais Ko lang ipakita sa iyo.” Nang lumapit ang Amang Diyos ay nagliwanag ang mundo.

## SI DYAKONESA SHIN, SUNG-KYUNG AY SUMALI SA PRAYER RALLY

**Dyakonesa Shin, Sung-kyung:** Pagkatapos ng aming pagdarasal ay pumunta kaming lahat sa bahay ng pastor upang kumain. Habang kumakain ako ay naikwento ni Sister Baek, Bong-Nyo na nakita niya si Hesus at si Yeh-Jee. Sinabi niya na si Yeh-Jee ay nasa



langit kasama si Hesus. Si Yeh-Jee ay nakipaglaban sa sakit na Kanser simula kindergarten. Namatay siya sa edad na siyam na taong gulang sa ospital ng Unibersidad ng Han Yong. Nang siya ay sobrang nahihirapan na sa sakit ay nakilala ko si Pastor Kim.

Bago magkaroon ang aking anak ng kanser ay kasali ako sa kulto. Magkagayon man ay nagawa kong umalis sa kulto nang magkasakit ang aking anak dahil sa kailangan ko siyang alagaan. Ang aking anak ay nailigtas bago siya mamatay. Nagawa ni Pastor Kim na makapag-ministryo sa kanya bago siya mamatay. Natanggap niya at nasambit na si Hesus ay Panginoon at Tagapagligtas. Noon ay palagi siyang nakakaramdam ng sakit. Subalit nang dumating si Pastor Kim upang ipagdasal siya ay nawala ang sakit. Hiniling ng aking anak na yakapin namin siya. Nang yakapin namin siya ay namatay na siya at dumiretso sa langit ang kanyang kaluluwa. Nang mamatay siya ay para lang siyang natutulog. Nalaman ko lang na may langit pala nang makita ko na namatay siya ng mapayapa. Pagkatapos noon ay naging Dyakonesa ako at naging deboto sa paglilingkod sa simbahan. Sa kasamaang palad ay nagtrabaho ako pagkatapos ng simba tuwing Linggo.

Taon-taon, tuwing anibersaryo ng kamatayan ni Yeh-Jee ay bumibisita kami ng aking asawa sa isla kung saan ikinalat ang kanyang abo. Ngayon ay alam na namin na ang pagbisita sa isla ay walang saysay.

Sa kabilang banda, ang aming prayer meeting ay binubuo ng siyam na myembro at lahat sila ay nagdarasal ng buong gabi kahit malamig ang panahon. Naikwento nila na nakita nila si Hesus at bumisita sila sa langit at impyerno. Ang totoo niyan ay hindi ako naniniwala sa kanilang mga sinasabi at kwento. Gayon pa man, ang kanilang kwento ay hindi lang nagmula sa isa o dalawang tao. Lahat sila ay nagpapatunay noon. Kahit ang mga bata ay nabuksan ang espirituwal na paningin at nagagawa nilang makipaglaban at magpaalis ng masasamang espirito. Halos linggo-linggo ko naririnig ang kanilang mga rebelasyon. Nahihiya ako na mapabilang sa kanila at matawag na Dyakonesa. May isang babae na dumalo sa kanilang simbahan sa loob pa lamang ng dalawang buwan at siya ay nakatanggap na ng biyaya ng ibat-ibang wika at nagagawa niyang magdasal buong gabi. Siya ay mulat na sa espiituwal. Bilang bagong myembro ay nakita ko na mas lumaki ang kanyang pananampalataya kaysa sa akin. Walang makakapagsabi kung sino sa amin ang bagong myembro at dyakonesa.

Itinigil ko ang aking trabaho at nagdesisyon ako na dumalo sa buong magdamag na pagdarasal ng buong puso. Nagulat ako at hindi ko iyon inaaasahan. Kahit ako ay isang dyakonesa ay hindi pa ako nakadalo ng pagdarasal tuwing gabi. At isa pa, kalahati lamang ng aking ikapu ang aking ibinibigay sa simbahan. Sa buong buhay ko ay nakapagdasal lamang ako ng sampung minuto. Subalit ng makatanggap ako ng biyaya ng pagdarasal sa ibat-ibang wika ay pinilit ko ang aking sarili na magdasal sa loob ng isang oras.

Nang makarating ako sa prayer meeting ay nagulat ako sa aking nasaksihan. Namangha ako sa isinasagawa nilang pagdarasal tuwing gabi. Lahat ng matatanda at bata ay

nagdarasal hanggang umaga ng walang humpay. Kapag nagsimula na sila ay tumatagal iyon hanggang anim na oras. Hindi man lang sila nagmumukhang pagod. Ang limang taon na si Meena ay nakakapagdasal ng tatlong oras ng walang hinto. Itinataas ni Meena ang kanyang mga kamay at nagdarasal siya sa ibat-ibang wika. Gayon pa man, minsan ay nakakatulog si Meena habang nagdarasal sa ibat-ibang wika.

Dinala ko ang aking anak sa simbahan upang manalangin tuwing gabi. Siya ay pumapasok na sa elementarya nang taong ito. Makulit ang aking anak. Masama na ang kanyang reputasyon sa aming mga kapitbahay. Namangha ang pastor nang makita niya na isinama ko ang aking anak. Siya ay bantog sa paghahanap ng gulo.

### **SI OH, JUNG-MIN AY NAKATANGGAP NG BIYAYA NG IBAT-IBANG WIKA**

Dumalo ako sa kanilang pagsamba tuwing Linggo at hindi ko alam ang pagkakaiba ng pangangaral ng pastor tuwing gabi. Nagulat ako nang makita ko ang pagkakaiba at ang mga rebelasyon na ipinakita. Ang pangangaral sa gabi ay hindi kalmado na katulad tuwing Linggo. Dahil sa tulong ng Espiritu Santo, ang pangangaral ay nagpatuloy mula ika-pito ng gabi hanggang ika-11 ng gabi nang walang hinto.

Ang una kong napansin ay ang pag-uugali ng aking anak na lalaki. Ang aking anak na si Jung-Min ay hindi kayang manahimik at maging kalmado tuwing nagsisimba kami tuwing Linggo. Madalas ay kinakabahan ako at hindi komportable. Gayon pa man, siya ay nakatutok sa sermon ng pastor ng gabing iyon. Para bang isinuko niya ang kanyang sarili at paulit-ulit niyang sinasambit ang **“Amen, Amen.”**

Pagkatapos ng sermon ay nagdasal na kami sa ika-11 ng gabi. Naglaan ang pastor ng espesyal na pwesto para sa aking anak. Ang aking anak na si Jung-Min ay hindi marunong magdasal kaya naman ipinaliwanag sa kanya ng pastor kung paano magdasal. Naglagay ang pastor ng kutson sa sahig at pinayuhan niya si Jung-Min na umupo sa kanyang tuhod at itaas ang kanyang mga kamay at magdasal ng walang humpay. Kahit matigas ang ulo ng aking anak at kahit na wala siyang alam ay ipinaliwanag pa rin ng pastor na dapat siyang magdasal nang may pagnanais sa kanyang puso at humingi sa Espiritu Santo ng biyaya ng ibat-ibang wika nang sa ganoon ay makakaya niyang manalangin nang mas matagal at upang magkaroon ng lakas. Pinayuhan siya ng pastor na hingin muna niya at naisin na magkaroon ng biyaya ng ibat-ibang wika.

Lahat ng myembro ay masigasig na nagdarasal sa ibat-ibang wika. Isinama ng pastor ang aking anak sa kanyang tabi sa altar at inutusan niya ito na magdasal. Ipinatong ng pastor ang kanyang kamay sa kanya at nagdasal siya. Habang nagdarasal ang pastor ay itinaas ng aking anak ang kanyang mga kamay at umiyak siya. Nagsimula na siyang magdasal sa ibat-ibang wika. Pinawisan at umiyak ang aking anak.

Naisip ko, **“Pitong taon pa lamang ang aking anak. Paano niya nagawang magsisi at magdasal ng taimtim?”** Nagdasal at nagpasalamat ako sa Panginoon. Nagpasya ako na ilaan ang aking oras sa pagdarasal ng buong puso.

IPAGPAPATULOY SA IKALAWANG AKLAT...